# Pagtatalaban Ng Mga Kaparaanan, Katibayan at Katadhanaan sa Pagsasaalang-Alang ng Pang-Uri o Mapagpalalang Pangyayaring Dumalo sa Pagsasagawa ng Krimen

*Lorenzo U. Padilla*[*]

I. PAMBUNGAD . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 862
II. MGA MAPAGPALALANG PANGYAYARI SA PANGKALAHATAN. . . . . . . .869
III. MGA MAPAGPALALANG PANGYAYARI SA ILALIM NG BAGONG KODIGO PENAL. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .875
A. *Pagsasamantala sa Katungkulan sa Bayan*
B. *Pag-Alipusta, Paghamak o Kawalang-Pakundangan sa Mga maykapangyarihan sa Bayan*
C. *Paghamak o Kawalang-Pakundangan sa Katayuan, Gulang o Kasarian, at Tahanan ng Nasaktang Panig*
D. *Pagmamalabis sa Pagtititwala at Maliwanag na Kawalan ng Utang-na-loob*

---

* A.B. '79, LL.B. '83 *(pangalawang karangalan)*, M.B.A. '97, Pamantasang Ateneo de Manila; LL.M. '98 (European Community Law), Rijksuniversiteit Leiden, Nederland. Guro sa Ateneo de Manila: sa Paaralang Pambatas, (International Economic Law at Criminal Law) at sa Paaralang Loyola (European Business Law). Bukod sa Ingles, pormal siyang nakapag-aral ng Espanyol/Kastilyano (*Instituto Cervantes*), Pranses (*Alliance Française*) at Aleman (*Goethe Institut*), at nagsikap turuan ang sarili ng Italyano at Nederlandes. Nakapaglathala siya ng mga akdang pampanitikan at teknikal na sulatin sa batas. Nagsusulat din siyang madalas kaugnay ng iba't ibang paksa sa Filipino at Ingles, at nagsasalin ng mga materyales pambatas mula sa ibang wika sa wikang pambansa ng Pilipinas. Siya ang Patnugot ng Tala at Talastasan ng Tomo 26 at nag-ambag sa pamamatnugot ng Tomo 27, *Ateneo Law Journal*. Inilathala ng *Journal* ang kanyang: *Policy Complimentaries in the Multilateral Context and New Approaches in International Cooperation: A Function for Voluntary Principles and Collaborative Initiative in the ASEM Process*, 43 ATENEO L.J. 241 (1999); *Reinforcing the enforcement procedure: The Interplay of the Litigation Aspect of Community Enforcement with Direct Effect and State Liability for Damages for Breaches of Community Obligations*, 42 ATENEO L.J. 265 (1998); *Ensemble of Thoughts in Penal Law*, 42 ATENEO L.J. (Supp. 1997); *The History of Penal Law II*, 40 ATENEO L.J. 109 (1996); at *The History of Penal Law I*. 39 ATENEO L.J. 58 (1995).

Ang sanaysay na ito ang ikalawang paglalathala ng *Ateneo Law Journal* ng sulatin sa wikang Filipino. Nauna ng nailathala ang *Pagsusuri ng Ilang Salik sa Pagtutuos ng Saguting Kriminal*, 46 ATENEO L.J. 497 (2001).

*Cite as* 49 Ateneo L.J. 861 (2005).

*E. Palasyo ng Punong-tagapagpaganap at Iba Pang Pook na Kinaganapan ng Krimen*
*F. Gabi, Walang Naninirahang Pook, o Pangkat*
*G. Sa Pagkakataon ng Malaking Kapahamakan o Malaganap ng Kamalasan*
*H. Tulong sa Mga Sandatahang Tao o Mga Taong Nainiyak ng Kaligtasan Mula sa Pag-uusig*
*I. Pagkaresidibista*
*J. Pag-uulit o Pagbabalik-gawi(Reitarasyon)*
*K. Kabayarang Halaga (Upa), Pabuya o Pangako*
*L. Mga Pakanang Kinasasangkutan ng Malakihang Pagsasayang o Pagwawasak*
*M. Maliwanag na May Nangunang-pagsasaisip, Paghahanda o Pagbabalak*
*N. Katusuhan, Paglilinlang, o Pagbabalatkayo*
*O. Pagsasamantala sa Nangingibabaw na Lakas o Paggamit ng kaparaanang Nagpapahina sa Pagtatanggol*
*P. Katrayduran*
*Q. Pag-alipusta*
*R. Labag sa Batas ng Pagpasok*
*S. Pagsira sa Dingding, Bubong, Sahig, Pinto o Bintana Bilang Paraan sa Pagsasagawa ng Krimen*
*T. Sa Tulong ng Menor-de-edad o Sa Pamamagitan ng Sasakyang-De-Motor*
*U. Pagmamalupit at Iba Pang Kalabisan sa Pagsasagawa ng Krimen*
IV. MGA MAPAGPIPILIANG PANGYAYARI ........................ 1004
*A. Konsepto ng Mga Mapagpipiliang Pangyayari*
*B. Ang Mga Mapagpipiliang Pangyayari*
V. PANGHIMAKAS ........................................ 1014

## I. PAMBUNGAD

Bago sumapit ang 1 Disyembre 2000, ang petsa ng pagkakabisa ng Mga Binagong Tuntunin sa Kaparaanang Pangkrimen ng 2000 (BTKP 2000), maaari pang isaaalang-alang ang mga panlahat na mapagpalalang pangyayari kahit na hindi nasasaad sa sumbong o paratang, kung mapapatunayan sa paglilitis ang pagdalo ng mga ito sa pagsasagawa ng krimen.[1] Nagtatadhana na

1. *Tignan, hal.*, People v. Soriano, 134 SCRA 542 (1985), kung saan kinilalang panlahat na mapagpalalang pangyayari ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas dahil napatunayan ito sa paglilitis kahit man hindi naisaad sa paratang; People v. Fuentes, 121 SCRA 252 (1983) (pagmamalabis sa kahigtan ng lakas); People v. Morales, 121 SCRA 426 (1983) (pagmamalabis sa kahigtan ng lakas at gabi); People v. Del Valle, 103 SCRA 496 (1981), kung saan kinilalang mapagpalala

ngayon ang Seksiyon 8[2] at 9,[3] Tuntunin 110 ng BTKP 2000 ng mahihigpit na mga tagubiling kinakailangang sundin ng tagausig. Dapat iwasan ng tagausig ang pagkakabilanin, kalabuan o kawalang-katiyakan kaugnay ng paglabag na ipinaparatang.[4] Hindi maisasaalang-alang ang mga mapagpalalang pangyayaring hindi naman nasasaad sa paratang sa layuning mabago ang saguting kriminal ng nasasakdal.[5] Samakatwid, kung walang naaangkop na pagsasaad ng mga ito sa sumbong o paratang, walang kapangyarihan ang mga hukuman na isaalang-alang ang pagdalo sa pagsasagawa ng krimen ng mga "pang-uri at mapagpalalang pangyayari" sa kanilang mga kapasyahan.[6]

Kung hindi naisaad sa paratang ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas at ang pagsasagawa ng krimen sa tahanan ng biktima, hindi maisasaalang-alang ang mga ito.[7] Hindi maisasaalang-alang ang pangyayaring isang pulis na nasa oras ng panunungkulan ang salarin nang isagawa ang krimen, bilang patunay ng pagmamalabis sa katungkulan, kung hindi naman nasasaad sa paratang ang mapagpalalang pangyayaring ito.[8] Kahit na napatunayan ang pagkakaroon ng isang organisado o sindikatong pangkat kriminal bilang mapagpalalang

ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas bagama't hindi itinuring na pang-uri); People v. Coderes, 104 SCRA 255 (1981) (paggamit ng sasakyang-de-motor); People v. Lana, 106 SCRA 436 (1981) (pagkaresidibista); People v. Entes, 103 SCRA 162 (1981) (paggamit ng nakamamatay na sandata).

2. MGA BINAGONG TUNTUNIN SA KAPARAANANG PANGKRIMEN, Tuntunin 110, §8 (nagkabisa Dis. 1, 2000). ("*Taguri sa paglabag.* – Dapat isaad ng sumbong o paratang ang taguring itinalaga ng batas para sa paglabag, isalaysay ang mga kagagawan o mga pagkaligtang bumubuo sa paglabag, at tukuyin ang mga pang-uri at mapagpalalang pangyayari nito. Kung walang itinalagang taguri para sa paglabag, dapat tukuyin ang seksiyon o subseksiyon ng batas na nagpaparusa rito (8s).")

3. *Id.* sa §9. ("*Dahilan ng pagpaparatang.* – Dapat isaad ang mga kagagawan o mga pagkaligtang ipinagsusumbong bilang bumubuong sangkap ng paglabag at ang mga pang-uri at mapagpalalang pangyayari nito sa karaniwan at maikli subali't maliwanag na wika, at hindi kinakailangang sa wikang ginagamit sa batas kundi sa mga katagang sapat upang magawa ng isang taong may karaniwang pang-unawa na malaman kung anong paglabag ang ibinibintang sampu ng mga pang-uri at mapagpalalang pangyayari nito at upang makapagbigkas ang hukuman ng hatol (9s).")

4. People v. Tampos, 408 SCRA 403 (2003).

5. Garcia v. Court of Appeals, 368 SCRA 22 (2001).

6. People v. Bragat, 364 SCRA 425 (2001).

7. People v. Manlansing, 378 SCRA 685 (2002).

8. People v. Concepcion, 386 SCRA 74 (2002).

pangyayari,[9] hindi pa rin ito maisasaalang-alang nang gayon.[10] Kung naging tahimik ang paratang kaugnay sa mapagpalalang pangyayaring isinagawa ang krimen sa tahanan ng biktima, hindi ito maisasaalang-alang na mapagpalalang pangyayari.[11] Hindi rin maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng pagsasagawa ng krimen alang-alang sa o kapalit ng bayad o pabuya, upang mabigyan ng kauriang asesinato sa halip na homisidyo ang gawang pagpatay, kung hindi naman naisaad sa sumbong o paratang ang naturang pangyayari.[12]

Kaugnay sa krimeng panggagahasa, upang maipataw ang parusang kamatayan nang dahil sa mapagpalalang pangyayaring mga kagawad ang mga salarin ng Pambansang Kapulisan ng Pilipinas (*Philippine National Police* o PNP) o dahil sa pangyayaring nasa pagtatangan ang biktima ng mga pulis nang isagawa ng mga salarin sa kanya ang panggagahasa, dapat maisaad ang naturang mga pangyayari sa naaangkop na paraan sa sumbong o paratang.[13] Hindi maisasaalang-alang ang gayong mga pangyayari kung nabigo ang tagausig na gawin ito. Kung hindi naisaad sa sumbong o paratang ang mapagpalalang pangyayaring isinagawa ang krimen sa paraang ganap na nasasaksihan ng isang kamag-anak sa ikatlong bahagdan ng pagkasandugo (*third civil degree*), kahit pagkaraang masusugan ang sumbong o paratang batay sa mungkahing inihain sa sandali ng paglilitis at matapos basahan ang nasasakdal ng sumbong o paratang, sa layuning liwanaging ginahasa ang biktima noong 11 taong gulang pa lamang, hindi noong 12 taong gulang na siya, hindi maisasaalang-alang ang naturang pasadyang mapagpalalang pangyayari, sa payak na kadahilanang pinangangalagaan ng Saligang Batas ang karapatan ng sino mang taong nasasakdal sa isang kriminal na pag-uusig na mabatid ang kalikasan at dahilan ng bintang laban sa kanya.[14] Dahil ang mga pangyayaring nasasaad sa katawan ng sumbong o paratang ang tumutuos sa krimeng ibinibintang sa nasasakdal at sa kaugnay lamang nito siya dapat litisin. Nararapat na isaad ang bawat sangkap ng salang kriminal sa sumbong o

9. § 23, Batas Republika Blg. 7659, Batas na Nagpapataw ng Parusang Kamatayan sa Ilang Mga Nakakarimarim na Krimen, nagkabisa Dis. 13, 1993 (na sumusog sa Artikulo 62, Binagong Kodigo Penal, o sa mga pangyayaring nagbubunga ng pagpapataw ng pinakamahabang taning ng kaparusahan sa krimeng dinaluhan nito).

10. People v. Astudillo at Ku Sho Ping, 391 SCRA 536 (2002).

11. People v. Llanda, 393 SCRA 31 (2002).

12. People v. Uganap, et al., 358 SCRA 674 (2001).

13. People v. Murillo, et al., 352 SCRA 105 (2001).

14. SALIGANG BATAS, art. III, §14.

paratang upang magawa niyang maihanda sa naaangkop na paraan ang kanyang pagtatanggol.[15]

Mailalapat ang panuntunang ito kahit sa mga asuntong kriminal na naihain na sa hukuman bago pa man nagkabisa ang naturang tuntunin at hindi pa napagpasyahan sa pangwakas na paraan mula nang magkabisa ito.[16] Datapwa't kapag hindi naisaad sa naaangkop na paraan ang kaugnayan o pagkakamag-anak ng salarin at ng biktima, bagama't napatunayan ito sa paglilitis sa pamamagitan ng salaysay ng kapatid na babae ng salarin at ng ina ng biktima, at maging ng sariling pag-amin o pagtatapat ng salarin, maaari pa ring maisaalang-alang ang gayong kaugnayan o pagkakamag-anak bilang batayan ng paggawad ng saguting sibil sa anyo ng bayad-pinsalang pambigay-halimbawa (*exemplary damages*). Pinagbabawalan ang hukuman na isaalang-alang ang pagdalo ng mga pang-uri o mapagpalalang pangyayari kapag hindi nasasaad sa sumbong o paratang ang gayong mga pangyayari, dahil ipinag-uutos ng bagong tuntunin [17] na dapat isaad ang mga mapagpalalang pangyayari, maging pang-uri man o panlahat, sa sumbong o paratang.[18] Mabibigyan ng bisang tumatalab sa nakaraan o *retroaktibo* ang katadhaaang ito kaugnay sa mga usaping naihain na datapwa't hindi pa napagpasyahan sa naturang petsa ng pagkakabisa.[19] Datapwa't hindi maaaring tumalab sa paraang sumasansala o nakapipinsala ang pagbibigay ng pabalik na bisa sa mga tuntuning pangkaparaanan sa mga karapatan ng pribadong napinsalang panig, na tinamo nila bago pa man nagkabisa ang naturang mga tuntunin. Kaya naman, kahima't hindi nasasaad sa sumbong o paratang ang kaugnayan o pagkakamag-anak, kung isinagawa ang krimen bago pa man nagkabisa ang naturang bagong tuntunin, nananatiling di-apektado nito ang saguting sibil na dapat tugunan ng salarin.[20]

Sa ilalim ng mga binagong Seksiyon 8 at 9, Tuntunin 110, hindi lamang dapat isaad ng sumbong o paratang ang katawagang bigay, o taguring itinalaga, ng batas sa paglabag at ang mga kagagawan at mga pagkaligtang bumubuo nito, kundi kinakailangan ding sadyang tukuyin ang mga pang-uri

---

15. People v. Canonigo, 337 SCRA 310 (2000), *na bumabanggit sa* People v. Garcia, 281 SCRA 463, 486 (1997); People v. Ramos, 296 SCRA 559 (1998).

16. People v. Sagarino, 364 SCRA 438 (2001); People v. De Guzman, 366 SCRA 342 (2001); People v. Reapor, 366 SCRA 604 (2001); People v. Padilla, 368 SCRA 578 (2001); People v. Perreras, 362 SCRA 202 (2001).

17. MGA BINAGONG TUNTUNIN SA KAPARAANANG PANGKRIMEN, Tuntunin 110, §8.

18. People v. Lachica, 382 SCRA 162 (2002).

19. People v. Concepcion, 386 SCRA 74 (2002); People v. Astudillo at Ku Sho Ping, *supra* talâ 10; People v. Llanda, *supra* talâ 11.

20. People v. Lachica, *supra* talâ 18.

at mga mapagpalalang pangyayari. Kaya naman, kahima't isinasaad sa paratang ang pangyayaring nagkaroon ng katrayduran sa pagsasagawa ng isang pagpatay, kung hindi ito sadyang tinutukoy bilang pangyayaring nagbibigay uri sa pagpatay bilang asesinato, maisasaalang-alang lamang ito bilang isang panlahat na mapagpalalang pangyayari.[21] Samakatuwid, kung hindi tinutukoy nang sadya bilang pang-uring pangyayari sa inihaing paratang o sinusugang mga paratang ang mga mapagpalalang pangyayari sa layuning mapaakyat ang uri ng pagpatay sa antas ng asesinato, maituturing lamang bilang homisidyo ang krimeng naisakatuparan.[22]

Bagama't hinihingi ng tuntunin na dapat isaad ng sumbong o paratang, at saka patunayan sa paglilitis sa naaangkop na paraan, ang mismong pang-uri o mapagpalalang pangyayaring dumadalalo sa pagsasagawa ng krimeng ibinibintang, at hindi maisasaalang-alang ang mga ito sa pagtutuos ng kaukulang parusa kung hindi nga naisaad sa sumbong o paratang kahit pa napatunayan sa paglilitis, hindi naman ipinag-uutos na sabihing pang-uri sa krimen ang isang mapagpalalang pangyayari. Kung sinasabi na sa paratang na anim na taong gulang ang biktima noong gahasain siya ng salarin at malinaw na napatunayan sa paglilitis ang pang-uring pangyayaring ito, hindi maikakatwirang nagkamali ang isang hukuman sa pagpapataw ng parusang kamatayan sa ilalim ng batas na nag-uutos nito kapag kulang sa pitong taong gulang ang biktima ng panggagahasa dahil lamang sa pagkabigong banggitin pa sa sumbong o paratang na itinuturing na pang-uri ang naturang pangyayari. Sapat na ang pagkakabanggit sa mismong gulang ng biktima.[23] Naiiba ang usapin kung panggagahasa sa isang kamag-anak na tinutukoy sa batas ang bintang at nagawa lamang ng tagausig na banggitin ang pagiging 11 taong gulang ng biktima sa sumbong o paratang bagama't napatunayan ang pagkakamag-anak o kaugnayan ng salarin at biktima sa sandali ng paglilitis. Sa gayong pagkakaton, hindi maipapataw ang parusa sa may-uring panggagahasa (*qualified rape*) dahil isa lamang sa dalawang sangkap na pangyayaring bumubuo sa gayong uring panggagahasa ang nasasaad sa sumbong o paratang. Pagkakait sa nasasakdal ng kanyang karapatan sa saligang batas na maipabatid sa kanya ang kalikasan at dahilan ng pagbibintang kung maiiba rito ang tuntunin.[24] Subali't hindi nga hinihingi ng tuntunin na sabihin pa sa sumbong o paratang ang katangian ng mga pangyayaring ito bilang pang-uri sa krimeng panggagahasa.[25]

---

21. People v. Alba, etc., 375 SCRA 69 (2002).
22. People v. Manlansing, 378 SCRA 685 (2002); People v. Concepcion, 386 SCRA 74 (2002).
23. People v. Soriano, 383 SCRA 676, 698-99 (2002).
24. *Id.* nasa 698, *na bumabanggit sa* People v. Mauricio, 353 SCRA 114 (2001).
25. *Id.* nasa 699.

Hindi maipapataw ang parusang kamatayan kahit na 17 taong gulang pa lamang ang biktima nang gahasain siya noong 23 Mayo 1998, kahima't ipinakikita ng katibayang naiharap ng tagausig sa paglilitis na ipinanganak siya noong 24 Mayo 1981 at ama niya ang mismong salarin kung, bagama't wastong isinasaad ng sumbong o paratang ang kugnayan ng biktima sa salarin, sa pamamagitan ng pagsasalarawan sa biktima bilang "*menor de edad* na anak na babae ng salarin," hindi naman tinutukoy nito ang talagang gulang ng biktima. Sa usaping may kaugnayan sa krimeng panggagahasa, kung saan nakataya ang mismong buhay ng nasasakdal, hindi sapat ang gayong di-tumpak na pagsasaad ng gulang ng biktima upang maituring na naisagawa ang isang panggagahasang may higit na mataas na antas at maiakyat ang kaparusahan sa bitay. Sinusukat sa pamamagitan ng higit na mahigpit na pamantayan ang pagkasapat ng sumbong o paratang kapag bitay ang maipapataw na kaparusahan.[26] Nagtatamo ng pinakamatinding kahalagahan ang karapatan ng nasasakdal na ilalim ng saligang batas na mabigyan ng pabatid kaugnay sa kalikasan at dahilan ng pagbibintang sa kanya kung kamatayan ang tanging parusang maipapataw kapag natagpuan siyang nagkasala. Kahima't napatunayan sa sandali ng paglilitis ang talagang gulang ng biktima, kaugnay sa isang sumbong o paratang na nagsasaad na ginahasa ng salarin ang kanyang anak na babaeng menor-de-edad, kung hindi naman sadyang tinukoy ang talagang gulang ng biktima sa sumbong o paratang, hindi pa rin masasabing naisaaad sa wastong paraan ang naturang pasadyang mapagpalalang pangyayari.

Humahadlang ang pagkabigong sadyang tukuyin sa sumbong o paratang sa tumpak na paraan ang pagkamenor-de-edad ng biktima sa hatol na magpapasyang nagkasala ang nasasakdal ng panggagahasang may kauriang pinarurusahan ng kamatayan. Dapat isiping nababatay ang pangangailangan ng ganap na pagsasaad ng mga katangian ng bintang sa karapatan ng nasasakdal na lubusang mabatid ang kalikasan ng mga pagbibintang laban sa kanya sa layuning maihanda niya ng sapat ang kanyang pagtatanggol alinsunod sa parirala ng Saligang Batas na nag-uutos ng angkop na kaparanan bago mapagkakaitan ang sino man ng buhay, kalayaan o ari-arian.[27] Kung gayon, dapat maisaad nang naaangkop sa sumbong o paratang ang isang pang-uring mapagpalalang pangyayari. Bukod dito, dapat ituring nang tambalan upang bumuo ng iisang pasadyang pang-uring mapagpalalang pangyayari ang pagkamenor-de-edad ng biktima at ang kaugnayan sa kanya ng salarin. Kaya naman, kapwa dapat isaad sa sumbong o paratang ang dalawang sangkap na ito at dapat pawang mapatunayan ang mga ito nang naaangkop ayon sa pamantayan ng katibayang hinihingi sa mga asuntong kriminal upang magpahintulot sa pagpapataw ng di-mababaling kaparusahan

26. People v. Tagud, Sr., 375 SCRA 291 (2002).

27. *Id.* nasa 308, *na bumabanggit sa* People v. Elpedes, 350 SCRA 716 (2001).

ng kamatayan. Gayon din, kahit na kulang sa labingwalong taong gulang ang biktima at isang magulang o kamag-anak na binabanggit sa batas ang salarin, kung hindi naisaad ang mga pangyayaring ito sa sumbong o paratang, o isa lamang sa mga ito ang naisaad, hindi pa rin magpapahintulot ang ganoon sa pagpapataw ng parusang kamatayan ang pagpapatunay sa naturang mga pangyayari sa pamamagitan ng katibayang inilahad sa paglilitis. Kahit sadya mang tinukoy sa sumbong o paratang ang pagkakamag-anak ng biktima at ng salarin, kung hindi naman naisaad sa sumbong o paratang sa tumpak na paraan ang gulang ng biktima bagama't napatunayan sa paglilitis ang kanyang pagkamenor-de-edad, hindi rin maipapataw ang parusang kamatayan.[28]

Kung sa panahon ng paglilitis, may mga nabanggit ang mga biktima na marami pang ibang mga pagkakataon ng panggagahasang isinagawa sa kanila ng salarin, hindi magagawang hatulan ang salarin kaugnay sa mga ito kung hindi naman sakop ng sumbong o paratang ang naturang ibang mga pagkakataon ng panggagahasa. Maaari lamang magkaroon ng iisang hatol ng pagkakasala kaugnay sa panggahasa kahit na ipinakikita ng katibayan sa paglilitis na higit pa sa isang panggagahasa lamang ang naisagawa sa katunayan. Isang hiwalay na pagkakasala ang bawat panggagahasa at dapat patunayan ang bawat isa sa mga ito sa ibayo ng makatwirang pag-aalinlangan.[29]

Dapat mabatid ng nasasakdal mula sa sumbong o paratang kung pinananagot siya kaugnay lamang sa sariling niyang mga kagagawan o pati na rin sa mga kagagawan ng kanyang mga kapwa-nasasakdal. Dapat tiyakan at sapat na isinasaad ng isang paratang ang pagsasabwatan, gamit ang mga katagang gaya ng "nakipagsabwatan," "nakipagtulungan," o mga pariralang "kumilos nang sabayan" o "nang nakikipagsabwatan," o mga salitang may katulad na kahulugan o mga katuturan at/o mga tiyak na kagagawang bumubuo ng pakikipagsabwatan.[30]

Kapag tiyakang isinasaad ng paratang na nagtagumpay ang nasasakdal sa pagkakaroon ng pakikipag-ugnayang seksuwal sa panig na nagsumbong "sa pamamagitan ng lakas, pagbabanta, at pananakot," na tumutukoy sa talataan 1, (dating) Artikulo 335,[31] Binagong Kodigo Penal, hindi maaaring mahatulang nagkasala ng gayong paglabag ang nasasakdal sa pamamagitan ng pagpapatunay na nilabag ang puri o pinagsamantalahan ang panig na

28. *Id.* nasa 309, *na bumabanggit sa* People v. Salalima, 363 SCRA 192 (2001).

29. *Id.*

30. Garcia v. Court of Appeals, 368 SCRA 22 (2001).

31. Napawalang-bisa na ang Artikulong ito, mula nang mapalitan ito ng mga makabagong tadhana ng Batas Republika Blg. 8353, na idinagdag bilang bahagi ng Binagong Kodigo Penal sa ilalim ng Artikulo 266-A hanggang 266-D, na bumubuo ng panibagong kabanata sa Ikalawalong Pamagat, Pangalawang Aklat ng naturang Kodigo.

nagsumbong habang nasa kalagayan ng kawalang-malay, gaya ng itinatadhana sa ikalawang talataan, Artikulo 335 ng naturang Kodigo.[32] Hindi rin magagawang maituring nang wasto ang isang paratang na nagbibintang ng panggagahasa sa isang di-hihigit ang gulang sa labindalawang taon (*statutory rape*) sa isang bintang na panggagahasa sa isang bata (*child-rape*).[33] Hindi rin maaaring mahatulang nagkasala ang nasasakdal ng panggagahasa o mga kagagawang mahahalay sa ilalim ng paratang na nagbibintang ng isang paglabag sa Batas Republika Blg. 7610, sa pamamagitan ng "panggagahasa o pagsasagawa sa kanya ng mga kagagawang mahahalay" dahil ituturing na di-sapat ang mga pangyayaring ibinibintang sa gayong paratang sa kawalan ng pagtukoy kung alin sa maraming mga seksiyon o subseksiyon ng Batas Republika Blg. 7610 ang nilabag ng nasasakdal, at nabigo ring isaad ng paratang ang mga kagagawan at mga pagkaligtang bumubuo ng paglabag, o ang alin man sa mga pasadya o mapagpalalang mga pangyayaring dumalo sa pagsasagawa nito.[34] Hindi sapat na pagsasaad ng mga pangyayaring bumubuo ng krimen ang pagsasabi sa paratang na "nagsagawa ang nasasakdal ng pang-aabusong seksuwal sa kanyang anak na babae, sa paraang sinadya, labag sa batas, at bumubuo ng krimen, sa pamamagitan ng panggagahasa sa kanya o sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng mga kagagawang mahahalay sa kanya" dahil pawang mga paghuhulo lamang ng batas ang mga ito, hindi ng mga pangyayari. Walang kabuluhan ang ganitong paratang dahil nilalabag nito ang karapatang pinangangalagaan ng Saligang Batas na maipabatid sa nasasakdal ang kalikasan at kadahilanan ng pagbibintang laban sa kanya. Maaaring pawalang-saysay ng Kataas-taasang Hukuman *motu proprio* ang naturang paratang sa baitang ng paghahabol ng pagtutuwid ng hatol, kahit man nabigo ang nasasakdal na tawagin ang pansin ng hukumang tagalitis at ng Kataas-taasang Hukuman kaugnay sa gayong mga kapintasan ng paratang.[35]

Datapwa't sa isang paratang na nagbibintang ng krimeng panggagahasa, maaaring mahatulang nagkasala ang salarin ng mga kagagawang mahahalay dahil hindi maiiwasang masakop ang huli sa panggagahasa.[36]

## II. Mga Mapagpalalang Pangyayari sa Pangkalahatan

May mga mapagpalalang pangyayari na nagmula: (1) sa mga katangian pangkaasalan ng salarin, o (2) sa pansariling kaugnayan niya sa nasaktang panig, o (3) sa ano pa mang ibang sanhing pansarili lamang niya. Dapat na

32. People v. Mendigurin, 409 SCRA 120 (2003).
33. People v. Tampos, 408 SCRA 403 (2003).
34. People v. De La Cruz, 383 SCRA 410 (2002).
35. *Id.* nasa 437.
36. People v. Mole, 416 SCRA 520 (2003).

magpabigat lamang ang mga ito sa saguting kriminal ng mga pasimuno, mga kaagapay, at mga kadamay kung kanino dumadalo ang gayong mga pangyayari.[37] Kung, matapos ang isang maliwanag na pagbabalak, binigyan ng pasimunong tagahikayat ang pasimunong tagagawa ng krimen ng isang halaga o pabuya upang patayin ang biktima, at kaagad namang pinatay ng pasimunong tagagawa ang biktima, maisasaalang-alang lamang bilang mapagpalalang pangyayari ang maliwanag na pagbabalak laban sa pasimunong tagahikayat, dahil isa itong mapagpalalang pangyayaring nagmula lamang sa katangiang pangkaasalan ng huli. Samakatwid, dapat na magsilbing pabigat lamang ito sa saguting kriminal ng pasimunong tagahikayat (*principal by induction*) at hindi sa saguting kriminal ng pasimunong tagagawa (*principal by participation*). Hindi rin dapat magpabigat sa saguting kriminal ng isang kadamay lamang ang kaugnayang pansarili ng pasimuno sa biktima,[38] gaya ng isang tumulong lamang sa pasimuno sa paglilibing ng bangkay ng biktima. Kaya naman, kung sa dalawang salaring nagsagawa ng pagnanakaw, isa lamang ang nahatulang nagkasala, sa ilalim ng isang pangwakas na kapasyahan kaugnay sa krimeng pang-uumit, at nagkapagdusa ng kaukulang kaparusahan, kahit sabayan silang nahuli, kapwa sila inusig at pawing nagtagpuang nagkasala pagkatapos ng kaukulang paglilitis, ang salarin lamang na nagkaroon ng ikalawang kahatulan sa krimeng pagnanakaw ang maituturing na residibista, dahil isang mapagpalalang pangyayari ang residibismo na nagmumula sa sanhi o katangiang pansarili. Dapat itong magpabigat sa saguting kriminal niyon lamang nagtamo ng ikalawang hatol, at hindi ng salaring nahatulan sa kauna-unahang pagkakataon.

Kapag mailalapat sa lahat ng krimen ang isang mapagpalalang pangyayari, panlahat na mapagpalalang pangyayari ang turing dito. Pawang mga panlahat na mapagpalalang pangyayari ang tahanan, gabi, at residibismo. Sa Artikulo 14, Binagong Kodigo Penal, mga panlahat na mapagpalalang pangyayari ang mga tinutukoy sa talataan Blg. 1, 2, 3 (tahanan), 4, 5, 6, 9, 10, 14, 18, 19 at 20 (matangi sa "paggamit ng sasakyang de-motor").

Kapag mailalapat lamang sa ilang tinukoy na krimen ang mapagpalalang pangyayari, pasadyang mapagpalalang pangyayari ang tawag dito. Pawang mga pasadyang mapagpalalang pangyayari ang pag-alipusta sa mga krimen laban sa kalinisang-puri, o ang pagmamalupit at ang katrayduran sa mga krimen laban sa mga tao. Gayon din ang kalikasan ng mga pasadyang mapagpalalang pangyayaring tinutukoy sa Artikulo 14, talataan 3 (matangi sa tahanan), 15, 16, 17 at 21.

---

37. Batas Blg. 3815, Batas na Nagbabago sa Kodigo Penal at Ibang Pang Natatanging Batas Penal, nagkabisa Dis. 8, 1930 [mula dito BINAGONG KODIGO PENAL], art. 62, (3).

38. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 19 (2).

Kapag nagpapaiba sa kalikasan ng krimen ang isang mapagpalalang pangyayari, itinuturing itong pang-uring mapagpalalang pangyayari. Nagpapaiba sa kalikasan ng gawang pagpatay ang alevosia (katrayduran) o ang maliwanag na pagbabalak, na nagiging asesinato, sa halip na homisidyo lamang. Iniisa-isa ng Artikulo 248 ang mga pang-uring mapagpalalang pangyayari, na nagbibigay ng panibagong kaurian sa gawang pagpapatay ng tao bilang asesinato. Sa kawalan ng alin man sa naturang pang-uring pangyayari, isang payak na homisidyo lamang ang gawang pagpatay ng kapwa, hindi asesinato.[39]

May mga pag-uring mapangpalalang pangyayari na sadyang mailalapat lamang kaugnay sa ilang krimeng tinutukoy ng batas. Mga pasadyang pang-uring pangyayari naman ang maitatawag sa mga ito. Ganito ang kalikasan, halimbawa, ng pangyayaring kulang sa pitong taong gulang ang biktima, kaugnay sa krimeng panggagahasa.[40] Kung gayon, may iba pang mga mapagpalalang pangyayari na maisasaalang-alang lamang kaugnay sa ilang mga krimen at matatagpuan, hindi sa Artikulo 14, Binagong Kodigo Penal, kundi sa mga katadhanaang tumatalakay mismo sa kaukulang krimen. Kabilang sa mga ito ang sumusunod: (1) na isinagawa ang kasalanang paglabag sa tahanan sa pagkakataon ng gabi, o kung hindi isinauli ang ano mang papeles o bagay-bagay na hindi bumubuo ng katibayan ng isang krimen kaagad pagkaraang maisakatuparan ng salarin ang paghalughog sa tahanan;[41] (2) na isinagawa ang krimen[42] nang may karahasan o pagbabatanta;[43] (3) na isinagawa ang pananalakay[44] laban sa taong maykapangyarihan nang gamit ang isang sandata, o kung isang opisyal o kawani ng bayan ang salarin, o kung pinagbuhatan ng kamay ng salarin ang isang taong maykapangyarihan;[45] (5) kung isinagawa ang krimen[46] sa layuning italaga ang napinsalang panig sa kalakalang labag sa kabuting-asal, dapat ipataw ang parusa sa pinakamahabang taning na panahon nito;[47] (6)

---

39. People v. Duero, 136 SCRA 515 (1985).

40. gaya ng itinatadhana sa Artikulo 266-B, ¶6, [5], Binagong Kodigo Penal. Ganito rin ang kalikasan ng iba pang mga pangyayaring iniisa-isa sa naturang Artikulo 266-B, Binagong Kodigo Penal, ayon sa pagkakatadhana ng Batas Republika Blg. 8353.

41. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 128, ¶2.

42. Pagpapatigil sa relihiyosong pagsamba.

43. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 132, ¶2.

44. Tuwirang pananalakay.

45. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 148.

46. Pang-aalipin.

47. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 272, ¶2.

kung isinagawa ang pagbabanta[48] nang nakasulat o idinaan sa isang taong tagapamagitan, dapat ipataw ang parusa sa pinakamahabang taning na panahon nito;[49] (7) kung isinagawa ang pagnanakaw na may karahasan laban sa o pananakot ng mga tao[50] sa isang di-pinamamahayanang pook o sa pamamagitan ng isang pangkat, atbp., o sa isang lansangan, daan, daang-bayan, o kalyehon, at ginawa ang pananakot sa pamamagitan ng sandatang-paputok, dapat parusahan ang salarin ng pinakamahabang taning na panahon ng wastong kaparusahan;[51] at (8) kung isinagawa ang pagnanakaw nang may gamit na lakas sa mga bagay-bagay[52] sa isang di-pinamamahayanang pook at sa pamamagitan ng isang pangkat, dapat parusahan ang salarin ng pinakamahabang taning na panahong itinatadhana para sa gayong krimen.[53]

May mga mapagpalalang pangyayaring nakasalalay naman ang paglalapat o pagsasaalang-alang sa pagkakaroon ng pansariling kaalaman o kabatiran ng salarin. Dapat na magpabigat lamang ang mga pangyayaring binubuo ng pagsasakatawan o ng materyal na pagsasakatuparan ng krimen, o ng kaparaanang ginamit upang maisakatuparan ito, sa saguting kriminal ng mga taong nagkaroon ng kaalaman o kabatiran kaugnay sa mga ito sa sandali ng pagganap sa kagagawan o ng kanilang pakikipagtulugan doon.[54] Kung dalawang salarin ang nag-usap tungkol sa gagawing pagpatay sa isang biktima at nang matagpuan ng isa sa kanila ang biktima, kaagad nitong pinatay ang biktima nang may katrayduran,[55] datapwa't lingid sa kaalaman ng kanyang kasama ang naturang paraan, hindi dapat magpabigat sa saguting kriminal ng huli ang mapagpalalang pangyayari ng katrayduran, dahil binubuo ang katrayduran ng pagsasakatawan (o ng materyal na pagsasakatuparan) ng kagagawan. Dahil walang kaalaman ang huli tungkol sa ginawang katrayduran ng kanyang kasama, dapat na magpabigat ang gayong mapagpalalang pangyayari sa saguting kriminal lamang ng salaring gumamit nito. Sa kabilang dako, kung isang salarin ang nag-utos sa kanyang kasama na patayin ang biktima, sa tagubiling hintayin ng kasamang napag-utusan ang paggabi upang maisagawa ang krimen nang walang panganib ng pagkabunyag, at naghintay naman ang napag-utusan ng gabi at saka isinagawa ang pagpatay sa gayong pagkakataon, bagama't hindi nakibahagi nang

48. Malubhang pagbabanta.

49. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 282.

50. Matangi sa pagnanakaw na may kasamang homisidyo, o pagnanakaw na may kasamang panggagahasa, atbp.

51. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 295.

52. *Id.* nasa art. 299.

53. *Id.* nasa art. 300.

54. *Id* . nasa art. 262, ¶4.

55. *Id.* nasa art. 14, (16).

tuwiran sa pagsasagawa ng krimen ang pasimunong nag-utos, dapat ding magpabigat sa kanyang saguting kriminal ang mapagpalalang pangyayari ng gabi, dahil alam niya ang tungkol dito nang isakatuparan ng kanyang napag-utusan ang kagagawan.

Likas na mapagpalalang pangyayari ang tawag sa mga dumadalo nang di-maiiwasan sa pagsasagawa ng ilang krimen.[56] Gayon din, ang mga mapagpalalang pangyayari (a) na bumubuo mismo ng krimen, na sadyang pinarurusahan ng batas; o (b) na inilahok ng batas sa pagsasaad ng kahulugan ng isang krimen at sadyang nagtatakda ng parusa para rito. Likas na mapagpalalang pangyayari ang maliwanag na pagbabalak sa mga krimeng pagnanakaw, pang-uumit, panlilinlang, pakikiapid at pangangalunya. Hindi na nagpapabigat sa kaparusahan ang pagdalo sa pagsasagawa ng krimen ang mga mapagpalalang pangyayaring likas dito. Kung gayon, hindi dapat isaalang-alang ang mga ito sa layuning madagdagan ang parusang ipapataw sa salarin.[57] Kung isinagawa ang krimen sa pamamagitan ng panununog,[58] isang pangyayaring siya naman mismong bumubuo ng krimen arson o panununog,[59] hindi na dapat isaaalang-alang pa ang gayong pangyayari sa layuning pabigatin ang parusa sa krimeng arson. Kung ginanap ang kagagawan sa tirahan ng nasaktang panig[60] o isinagawa ang krimen matapos ang isang labag sa batas na pagpasok sa tahanan[61] o, bilang paraan sa pagsasagawa ng krimen, may sinirang dingding, bubong, sahig, pinto o bintana,[62] hindi na dapat isaalang-alang ang mga ito sa layuning madagdagan ang parusa sa krimeng pagnanakaw sa isang maynaninirahang tahanan. Likas ang pagsasamantala sa katungkulan sa bayan sa mga krimen kung saan nakagawa ang mga salarin, bilang mga opisyal ng bayan, ng krimeng kaugnay sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin, tulad ng pagpapasuhol, paglulustay ng salapi o ari-arian ng bayan, atbp.

Malaki ang kaibhan ng pang-uring mapagpalalang pangyayari kung ihahambing sa isang panlahat na mapagpalalang pangyayari. Nagbubunga ang isang panlahat na mapagpalalang pangyayari, kapag hindi kinakaltas o nababawi dahil sa pagdalo ng ano mang mapagpagaang na pangyayari, ng pag-akyat ang parusang ipapataw sa salarin hanggang sa pinakamahabang taning na panahon nito nang hindi, gayon pa man, lumalabis sa hangganang

56. *Id* . nasa art. 62, ¶2.

57. *Id* . nasa art. 62, ¶1.

58. *Id* . nasa art. 14, (12).

59. *Id* . nasa art. 321.

60. *Id* . nasa art. 14, (3).

61. *Id* . nasa art. 14, (18).

62. *Id* . nasa art. 14, (19).

itinakda ng batas; sa kabilang dako, nagbubunga ang isang pang-uring mapagpalalang pangyayari hindi lamang ng pagbibigay sa krimen ng nababagay at natatanging bansag (*asesinato*, halimbawa, sa halip na *homisidyo*), kundi ng paglalagay na rin sa salarin sa isang katayuan kung saan wala nang iba pang marapat at naaangkop na kaparusahan para sa kanya kundi yaon mismong sadyang itinatakda ng batas para sa naturang krimen.[63] Hindi napapawalang-saysay ang isang pang-uring mapagpalalang pangyayari sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng mapagpagaang na pangyayari; sa kabilang dako, napapawalan ng saysay ng isang mapagpagaang na pangyayari ang pagdalo o pagsasaalang-alang sa isang panlahat na mapagpalalang pangyayari.

Kapag napatunayan ang mahigit sa isa sa mga mapagpalalang pangyayaring maaaring magbigay-uri sa krimen,[64] maaari lamang kilanling pang-uri ang iisa sa mga ito at ituturing ang iba pa bilang mga panlahat na mapagpalalang pangyayari. Datapwa't di-sinasansala ng panuntunang ito na hindi maisasaalang-alang kahit bilang panlahat na mapagpalalang pangyayari yaong sinasakop o kasama sa isang pang-uring pangyayari. Kapag naisaalang-alang na ang isang pangyayari bilang pang-uri sa krimen, hindi na ito maituturing bilang karagdagang panlahat na mapagpalalang pangyayari.[65]

Dapat na patunayan sa pamamagitan ng kaukulang katibayan ang mga kaganapang bumubuo ng mapagpalalang pangyayari.[66] Tungkulin ng tagausig patunayan ang mapagpalalang pangyayari na dumalo sa pagsasagawa ng krimen sa ibayo ng makatwirang pag-aalinlangan, gaya ng pagpapatunay sa mga sangkap ng krimen mismo. Nananatiling ganito ang tinatanggap na pamantayan. Ayon pa sa lumang tuntunin, dapat na nakasaad sa sumbong o paratang ang isang pang-uring mapagpalalang pangyayari kung layuning maisaalang-alang ito bilang gayon; kapag hindi ito ginawa, ituturing at maisasaalang-alang lamang ito bilang isang panlahat na mapagpalalang pangyayari. Sa kabilang dako, ayon din sa lumang tuntunin, maaaring patunayan, sa kabila man ng pagtutol ng nagtatanggol sa nasasakdal, ang isang panlahat na mapagpalalang pangyayari, kahit hindi pa nakasaad sa sumbong o paratang.[67] Hindi ganito ang naging tuntunin kaugnay sa mga pang-uring mapagpalalang pangyayari, na dapat nakasaad lagi sa sumbong o paratang,

63. People v. Bayot, 64 Phil. 269 (1937).

64. *Tignan, hal.*, Artikulo 248 na nagsasaad ng maraming pang-uring pangyayaring mailalapat sa gawang pagpatay upang mapaangat ang kaurian ng krimen mula homisidyo tungo sa asesinato.

65. People v. Reynes, 372 SCRA 140 (2001).

66. U.S. v. Barbosa, 1 Phil. 741 (1903).

67. People v. Gabinatan, C.A., 43 O.G. 3209; People v. Martinez Godinez, 106 Phil. 606 (1959).

dahil talagang bahagi ang mga ito ng mga sangkap na bumubuo sa krimen. Alinsunod sa mga tuntuning ito, kapag hindi nakasaad sa isang sumbong o paratang kaugnay sa krimeng payak na pang-uumit, ang pang-uring mapagpalalang pangyayari na malubhang pagmamalabis sa pagtitiwala, hindi maaaring mapag-iba nito ang turing sa krimeng nagawa, datapwa't isinasaalang-alang pa rin ang gayong pangyayari bilang isang karaniwan o panlahat na mapagpalalang pangyayari.[68] Kung hindi asesinato, kundi homisidyo lamang ang ipinaratang ng tagausig, kahit pa mapatunayan sa paglilitis ang pagdalo ng katrayduran, kapag hindi ito hayagang isinaad sa paratang, maisasaalang-alang lamang ito bilang isang panlahat na mapagpalalang pangyayari, at hindi upang mapag-iba ang turing sa gawang pagpatay ng tao bilang asesinato.[69] Gaya ng nasabi sa unahan, ganap nang nabago ang tuntunin sa pagsasaalang-alang ng mga "pang-uri at mapagpalalang pangyayari," na pawang hindi na ngayon maisasaalang-alang kahit pa mapatunayan sa paglilitis o aminin ng nasasakdal kung hindi naman nasasaad ang alin man sa mga ito sa kaukulang paraan sa sumbong o paratang.[70]

## III. Mga Mapagpalalang Pangyayari sa Ilalim ng Kodigo Penal

### *A. Pagsasamantala Sa Katungkulan Sa Bayan*

Isang mapagpalalang pangyayari kung sa pagsasagawa ng krimen ay sinamantala ng salarin ang kanyang katungkulan sa bayan.[71] Batay ang mapagpalalang pangyayaring ito sa namumukod na kasamaan ng salarin, gaya ng ipinakikita ng kanyang katayuan sa lipunan at, gayon din, ng paraang kanyang ginamit upang maisagawa ang krimen. Mailalapat lamang ang mapagpalalang pangyayari ng pagsasamantala ng salarin sa kanyang katungkulan sa bayan kung opisyal ng bayan ang taong nagsagawa ng krimen at nagsamantala nga siya sa kanyang katungkulan sa bayan. Upang masabing "sinamantala ng salarin ang kanyang katungkulan sa bayan," dapat gamitin ng salarin, bilang opisyal ng bayan ang kapangyarihan, katanyagan, o nakatataas na katayuang dala ng kanyang katungkulan, bilang kasangkapan sa ikatatamo ng kanyang layunin.[72] Inilalahad ng sumusunod na katanungan ang buod ng

---

68. People v. Abella, et al., C.A., 45 O.G. 1802.

69. People v. Alcantara, C.A., 45 O.G. 3451; People v. Jovellano, et al., 56 SCRA 156 (1974).

70. *Tignan* People v. Bragat, *supra* talâ 6.

71. Binagong Kodigo Penal, art. 14 (1).

72. People v. Padilla, 233 SCRA 46 (1994).

usaping ito: "Nagmalabis ba ang nasakdal sa kanyang katungkulan upang maisagawa ang krimen?"[73]

Hindi natagpuang dumalo ang mapagpalalang pangyayaring ito kaugnay sa isang Konggresistang nanlaban sa mga pulis na dumakip sa kanya, nang masumpungan nila ang Konggresista sa isang pasugalan,[74] sa dahilang hindi naipakitang sinamantala ng Konggresista ang kapangyarihan o katanyagan ng kanyang katungkulan. Datapwa't natagpuang dumalo ang mapagpalalang pangyayaring ito dahil pagsimulang-pagsimula pa lamang ng salarin sa panunungkulan bilang konsehal ng bayan ng Aparri, kanyang ipinag-utos kaagad na iulat sa kanya ang pagkatay ng lahat ng malalaking hayop sa kinasasakupan ng bayan at, dahil sa biling ito, napilitan ang marami sa mga may-ari ng gayong mga hayop na kinatay nang walang kaukulang ulat na magbayad ng multa sa salarin, sa paniniwalang hinihingi iyon ng isang ordinansa ng bayan, datapwa't nilustay ng salarin ang mga perang ibinayad sa kanya at tinanggap niya bilang mga multa. Ang pagkakonsehal ng salarin ang naglagay sa kanya sa isang katayuan upang makagawa ng mga krimeng ipinagsumbong. Kung hindi siya isang konsehal, hindi niya mahihimok ang sino man sa mga napinsalang panig na magbayad sa kanya ng sinasabing multa. Dahil sa kanyang pagkakonsehal, naniwala ang mga napinsalang panig na may karapatan siyang maningil ng multa at ito ang sanhi kung bakit nagbayad sila. Totoong wala siyang karapatan upang magpataw o maningil ng ano mang multa at totoo ring hindi isang opisyal na itinalaga ng batas upang maningil ng mga multang-bayan ang isang konsehal, nguni't hindi sinisira o pinabubulaanan ng mga pangyayaring ito ang mahalagang kaganapang nakapagkunwari at nalinlang ng salarin ang mga napinsalanang panig kaugnay sa perang ibinayad sa kanya sa pamamagitan ng pagsasamantala ng kanyang katungkulan sa bayan.[75]

Datapwa't kung tatlumpu't siyam katao ang humiling sa salarin, na isang konsehal din noon, na bumili ng mga sedula para sa kanila, at nagbigay sila sa kanya ng pambayad na P39.00, nguni't nagbayad lamang ng labing-anim na sedula ang salarin, at saka nilustay na ang natirang pera, hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito dahil hindi lumilitaw na sinamantala ng salarin bilang opisyal ng bayan ang kanyang katungkulan sa pagsasagawa ng krimen. Kapag nakagawa ng isang karaniwang krimen ang isang opisyal ng bayan na maibubukod sa kanyang ginagampanang katungkulan at gumanap siya ng mga kagagawang wala namang kaugnayan sa mga tungkulin ng kanyang katungkulan, dapat siyang parusahan bilang isang

73. U.S. v. Rodriguez, 19 Phil. 156 (1911).

74. People v. Veloso, 48 Phil. 169 (1925).

75. U.S. v. Torrida, 22 SCRA 189 (1968). *Tignan* Artikulo 315, talataan 2, kaugnay sa krimeng estafa sa pamamagitan ng panlilinlang.

pribadong indibidwal nang hindi isinasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito.[76] Hindi ginamit dito ng salarin ang kapangyarihan, katanyagan o mataas na katayuang dala ng kanyang katungkulan nang isagawa niya ang krimeng estafa nang may pagmamalabis ng pagtitiwala.[77] Tinanggap niya ang pera sa kanyang pansariling kakayahan, hindi bilang opisyal ng bayan. Hiniling lamang ng mga tao na siya ang bumili ng mga sedula para sa kanila, at pinaniwala niya sila na ito nga ang kanyang gagawin.

Gayon din, hindi nagpapalala ng saguting kriminal ang lantay na pangyayari lamang na nilustay ng salarin, na isang hukom na tagapamayapa, ang perang tinanggap niya mula sa isang nagkakautang sa ilalim ng isang kasunduang nabuo sa labas ng hukuman sa layuning isalin ito sa pinagkakautangan, dahil wala namang paglilitis na nakasampa sa kanyang hukuman noong gawin ang kasunduang ito. Bukod dito ay hindi naman naging gawad ng kapasyahan ang pagkakautang. Kung gayon, hindi masasabing sinamantala ng hukom ang kanyang katungkulan sa bayan sa pagsasagawa ng krimeng estafa.[78]

Kung hindi naipakitang sinamantala ng salarin ang kanyang katungkulan, bilang pinagkakatiwalaang kinatawan ng isang Alkalde, sa ginawa niyang pagpatay sa nasawi, hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito. Dahil magagawa naman ng salarin na barilin ang nasawi kahit hindi pa siya naglilingkod sa nasabing katungkulan, hindi maisasaalang-alang nang wasto laban sa kanya ang mapagpalalang pangyayari ng pagmamalabis sa katungkulan sa bayan kung walang patunay na sinamantala nga ng salarin ang pagiging pinagkakatiwalaang kinatawan ng Alkalde. Dapat talagang magkaroon ng matibay na patunay na sinamantala ng salarin ang kanyang katungkulan sa bayan at hindi ito maipagpapalagay na lamang.[79]

Sa ibayo namang mga kahatulan; masasabing nagsagawa ng mga krimen nang may pagsasamantala sa kanilang katungkulan sa bayan ang mga sumusunod: (1) isang nakaunipormeng pulis na tumangay ng isang babae sa pamamagitan ng paggamit ng kanyang katungkulan;[80] (2) isang Hepe ng Pulisya na nakapangikil ng pera mula sa mga tripulante ng barko, habang hinahalughog ito, sa pamamagitan ng pananakot sa kanila;[81] at (3) isang ispesyal na ahente ng pulisyang pangmilitar na nagsagawa ng krimeng pagnanakaw nang may kasamang homisidyo gamit ang baril na pinahintulang

76. U.S. v. Dacuycoy, 9 Phil. 84 (1907).

77. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 315 (1).

78. U.S. v. Estabaya, 36 Phil. 64 (1917).

79. People v. Ordiales, 42 SCRA 238 (1971).

80. U.S. v. Yumol, 34 Phil. 169 (1916).

81. People v. Cerdena, et al., 51 Phil. 393 (1928).

dalhin niya bilang isang opisyal na tagapamayapa.[82] May pagmamalabis sa katungkulan kapag nagsagawa ng krimen ang isang pulis nang gamit ang isang baril na pinahintulutan siyang dalhin bilang alagad ng batas.[83] Kung ginamit ng mga salarin ang kanilang kapangyarihan bilang mga alagad ng batas o mga pulis upang madisarmahan ang biktima bago ito pinatay, masasabi ding may pagmamalabis ng katungkulan sa bayan.[84] May ganitong mapagpalalang pangyayari rin kung sinamantala ng salarin ang kanyang pagiging pinuno ng CHDF at Punong Barangay sa pagsasagawa ng krimen.[85] Nagmalabis sa kanyang katungkulan bilang pulis ang isang salarin na gumamit ng kanyang baril at posas upang magawang takutin at mapagbawalang kumilos ang biktimang ginahasa niya.[86]

Hindi naman maituturing na nagmalabis sa kanyang katungkulan ang isang pulis na kumilos nang lubusan bilang naghihiganting kapatid.[87]

Datapwa't naituring din ang mapagpalalang pangyayaring ginamit ng salarin ang kanyang katungkulan sa bayan bilang bahagi lamang ng pananakot na nagbibigay ng pang-uring pagnanakaw sa gawang pagkuha ng ari-arian ng iba. Binuo ang pananakot ng pagdampot ng salarin, na isang sarhento ng Kostabularya, sa nasaktang panig mula sa kanyang bahay sa tulong ng dalawang armadong sundalo at, sa pagkukunwaring ipinatatawag ang nasaktang panig ng hukuman, pagbabantang tatalian siya at ihahatid doon sa hukuman kung hindi siya lalagda sa isang nakasulat na pangakong magbabayad ng 100 piso.[88]

Kung hindi sana nagawa ng salarin na pagbuhatan ng kamay ang biktima kung hindi siya isang pulis na nanunungkulan bilang tanod, masasabing sinamantala ng nasakdal ang kanyang katungkulan sa bayan. Nasa pagtangan ng nasakdal ang bilanggong biktima at dahil sa gayong katungkulan, nagawa

---

82. People v. Madrid, 88 Phil. 1 (1951).

83. *Tignan* People v. Tabion, 93 SCRA 566 (1979). *Tignan din,* People v. Gapasin, 231 SCRA 725 (1994) (kung saan isinaalang-alang na mapagpalala ang pagmamalabis sa katungkulan sa bayan kaugnay sa kawal kostableng nagsagawa ng krimen nang gamit ang sandatang ipinagkatiwala sa kanya); People v. Libardo, 127 SCRA 541 (1984) (kung saan patraydor na pinatay ng salaring pulis ang dalawang tao).

84. *Tignan* People v. Asuncion, 179 SCRA 396 (1989) (Datapwa't may palagay sa batas na gumanap ang mga alagad ng batas ng kanilang mga tungkulin sa kaukulang paraan, sa kawalan ng salungat na katibayan). *Tignan din,* People v. Napat-a, 179 SCRA 403 (1989); People v. Hernandez, 179 SCRA 502 (1989).

85. People v. Ferrera, 151 SCRA 113 (1987).

86. People v. Famador, 113 SCRA 310 (1982).

87. People v. Capalac, 117 SCRA 874 (1982).

88. U.S. v. Rabadillas, 2 Phil. 423 (1903).

niyang pasukin ang seldang kinapipiitan ng biktima.[89] Natagpuan ding nagkaroon ng pagmamalabis sa katungkulan sa bayan kaugnay sa isang pulis na bumaril nang patraydor sa biktima, sa gitna ng isinasagawang pagsisiyasat laban sa kanya tungkol sa paratang ng malubhang pananakot sa panig na naghain ng sumbong.[90]

Hindi makabuluhan sa ilang pagkakataon ang mismong pagsusuot o di-pagsusuot ng salarin ng kanyang uniporme bilang nanunungkulan sa bayan. Kung, bagama't tapos nang maglingkod sa kanyang tungkulin sa araw na iyon nang isagawa ng salarin ang krimen at may katibayan na nasa gayak sibilyan na siya noon, maliwanag pa ring dahil alam niyang kilala siyang pulis ng nasaktang panig, ipinagpilitan niya nang labag sa batas ang kanyang kapangyarihan bilang pulis, maisasaalang-alang pa rin ang mapagpalang pangyayari ng pagsasamantala sa katungkulan sa bayan, kaya maipapataw sa kanya ang parusang itinatadhana ng batas sa pinakamahabang taning na panahon ng pagkabilanggo.[91] Sa kabilang dako, hindi sapat ang simpleng pangyayaring nakauniporme ng sundalo ang salarin at may dala-dalang riple ng hukbong sandahatahan noong maganap ang krimen upang patunayang ginamit niya sa di-wastong paraan ang kanyang katungkulan sa bayan sa pagsasagawa ng mga krimen.[92] Kailangang tandaan na hindi sapat ang pagiging pulis lamang ng salaring bumaril sa biktima upang magkaroon ng ganitong mapagpalalang pangyayari kung hindi naipakitang sinamantala niya ang kanyang katungkulan bilang pulis sa pagsasagawa ng krimen.[93] Hindi rin naman maikakatwirang nagkaroon ng pagsasamantala sa katungkulan sa bayan batay lamang sa pangyayaring isang bagong-kalap sa paglilingkod sa hukbong sandatan ang nakisakay sa isang dyip at nagpaputok sa mga lulan nito.[94]

Katumbas ang *pagkabigo* sa panunungkulan ng *pagmamalabis* sa katungkulan. Kaya naman, kahit na hindi talaga nagmalabis sa katungkulan ang salarin, kung mapatutunayan namang nabigo siya sa panunungkulan bilang isang opisyal ng bayan, batayan ang gayong pangyayari sa pagpapabigat ng kanyang parusa. Gayon din, nagpapabigat ng kanyang saguting kriminal ang pangyayaring pangalawang pangulo ng bayan ang salarin noong sandaling kusang-loob siyang sumama sa isang pangkat ng mga tulisan.[95]

---

89. People v. Ural, 56 SCRA 138 (1974).

90. People v. Reyes, 69 SCRA 474 (1976).

91. People v. Tongco, 3 C.A. Rep. 1071.

92. People v. Pantoja, 25 SCRA 468 (1968).

93. People v. Herrera, 371 SCRA 480 (2001).

94. People v. Mandolado, 123 SCRA 133 (1983).

95. U.S. v. Cagayan, 4 Phl. 424 (1905).

Hindi mapagpalalang pangyayari ang pagsasamantala sa katungkulan sa bayan kung likas o isang bumubuong sangkap ito ng krimen. Kaya naman, hindi maisasaalang-alang ang pangyayaring pagsasamantala ng katungkulan sa bayan kaugnay sa mga kasalanang itinuturing ng batas na isang bumubuong sangkap ng krimen ang pagsasamantala sa katungkulan sa bayan, gaya ng sa paglulustay ng salapi o ari-arian ng bayan sa ilalim ng Artikulo 217, o sa paghuhuwad ng kasulatang isinagawa ng isang opisyal ng bayan sa ilalim ng Artikulo 171.[96] Itinuturing na likas na ito dito. Likas din naman ang pagsasamantala sa katungkulan sa bayan kaugnay ng mga kasangkapan sa ilalim ng Artikulo 19, talataan 3, at sa mga krimeng isinagawa ng mga opisyal ng bayan.[97]

*B. Pag-Alipusta, Paghamak o Kawalang-Pakundangan sa Mga Maykapangyarihan sa Bayan*

May mapagpalalang pangyayari kung ang krimen ay ginanap bilang pag-alipusta sa o nang may paghamak sa mga maykapangyarihan sa bayan.[98] Batay ang mapagpalalanang pangyayaring ito sa namumukod na kasamaan ng salarin, na ipinakikita ng kanyang kakulangan ng paggalang sa mga maykapangyarihan sa bayan. Binubuo ang mapagpalalang pangyayaring ito ng sumusunod na mga sangkap: (1) na nagsasagawa ng pagganap ng kanyang tungkulin ang maykapangyarihan sa bayan; (2) na hindi laban mismo sa maykapangyarihang nagsasagawa ng pagganap ng tungkulin ginawa ang krimen;[99] (3) na alam ng salarin na isang taong maykapangyarihan sa bayan ang naroon sa pook na kinaganapan ng krimen; at (4) na hindi pa rin nakapigil sa salarin sa pagsasagawa ng krimen ang pangyayaring naroon sa kinaganapan ng krimen ang taong maykapangyarihan sa bayan.

Isang opisyal ng bayan ang tinataguriang "maykapangyarihan sa bayan," o "taong nasa kapangyarihan" kung minsan, na tuwirang ginawaran ng hurisdiksyon, na nangangahulugang isang opisyal ng bayan na may kapangyarihang mamahala at magpatupad ng mga batas. Mga taong nasa kapangyarihan ang konsehal, alkalde, gubernador, at iba pang katulad nila. Itinuturing ding isang taong nasa kapangyarihan ang tenyente-del-baryo o punong barangay.[100] Kung gayon, hindi mailalapat ang mapagpalalang pangyayaring ito kung isinagawa ang krimen sa harapan ng isang alagad ng batas o kinatawan lamang ng taong maykapangyarihan. Kaya naman, hindi

96. People v. Tevez, 44 Phil. 275 (1922).

97. BINAGONG KODIGO PENAL, mga art. 204-245.

98. *Id.* sa art. 14, (2).

99. U.S. v. Rodriguez, et al., 19 Phil. 150 (1911); People v. Siojo, 61 Phil. 307 (1935).

100. Artikulo 152, ayon sa pagkakasusog ng Batas Republika Blg. 1978.

inilapat ang Talataan 2 ng Artikulo 14 kaugnay sa isinagawang krimen sa harapan ng hepe ng pulisya ng isang bayan, dahil hindi naman siya maituturing na isang maykapangyarihan sa bayan kundi isang alagad ng batas lamang o kinatawan ng mga maykapangyarihan.[101] Kung dumating ang hepe ng pulisya ng bayan habang naglalaban ang salarin at ang biktima, nguni't nagpatuloy pa rin ang salarin sa kanyang pananalakay sa biktima, sa kabila ng pagpapabatid ng hepe ng pulisya na naroroon siya at pagpapatigil nito sa kanya, hanggang tuluyan nang mapatay ng salarin ang biktima, hindi pa rin maisasaalang-alang laban sa salarin ang mapagpalalang pangyayaring ito dahil hindi isang taong maykapangyarihan sa bayan ang hepe ng pulisya. Hindi maisasaalang-alang ang ganitong mapagpalalang pangyayari kung isang pulis at isang kawal kostable ang mga biktima ng krimen, na hindi mga taong maykapangyarihan kundi mga kinatawan lamang ng mga taong maykapangyarihan.[102]

Hindi rin dapat isinagawa ang krimen nang laban mismo sa taong maykapangyarihan sa bayan na kasalukuyang gumaganap ng kanyang katungkulan, dahil sa gayong pagkakataon isang tuwirang pananalakay ang krimen,[103] na walang gayong mapagpalalang pangyayari. Dahil sa hindi na ito isang krimeng ginanap bilang pag-alipusta o nang may paghamak, o nang walang-pakundangan sa isang taong maykapangyarihan sa bayan, kundi isang krimeng tuwirang isinagawa laban sa kanya. Datapwa't minsang natagpuang homisidyo ang krimeng nagawa, nang may mapagpalalang pangyayari ng pagganap ng kasalanan bilang pag-alipusta sa, nang may paghamak, o nang walang-pakundangan sa isang maykapangyarihan sa bayan, kung binaril ang nasawi habang gumaganap ng kanyang katungkulan bilang tenyente-del-

---

101. People v. Siojo, *supra* talâ 99 sa 308-9; People v. Verso, et al., 21 SCRA 1403 (1967).

102. People v. Tiongson, 130 SCRA 614 (1984). Datapwa't sa taong din ito kung kailan napagpasyahan ng Kataas-taasang Hukuman *en banc* ang kaso ni Tiongson, ay isinaalang-alang din ang mapagpalalang pangyayari ng pag-alipusta sa taong maykapangyarihan sa isang krimeng kinasasangkutan ng pagnanakaw na may kasamang homisidyo kung saan dinisarmahan ng labinlima hanggang dalawampung tao at ginawang walang kalaban-laban ang isang pangkat ng kawal kostable at ang buong puwersang pulisya ng isang bayan upang maaalis ang ano mang sagabal sa pagsasakatuparan ng kanilang criminal na balak sa kasong People v. Escalante, 131 SCRA 237 (1984). Pinauna ni Gregorio na higit na naaayon sa batas at sa matatag na mga panuntunan ang pasya sa *Tiongson*, na ibinaba rin nang *en banc* ng Kataas-taasang Hukuman.

103. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 148; People v. Magdueno, 144 SCRA 210 (1986), isang tagausig ang biktima, na taong maykapangyarihan sa katuturan ng mapagpalalang pangyayaring ito. Hindi mapagpalalang pangyayari ang paghamak o kawalang-pakundangan sa maykapangyarihan dahil mismong taong maykapangyarihan ang biktima.

baryo.[104] Dapat sanang inusig at nahatulang nagkasala ang salarin ng masalimuot na krimeng homisidyo nang may tuwirang pananalakay sa taong maykapangyarihan sa bayan,[105] nang wala nang gayong mapagpalalang pangyayari.

Dapat masabing hindi naging hadlang sa salarin sa pagsasagawa ng krimen ang pagiging naroon sa kinaganapan ng krimen ang isang taong maykapangyarihan sa bayan. Sa kabila ng pangyayaring ipinaalam na sa salarin na naroroon ang taong maykapangyarihan sa bayan, hindi pa rin napigilan ang salarin sa pagsasagawa ng krimen. Kaya naman, nagpapahiwatig ang kawalan ng kaalaman sa panig ng salarin na naroroon sa kinaganapan ng krimen ang isang maykapangyarihan sa bayan ng kawalan din ng pagnanais na hamakin o balewalain ang nasabing maykapangyarihan. Kung pinatay ng salarin ang biktima sa harapan ng alkalde ng bayan, nguni't hindi naman niya nalalaman na naroroon ang nasabing alkalde, hindi dapat isaalang-alang laban sa salarin ang mapagpalalang pangyayaring ito.

### *C. Paghamak o Kawalang-Pakundangan sa Katayuan, Gulang, o Kasarian, at Tahanan ng Nasaktang Panig*

May mapagpalalang pangyayari kung ginanap ang kagagawan nang may paghamak sa o nang walang-pakundangan sa paggalang na nauukol sa nasaktang panig sa pagsasaalang-alang ng kanyang katayuan, gulang, o kasarian, o ginanap iyon sa tahanan ng nasaktang panig, kung hindi pinagmulan ng paninikis ang huli.[106] Bumubuo ng apat na mapagpagaang na mga pangyayari ang binabanggit sa Artikulo 14, talataan 3, na maaaring isaalang-alang nang paisa-isa o nang sama-sama. Kung dumadalo sa pagsasagawa ng krimen ang lahat ng mga nasabing mapagpalalang pangyayari, kadalasang may bigat lamang ang mga ito ng iisang mapagpalalang pangyayari.[107] Batay ang mga mapagpalalang pangyayari ito sa namumukod na kasamaan ng salarin, na ipinakikita ng pagwawalang-bahala niya sa

---

104. People v. Santok, 8 SCRA 113 (1963) (kung saan hindi sinundan ang naturang tuntunin).

105. *Tignan* BINAGONG KODIGO PENAL, art. 249, kaugnay sa art. 48 at art. 148,. *Tignan din,* People v. Hecto, 135 SCRA 113 (1985).

106. BINAGONG KODIGO PENAL, art.14, (3).

107. *Tignan* MARIANO ALBERT, THE REVISED PENAL CODE ANNOTATED (1946). *Nguni't tignan din,* ang usapin ng People v. Santos, et al., 91 Phil. 320 (1952), na tinatalakay sa ilalim ng art. 14, (6). *Tignan din* ang People v. Taga, 53 Phil. 273 (1929) (kung saan isinaalang-alang kapwa ang mga mapagpalalang pangyayari ng kawalang pakundangan sa kasarian at gulang ng nasaktang panig, kasama ng tirahan at ng gabi).

katayuan o pansariling kalagayan ng nasaktang panig at ng kawalang-pakundangan sa pook na kinaganapan ng krimen.

Mailalapat lamang ang mga mapagpalalang pangyayaring nabanggit sa mga krimen laban sa mga tao o karangalan.[108] Kaya naman, sa pagnanakaw ng isang bagay na pag-aari kahit pa ng Pangulo ng Pilipinas, hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring kawalang-pakundangan sa paggalang na nauukol sa nasaktang panig dahil sa kanyang katayuan, sapagka't hindi nangangahulugan ang payak na pangyayaring pag-aari ng Pangulo ang bagay na ninakaw na higit na itong mahalaga kaysa sa katulad na bagay na pag-aari ng iba o karaniwang tao.

Bukod sa pangyayaring isang babae (o isang matanda o isang may mataas na katungkulan) ang biktima, kinakailangan ding patunayan ang tiyak na pangyayari o kalagayan na nagpapakita ng pag-alipusta o kawalang-pakundangan sa kasarian (o gulang o katayuan) upang maisaalang-alang ito bilang mapagpalalang pangyayari.[109] Dapat pang magkaroon ng katibayang magpapakita na, sa pagsasagawa ng krimen, sadyang nilayon ng salarin na lapastanganin o hamakin ang kasarian o gulang ng nasaktang panig.[110] Kaya naman, hindi maituturing na mapagpalalang pangyayari ang pagiging matanda ng biktima kung wala namang katibayang sadyang nilayon nga ng salarin na lapagtanganin o hamakin ang katandaan (gulang) ng biktima.[111]

---

108. *Tignan* People v. Collado, 196 SCRA 519 (1991) (hindi mailalapat ang ganitong mapagpalalang pangyayari sa mga krimen laban sa ari-arian); People v. Punzalan, 203 SCRA 365 (1991) (makabuluhan lamang ang mapagpalalang pangyayari ng kawalang-pakundangan sa katayuan, gulang, o kasarian sa mga krimen laban sa mga tao); People v. Capillas, 108 SCRA 173 (1981) (hindi ito kinikilala sa krimeng pagnanakaw na may kasamang homisidyo, isang krimen laban sa ari-arian, kung saan naging insidente o nataon lamang ang homisidyo). *Tignan din* Ang People v. Saylan, 130 SCRA 159 (1984) (datapwa't sa isang usaping kinasangkutan ng panggagahasa sa isang guro, hindi isinaalang-alang ang kawalang-pakundangan sa ranggo o katayuan ng biktima, hindi dahil isang krimen laban sa kalinisang-puri noon ang panggagahasa, kundi dahil bagama't batid ng salarin na isang guro ang kanya ginahasa, walang napatunayang hangarin sa panig niya na sadyang lapastanganin o alipustahin ang ranggo o katayuan ng biktima).

109. People v. Valencia, C.A., 43 O.G. 3740.

110. *Tignan* People v. Mangsant, 65 Phil. 548 (1938). *Tignan din,* ang People v. Decena, 235 SCRA 67 (1994).

111. People v. Diaz, et al., 70 O.G. 4173, *na binabanggit ang* People v. Gervacio, 24 SCRA 960 (1968); People v. Mangsant, 65 Phil. 548 (1938); People v. Limaco, 88 Phil. 44 (1951).

Dapat magkaroon ng pagkakaiba sa kalagayan o katayuan sa lipunan ang salarin at ang nasaktang panig, dahil kadalasang dapat igalang ang mga taong kapi-pitagan at nasa higit na mataas na katayuan sa buhay.[112] Halimbawa, may pag-alipusta o kawalang-pakundangan sa katayuan ng biktima kapag sinalakay at sinaktan ng isang pribadong mamamayan ang isang taong nasa kapangyarihan, o kapag sinalakay at sinaktan ng isang mag-aaral ang kanyang guro,[113] na maisasalang-alang na mapagpalalang pangyayari kung hindi bumubuo ang kagagawan ng tuwirang pananalakay sa taong may kapangyarihan sa bayan.[114] Kung asesinato na may kasamang tuwirang pananalakay ang paratang, hindi mapagpalala ang kawalang-pakundangan sa ranggo o mataas na katayuan ng biktima.[115] Gayon din, bumubuo ng mapagpalalang pangyayari ng kawalang-pakundangan sa paggalang na nauukol sa nasaktang panig dahil sa kanyang katayuan ang gawang pagpapatay sa isang hukom nang dahil sa kanyang pagiging mahigpit o nang dahil sa paghihinanakit na kinikimkim ng salarin laban sa kanya bilang hukom.[116] Isinagawa rin nang walang-pakundangan sa kanyang katayuan ang isang pagtatangka sa buhay ng isang Heneral ng Hukbong Sandatahan.[117] Maisasaalang-alang din ang kawalang-pakundangan sa nakatataas na katayuan ng biktima kung hindi pinagtalunan na ang isang kawani ang salarin sa Komisyon sa Serbisyo Sibil (*Civil Service Commission*) samantalang isang Pumapangalawang Hepe ng Ugnayang Pantauhan (*Human Resource Department*) ng nasabing Tanggapan ang biktima, at nang magsadya ang salarin sa nasawi at makipag-usap sa kanya kaugnay sa kanyang usaping pangpangasiwaan, na lumilitaw na siyang sanhing humimok sa kanya sa pagpatay sang-ayon na rin sa kanyang sariling pag-amin, maliwanag na naipakita ng salarin mismo na kinilala niya ang nasawi bilang isang nakatataas na pinuno.[118] Datapwa't hindi maisasaalang-alang ang kawalang-pakundangan sa paggalang na dapat ibigay sa nasaktang panig dala ng kanyang ranggo o mataas na katayuan kung hindi napatunayang sadyang

112. People v. Mil, 92 SCRA 89 (1979).

113. U.S. v. Cabiling, 7 Phil. 469 (1907).

114. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 148.

115. People v. Rodil, 109 SCRA 308 (1981).

116. People v. Valeriano, et al., 90 Phil. 15 (1959).

117. People v. Torres, et al., 93 Phil. 155 (1953).

118. People v. Benito, 62 SCRA 351 (1975). Hindi makabuluhan sa pag-iral ng pangyayaring ito na ginawang agaran ang pagkakabisa ng pasyang itiwalag ang salarin sa kanyang paglilingkod dahil ipinaghabol niya ng pagtutuwid sa nakatataas ang naturang kapasyahan at nakabitin pa noon ang usapin at, batay na rin sa kanyang sariling sinasabi, ganap siyang pinawalang-sala kalaunan ng Kalupunan sa Paghahabol sa Serbisyo Sibil sa kapasyahan nitong may petsang Peb. 17, 1971.

hinangad ng mga salarin na lapastanganin o hamakin ang ranggo o mataas na katayuan ng biktima.[119]

Dumadalo ang pangyayaring may pag-alipusta o kawalang-pakundangan sa gulang ng biktima kung maaari nang maging ama ng ng salarin ang nasaktang panig, nang dahil sa kanyang katandaan.[120] Mailalapat din ang mapagpalalang pangyayaring ito sa isang nanalakay na salaring 45 taong gulang, samantalang wawalumpuing (80+) taon na ang biktima.[121] May kawalang-paggalang o kawalang-pakundangan sa gulang o katandaan ang gawang pagpatay sa isang matandang babae.[122] Inilapat nga ito sa krimeng isinagawa laban sa nasawing walumpung taong gulang na at napakahina na ang pangangatawan.[123] Inilapat nga ang mapagpalalang pangyayaring ito kaugnay sa 65 taong gulang na nasawi dahil 32 at 27 taong gulang lamang ang dalawang salaring pumatay sa kanya.[124] Datapwa't upang maisaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng kawalang-pakundangan sa gulang o tanda ng biktima, kinakailangang magpatunay ng mga pangyayaring bukod sa pagiging matanda ng biktima na magpapakitang nagkaroon ng paghamak o kawalang-pakundangan sa kanyang katandaan.[125]

Mailalapat ang mapagpalalang pangyayaring ito nang dahil sa kamuraan ng kabataan ng biktima, gaya ng paglalapat nito nang dahil sa katandaan niya. Kung batang 12 taong gulang pa lamang ang isa sa mga naging biktima sa krimeng asesinato, maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito.[126] Datapwa't hindi ito itinuturing na mapagpalalang pangyayari kung isinagawa ang mga panunugat na naidulot sa isang 9-taong gulang na batang babae nang walang ano mang pag-iisip o hangaring magbunton ng pag-alipusta o paghamak sa batang babae nang dahil sa kanyang kasarian o murang gulang.[127]

Mapagpalalang pangyayari din ang pag-alipusta o kawalang-pakundangan sa kasarian ng biktima. Tinutukoy dito ang kasarian ng babae, hindi ang kasarian ng lalaki. Kung pinilit ng salarin ang isang babae na

---

119. People v. Verchez, 233 SCRA 174 (1994).

120. *Viada,* 1 CODIGO PENAL 326; U.S. v. Esmedia, 17 Phil. 260 (1910); U.S. v. Reguera, 41 Phil. 506 (1921).

121. People v. Orbillo, G.R. No. L-2444, Abril 29,1950.

122. People v. Manalang, 123 SCRA 583 (1983).

123. People v. Gummuac, 93 Phil. 657 (1953).

124. People v. Zapata, et al., 107 Phil. 103 (1960).

125. People v. Decena, 235 SCRA 67 (1994); People v. Berbal, 176 SCRA 202 (1989).

126. U.S. v. Butag, 38 Phil. 746 (1918).

127. U.S. v. Dacquel, 36 Phil. 783 (1917).

umuwi sa bahay nito nang labag sa kanyang kalooban, maituturing na isinagawa ang krimeng pamimilit nang may mapagpalalang pangyayari ng kawalan ng paggalang sa kasarian ng biktima bilang babae.[128] Nagsakatuparan ng krimen ang mga salarin nang may ganitong mapagpalalang pangyayari kung namili at pumatay sila, bilang paghihiganti pagkaraang malaman ang tungkol sa pagkapaslang sa isa nilang kamag-anak, ng isang babaeng kamag-anak naman ng mga mamamatay-tao nang hindi nila magawang maghiganti sa mismong mga mamamatay-tao na nasa kulungan na noon.[129] Isinaalang-alang din ito sa pagsasagawa ng krimeng tuwirang pananalakay sa isang babaeng guro.[130]

Walang ganitong mapagpalalang pangyayari kung hindi naman sadyang hinangad ng salarin na lapastanganin o ipagwalang-bahala ang kasarian ng biktima.[131] Kung dalawang taong magkasintahan ang biglaang nagkagalit pagkaraang magtapat ang babae na hindi na niya mahal ang lalaki at mayroon na siya ibang minamahal, at kaagad naman itong ikinagalit sa lalaki, kaya sinaksak niya ang babae hanggang sa mapatay niya ito, at hindi naman napatunayan o inamin man lamang ng salarin na hangarin niyang lapastanganin o ipagwalang-bahala ang kasarian ng biktima nang isagawa niya ang krimen, hindi maisasaalang-alang ang naturang mapagpalalang pangyayari.[132]

Hindi nangangahulugan ang basta pagpatay sa isang babae na dinaluhan na ang pagsasagawa ng krimen ng kawalang-pakundangan sa kasarian ng biktima kung hindi naman nagpakita ang salarin ng ano mang tiyakan at matutukoy na paghamak o kawalang-paggalang sa kanyang kasarian.[133] Kaya naman, naipasya na nang makailang ulit na hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng kawalang-paggalang sa kasarian *kung walang pagpapatunay* na nailahad ang tagausig na bukod sa labag sa batas na pagkitil sa buhay ng nasawing babae, nagkaroon pa ng *sadyang* paghamak o kawalan ng paggalang sa kanyang kasarian.[134]

Sa katunayan, may tatlong uri ng mga pagkakataon kung kailan *hindi talaga mailalapat* ang mapagpalalang pangyayari ng paghamak, pag-alipusta o

128. U.S. v. Quevengco, 2 Phil. 412 (1903).

129. People v. Dayug, 49 Phil. 423 (1926).

130. Sarcepuedes v. People, 90 Phil. 231 (1951); People v. Manapat, C.A., 51 O.G. 894.

131. People v. Berbal, 176 SCRA 202 (1989).

132. People v. Mangsant, 65 Phil. 548 (1938).

133. People v. Ursal, 121 SCRA 583 (1983).

134. People v. Meltran, 89 Phil. 543 (1951); People v. Jaula, 90 Phil. 379 (1951); People v. Brana, 30 Phil. 307 (1915); People v. Puno, 105 SCRA 151 (1981).

kawalang-pakundangan sa kasarian ng biktima. Ito ay: (1) kung kumilos ang salarin nang may pagsisilakbo ng damdamin o pagdidilim ng isip; (2) kung may umiiral na kaugnayan sa pagitan ng nasaktang panig at ng salarin; at (3) kung hindi maiiwasan ang kalagayang pagkababae sa pagsasagawa ng krimen. Kapag nabubulagan ng pagsisilakbo ng damdamin o pagdidilim ng isip ang isang tao, hindi niya magagawa sa gayong kalagayan ng isipan na mamalayang gumaganap siya ng kagagawang walang paggalang sa nasaktang panig.[135]

Kung pagkaraang maibaba ng hukuman ang isang kautusan ng paghihiwalay ng isang mag-asawa, ibinigay sa babae ang pagkalinga sa kanilang sanggol, at nang makatagpo ng lalaki ang kanyang dating maybahay, hiniling ng lalaki sa babae na payagan siyang dalawin ang kanilang anak, nguni't tumanggi ang babae, pangyayaring ikinagalit naman ng salarin, kaya tinutukan niya ng baril ang babae habang sumasakay ito sa isang karitela; datapwa't pumutok ang baril at nasugatan ang babae, hindi pa rin maisasaalang-alang ang ganitong mapagpalalang pangyayari. Ito ay dahil, sa kabila ng kautusan ng paghihiwalay, may nanatili pa ring kaugnayang namamagitan sa salarin at sa kanyang humiwalay na asawa. May tuwirang kinalaman sa kanilang nag-iisang anak ang kaugnayang ito, na siyang dahilan kung bakit humihingi ng pahintulot ang salarin mula sa kanyang humiwalay na asawa na payagan siyang dalawin ang kanilang anak, sapagka't sa kanya itinalaga ang pagkalinga sa bata sa ilalim ng utos ng hukuman at walang ibang mapakikiusapan ang salarin kundi ang kanyang dating asawa upang makadalaw sa kanilang anak.[136]

Maipakikitang hindi dinaluhan ang pagsasagawa ng krimen ng ano mang paglapastangan o kawalang-pakundangan sa gulang ng nasaktang panig, na nasa pagitan ng 65 at 75 taong gulang, kung isasaalang-alang ang mga kalagayan nakapaligid sa pagkabuo ng krimen at ang datihan nang umiiral na kaugnayang namagitan sa nasakdal at sa nasawi.[137] Halimbawa ng gayong kaugnayan ang pagiging manggagawa at maypagawa, kaya hindi maisasaalang-alang ang ganitong mapagpalalang pangyayari kung isang manggagawa ng salarin ang kanyang pinatay.

Sa parisidyo, panggagahasa, pagtatanan o pagtatangay ng babae, o panunudyo, hindi mapagpalalang pangyayari ang kasarian ng napinsalang panig dahil hindi naman maiiwasan ang pagiging babae ng biktima sa pagsasagawa ng gayong mga krimen. Kaugnay sa panggagahasa, halimbawa, dahil isang krimen laban mismo sa kasarian o sa isang babae ang gawang panggagahasa, isang pagkakamali para sa isang hukumang tagalitis na isaaalang-alang ang kasarian ng biktima bilang isang mapagpalalang

135. People v. Ibanez, C.A. G.R No. 1137-R, Mar. 20, 1948.

136. People v. Valencia, C.A., 43 O.G. 3740.

137. People v. Akanatsu, 51 Phil. 963 (1926).

pangyayari sa pagpapataw ng parusa, dahil nga likas ito sa krimeng panggagahasa.[138] Isinasaalang-alang lamang ang kawalang-pakundangan sa kasarian ng biktima sa mga krimen laban sa mga tao o sa karangalan.[139]

Isang pangyayaring sinasakop ng katrayduran ang kawalang-pakundangan sa kasarian ng biktima.[140] Sinasakop naman ang katrayduran at pangyayaring isinagawa ang krimen nang gabi ng pagmamalabis sa nakapangingibabaw na kalagayan.[141]

Mapagpalalang pangyayari ang pagsasagawa ng krimen sa tahanan ng biktima.[142] Batay ito sa higit na matinding kasamaan ng salarin, na ipinakikita ng pook na kinaganapan ng krimen. May kabanalang pook ang tahanan para sa may-ari nito. Higit na nagkasala ang isang taong nagpupunta sa pamamahay ng iba upang siraan siya, saktan siya o gawan siya ng kamalian, kaysa sa isang taong lumalaspatangan sa kanya sa ibang dako.[143] Kung gayon, dapat na isang gusali o balangkas ang tahanang tinutukoy ng batas, na ginagamit lamang para sa pamamahinga at kaginhawaan. Hindi tahanan ang "isang tambalan ng bahay at tindahan"[144] o isang puwesto sa pamilihang-bayan kung saan natutulog ang biktima. Kasama pa rin sa kinasasakupan ng tahanan ang mga karugtong nito, ang paanan ng hagdan at ang kulungan sa ilalim ng bahay.[145] Kinilalang mapagpalala ang tahanan nang dahil sa pangyayaring nakatira ang salarin sa bodegang karatig ng bahay ng mga biktima.[146] Datapwa't hindi kasama sa tahanan ang "tapahan," kung saan isinagawa ang mga pagpatay, kapag tumatayo ito bilang hiwalay na balangkas at hindi bahagi ng gusali kung saan naninirahan ang mga biktima.[147] Kung ipinakikita ng katibayan na pinatay ang biktima sa kubol o habong na malapit

---

138. People v. Lopez, 107 Phil. 1039 (1960).

139. People v. Capillas, 108 SCRA 173 (1981).

140. *Datapwa't tignan ang* People v. Lapaz, 171 SCRA 539 (1989) (kung saan natagpuang hindi sakop ng katrayduran ang kawalang-pakundangan sa kasarian at katandaan ng biktima).

141. People v. Clementer, 58 SCRA 742 (1974) (higit na madalas sakupin ng katrayduran ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas).

142. People v. Liston, 179 SCRA 415 (1989) (pinatay ang biktima sa sarili niyang pamamahay); People v. Manalang, 123 SCRA 583 (1983); People v. Yap, 125 SCRA 203 (1983); People v. Garcia, 105 SCRA 325 (1981) (pinatay ang biktima sa sariling pamamahay); People v. Romero, 119 SCRA 234 (1982).

143. *Tignan* 2 CODIGO PENAL, 323-24.

144. People v. Magnaye, 89 Phil. 233 (1951).

145. U.S. v. Tapan, 20 Phil. 211 (1911); People v. Alcala, 46 Phil. 739 (1924).

146. People v. Español, 114 SCRA 911 (1982).

147. People v. Rojas, 147 SCRA 169 (1987).

sa bahay, hindi mapagpalalang pangyayari ang tahanan.[148] Kaya naman, kung nasa anyong yayapak pa lamang sa unang baitang ng hagdan ang nasawi nang salakayin siya, hindi mailalapat ang mapagpalalang pangyayari ng tahanan.[149] Lalong hindi mailalapat ang mapagpalalang pangyayaring ito kung lubos na isinagawa ang krimen sa labas ng tahanan ng biktima.[150]

Kung nagkaroon ng dalawang tahanan ang nasawi, maituturing pa ring dinadaluhan ng mapagpalaang pangyayari ng tahanan ang pagsasagawa ng krimen sa alin man sa mga ito. Kaya naman, may mapagpalalang pangyayari ng kawalang-paggalang sa tahanan kung pinatay ang nasawi sa bahay niya sa Lansangang Franco sa Tondo, na isa sa dalawang mga bahay (nasa Constancia, Sampaloc ang isa pa) na datihang tinitirhan ng nasawi at naging tirahan niya noong nananatili pa siya sa Maynila.[151]

Datapwa't mailalapat pa rin ang pangyayaring nagpapakita ng kawalang-paggalang sa tahahan kahit isinagawa ang krimen nang hindi pinasok ng salarin ang tahanan kung, bagama't nagpaputok ang salaring namaril mula sa labas ng tirahan, nasa loob naman nito ang biktima. Kung gayon, upang maisaalang-alang ang pangyayaring ito, hindi kinakailangang tuluyang pasukin ng salarin ang tahanan ng biktima sa layuning magsagawa ng krimen; sapat na kung sinalakay ang biktima sa sarili niyang tahanan, bagama't nakagawa ng paraan ang nananalakay na isagawa ang pagsalakay mula sa labas.[152] Gayon din, kung sinimulan ng salarin ang kanyang pananalakay sa katauhan ng nasawi sa tahanan ng huli, sa pamamagitan ng pagtali ng kanyang mga kamay at pagkaladkad sa kanya palabas sa tahanan, at pinatay ng salarin ang nasawi pagdating pa sa isang napiling lugar sa labas ng tahanan, mapagpalala pa rin ang kawalang-pagkundagan sa tahanan ng nasawi, dahil hindi maaaring hatiin o paghiwalayin ang kabuuan ng mga detalye ng isinakatuparang kagagawan, kundi bumubuo ito ng isang tuluy-tuloy o walang-pugtong kaganapan.[153] Kung kinaladkad ang biktima mula sa loob ng kanyang pamamahay at saka pinatay sa labas nito, mapagpalala ang kawalang-

---

148. People v. Ursal, 121 SCRA 410 (1983).

149. *Tignan* People v. Sespene, et al., 102 Phil. 199 (1957). *Datapwa't tignan* ang People v. Gida, 102 SCRA 70 (1981) (kung saan kinilalang mapagpalala ang tahanan dahil pinatay sa taga ang biktima habang nasa hagdanan ng kanyang pamamahay).

150. People v. Figuracion, 362 SCRA 606 (2001).

151. People v. Rodriguez, et al., 103 Phil. 1015 (1958).

152. People v. Bautista, 79 Phil. 652 (1947); People v. Perreras, 362 SCRA 202 (2001); People v. Morial, 363 SCRA 96 (2001).

153. U.S. v. Lastimosa, 27 Phil. 432 (1914); People v. Mendova, et al., 100 Phil. 818 (1957).

galang sa tahanan.[154] Sa pagtatanan ng babae o labag sa batas na pagpipiit, kung saan tinangay ang biktima mula sa kanyang tahanan at dinala sa ibang lugar, mapagpalalang pangyayari ang tirahan.[155] Mapagpalala rin ang tahanan kung naganap ang pangunahing krimen sa loob ng tahanan bagama't isinagawa ang kaakibat na mga pagpatay sa labas nito.[156] Nguni't hindi mapagpalalang pangyayari ang tahanan kung tinawag muna upang pababain mula sa kanyang tahanan ang nasawi at saka lamang pinaslang sa pook na malapit doon.[157]

Kinakailangan ding sangkap sa pagsasagawa ng krimen sa tahanan ng biktima ang sumusunod: (1) ang pagmamalabis sa pagtitiwalang inilagay ng nasaktang panig sa salarin sa pagbubukas ng pinto sa kanya; o (2) ang paglabag sa kabanalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagpasok doon nang may karahasan o laban sa kalooban ng may-ari.[158] Dapat na ipinakikita ng malinaw na katibayan na pinasok ng salarin ang tahanan ng nasawi upang salakayin siya.[159] Hindi naman dapat na pinagmulan ng paninikis o paghahamon ang nasaktang panig. Makikita sa pananalita ng talataan 3, Artikulo 14, na isang pasubaling *sine qua non* ng mapagpalalang pangyayaring ito na hindi "nagbigay ng paninikis" o pinagmulan ng paghahamon ang nasaktang panig, na sapat upang pumukaw sa salarin na manalakay sa tahanan mismo ng nasaktang panig. Kung ang nasaktang panig mismo ang naghamon o nag-anyaya sa naganap na pananalakay, nawawalan siya ng karapatan sa paggalang at pagsasaalang-alang na nauukol sa kanya sa sarili niyang tahanan.[160] Datapwa't upang magkaganoon, tumutugon dapat ang paninikis o paghahamon sa mga sumusunod na sangkap: (1) nagmula sa may-ari ng tahanan; (2) sapat; at (3) agarang naganap bago isinagawa ang krimen. Kung dumadalo ang lahat ng mga kalagayang ito, itinuturing na nakapagbigay ang nasaktang panig ng paninikis o paghahamon na sapat upang mapawi ang paggalang na nauukol sa kanyang tahanan, at hindi na isasaalang-alang pa bilang mapagpalala ang pangyayaring isinagawa ang krimen sa tahanan ng nasaktang panig. Sa kabilang dako, kung wala ang alin man sa nasabing mga kalagayan, ituturing na hindi nagbigay ng paninikis o paghahamon ang

154. People v. Jardiniano, 103 SCRA 530 (1981).

155. U.S. v. Banilla, 19 Phil. 130 (1911); U.S. v. Velasquez, 8 Phil. 321 (1907); People v. Masilungan, 104 Phil. 635 (1958).

156. People v. Dalanon, 237 SCRA 607 (1994).

157. U.S. v. Ramos, 1 Phil. 192 (1902); People v. Lumasag, 56 Phil. 19 (1931).

158. *Tignan* People v. Ambis, 68 Phil. 635 (1939) (silipin ang palagay ni Mahistrado Villareal).

159. People v. Lumasag, 56 Phil. 22 (1931); People v. Manuel, 29 SCRA 337 (1969).

160. People v. Ambis, *supra* talâ 158.

nasaktang panig kung kaya isasaalang-alang pa ring mapagpalala ang pangyayaring isinagawa ang krimen sa tahanan ng nasaktang panig.[161]

Isang pangyayaring dapat ipakita ng katibayan ng tagausig na hindi nagbigay ng paninikis ang nasaktang panig, dahil isa itong mahalagang sangkap ng mapagpalalang pangyayari ng kawalang-pakundangan sa tahanan at hindi ito maaaring ipagpalagay na lamang.[162]

Hindi rin maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito kung nagbigay ang may-ari ng tahanan ng sapat at agarang paninikis o paghahamon, na sapat pumukaw sa damdaming magsagawa ng krimen sa tahanan mismo ng biktima. Hindi ito maisasaalang-alang kapag tuwirang bunga ang pagpatay sa biktima sa sarili nitong pamamahay ng paninikis sa biktima ng salarin at sa mga mapanghamak na mga pananalita ng salarin sa biktima habang nag-iinuman.[163] Datapwa't maliwanag na bagama't nagtatadhana ang Kodigo na hindi maisasaalang-alang nang wasto ang mapagpalalang pangyayari ng tahanan kung nagbigay ng paninikis o paghahamon ang nasaktang panig, totoo lamang ito kung may malapit na kaugnayang namagitan sa paninikis o paghahamon at sa pagsasagawa ng krimen sa tahanan ng taong pinagmulan ng gayong paninikis o paghahamon.[164] Samakatwid, kapag hindi agarang sinundan ang paninikis o paghahamon, kung nagkaroon man nito, ng pananalakay sa tahanan ng nasaktang panig, mapagpalala pa rin ito. Bagama't natuklasan ng salarin na may ipinagbabawal na kaugnayan ang nasawi at ang kanyang maybahay at ito ang kanyang idinahilan sa kanyang pagpunta sa tahanan ng nasawi, isang gabi, at noon at doon din ito pinatay, hindi pa rin maipangangatwiran ng salarin na nagkaroon ng paninikis o paghahamon sa panig ng nasawi sa pamamagitan ng bawal na kaugnayan ng nasawi sa maybahay ng salarin, kaya niya nagawa ng nasakdal ang krimen, sapagka't hindi naman agarang nauna sa, o sinundan ng, pagsasagawa ng krimen ang naturang paninikis o paghahamon (ang ipinagbabawal na kaugnayan). Mapagpalala pa rin sa ganitong pagkakataon ang pagsasagawa ng krimen sa tahanan ng nasawi.[165] Kahit pa sabihing natuklasan ng salarin ang bawal na kaugnayan bago niya tinungo kaagad ang tahanan ng nasawi, maaaring isaalang-alang pa rin ang mapagpalalang pangyayari ng tahanan laban sa salarin dahil hindi naman naganap ang paninikis o paghahamon (bawal na kaugnayan) sa nasabing tahanan. Datapwa't kung biglaang dinatnan ng salarin

---

161. People v. Molo, 88 SCRA 1 (1979); People v. Cuyo, 196 SCRA 447 (1991).

162. People v. Pakah, 81 Phil. 426 (1948). Kinilalang dumalo ang mapagpalalang pangyayaring ito sa People v. Atanacio, 128 SCRA 22 (1984), dahil pinatay ang biktima sa sarili niyang pamamahay nang walang paninikis na nagmula sa kanya.

163. People v. Atienza, 116 SCRA 379 (1982).

164. People v. Dequina, 60 Phil. 280 (1934).

165. *Id.*

ang kanyang maybahay at ang nasawi sa gawang pakikiapid sa tahanan ng nasawi, sa gayong pagkakataon hindi na masasabing umiiral ang mapagpalalang pangyayari ng kawalang-paggalang sa tahanan.[166] Hindi mapagpalalang pangyayari ang pagsasagawa ng krimen sa tahanan ng nasaktang panig kung nagbigay ang huli ng agarang paninikis o paghahamon. Kung sinimulang lapastanganin ng nasaktang panig ang anak na babae ng salarin at binansagan pa ito ng mahahalay na pangalan, at narinig naman ng salarin ang mapaghamak na pananalita, kung kaya kaagad siyang sumugod sa harapan ng tahanan ng nasaktang panig upang humingi ng paliwanag, datapwa't sinundan ito ng kanilang pag-aaway at, sa matinding pagkagalit at pagkapukaw ng damdamin ng salarin, pinasok nito ang tahanan ng nasaktang panig at saka isinagawa ang pananaga sa huli, maituturing na tuwiran at agarang kinahinatnan ng paninikis o paghahamon na nagmula sa nasaktang panig ang paglabag sa kasarinlan ng kanyang tahanan. Kaya naman, walang maisasaalang-alang na mapagpalalang pangyayari ng kawalang-paggalang sa tahahan.[167]

Hindi mapagpalalang pangyayari ang pagsasagawa ng krimen sa tahanan ng nasaktang panig kung kapwa naman nakatira sa iisang bahay ang salarin at ang nasaktang panig.[168] Ganito rin ang tuntunin kahit na nagsisilbing isang katulong lamang sa bahay ng biktima ang salarin.[169]

Kung isinagawa ang pagnanakaw sa pamamagitan ng paggamit ng lakas sa mga bagay-bagay, hindi mapagpalalang pangyayari ang tahanan dahil likas ito sa gayong krimen sapagka't, upang makapagsagawa ng pagnanakaw sa pamamagitan ng paggamit ng lakas sa mga bagay-bagay, dapat pumasok sa tahanan, o iba pang gusali, ng nasaktang panig ang salarin.[170] Nguni't mailalapat ang ganitong mapagpalalang pangyayari sa pagnanakaw nang may kasamang karahasan laban sa o pananakot ng mga tao, dahil sa gayong uring pagnanakaw hindi nabibilang sa bumubuong sangkap ng krimen ang pagpasok sa tahanan ng nasaktang panig.[171] Mapagpalala ang ganitong

166. *Tignan* People v. Dequina, *supra* talâ 165. *Subali't tignan* ang art. 247, kaugnay sa karapatan ng asawang nakasumpong sa kanyang legitimong asawa sa gawang pakikiapid sa iba na pumatay o magdulot ng panunugat, dala ng simbuyo ng damdaming nangingibabaw sa kanya sa gayong pagkakataon.

167. U.S. v. Licarte, 23 Phil. 10 (1912).

168. U.S. v. Rodriguez, 9 Phil. 136 (1907); People v. Revotoc, 106 SCRA 22 (1981).

169. People v. Caliso, 58 Phil. 283 (1933).

170. U.S. v. Cas, 14 Phil. 21 (1909).

171. People v. Valdez, 64 Phil. 860 (1937); *Tignan* People v. Apduhan, Jr., 24 SCRA 800 (1968). *Tignan din*, ang People v. Dejaresco, 129 SCRA 576 (1984), *na bumanggit sa* People v. Apduhan, Jr. ; People v. Gatcho, 103 SCRA 207 (1981),

pangyayari sa krimen ng pagnanakaw na may kasamang pagpatay[172] dahil maisasakatuparan ang karumal-dumal na kagagawang ito nang hindi nilalabag ang tahanan ng biktima.[173] Samaktwid, hindi likas na sangkap ang tahanan sa krimeng pagnanakaw na may kasamang pagpatay.[174] Sa krimen ng paglabag sa tahanan naman, likas ito o inilalahok ng batas sa pagpapakahulugan ng krimen ang gayong pangyayari at maaari lamang isagawa ang krimeng ito sa tahanan mismo ng ibang tao.

Kung hindi rin sa nasaktang panig ang tahanang kinaganapan ng krimen, hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito. Kaya naman, kung pagkaraang marinig ng salarin na patay na ang kanilang kapatid na babae, kaya't nagtungo agad siya sa tahanan ng kanyang, at doon at noon, nang makitang nakahiga sa sahig ang kanyang kapatid na babae nang nakapahinga sa kandungan ng kanyang kalaguyo, agarang sinalakay at pinatay ng salarin ang nasawi sa pag-aakalang pinatay nito ang kanyang kapatid, hindi maisasaalang-alang laban sa salarin ang mapagpalalang pangyayari ng tahanan dahil hindi naman sa kalaguyo ng kapatid ng salarin ang naturang tahanan.[175] Datapwa't sapat na upang maisaalang-alang ang tahanan kapag sa ama at lolo ng mga biktima ang kubo kung saan sila sinalakay.[176] Kinilalang mapagpalala ang tahanan kaugnay sa mga pagpatay na isinagawa sa bahay ng ina ng kinakasamang babae ng salarin.[177]

Datapwa't kung isinagawa ang pakikiapid sa tirahan ng kabiyak na lalaki, kahit na iyon din ang tahanan ng nagtaksil na maybahay, mapagpalalang

---

sa dahilang hindi naman sangkap ang tahanan sa krimeng pagnanakaw nang may karasahasan laban sa o pananakot ng mga taon.

172. People v. Bragat, 364 SCRA 425 (2001); People v. Mecias, 199 SCRA 20 (1991); People v. Gapasin, 145 SCRA 178 (1986); People v. Veloso, 112 SCRA 173 (1982).

173. People v. Mecias, 199 SCRA 20 (1991).

174. People v. Garachico, 113 SCRA 131 (1982).

175. People v. Guhiting, et al., 88 Phil. 675 (1951). Datapwa't sa usapin ng People v. Basa, 83 Phil. 622 (1949), kung saan pinagbabaril hanggang sa mamatay ang tatlong biktima, habang natutulog bilang mga panauhin sa tahanan ng ibang tao, kahima't iyon din ang tahanan mismo ng apat na salarin, itinuring pa ring mapagpalala ang tahanan kaugnay sa tatlong asesinatong naganap, dahil bagama't hindi pag-aari ng mga biktima ang tahanan, "tahanan" naman ang pinag-uusapan ng Kodigo, at hindi pamamahay. Hindi dapat maging mapagpalalang pangyayari ang tahahan sa pagkakapatay sa nasawi kung isa lamang itong panauhin sa bahay kung saan naganap ang krimen, People v. Ramolete, 56 SCRA 66 (1974).

176. People v. Perante, Jr., 143 SCRA 56 (1986).

177. People v. De la Fuente, 126 SCRA 518 (1983).

pangyayari ang turing sa pagsasagawa ng krimen sa naturang tahanan dahil bukod sa pagsira ng huli sa tungkuling katapatan sa kabiyak, nilalabag pa niya at ng kanyang kalaguyo ang paggalang na nauukol sa tahanan ng mag-asawa at kapwa sila nakapagdulot ng pasakit at nagsasagawa sa gayong paraan ng napakalubhang kasalanan laban sa ama ng tahanan.[178] Datapwa't hindi maituturing na mapagpalalang pangyayari ang pakikiapid sa mismong tahanan ng nasaktrang panig kung doon din nakatira ang kalaguyo. Ipinapalagay na naiiba ang tuntunin kung pawang nakatira ang nagtataksil na maybahay, ang kanyang kalaguyo, at ang nasaktang kabiyak sa iisang tahanan dahil, sa gayong pagkakataon, mayroon ding karapatang manatili sa nasabing bahay ang mga salarin.[179] Ang mapagpalalang pangyayari ng pagmamalabis sa pagtitiwala ang mailalapat nang wasto kung ang isa sa mga salarin at nasaktang kabiyak nito ang nagpatira sa kalaguyo sa kanilang tahanan, nagpakain sa kanya at nagbigay sa kanya ng matutuluyan nang walang-bayad, at nagturing sa kanya parang isang anak nila.[180] Pagmamalabis sa pagtitiwala ang mapagpalalang pangyayaring dumadalo sa gayong pagkakataon kung ginamit ng salarin ang kapaki-pakinabang na kalagayang ipinagkaloob sa kanya ng mismong nasaktang panig, at garapalang nagmalabis siya sa pagtitiwala ng huli na siyang nagpatira sa kanya sa nasabing tahanan nito.[181] Datapwa't sa wastong pagkakataong, maaaring sabayang isaalang-alang ang mga pangyayari ng paglapastangan sa tahanan at pagmamalabis sa pagtitiwala o maliwanag na kawalan ng utang-na-loob.[182]

*D. Pagmamalabis sa Pagtitiwala at Maliwanag na Kawalan ng Utang-na-loob*

Mapagpalala rin ang pangyayaring ginanap ang kagagawan nang may pagmamalabis sa pagtitiwala o sa maliwanag na kawalan ng utang-na-loob.[183] Dalawang magkakaibang mapagpalalang pangyayari ang mga nabanggit: (1) pagmamalabis sa pagtitiwala; at (2) maliwanag na kawalan ng utang-na-loob. Batay ang mga mapagpalalang pangyayaring nabanggit sa namumukod na kasamaaan ng salarin, na ipinakikita ng mga kasangkapan at kaparaanang ginamit niya sa pagsasagawa ng krimen. Umiiral lamang ang mapagpalalang pangyayaring pagmamalabis sa pagtitiwala kung pinagkatiwalaan ng nasaktang

---

178. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 333; *Tignan* U.S. v. Ibanez, 33 Phil. 611 (1915) (Isinasagawa ang krimeng pakikiapid ng isang kasal na babae na makikipagtalik sa isang lalaking hindi niya kabiyak at ng lalaking makikipagtalik sa kanya nang nalalamang siya ay kasal na.).

179. LUIS REYES, THE REVISED PENAL CODE (2001).

180. U.S. vs Destrito, 23 Phil. 28 (1912).

181. U.S. v. Barbicho, 13 Phil. 616 (1909).

182. *Tignan* People v. Ponciano, 204 SCRA 627 (1991).

183. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (4).

panig ang salarin, na nagmalabis sa gayong pagtitiwala sa pamamagitan ng pagsasagawa ng krimen. Dapat na kinasangkapan ang pagmamalabis ng pagtitiwala upang mapadali ang pagsasagawa ng krimen, at sinamantala ng salarin ang paniniwala ng nasaktang panig na hindi magmamalabis sa naturang pagtitiwala ang nauna. Sumusunod ang mga sangkap na bumubuo sa pangyayaring ito: (1) na pinagkatiwalaan ng nasaktang panig ang salarin; (2) na nagmalabis sa gayong pagtitiwala ang salarin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng krimen laban sa nasaktang panig; at (3) na pinadali ng pagmamalabis sa pagtitiwala ang pagsasagawa ng krimen. [184] Walang maisasaalang-alang na pagmamalabis sa pagtitiwala kung nagkakilala ang salarin at biktima dalawang linggo lamang bago naganap ang insidente.[185] Walang matatagpuang pagmamalabis sa pagtitiwala kaugnay sa isang bagong-kalap na tauhan ng hukbong sandatan na pinahintulutang makisakay sa isang dyip at namaril sa mga lulan nito.[186]

Kaya naman, kung isang naninibughong mangingibig, na nakapagpasya nang patayin ang kanyang kasintahan, ang nag-anyaya sa huli na mamasyal sakay ng kanyang kotse sa lalawigan at sumama ang babae sa kanya nang hindi naghihinala sa kanyang binabalak, datapwa't samantalang nasa kotse sila papunta sa naturang lalawigan, pinagsasasaksak na ng naninibughong mangingibig ang kanyang kasintahan, matatagpuang dumalo sa pagsasagawa ng krimen ang mapagpalalang pangyayaring ito.[187] Kung isang babaeng katulong ang tumanggi sa masamang hangarin sa kanyang pagkababae ng pinaglilingkurang lalaki, kaya nanlaban ang babae nang simulang halikan ng lalaki at kaagad tumakbo upang makatakas mula sa kanya, datapwa't sinundan siya ng lalaki at nang maabutan, ihiniga siya sa lupa at saka ginahasa, maipangangatwirang nang gahasain ng pinaglilingkurang lalaki ang katulong na babae, nawalan na ng tiwala ang babae sa kanya magmula pa lamang nang ipalaam ng lalaki ang malaswang balak niya sa babae at nilapastangan niya ang huli sa pamamagitan ng paghalik. Dapat na magpadali sa pagsasagawa ng krimen ang pagtitiwala, at sinamantala ng salarin ang paniniwala ng nasaktang panig na hindi magmamalabis ang salarin sa nasabing pagtitiwala. Kaya naman, walang masasabing gayong mapagpalalang pangyayari sa pagkakataong ito.[188] Wala ring pagmamalabis sa pagtitiwala kaugnay ng tinangkang panggagahasa kung sa araw nang maganap ang krimen, kasama ng salarin ang nasaktang

184. People v. Luchico, 49 Phil. 689 (1926); People v. Zea, et al., 130 SCRA 77 (1984).

185. People v. Zea, et al., 130 SCRA 77 (1984).

186. People v. Mandolado, 123 SCRA 133 (1983).

187. People v. Marasigan, 70 Phil. 583 (1940).

188. People v. Luchico, *supra* talâ 184.

babae, hindi dahil nagtiwala sa kanya ang huli, kundi dahil magkabakas sila sa negosyo.[189]

Kung nakatira sa bahay ng salarin ang nasaktang panig na babae, dahil ipinagkatiwala siya sa pangangalaga ng salarin at isang araw, sa dakong 6:30 ng hapon, habang nakatayo ang nasaktang panig sa harapan ng isang tindahan, nagmamasid sa ilang mga batang naglalaro, nilapitan siya ng salarin, tinanganan siya sa bisig at sapilitan siyang dinala sa isang ilang na kubeta, na ikinubli sa mata ng ibang tao ng matataas na damo, at nang abutin ang dakong iyon, tinakot siya ng patalim ng salarin at, sa pamamagitan ng paggamit ng dahas at lakas, nagtagumpay ang salarin sa paggahasa sa nasaktang panig, hindi masasabing naipakitang nagawang isakatuparan ng salarin ang krimen sa pamamagitan ng pagmamalabis sa pagtitiwala sa kanya ng nasaktang panig. Bagama't nagtalusira ang nasakdal sa pagtitiwala sa kanya ng mga magulang ng babae, hindi naman bumubuo ng mapagpalalang pangyayari ang gayon. Kinakailangan ang uri ng pagmamalabis sa pagtitiwala na nagpadali sa pagsasagawa ng krimen upang maituring itong mapagpalala sa saguting kriminal.[190] Kaya naman, walang pagmamalabis sa pagtitiwala kung hindi ginamit ang pagtitiwala upang mapadali ang pagsasagawa ng krimen.[191]

Datapwa't kung isang katulong sa tahanan ng pamilyang nasaktan ang salarin at paminsan-minsan pang tumatayong amah (lalaking tagapag-alaga) ng batang kanyang pinatay, maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng malubhang pagmamalabis sa pagtitiwala.[192] Kaya naman, hindi masasabing nakapagpadali sa pagsasagawa ng krimen ang pagtitiwala sa salarin, kung nagkaroon ng pagkakataong makapanlaban ang nasaktang panig, bagama't di-matagumpay, bago naisagawa ang krimen. Sa kabilang dako, kung siyam na buwan lamang ang gulang ng batang biktima, hindi nito magagawang manlaban sa pagsasagawa ng krimen. Sa gayong pagkakataon, ang pagtitiwala ng mga magulang ng bata sa salarin ang matutukoy na nakapagpadali sa pagsasagawa ng krimen. May pagmamalabis sa pagtitiwala kung tumira nang dalawang taon ang salarin sa tahanan ng mag-anak na kinabilangan ng dalawang batang biktima na walang kamalay-malay, sa kanilang kamusmusan at kawalang-muwang, na may hangarin ang salarin na patayin sila, lalo pa't maipapalagay na itinuring nila ang salarin bilang tagapangalaga at tagapagtaguyod kapag wala ang kanilang magulang, at hindi mang-aapi at papatay sa kanila.[193] Isinaalang-alang ang pagmamalabis sa pagtitiwala kaugnay sa isang salaring natagpuang nagkasala ng pagnanakaw na may

189. People v. Brocal, C.A., 36 O.G. 858.

190. People v. Arthur Crumb, C.A., 46 O.G. 6163.

191. People v. Barcena, 123 SCRA 262 (1983).

192. People v. Caliso, 58 Phil. 283 (1933).

193. People v. Laspardas, 93 SCRA 638 (1979).

kasamang pagpatay dahil itinuring siyang bahagi ng pamilya ng babaeng biktimang 14 taon gulang lamang.[194] May pagmamalabis ng pagtitiwala kung pinatay ng isang katulong sa bahay ang 3 taong gulang na batang kanyang inaalagaan.[195] Mapagpalala sa krimeng pagnanakaw na may kasamang homisidyo ang pagmamalabis ng pagtitiwala kung pinahintulutan ang salarin na tumira sa bodegang katabi ng tahanan ng mga biktima.[196]

Hindi nangangahulugang ang basta pangyayaring nagtiwala ang mga manghahalal sa salarin, sa pamamagitan ng pagboto sa kanya sa isang katungkulan sa bayan, na nagmalabis siya sa kanilang pagtitiwala nang magsagawa siya ng panlilinlang (*estafa*) laban sa kanila.[197] Sa kahulugang nililimi ng mapagpalalang pangyayaring ito, dapat na malapit at pansarili ang pagtitiwalang namagitan sa salarin at sa nasaktang panig.

Kung gayon, walang pagmamalabis ng pagtitiwala kung wala namang natatanging kaugnayan ng pagtitiwala na namamagitan sa salarin at sa biktima. Kung, sa gabing naganap ang krimen, nagkasama ang salarin at ang biktima sa isang bahay aliwan, at gayon din sa sasakyan, hindi dahil sa nasabing pagtitiwala, kundi dahil lamang nagkataong mayroong utang na pagbabayaran noon ang salarin sa biktima, na sinisingil nito, hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng pagmamalabis sa pagtitiwala.[198] Walang masasabing pagmamalabis ng pagtitiwala kung hindi naman nagbigay ng pagtitiwala ang biktima sa salarin.[199] Kung may nagaganap sa alitan sa salarin at sa biktima bago isinagawa ang pamamaril, pinabubulaanan nito na nagkaroon ang biktima ng pagtitiwala sa salarin.[200]

Likas ang pagmamalabis sa pagtitiwala sa ilang krimen sa ilalim ng Binagong Kodigo Penal, gaya ng paglulustay ng salapi o ari-arian ng bayan,[201] may pang-uring pang-uumit,[202] *estafa* sa pamamagitan pag-aangkin o paglulustay ng salapi o ari-arian ng iba,[203] at may pang-uring panghihibo.[204] Sa krimeng pagpapasama sa mga menor-de-edad, bumubuong

194. People v. Verdad, 122 SCRA 239 (1983).

195. People v. Lora, 113 SCRA 366 (1982).

196. People v. Espanol, 114 SCRA 911 (1982).

197. U.S. v. Torrida, 23 Phil. 189 (1912).

198. People v. Ong, 62 SCRA 174 (1975).

199. People v. Ong, 108 SCRA 267 (1981).

200. People v. Ruiz, 110 SCRA 155 (1981).

201. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 217.

202. *Id.* sa art. 310.

203. *Id.* sa art. 315.

204. *Id.* sa art. 337.

sangkap ang pagmamalabis sa pagtitiwala dahil isinasagawa ang krimeng ito kapag nagtataguyod o nagpapadali ang salarin, bilang gawang nakagawian o sa pamamagitan ng pagmamalabis sa kapangyarihan o pagtitiwala, ng pagpuputa o pagpapasama ng mga taong kulang sa dalawampu't isang tao at kumilos siya nang gayon upang mabigyang-kasiyahan ang kalibugan nhg iba.[205]

May isa pang mapagpalalang pangyayari sa ilalim ng Talataan 4, Artikulo 14 kapag isinagawa ang krimen nang may maliwanag na kawalan ng utang-na-loob. Dapat na maliwanag ang kawalan ng utang-na-loob, sa kaluhugang lantaran at malinaw ito. Kaya naman, matatagpuang dumalo ang mapagpalalang pangyayaring ito kung napatay ng salarin ang kanyang ama-sa-kasal, sa kung kaninong tahanan siya nakatira at tumutulong nang bahagya sa kinakailangan niyang panustos sa sarili.[206] Umiiral din ang ganitong mapagpalalang pangyayari kung nakagawa ng pagnanakaw o pang-uumit ang isang panauhin sa tahanan ng nag-anyaya sa kanya.

Hindi sapat na batayan ang basta pangyayaring nakatira sa iisang bahay ang salarin at ang nasaktang panig upang maipasyang nagkaroon ng pagmamalabis sa pagtitiwala sa panig ng salarin kung hindi naman pag-aari ng nasaktang panig ang nasabing tirahan;[207] datapwa't maaaring mangyaring ituring ang pagnanakaw na isinagawa ng isang panauhin sa ari-arian ng taong nag-anyaya sa kanya tahanan nito bilang krimeng isinagawa nang may pagmamalabis sa pagtitiwala, sa halip na maliwanag na kawalan ng utang-na-loob.[208]

Kung biglaang sinalakay ang biktima habang akmang nagbibigay sa mga salarin ng tinapay at kapeng pang-almusal, matatagpuang nagkaroon ng mapagpalalang pangyayaring isinagawa ang krimen nang may maliwanag na kawalan ng utang-na-loob dahil, sa halip na magkautang-na-loob sa biktima, sa pamamamgitan man lamang ng di-paggawa ng ano mang pinsala sa kanya, sinamantala nila ang kanyang kawalang-magawa nang gamitin niya kapwa ang dalawang kamay sa pagdadala ng pagkain sa kanila, kung kaya napagkaitan siya ng kakayahang ipagtanggol ang sarili laban sa biglaang pananalakay sa kanya.[209] May maliwanag na kawalang ng utang-na-loob sa isinagawang pagpatay at pagnanakaw sa biktimang nagbigay ng pagkain, matutuluyan at trabaho sa salarin, na nagawa pang sunugin pagkatapos ng

205. Alimagro v. People, 120 SCRA 699 (1983).

206. People v. Floresca, G.R. No. L-8614, Mayo 31, 1956.

207. People v. Alqueza, 51 Phil. 817 (1928).

208. Mariano v. People, 68 Phil. 724 (1939).

209. People v. Bautista, 65 SCRA 460 (1975).

lahat ang bahay ng biktima.[210] Datapwa't walang lantarang kawalan ng utang-na-loob sa pangyayaring isang bagong-kalap na tauhan ng hukbong sandatan ang pinahintulutang makisakay sa isang dyip ang bumaril sa mga lulan nito.[211] Lantarang kawalan ng utang-na-loob ang pangyayaring nagpapalala sa krimeng isinagawa ng isang bantay sa naatasang mangalaga sa kaligtasan ng bangko datapwa't pumatay ng isang pinunong tagapamahala nito at saka pinagnakawan ito.[212]

### *E. Palasyo ng Punong-tagapagpaganap at Iba Pang Pook na Kinaganapan ng Krimen*

May mapagpalalang pangyayari kapag isinagawa ang krimen sa palasyo ng Punong-Tagapagpaganap, o sa kanyang kinaroroonan, o kung saan nagsasakatuparan ng kanilang mga tungkulin ang mga maykapangyarihan sa bayan, o sa isang pook na nauukol sa pagsamba.[213] Batay ang mga mapagpalalang pangyayaring ito sa namumukod na kasamaan ng salarin, na ipinakikita ng pook na kinaganapan ng krimen, na dapat sanang igalang.

Dapat pag-ibahin ang pook kung saan nagsasakatuparan ng kanilang mga tungkulin ang mga maykapangyarihan sa bayan sa natalakay nang mapagpalalang pangyayari ng pag-alipusta, paghamak o kawalang-pakundangan sa mga maykapangyarihan sa bayan. Bagama't sa nasabing mga pangyayari, pawang nagsasakatuparan ng kanilang mga tungkulin ang mga maykapangyarihan sa bayan, sa ilalim mapagpalalang pangyayaring tinutukoy ng Artikulo 14, Talataan 5, dapat na nasa kani-kanilang mga tanggapan ang mga maykapangyarihan sa bayan na nagsasakatuparan ng kanilang tungkulin; samantalang sa ilalim ng Artikulo 14, Talataan 2, nagsasakatuparan ng kanilang mga tungkulin ang nasabing mga maykapangyarihan sa bayan sa labas ng kanilang tanggapan. Sa kabilang dako, sa ilalim ng Artikulo 14, Talataan 2, hindi dapat na ang maykapangyarihan sa bayan mismo ang siyang nasaktang panig; samantalang sa ilalim ng Artikulo 14, Talataan 5, maaaring siya mismo ang nasaktang panig.[214]

Ang pook mismo na kinaganapan ng krimen,[215] maging ang palasyong Malakanyang man o isang simbahan, ang siyang mapagpalalang pangyayari. Kung gayon, hindi makabuluhan kung mayroon man o walang idinaraos na kaganapang pang-estado, opisyal, o relihiyoso. Hindi rin hinihinging

---

210. People v. Lupango, 109 SCRA 109 (1981).

211. People v. mandolado, 123 SCRA 133 (1983).

212. People v. Nismal, 114 SCRA 487 (1982).

213. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (5).

214. U.S. v. Baluyot, 40 Phil. 395 (1912).

215. BINAGONG KODIGO PENAL, ART. 14, (5).

naroroon sa palasyo ng Malakanyang ang Pangulo nang isagawa ang krimen. Sapat na ang kanyang pagkanaroroon upang bumuo ng isang mapagpalalang pangyayari. Maaari ring matagpuan ang mapagpalalang pangyayaring ito kahit na hindi siya nasa anyong nagsasakatuparan ng kanyang mga tungkulin sa pook na kinaganapan ng krimen. Datapwa't naiiba ang tuntunin kaugnay sa ibang maykapangyarihan sa bayan. Kung naganap ang krimen sa pook kung saan nagsasakatuparan ng kanilang tungkulin ang ibang maykapangyarihan sa bayan, hinihingi ng batas na talagang nasa anyong nagsasakatuparan sila ng tungkulin nang maganap sa pook na kinaroroonan nila ang krimen, upang maituring itong mapagpalalang pangyayari. Kaya naman, mali ang pagsasaalang-alang ng ganitong mapagpalalang pangyayari kapag hindi naganap ang krimen sa mismong harapan ng maykapangyarihan sa bayan na nasa anyong nagsasakatuparan ng kanyang tungkulin. Kung magkatunggaling panig sa isang asuntong sibil ang salarin at ang nasawi at, pagkatapos ng pagdinig sa asunto noong araw na iyon, nagkapalitan sila ng salita at, sa kainitan ng kanilang pagtatalo, lumabas sila sa hukuman at nagpunta sa isang katabing silid, kung saan bigla na lamang sinalakay ng salarin, nang walang ano mang babala, ang nasawi sa pamamagitan ng isang patalim, na ikinamatay ng nasawi sa pook ding iyon, walang alinlangang hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari sa ilalim ng Talataan 5 dahil tapos na sa pagdinig ang hukuman sa araw na iyon nang isagawa ang krimen, bukod sa ginawa rin ang pananalakay sa katabing silid lamang, hindi sa mismong pook kung saan tumutupad ng kanyang tungkulin ang hukom.[216]

Sa araw ng halalan, itinuturing ang isang presinto sa halalan na isang pook "*kung saan nagsasakatuparan ng kanilang mga tungkulin ang mga maykapangyarihan sa bayan,*" sa ilalim ng Talataan 5, Artikulo 14. Kaya naman, maisasaalang-alang ang ganitong mapagpalalang pangyayari kaugnay sa pagpatay (asesinato) sa isang tao sa loob ng presintong panghalalan o pook na pinagbobotohan, sa araw mismo ng halalan.[217]

Kaugnay sa mga pook na nauukol sa pagsamba, hindi maibibilang sa mga pook na itinuturing na ganito ang isang sementeryo, kahit gaano man kagalang-galang ang anyo nito, dahil hindi ito nauukol sa pagsamba sa Diyos. Ang simbahan ang pook na itinalaga ukol sa pagsambang relihiyoso. Isinaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring naganap ang krimen sa pook na nauukol sa pagsamba kung binaril ng salarin ang mga biktima sa loob ng simbahan. Gayon din, kinilalang dumalo ito sa krimen ng di-makatarungan pangyayamot, kung saan hinalikan ng salarin ang isang babae

216. U. S. v. Punsalan, 3 Phil. 260 (1904).

217. People v. Canoy, et al., G.R. No. L-6037 30 Setyembre 1954.

sa loob ng simbahan habang nagdaraos ng pagsamba.[218] Datapwa't hindi kinikilalang dumalo sa pagsasagawa ng krimen ang ganitong pangyayari kung hindi napatunayang may hangarin na ang salarin na magsagawa ng krimen nang pumasok siya sa alin man sa mga pook na binabanggit sa Talataan 5, Artikulo 14. Kaya naman, kung noong naganap ang krimen, kapwa nasa kapilya ang nasawi at ang salarin, at napatunayang doon lamang sa loob ng kapilya nabuo ang udyok sa salarin na patayin ang nasawi dahil ipinatong ng nasawi ang kanyang kamay sa itaas na bahagi ng kanang hita ng salarin kung kaya biglang bumunot ng balisong ang salarin at agad na sinaksak ang biktima, hindi maisasaalang-alang nang naaayon sa batas ang mapagpalalang pangyayaring naganap ang krimen sa isang pook na nauukol sa pagsamba, dahil walang katibayang nagpapakita na dala-dala na ng salarin sa puso niya ang hangaring patayin ang nasawi nang pumasok siya sa kapilya noong gabing naganap ang krimen.[219] Sinasabing tila mailalapat din ang panuntunang ito sa isang krimeng ginanap sa palasyo ng Malakanyang o kung saan nagsasakatupatan ng kanilang tungkulin ang mga maykapangyarihan sa bayan.[220]

*F. Gabi, Walang-naninirahang Pook, o Pangkat*

May mapagpalalang pangyayari kapag isinagawa ang krimen sa gabi o sa isang walang-naninirahang pook, o ng isang pangkat, kailan man pinadadali ng gayong mga pangyayari ang pagsasakatuparan ng kasalanan.[221] Bumubuo ng tatlong mapagpalalang pangyayari ang mga nabanggit: (1) gabi; (2) pook na walang nananahanan; at (4) pangkat. Nguni't may usapin kung dapat bang isaalang-alang bilang tatlong hiwalay na mapagpalalang mga pangyayari ang mga ito o ituring bilang iisang mapagpalalang pangyayari lamang. Sa hatol ng Kataas-taasang Hukuman ng Espanya na iginawad noong Abril 5, 1884, ipinasyang bumubuo ang tatlong mga nabanggit na pangyayari ng iisang mapagpalalang pangyayari lamang kung sabayang dumadalo ang mga ito sa pagsasagawa ng krimen. Datapwa't noong Abril 27, 1897, nagbaba ang nasabing hukuman ng kapasyahang nagsasabing hindi nagpahayag ang nauna nitong kapasyahan ng ganap at pangkalahatang panuntunang humahadlang sa hiwalay na pagsasaalang-alang ng mga ito kung makikita nang bukud-bukod ang mga bumubuong sangkap nito at maaaring umiral ang alin man sa mga

218. People v. Anonuevo, C.A., 36 O.G. 2018; People v. Dumol, CA-G.R. No. 5164-R, 4 Abril 1951.

219. People v. Jaurigue, 76 Phil. 174 (1946).

220. REYES, *supra* note 179.

221. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (6).

ito nang di-nakasalalay sa iba, kung kaya nagbubunga sa ganoon ng isang higit na malubhang antas ng kasamaan.[222]

Hindi mapagpalalang pangyayari *per se* ang gabi.[223] Datapwa't may tatlong mga pagkakataon kung kailan mapagpalalang pangyayari ang pagsasagawa ng krimen sa gabi, sa walang nakatirang pook, o sa pamamagitan ng isang pangkat: (1) kung pinadali nito ang pagsasagawa ng krimen; o (2) kung sadyang nilayon ito ng salarin upang matiyak ang pagsasagawa ng krimen o sa layuning makaiwas sa pag-uusig; o (3) kung sinamantala ito ng salarin, sa layuning makaiwas sa pag-uusig.[224] Kaya naman, bagama't hindi dapat isaalang-alang ang gabi bilang mapagpalalang pangyayari kung hindi sadyang pinili ng salarin na itaon sa gabi ang pagsasagawa ng krimen, datapwa't kung lumilitaw na sinamantala ng salarin ang kadiliman sa higit na ikatatagumpay ng pagsasagawa ng kanyang balak, upang maiwasang may makakilala sa kanya, at upang maisagawa ang krimen nang walang sagabal o makakaalam, dapat isaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng gabi. Malinaw na nagpapahiwatig ang pagsasamantala ng isang pangyayari o kalagayan ng gayong hangarin, at hindi kinakasangkapan ng salarin ang kadiliman maliban kung gayon nga ang kanyang layunin.[225] Kaya naman, kung halatang naghintay ang mga salarin ng gabi bago isinagawa ang pagnanakaw upang maisakatuparan nang higit na mabuti ang kanilang layunin, masasabing sadyang tinamo ang gabi o sadyang itinaon ang pagnanakaw sa gabi sa layuning matiyak ang kanilang kaligtasan.[226]

Pinadadali ng gabi ang pagsasagawa ng krimen kung dahil sa kadiliman ng gabi, maisasagawa ang krimen nang walang sagabal o nakaaalam, o maiiwasan ang panghihimasok ng iba, o magkakaroon ng higit na katiyakan

222. People v. Santos, et al., 91 Phil. 320 (1952).

223. People v. Serante, 152 SCRA 510 (1987).

224. People v. Almendras, 372 SCRA 737 (2001); People v. Mosquerra, 362 SCRA 441 (2001); People v. Hermosa, 364 SCRA 648 (2001); People v. Clarino, 362 SCRA 85 (2001); People v. Marra, 236 SCRA 565 (1994).

225. People v. Matbangon, 60 Phil. 893 (1934); People v. Apduhan, Jr., 24 SCRA 800 (1968). Datapwa't sa tumututol na palagay sa People v. Matbangon, 60 Phil. 887 (1934), sinasabing iisang pagsubok lamang ang kinikilala ng BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (6), upang maituring na mapagpalala ang gabi, walang-nakatirang pook, o pangkat. Sa itinakdang pagsubok, maisasalang-alang bilang mapagpalalang pangyayari ng gabi, walang-nakatirang pook, o pangkat, kapag pinadali nito ang pagsasagawa ng krimen. Isang panlabas na pagsubok ang itinatakda ng batas.

226. People v. Gatcho, 103 SCRA 207 (1981); People v. Coderes, 104 SCRA 255 (1981).

sa pagtatamo ng mga layunin ng salarin.[227] Kaya naman, natagpuang pinadali ng gabi ang pagsasagawa ng krimen kung kaya nagawa ng nasakdal na ganapin ito nang buong kabuhungan nang walang sino man sa mga nakatira sa pook na iyon na nakamalay sa mga kaganapan.[228] Wasto ang pagsasaalang-alang ng mapagpalalang pangyayaring ito kapag itinaon ng mga salarin ang pagsasagawa ng krimen sa gabi upang mapadali ang pagsasakatuparan nito at ang kasunod na pagtakas nila mula sa kinaganapan ng krimen.[229] Kahima't nakasaad sa paratang ang gabi, hindi nito mapalalala ang krimen kung hindi ito kinasangkapan o sadyang tinamo upang mapadali ang pagsasagawa ng krimen.[230]

Bukod sa panlabas na pagsubok kung pinadali nga ba ng tinatalakay na mga mapagpalalang pangyayari ang pagsasagawa ng krimen, nagsaalang-alang din ang Kataas-taasang Hukuman ng iba pang mga pagsubok kung mailalapat nga rin ang mapagpalalang pangyayari sa ilalim ng Artikulo 14, Talataan 6.[231] Sa dalawang karagdagang pagsubok, maituturing na mapagpalalang pangyayari ang mga ito kung "*sadyang nilayon o tinamo*" o "*sinamantala*" ng salarin ang naturang mga pangyayari. Sadyang nilayon ng salarin ang gabi, kung hinintay niya ito, upang maisagawa nang may higit na kadalian.[232] Kaya naman, kung naghintay ng gabi ang salarin bago isinagawa ang pagnanakaw nang may kasamang homisidyo, maisasaalang-alang na mapagpalalang

227. People v. Matbangon, *supra* talâ 225.

228. People v. Villasi, 27 SCRA 947 (1969).

229. People v. Ancheta, 148 SCRA 178 (1987).

230. People v. Lagtu, 108 SCRA 84 (1981).

231. Sa People v. Palon, 127 SCRA 529 (1984), sinabing may dalawang pagsubok na ginagamit sa pagtutuos kung mapagpalalang pangyayari ang gabi: ang obhetibo o panlabas na pagsubok, na tumuturing sa gabi bilang mapagpalalang pangyayari kung pinadali nito ang pagsasagawa ng krimen; at ang subhetibo o panloob na pagsubok, na tumuturing sa gabi bilang mapagpalalang pangyayari kung sadya itinaon o nilayon o tinamo ng salarin ang gabi sa pagsasagawa ng krimen. Salitang mailalapat ang dalawang pagsubok na ito. Kung, bagama't hindi naglayon ang salarin na itaon ang pagsasagawa ng krimen sa gabi ng 1 Hunyo 1976, maisasaalang-alang pa rin ang gabi sa krimeng pagnanakaw na may kasamang pagpatay bilang mapagpalalang pangyayari kung di-matututulang pinadali nito ang pagsasakatuparan ng binalak na krimen.

232. People v. Aquino, 68 Phil. 645 (1939). Hindi natagpuang dumalo ang gabi sa pagsasagawa ng krimen sa People v. Mesias, Jr., et al., 127 SCRA 793 (1984), dahil hindi ito sadyang tinamo o sinamantala upang mapadali ang pagsasagawa ng krimen. *Datapuwa't* sa People v. Berbal, 176 SCRA 202 (1989), maliwanag na sadyang ginamit ng mga salarin ang karimlan ng gabi upang mapadali ang pagsasagawa ng krimen dahil hinintay nila ang sandali kung kalian tulog na ang lahat ng nakatira sa bahay na pinagsagawaan ng krimen.

pangyayari ang gabi sapagka't sadyang nilayon ito ng salarin.[233] Natagpuan ding may sapat na patunay na sadyang nilayon o inabangan ng salarin ang gabi kung sinubukan pa niyang tiyakin muna kung tulog na ang mga nakatira sa bahay na kinaganapan ng krimen bago niya isinagawa ito. Sa gayong paraan, kanyang ipinahiwatig ang pagnanais na isakatuparan ang balak niyang makaiwas sa pagkatuklas o tiyakin ang pagganap nito nang nakapipigil sa pagtutol o panlalaban ng mga nakatira sa bahay.[234]

Nguni't hindi masasabing sadyang nilayon ng salarin ang gabi kung nabuo ang pakanang gawin ang krimen nang biglaan o sandali lamang bago ito tuluyang isinagawa, o kung isinagawa ang homisidyo sa nakasumpungang pagtatagpo lamang.[235] Kung gayon, hindi kinakailangan na sadyang inabangan ng salarin ang gabi, kung (1) pinadali naman nito ang pagsasagawa ng krimen; o (2) sinamantala ito ng salarin sa pagsasagawa ng krimen.[236] Isang nagpapatuloy at di-nababagong turo ng Hukuman dito sa Pilipinas na mapagpalala ng saguting kriminal ng salarin ang gabi, kahit hindi niya sadyang inabangan ito, kung pinadali naman nito ang pagsasagawa ng krimen o sinamantala nga ito ng salarin sa pagsasagawa ng krimen.[237] Wala namang maisasaalang-alang na mapagpalalang pangyayari ng gabi kung hindi ito sadyang tinamo ng salarin at hindi rin nito pinadali ang pagsasagawa ng krimen,[238] bukod sa kawalan ng patunay na sinamantala ito ng salarin sa pagsasagawa ng krimen.

Mapagpalala kapwa ang gabi (at paggamit ng sasakyang-de-motor) kung pinadali ng nasabing mga pangyayari ang pagsasagawa ng krimen pang-uumit at sadyang tinamo ng nasakdal ang balabal ng gabi (at gumamit ng isang

233. People v. Barredo, 87 Phil. 800 (1950). Ganitong pagsubok ang inilapat sa People v. Lor, et al., 132 SCRA 41 (1984); People v. Moral, 132 SCRA 474 (1984); People v. Escalante, et al., 131 SCRA 237 (1984); People v. Saylan, 130 SCRA 159 (1984).

234. People v. Atencio, et al., 130 Phil. 61 (1968).

235. People v. Pardo, 79 Phil. 578-579 (1947) People v. Benitez, Jr., 202 SCRA 478 (1991); People v. De los Reyes, 203 SCRA 707 (1991), nabuo ang hangaring magsagawa ng krimen kagyat bago ito isinakatuparan.

236. *Tignan ang* People v. Dasalisa, 229 SCRA 35 (1994), kung saan hindi isinaalang-alang ang gabi dahil sa kawalan ng patunay na sadyang tinamo ang kadiliman ng gabi o sinamantala ito.

237. People v. Corpus, et al., C.A., 43 O.G. 2249, binabanggit ang U.S. v. Perez, 32 Phil. 163 (1915); People v. Pineda, 56 Phil. 641 (1974); People v. Pasilao, 215 SCRA 163 (1992).

238. People v. Villar, Jr., 58 SCRA 512 (1974); People v. Empacis, 222 SCRA 59 (1993); People v. Cabarrubias, 223 SCRA 363 (1993); People v. Velaga, Jr., 199 SCRA 518 (1991).

sasakyang-de-motor) upang matiyak ang pagtatagumpay ng kanilang masamang gawain.[239]

Nangangahulugan ang pariralang "*sa layuning makaiwas sa pag-uusig*" na sinikap ng salarin na maiwasan o mapigilang may makakilala sa kanya o tiyaking mananatiling ligtas siya sa pagkakatuklas at pagpaparusa.[240] Kaya naman, isinasaaalang-alang na mapagpalalang pangyayari ang pagsasagawa ng krimen sa gabi kung nagawa ng salarin na tangayin ang babaeng biktima nang ligtas sa pag-uusig dahil sa katahimikan at kadiliman ng gabi -- isang bagay na walang alinlangang hindi niya maisasagawa sa araw at sa paningin ng ibang tao.[241] Maisasaalang-alang din ang gabi kung dahil sa kadiliman, hindi napansin ng mga biktima ang mga sandatang dala ng mga salarin.[242] Matatagpuang pinalala ng gabi ang pagsasagawa ng krimen kapag sadya at nilayon ng mga salarin ang gabi upang mapadali ang pagsasagawa ng krimen o upang maiwasang makilala sila o matiyak ang kanilang walang-sagabal na pagtakas mula sa kinaganapan ng krimen.[243] Masasabi namang sinamantala ng salarin ang alin man sa mga pangyayari ng gabi, walang-nakatirang tao, o sa pamamagitan ng pangkat, kung kinasangkapan niya ang alin man sa mga ito sa sandali ng pagsasagawa ng krimen, sa layuning makaiwas sa pag-uusig o sa higit na matagumpay na pagsasakatuparan ng kanyang balak.

Dapat unawain sa salitang "gabi," ayon kay Viada, yaong panahon ng kadiliman, na nagsisimula sa pagtatapos ng takipsilim at nagwawakas sa bukang-liwayway. Mula sa paglubog hanggang sa pagsikat ng araw ang sakop ng gabi.[244] Hindi mapagpalalang pangyayari ang basta pagkakaganap ng krimen sa gabi. Maaaring magkamali ang isang mababang hukuman sa pagsasalang-alang ng gabi bilang mapagpalalang pangyayari sa nag-iisang batayang naganap ang krimen sa dakong 5:00 ng umaga. Hindi mapagpalalang pangyayari ang basta gabi lamang. Magkakagayon lamang ito kung sadyang inabangan ng salarin, o sinamantala niya ito upang mapadali ang pagsasagawa ng krimen, o upang matiyak ang kanyang kaligtasan mula sa pagkakatutop. Kung, bukod sa mismong sandali ng pagsasagawa ng krimen na naganap sa gabi, wala nang ano pa mang ibang nagmumungkahi na sadyang kinasangkapan ng mga salarin ang mapagpalalang pangyayari ng gabi, hindi dapat pahintulutan ang pagsasaalang-alang ng nasabing pangyayari sa pagpapabigat ng saguting kriminal ng mga salarin (kahit pa, sa mahigpitang pag-uusap, maaari na itong maituring na inamin ng mga salarin nang

239. People v. Jaranilla, 55 SCRA 503 (1974).

240. People v. Matbangon, 60 Phil. 887 (1974).

241. U.S. v. Yumul, 34 Phil. 169 (1916).

242. People v. Yap, 125 SCRA 203 (1983).

243. People v. Capillas, 108 SCRA 173 (1981).

244. KODIGO SIBIL, art. 13.

magtapat sila ng kasalanan sa pagbasa sa kanila ng paratang). Sa kabilang dako, maaaring sinimulan ang isang krimen sa araw at tinapos sa gabi. Gayon, halimbawa, ang nangyayari kapag bunga ng isang magkakasunud-sunod na kagagawan ang krimen. Kung binuo ang krimen ng sunud-sunod na mga kagagawang nagsimula sa 5:00 ng hapon at natapos lamang nang 7:00 ng gabi, nang walang saglit mang pagtigil, hindi masasabing naisip ng mga salarin ang gabi bilang pinakamabuting pagkakataon para sa pagsasagawa ng krimen. Samakatwid, hindi maituturing sa gayong pagkakataon na mapagpalalang pangyayari ang gabi.[245] Upang maging maliwanag na kinasangkapan nga ang gabi sa pagsasagawa ng krimen, dapat matagpuang sinimulan at tinapos ito ng salarin sa gabi. Kung, bagama't gabi nang itapon sa dagat ang isang kaha-de-yero, sa araw naman nagsimula ang krimen, nang kunin ng mga salarin mula sa ingat-yaman ang salaping ninakaw nila, pagkuhang siyang bumubuo sa kasalanan inuusig, hindi maipapasyang dinaluhan ang krimen ng paglustay sa salapi ng bayan ng mapagpalalang pangyayari ng gabi.[246]

Kapag kadiliman ang dahilan kung bakit kinasangkapan ng salarin ang gabi, dapat lamang na talagang isinagawa ang krimen sa kadiliman ng gabi. Kaya naman, kung sadyang inabangan o tinamo ng mga salarin ang balabal ng dilim sa pagsasagawa ng krimeng asesinato nguni't may dala-dala silang ilaw na sapat ang kaliwanagan upang maging madali para sa mga tao sa malapit na makilala sila,[247] o kung ginawa ang krimeng pagnanakaw na may kasamang homisidyo sa pagsikat ng araw mismo kung kailan maaari na silang kilanlin,[248] hindi maisasaalang-alang na mapagpalalang pangyayari ang gabi. Gayon din, kung nasisinagan ng ilaw sa lansangan ang kinaganapan ng krimen[249] at, gayon din, niyong nasa loob ng sasakyan kung saan isang pasahero ang naging biktima nito, may sumasalungat sa pagkukurong sadyang tinamo nga ng salarin o sinamantala niya ang gabi upang mapadali ang pagsasagawa ng krimeng pang-uumit o sa layuning makaiwas sa pag-uusig,[250] Bagama't isinagawa ang kasalanan nang gabi, masasabing hindi ipinakikita ng katibayan na sadyang tinamo ng salarin ang gabi o sinamantala niya ito upang mapadali ang pagsasakatuparan ng krimen kung, sa katunayan, tila naiilawan ang pook na pinagbarilan nang sapat upang makita siya nang malinaw at

245. People v. Lychico, 49 Phil. 689 (1926).

246. U.S. v. Dowdell, 11 Phil. 4 (1908).

247. U.S. v. Mallari at Sunga, 17 Phil. 147 (1910). Datapwa't maisasaalang-alang pa rin ang gabi ng krimeng pagnanakaw nang may karahasan o pananakot laban sa mga tao kahit may dala-dalang mga plaslayt ang mga salarin (People v. Soriano, 122 SCRA 740, (1983)).

248. U.S. v. Tampacan, 19 Phil. 185 (1911).

249. People v. Pelones, 230 SCRA 379 (1994) (bagama't gabi, dahil maliwanag ang kinaganapan ng krimen, nakilala pa rin ang salarin).

250. People v. Joson, C.A., 62 O.G. 4604.

makilala ng lahat ng mga taong nataon o naroon sa malapit.[251] Hindi kinilalang mapagpalalang pangyayari ang gabi kaugnay sa nakawang naganap sa isang dyip dahil sapat na naiilawan ang loob ng naturang sasakyan nang isinagawa ang krimen.[252]

Hindi rin mapagpalala ang gabi kung hindi naman sadyang tinamo ng mga salarin ang balabal ng kadiliman ng gabi upang maisakatuparan ang kanilang masasamang balak o kung di-sinasadya ang pagkikita nila ng biktima at isinagawa ang pananalakay sa udyok ng sandali dahil na rin sa di-inaasahang takbo ng mga pangyayari.[253] Kung walang katibayan na sadyang tinamo ng salarin ang gabi o pinadali nito ang pagsasagawa ng krimen, hindi maisasaalang-alang na mapagpalala ang gabi. [254] Mayroon naming mapagpalalang pangyayari ng gabi kung sadyang tinamo ng limang masasamang-loob ang balabal ng gabi upang maisakatuparan ang krimen nang may ganap na kaligtasan.[255] Kung hindi sinamantala ang gabi sa layuning magtamo ng ganap na kaligtasan sa pagkakatutop o pagkakabunyag, hindi mapagpalala ang gabi.[256] Hindi mapagpalala ang gabi kung nataon lamang, at hindi itinaon, ang ang pagsasagawa ng krimen sa gabi.[257]

Dahil kadalasang sinasakop ang gabi ng katrayduran bilang kasangkapan o kaparaaanan sa patraydor na pagsasakatuparan ng krimen, hindi ito dapat isinasaalang-alang nang hiwalay sa katrayduran, sapagka't bahagi nga ang gayong pangyayari ng sadyang patraydor na kasangkapan at kaparaanang pinili ng salarin upang matiyak ang pagsasakatuparan ng krimen.[258] Matangi

---

251. People v. Bato, 129 Phil. 740 (1967).

252. People v. Cristobal, 91 SCRA 71 (1979).

253. People v. Veloso, 92 SCRA 515 (1979); People v. Fuentes, 121 SCRA 252 (1983). Sa People v. Damo, 128 SCRA 615 (1984), nagkataon lamang o aksidente ang pagtatagpo ng salarin at ng biktima; People v. Aquino, 124 SCRA 835 (1983).

254. People v. Repato, 91 SCRA 488 (1979).

255. People v. Sabenorio, 91 SCRA 47 (1979); People v. Bigcas, 211 SCRA 631 (1992); People v. Magnayon, 122 SCRA 23 (1983); People v. Pamintuan, 126 SCRA 5 (1983).

256. People v. Corrachea, 91 SCRA 422 (1979).

257. People v. Budol, 143 SCRA 241 (1986).

258. *Tignan ang* People v. Undong, 66 SCRA 386 (1975); *tignan din* ang People v. De Guzman, 416 SCRA 341 (2003). Sa People v. Ramillano, et al., 133 SCRA 201 [1984], natagpuang sakop na ng katrayduran ang gabi at ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas; People v. Necerio, 211 SCRA 415 (1992); People v. Claveria, 221 SCRA 34 (1993); People v. Villa, 221 SCRA 661 (1993); People v. Maestro, 222 SCRA 538 (1993); People v. Clamor, 198 SCRA 642 (1991); People v. Liston, 179 SCRA 415 (1989), nagkamali ang hukumang tagalitis sa pagsasaalang-alang na gabi at ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas dahil kapwa

sa ilang bihirang pagkakataon, magkasanib ang gabi at ang katrayduran at maaaring maituring kapwa bilang magkapitak at bahagi ng iisang pangyayari lamang, sa dahilang bahagi ng gabi ng sadyang patraydor na kaparaanan at kasangkapan pinili upang matiyak ang pagsasakatuparan ng krimen. Samakatwid, pinadadali nito ang patraydor na katangian ng pananalakay.[259] Sakop ng katrayduran ang gabi kung hindi ito matatagpuan at magagawang kilanlin nang bukod[260] dahil sadyang tinamo ang gabi upang mapadali ang pagpatay.[261] Datapwa't wasto rin ang pagsasalang-alang ng gabi at ng katrayduran bilang dalawang magkakaiba at hiwalay na mga mapagpalalang pangyayari kapag hindi matututulang pinadali ng gabi ang pagsasagawa ng pagnanakaw na may kasamang homisidyo at maituturing na katrayduran naman ang pagpatay sa nakataling biktima ng pagnanakaw.[262] Hindi sinasakop ng mapagpalalang pangyayari ng katrayduran ang gabi (*nocturnidad*) kapag kaugnay sa krimeng isinagawa, nagmula ang katrayduran sa walang kalaban-labang kalagayan ng biktima nang patayin siya, samantalang sadyang tinamo naman ng mga salarin ang gabi upang mapadali ang kanilang kaligtasan mula sa pagkakatutop habang isinasagawa ang krimen.[263]

Sinasabing "*walang nakatira o walang naninirahang pook*" ang isang lugar na ganap na walang mga bahay, isang pook na malayo sa kabayanan, o pook kung saan nagkalat ang mga bahay nang malaki ang kalayuan o agwat sa isa't isa.[264] Kapag hindi masasabing walang-naninirahang pook ang kinaganapan ng krimen, hindi maiiwasang matagpuang hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito.[265] Hindi dapat isaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito kung abot-tanaw lamang ang pook na kinaganapan ng krimen at maaaring marinig ang tinig ng nasawi mula sa kalapit na bahay.[266] Tinutuos kung dumadalo o hindi ang mapagpalalang pangyayaring ito sa pagsasagawa ng krimen hindi sa pamamagitan ng pagsukat sa kalayuan ng pinakamalapit na bahay sa kinaganapan ng krimen,

---

sakop ang mga ito ng katrayduran; People v. Pacada, Jr., 142 SCRA 427 (1986); People v. Gueron, 121 SCRA 115 (1983); People v. Remollo, 123 SCRA 209 (1983), sakop ng katrayduran, ksama ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas; People v. Balane, 123 SCRA 614 (1983).

259. People v. Dueno, 90 SCRA 23 (1979), *na bumabanggit* sa People v. Maysilang, 82 Phil. 271 (1948); People v. Artieda, 90 SCRA 144 (1979).

260. People v. Artieda, 90 SCRA 144 (1979).

261. People v. Beralde, 91 SCRA 125 (1979).

262. People v. Luna, 58 SCRA 198 (1974).

263. People v. Ong, 108 SCRA 267 (1981).

264. People v. Budol, 143 SCRA 241 (1986).

265. People v. Coderes, 104 SCRA 255 (1981).

266. People v. Laoto, et al., 52 Phil. 401 (1928).

kundi batay sa makatwirang pag-iral ng pagkakataong makatanggap ng tulong o saklolo ang biktima mula sa pook na kinaganapan ng krimen.[267] Hindi mga katwiran ang lubos na di-sinasadyang pangyayaring sa araw naganap ang krimen, at isa pang bangka, yaong pag-aari ng saksi ng tagausig, ang nasa dagat din, laban sa pagsasaalang-alang ng naturang mapagpalalang pangyayari kung mahirap para sa biktima na makatanggap ng ano mang tulong at madali para sa mga nanalakay sa kanya na makaiwas sa kaparusahan.[268] Hindi makabuluhan kung paminsan-minsang dinaraanan ng mga tao ang isang walang-nakatirang pook at, sa gabing isinagawa ang pagpaslang sa biktima, may iba pang mga pangkat na nangangaso sa di-kalayuan, dahil ang mismong kalikasan ng pook ang batayan sa pagpapasya.[269] Itinuturing ang isang pook na isang kilometro ang layo mula sa pinakamalapit na bahay o iba pang lugar na may naninirahan bilang walang-nakatirang pook.[270] Datapwa't itinatanggi ang pagdalo ng walang-naninirahang pook ng pangyayaring karaniwang landas o madalas daanan patungo sa mga tahanan ng salarin at ng biktima ang daang pinangyarihan ng krimen bagama't nasa ilang na lugar ito.[271]

Wastong isaalang-alang din ang mapagpalalang pangyayari ng walang-nakatirang pook batay sa pagkakatagpo sa katawan ng biktima sa ilang na lugar, na wala sa daan, nakakubli sa mga puno at matataas na damo sa isang burol, may 500 metro ang layo mula sa toll gate, kung saan mahirap para sa biktimang makakuha ng tulong o saklolo at madali para sa salarin ang tumakas.[272] Naituring na walang-nakatirang pook ang kinaganapan ng krimen dahil may 200 yarda ang layo nito sa pinakamalapit na bahay.[273] Walang-nakatira sa pook kung 400 metro ang layo nito sa pinakamalapit na tahanan kahit pa may mangilan-ngilang nagdaraan dito.[274] Kung isinagawa

267. People v. Desalisa, 229 SCRA 35 (1994).

268. People v. Rubia, 52 Phil. 172 (1928); People v. Arpa, 27 SCRA 1037 (1969).

269. People v. Banyug, 52 Phil. 87 (1928).

270. People v. Aguinaldo, 55 Phil. 610 (1931); People v. Mendova, et al., 100 Phil. 818 (1957).

271. People v. Aquino, 124 SCRA 835 (1983).

272. People v. Atitiw, et al., C.A., 66 O.G. 4040.

273. People v. Egot, 130 SCRA 134 (1984).

274. People v. Saylan, 30 SCRA 159 (1984), na bumanggit sa People v. Bangug, 52 Phil. 87 (1928) (isinaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng walang-nakatirang pook dahil kinaladkad ng salarin ang biktima, habang tinututukan ng patalim, sa isang landas na ginagamit ng mga kalabaw, sampung metro mula sa daanang sinusugpungan nito bagama't 40 hanggang 50 metro paibaba, upang higit na matamo ang kanyang layunin nang walang manghihimasok at upang maging higit na ligtas sa pagkabunyag at kaparusahan.).

ang pagpatay sa biktima sa baryo ng Makatipo, Novaliches, Lunsod ng Kaloocan, isang ilang na lugar na kahawig ng isang pinabayaang subdibisyon, lugar na kanais-nais hindi lamang para sa paglilibing sa biktima kundi para na rin sa pagpatay sa kanya, dahil isang lugar iyon kung saan ganap na walang pagkakataong makakatanggap ng ano mang tulong mula sa ibang tao ang biktima, at sadya namang tinamo ng mga salarin ang pagkailang ng lugar na iyon upang pagbutihin ang pagsasakatuparan ng kanilang layunin nang walang panghihimasok mula sa iba, at upang mapangalagaan ang kani-kanilang sarili sa pagkabunyag at kaparusahan, maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng di-pinamamahayanang lugar o walang-nakatirang pook.[275]

Dapat lumitaw sa katibayan na sadyang tinamo ng salarin ang pagkailang ng lugar kung saan naganap ang krimen sa hangaring maisakatuparan nang higit na mabuti ang kanyang layunin.[276] Dapat pinili ng salarin ang pook bilang tulong: (1) sa madali at walang-hadlang na pagsasakatuparan ng kanyang hangaring kriminal; (2) upang matiyak ang pagkukubli ng krimen, nang mapangalagaan niya nang higit na mabuti ang sarili mula sa pagkakatuklas ng iba o pagkabunyag at sa kaparusahan.[277] Kaya naman, hindi masasabing dumalo ang ganitong mapagpalalang pangyayari kahit naganap ang krimen sa pook na walang-nakatira, kung nasumpungang nakatagpo lamang doon ng nasaktang panig ang salarin at hindi sinamantala ng huli ang pook, ni naipakitang pinadali nito ang pagsasagawa ng krimen.[278] Hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng walang-nakatirang pook kung, bagama't isang kilometro ang layo ng bahay na pinakamalapit sa tahanan ng biktima, hindi naman talaga pinili ng mga salarin ang pook, maging sa layuning pagbutihin ang pagtatamo ng kanilang pakay nang walang manghihimasok o upang iligtas ang sarili mula sa pagkakatuklas ng iba at makaiwas sa kaparusahan.[279]

Kapag nagsama-sama sa pagkilos ang mahigit sa tatlong sandatahang masasamang-loob sa pagsasagawa ng krimen, ituturing na isinagawa ito ng

275. People v. Ong, 62 SCRA 174 (1975) (sadyang pinili ang ilang na lugar ng Baryo Makatipo, Novaliches, Lungsod ng Kalookan, sa layunin ng pagpatay at paglilibing sa biktima).

276. People v. Aguinaldo, 55 Phil. 610 (1931); People v. Andaya, 152 SCRA 570 (1987); People v. Capillas, 108 SCRA 173 (1981).

277. *Tignan ang* U.S. v. Vitug, 17 Phil. 1 (1910); *tignan din* ang People v. Mesias, Jr., 127 SCRA 792 (1984).

278. People v. Luneta, et al., 79 Phil. 815 (1948).

279. People v. Deguia, et al., 88 Phil. 520 (1951).

isang pangkat.[280] Hindi nagpapatunay sa pag-iral ng isang pangkat ang payak na pangyayaring nagkaroon ng mahigit sa tatlong sandatahang mga tao sa pook na kinaganapan ng krimen, kung iisa lamang naman sa kanila ang mismong nagsagawa ng krimen at hindi batid ng iba na isinagawa ito. Isinasaad ng itinadhanang pagpapakahulugan sa katagang pangkat na dapat na "sabayang kumilos sa pagsasagawa ng paglabag" ang nasabing bilang mga sandatahang tao. Kung tatlong sandatahang tao ang pinaratangan ng krimeng pagnanakaw na may kasamang homisidyo, at isa sa kanila ang napawalang-sala, naipasya ng Kataas-taasang Hukuman, nang walang ibinibigay na katwiran, na maaari pa ring matagpuang nangkaroon ng pangkat.[281] Kung hindi naman naipakitang sandatahan din ang dalawa, na nanatili sa labas ng bahay na nilooban, sa limang salarin, bagama't napatunayang sandatahan ang tatlo sa kanila na siyang nagsipasok, hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng pangkat.[282] Gayon din, hindi dapat isaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng pangkat kapag wala naming katibayan na pawing sandatahan ang apat na salaring nakibahagi sa pagnanakaw.[283]

Dapat na humigit sa tatlong sandatahang tao ang bumubuo ng pangkat. Kaya naman, kahit na nagkaroon ng 20 mga tao na nakibahagi sa pagsasagawa ng krimen, kung tatatlo lamang naman sa kanila ang sandatahan, hindi pa rin maisasaalang-alang ang ganitong mapagpalalang pangyayari.[284] Kung tumayong pasimunong tagahikayat lamang ang isa sa apat na mga sandatang tao, hindi masasabing nabuo ang isang pangkat. Kaya naman, kung bilang pasimunong tagahikayat ang sinasabing pakikibahagi ng isang salarin, ayon sa pagkakabaybay sa paratang laban sa kanya, pangyayaring di-mapag-aalinlanganang nagpapahiwatig na wala siyang tuwirang pakikibahagi sa pagsasagawa ng krimen, hindi maisasaalang-alang ang pagkakaroon ng isang pangkat sa pagsasagawa ng krimeng pinag-uusig.[285] Hindi kukulangin sa apat

280. People v. Saldia, Jr., 203 SCRA 62 (1991); People v. Lee, 204 SCRA 900 (1991).

281. People v. Estante, 92 SCRA 122 (1979). Datapwa't apat na Mahistrado ang tumutol sa pasya ng nakararami sa dahilang tatlo na lamang ang matitira pagkatapos mapawalang-sala ang pang-apat, hindi na maaaring magkaroon ng pangkat. Ayon kay Gregorio, matalino at halatang makatwiran ang tumututol na palagay. Dapat itong katigan sapagka't hinihinging maging maluwag ang pagpapakahulugan ng batas pamarusa para sa kapaburan ng nasasakdal.

282. People v. Sabenorio, 96 SCRA 47 (1979).

283. People v. Soriano, 122 SCRA 740 (1983).

284. *Tignan* U.S. v. Mendigoren, 1 Phil. 658 (1903); *tignan din* ang U.S. v. Melegato, 11 Phil. 229 (1908); People v. Pakali, et al., 81 Phil. 426 (1948).

285. Gumara v. Valero, 51 SCRA 322 (1973).

na sandatahang tao ang dapat na makibahagi nang tuwiran sa pagsasakatuparan ng kagagawang bumubuo ng krimen.[286]

Kung apat na sandatahang tao, na nasumpungang makatagpo ang isa pang grupo ng tatlong sandatahang tao sa isang pook na walang-nakatira sa gitna ng gabi, at nakipag-away ang mga ito sa naturang grupo at, sa kaigtingan ng galit nila, naglaban ang dalawang grupo, na humantong naman sa pagkamatay ng isang kabilang sa grupong binubuo ng tatlo, pawang hindi maisasaalang-alang bilang mapagpalalang pangyayari ang gabi, walang-nakatirang pook, at pamamagitan ng isang pangkat. Sapagka't nakasumpungan lamang ang pagtatagpo ng mga salarin at ang grupong kinabilangan ng nasawi, hindi masasabing sadyang tinamo ng mga salarin ang mga pangyayari ng gabi, walang-nakatirang pook, at ang kanilang pagbubuo ng pangkat. Nang salakayin naman ng mga salarin ang pangkat ng nasawi sa kainitan ng kanilang galit, hindi masasabing sinamantala nila ang mga pangyayari. At sapagka't hindi nagbigay sa mga salarin ng ano mang pakinabang ang naturang mga pangyayari, hindi rin masasabing pinadali ng mga ito ang pagsasagawa ng krimen. Nagtuturo ang mga aral ng hukuman sa ganitong paksang na dapat na sadyang tinamo ang mga ito, o sinamantala ang alin man sa mga ito upang pagbutihin ang kalamangan ng pagtatagumpay sa pagsasagawa ng krimen o upang magbigay ng kaligtasan sa mga salarin mula sa pag-uusig. Kaya naman, mabibigong tugunan ang mga pangangailangang ito ng payak na pagsasabi sa sumbong o paratang na isinagawa, halimbawa, ang krimen sa kadiliman ng gabi.[287]

Isinasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng pamamagitan ng isang pangkat sa mga krimen laban sa ari-arian[288] at sa mga krimen laban sa tao.[289] Naisaalang-alang din ito sa labag sa batas na pagpipit,[290] at sa krimeng kataksilan sa bayan.[291] Kaya naman, noong isa pang krimen laban sa kalinisang-puri ang panggagahasang isinagawa ng apat na sandatahang tao, hindi isinaalang-alang bilang mapagpalalang pangyayari ng pamamagitan ng pangkat.[292]

286. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 17, (1).

287. People v. Fernandez, 45 SCRA 535 (1972).

288. People v. Coropous, et al., C.A., 43 O.G. 2249.

289. People v. Laoto, et al., 103 Phil. 533 (1958).

290. U.S. v. Santiago, 2 Phil. 6 (1903).

291. People v. Manayao, et al., 44 O.G. 4868.

292. *Tignan* People v. Corpus, et al., 43 O.G. 12249; *nguni't tignan* ngayon ang Batas Republika Blg. 8353, na hindi lamang nagbigay ng panibagong uri sa krimeng panggagahasa kundi hayagang nagtatadha ng higit na mabigat na kaparusahan para sa panggagahasang isinagawa sa ilalim ng gayong pangyayari.

Sa krimeng panunulisan na isinagawa ng mahigit sa tatlong sandatahang tao na bumubuo ng isang pangkat ng magnanakaw,[293] likas o di-maiiwasang masakop sa pagkakabaybay o pagpapakahulugan ng batas sa krimen ang pangyayaring isinagawa ang krimen ng isang pangkat at hindi na dapat pang ituring bilang mapagpalalang pangyayari. Gayon din, likas sa panunulisan ang pangkat.[294] Datapwa't maisasalang-alang sa pagpapataw ng parusa bilang karaniwan o panlahat na mapagpalalang pangyayari ang pamamagitan ng pangkat sa pagsasagawa ng krimeng pagnanakaw na may kasamang pagpatay.[295]

### G. *Sa Pagkakataon ng Malaking Kapahamakan o Malaganap na Kamalasan*

May mapagpalalang pangyayari kung isinagawa ang krimen sa pagkakataon ng isang pagkakasunog, pagkawasak ng barko, paglilindol, paglaganap ng salot, o ibang pang malaking kapahamakan o kamalasan.[296] May kaugnayan ang batayan ng mapagpalalang pangyayaring ito sa panahon ng pagsasagawa ng krimen. Ipinakikita ang namumukod na kasamaan ng salarin sa sinadyang pagtaon niya ng pagsasagawa ng krimen sa panahon ng malaking kapahamakan o kamalasan. Matatagpuan ang katwiran sa pagsasaalang-alang ng ganitong mapagpalalang pangyayari sa napakababang uri ng pagkakriminal ipinamamalas ng isang salaring nagdaragdag pa, sa gitna ng isang malaking kapahamakan, sa paghihirap ng mga nagdurusa, sa halip na tumulong sa kanila, sa pamamagitan ng pagsasamantala sa kanilang kamalasan upang nakawan, gawan ng krimen o lalo pa silang pahirapan.[297] Madalas na halimbawa ng ganitong pangyayari ang kalagayan ng isang bumbero na nagsagawa ng pagnanakaw sa isang nasusunog na bahay, o ng isang mang-uumit na nanguha ng mga ari-arian ng iba, pagkaraan lamang ng isang mapaminsalang bagyo, mula sa mga nawasak na tahanan.

Kinakailangang samantalahin ng salarin ang pagkakaroon ng malaking kapahamakan o malaganap na kamalasan upang maisaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito. Kaya naman, kung hinamon o tinikis ng nasaktang panig ang salarin upang isagawa ang isang krimen sa pagkakataon ng isang malaking kapahamakan o malaganap na kamalasan, hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito sa layuning

---

293. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 306; People v. De la Cruz, 217 SCRA 283 (1993).

294. People v. De la Cruz, 217 SCRA 283 (1993).

295. People v. Suwagan, et al., 53 Phil. 689 (1929); People v. Uday, et al., 85 Phil. 503 (1950).

296. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (7).

297. U.S. vs Rodriguez, 19 Phil. 157 (1911).

mapabigat ang parusa sa kanya dahil hindi naman masasabing sinamantala ito ng salarin.

Tumutukoy ang pariralang "*o ibang pang malaking kapahamakan o malaganap na kamalasan*" sa iba pang mga kalagayan ng kagipitan o pamimighati na katulad niyong mga naunang nabanggit ("*pagkakasunog, pagkawasak ng barko, paglilindol o lumalaganap na salot.*" Kaya naman, hindi dapat maisasama sa talataang ito ang kalagayan ng malaganap na kaguluhan pagkatapos ng pagpapalaya sa bansa mula sa pananakop ng mga Hapon.[298] Datapwa't naituring na isang malaking kapahamakan ang kalagayan ng malaganap na kaguluhang nagmula sa pagpapalaya ng bayan ng San Pablo noong papatapos na ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.[299]

Isang kamalasan ang pagkakasira ng makina ng barko sa kalautan, nguni't hindi ito sakop sa katuturan ng pariralang "*iba pang malaking kapahamakan o kamalasan,*" ayon sa pagkakagamit sa Artikulo 14, Talataan 7 ng Binagong Kodigo Penal, na tumutukoy sa mga kalagayan ng kagipitan o pamimighati na kagaya niyong naunang iniisa-isa roon ("*pagkakasunog, pagkawasak ng barko, paglilindol o malaganap na salot*"), tulad ng kalagayang ng malaganap na kaguluhang nagmula sa digmaan o sa pagpapalaya ng Pilipinas mula sa pananakop ng mga Hapon noong nakaraang Digmaang Pandaigdig. Malinaw na higit na liban ang gayong kalagayan ng malaking kapahamakan o kamalasan kapag nasiraan lamang ng makina ang isang sasakyang dagat sa kalautan.[300]

### *H. Tulong ng mga Sandatahang Tao, o Mga Taong Naniniyak ng Kaligtasan Mula sa Pag-uusig*

Mapagpalalang pangyayari ang pagsasagawa ng krimen sa tulong ng mga santahanang tao o mga taong naniniyak o nagbibigay ng kaligtasan mula sa kaparusahan.[301] Batay ang mga mapagpalalang pangyayaring ito sa mga kasangkapan at kaparaanan ng pagsasagawa ng krimen, na nagpapakita ng namumukod na kasamaan ng salarin. Tinutugunan ng mga sumusunod na sangkap ang mga hinihingi ng batas upang maisaalang-alang ang mga mapagpalalang pangyayaring ito: (1) na may mga sandatahang tao na nakibahagi sa pagsasagawa ng krimen, sa tuwiran o di-tuwirang paraan; at (2) na ginamit ng salarin ang tulong ng nasabing mga sandatahang tao o umasa siya sa kanila nang isagawa niya ang krimen. Kung gayon, hindi bumubuo ng mapagpalalang pangyayari ang nasumpungan o di-sinasadyang pagkanaroroon

298. People v. Corpus, C.A., 43 O.G. 2249 .

299. People v. Penjan, et al., C.A., 44 O.G. 3349.

300. People v. Arpa, 27 SCRA 1037 (1969).

301. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (8).

ng mga sandatahang tao malapit sa kinaganapan ng krimen kung lumilitaw na hindi naman ginamit ng salarin ang tulong nila ni umasa sa kanila sa pagsasagawa ng krimen. Kinakailangang tuwiran o di-tuwirang nakibahagi ang mga sandatahang tao sa pagsasagawa ng krimen. Kung napatay ang biktima ng pananaksak na ginawa ng salarin, at sumaksi ang salarin, na kinatigan naman ng mga saksi mismo ng tagausig, na mag-isa lamang ang salarin nang isagawa ang krimen at wala siyang tinanggap o ginamit na tulong mula kanino man, bagama't natagpuan ding sa bahay na malapit sa kinaganapan ng krimen, mayroong sampung taong armado ng patalim, at lima naman ang walang sandata, datapwa't hindi naman nakibahagi ang mga taong iyon, maging sa tuwiran o di-tuwirang paraan, sa pagsasagawa ng krimen, at hindi rin lumilitaw na narinig nila ang pag-uusap o pagtatalong naging sanhi ng biglaang pagpapasya ng salarin na patayin ang nasawi, hindi masasabing gumamit ang salarin ng tulong nila ni umasa sa kanila sa pagsasagawa ng krimen.[302]

Kung, sa layuning madispatsa ang kanyang asawa, binayaran ng isang Mora ang paglilingkod ng ilang mga Moro na pinangakuan niya ng pabuya kung mapapatay nila ang kanyang asawa at, alinsunod sa kanilang pakana, nagdala ng mga pamalo ang mga upahang mamamatay-tao, nagpunta sa bahay ng biktima, at pinagbabayo nila ito hanggang sa mamatay samantalang hawak-hawak ng naturang Mora ang isang nakasinding lampara, at saka nagbigay din ang Mora sa inupahang mga Moro ng lubid na pantali sa kanyang asawa matapos nila itong maigupo, masasabing nakagawa ang Mora ng krimeng parisidyo "*sa tulong ng mga sandatahang tao.*"[303] Kung, sa pag-uusig sa dalawang salarin sa salang pagnanakaw nang may kasamang panggagahasa, lumilitaw mula sa kanilang mga nakasulat na pagtatapat, na mayroon silang mga kasamahang pawang santahan noong isagawa nila ang krimen, masasabing nagkasala sila ng pagnanakaw nang may kasamang panggagahasa, nang may mapagpalalang pangyayari ng tulong ng mga sandatahang tao,[304] Datapwa't hindi dapat isaalang-alang ang ganitong mapagpalalang pangyayari kung kapwa sandatahan ang panig na nanalakay at ang panig na sinalakay.[305] Hindi dumadalo sa pagsasagawa ng krimen ang mapagpalalang pangyayaring ito kung kumilos ang salarin, pati na yaong tumulong sa kanya sa pagsasagawa ng krimen, nang mayroong iisang pakana at tungo sa ikatatamo ng iisang layunin.[306]

302. U.S. v. Abaigar, 2 Phil. 417 (1903).

303. People v. Ilane, G.R. No. L-45902, 31 Mayo 1938.

304. People v. Ortiz, et al., 103 Phil. 944 (1958).

305. ALBERT, *supra* note 107.

306. People v. Piring, 63 Phil. 546 (1936).

Nangangailangan ang "*pamamagitan ng isang pangkat*" ng mahigit sa tatlong sandatahang salarin na dapat kumilos nang sabayan o sama-sama sa pagsasagawa ng krimen. Sa kabilang dako, maaaring dumalo ang mapagpalalang pangyayari ng "*tulong ng mga sandatahang tao*" kahit na umasa lamang ang isa sa mga salarin sa kanilang tulong, dahil hindi naman hinihingi ng batas ang talagang pagtulong nila sa pagsasagawa ng krimen. Datapwa't hindi wastong hiwalay na isaalang-alang laban sa salarin ang mga mapagpalalang pangyayari ng (1) tulong ng mga sandatahang tao at (2) paggamit ng isang pangkat, sa pagtataya ng kalubhaan ng kasalanan, dahil sumasakop sa pagpapakahulugan ng batas sa salitang "pangkat," ang ano mang pangkat ng mga sandatahang tao sa pasubaling hindi kukulangin sa apat ang bilang nila.[307] Masasabi rin na kung mayroong apat na sandatahang tao, sinasakop ang tulong ng mga sandatahang tao sa paggamit ng isang pangkat at kung mayroong tatlo o higit na kaunti pang bilang, maaaring maging mapagpalalang pangyayari ang tulong ng mga sandatahang tao.

*I. Pagkaresidibista*

Mapagpalalang pangyayari kapag isang residibista ang salarin. Residibista ang isang taong dati nang nahatulang nagkasala sa pamamagitan ng pangwakas na kapasyahan, sa panahon ng paglilitis sa kanya kaugnay sa isang paglabag, ng isa pang krimeng nasasaklawan ng di-naiibang pamagat ng Binagong Kodigo Penal.[308] Batay ang mapagpalalang pangyayaring ito sa namumukod na kasamaan ng salarin, na ipinakikita ng kanyang kahiligan sa mga krimen. Sumusunod ang mga sangkap na bumubuo ng mapagpalalang pangyayaring ito: (1) na nililitis ang salarin kaugnay ng isang kasalanan (kasalukuyang krimen); (2) na nauna sa nasabing paglilitis, dati nang nahatulan sa pamamagitan ng pangwakas na kapasyahan ang salarin kaugnay ng ibang krimen (nakaraang krimen); (3) nasasaklawan ang naunang (nakaraang) krimen at ang ikalawang (kasalukuyang) krimen ng di-naiibang pamagat ng Binagong Kodigo Penal; at (4) na nahatulang nagkasala kaugnay ng ikalawang (kasalukuyang) krimen ang salarin. Samakatwid, ang sandali ng paglilitis ang mapagpasyang sangkap, hindi ang sandali ng pagsasagawa ng krimen. Hindi hinihingi na sa sandali ng pagsasagawa ng krimen, dapat na naunang nahatulang nagkasala, sa pamamagitan ng pangwakas na kapasyahan, kaugnay sa isa pang krimen ang salarin. Dapat unawaing sumasakop ang pariralang "*sa panahon ng paglilitis sa kanya kaugnay sa isang paglabag*" ayon sa pagkakagamit sa itinadhanang katuturan ng pagkaresidibista sa lahat ng bagay

307. People v. Manayao, et al., 78 Phil. 721 (1947).

308. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (9); People v. Kyamko, 222 SCRA 183 (1993); People v. Lagarto, 196 SCRA 611 (1991).

na isinagawa sa takbo ng paglilitis, mula sa pagbasa ng sumbong o paratang hanggang sa pagbubunyag sa madla ng kapasyahan.[309]

Walang pagkaresidibista (residibismo) kung kaugnay ang sumunod na hatol ng pagkakasala sa isang kasalanang ginawa bago pa man naganap ang kasalanang nasasangkot sa naunang hatol ng pagkakasala. Kaya naman, kung nahatulang nagkasala ang salarin ng pagnanakaw na may kasamang homisidyo na isinagawa noong Disyembre 23, 1947 at, nauna rito, dati na siyang nahatulang nagkasala ng pang-uumit na isinagawa noong Disyembre 30, 1947, hindi maituturing na residibista ang nasakdal.[310] Datapwa't maisasaalang-alang ang pagkaresidibista laban sa salaring pinaratangan at nahatulang nagkasala ng asesinato kung, nauna rito, dati na siyang nahatulang nagkasala sa pamamagitan ng isang hatol na pangwakas ng mga krimeng nabigong asesinato at asesinato, na pawing napapaloob sa iisang pamagat ng Bianagong Kodigo Penal.[311] May pagkaresidibista rin kung pinatay ng mga bilanggo nagsisilbi sa ilalim ng pangwakas na hatol ng pagkakasala o sentensya kaugnay sa krimeng asesinato ang isang kapwa bilanggo.[312] Walang pagkaresidibista kapag asesinato ang napatunayang krimen sa paglilitis samantalang kaugnay naman sa pagnanakaw ang naunang pangwakas na hatol ng pagkakasala.[313] Walang residibismo kung kaugnay sa homisidyo ang naunang pangwakas na hatol ng pagkakasala at para naman sa pagnanakaw na may kasamang pagpatay ang kasalukuyang krimen.[314]

Dapat na maging pangwakas na kapasyahan ang naunang hatol ng pagkakasala nang litisin ang salarin kaugnay sa krimeng nais palalain ng pagkaresidibista. Nagiging pangwakas ang kapasyahan sa isang usaping kriminal (1) pagkaraang lumipas ang taning na panahon sa pagsasagawa ng isang habol ng pagtutuwid sa nakatataas na hukuman, o (2) kapag bahagian o lubusang nabayaran o napagdusahan na ang hatol na kaparusahan, o (3) kapag hayagang itinakwil nang nakasulat ng salarin ang kanyang karapatang maghabol ng pagtutuwid sa nakatataas na hukuman, o (4) kapag nagharap ng kahilingan ang salarin para sa isang pagsubok na laya (probasyon).[315] Dapat isagawa ang habol ng pagtutuwid sa isang nakatataas na hukuman sa loob ng labinlimang (15) araw mula sa pagkakapatibay o pagkabatid sa kapasyahan o

---

309. People v. Lagarto, 196 SCRA 611 (1991).

310. People v. Baldera, 86 Phil. 189 (1950).

311. People v. Molo, 88 SCRA 22 (1979).

312. People v. Ribadajo, 142 SCRA 637 (1986).

313. People v. Toledo, 123 SCRA 545 (1983).

314. People v. Asibar, 117 SCRA 856 (1982).

315. MGA BINAGONG TUNTUNIN SA KAPARAANANG PANGKRIMEN, TUNTUNIN 120, §7 (nagkabisa Dis. 1, 2000).

kautusang ipinaghahabol ng pagtutuwid.[316] Kaya naman, kung inusig at nilitis ang salarin sa salang pang-uumit, panlilinlang, at pagnanakaw, at pinagtibay nang sabay-sabay sa iisang araw ang kapasyahan sa tatlong nabanggit na mga kasalanan, hindi maituturing na residibista ang salarin dahil hindi pa naman naging pangwakas ang hatol ng pagkakasala sa alin man sa naunang dalawang mga kasalanan nang litisin siya kaugnay ng ikatlong kasalanan.

Hindi dapat maging magkaibang pamagat ng Kodigo ang sumasaklaw sa nakaraan at kasalukuyang mga krimen. Kaya naman, kung dalawang ulit nahatulang nagkasala ng paglabag ng Seksiyon 824 ng Binagong Mga Ordinansa ng Lungsod ng Maynila ang nasakdal at saka siya inusig ng paglabag ng Artikulo 195 ng Binagong Kodigo Penal, kaugnay sa pagsusugal, hindi siya residibista kahit na kapwa pagsusugal ang paksa ng naturang mga batas.[317] Kapag pinarurusahan ang isang kasalanan ng isang ordinansa o pasadyang batas at ang Binagong Kodigo Penal naman ang nagpaparusa ng iba, hindi masasabing nasasaklawan ang dalawang kasalanan ng iisa o di-naiibang pamagat ng Binagong Kodigo Penal. Sa wastong paglalapat, kapwa sinasaklawan ng Ikasampung Pamagat, kaugnay sa mga krimen laban sa ari-arian, ng Binagong Kodigo Penal, ang pagnanakaw at pang-uumit. Kapwa rin nasasaklawan ang homisidyo at ang pananakit sa katawan ng kapwa ng Ikawalong Pamagat ng Kodigo, kaugnay sa mga krimen laban sa mga tao.[318] Pinagpapangkat-pangkat ang mga krimeng pinarurusahan sa Ikalawang Aklat ng Binagong Kodigo Penal sa ilalim ng iba't ibang mga pamagat. Kabilang lamang sa mga ito ang Ikasampung Pamagat at Ikawalong Pamagat na nabanggit.

Walang kabuluhan sa residibismo kung mayroon mang namagitang panahon sa nakaraan at kasalukuyang kasalanan. Kaya naman, mayroon pa ring residibismo kahit na namagitan ang paglipas ng sampung taon sa nakaraang kasalanan at sa kasalanang kasalukuyang nalilitis. Dapat isaalang-alang ang pagkaresidibista ng salarin bilang mapagpalalang pangyayari kahit ilang taon pa man ang namagitan sa nauna at ikalawang mga krimen.[319]

316. Id. *sa* TUNTUNIN 122, §6.

317. People v. Lauleco, C.A., 36 O.G. 956. Pinawalang bisa na ng Atas Pampanguluhan Blg. 1612 ang mga tadhana ng Artikulo 195 hanggang 199 kaugnay sa pagsusugal. Bawal pa rin ang gayong pagsusugal sa ilalim ng mga katadhaan at kaparusahang itinatakda sa naturang atas pampanguluhan.

318. Pinalawak sa ilalim ng Batas Republika Blg. 8353 ang saklaw ng mga krimen laban sa mga tao, sa pamamagitan ng pagdaragdag dito ng Ikatlong Kabanatang naglalaman ng mga katadhanaan kaugnay sa binagong pagpapakahulugan sa krimeng panggagahasa.

319. People v. Colocar, 60 Phil. 878 (1934).

Hindi binubura ng pagpapawad na iginawad ng Pangulo ng Pilipinas ang pagkaresidibista ng salarin. Sa kabilang dako, pinapawi naman ng amnestiya ang parusa sa krimen at ang lahat ng mga bunga nito.[320] Walang katulad na katadhanaan kaugnay sa pagpapatawad na iginawad ng pangulo. Samakatwid, hindi hadlang ang gayong pagpapatawad sa pagsasaalang-alang ng nakaraang hatol ng pagkakasala bilang isang mapagpalalang pangyayari kaugnay sa kasalukuyang krimen.[321]

Ayon sa lumang tuntunin, dapat na pahayag na magsaad ang sumbong o paratang ng pagkaresidibista ng nasasakdal upang mapatunayan ito at maisaalang-alang bilang isang mapagpalalang pangyayari. Kung nabigo ang tagausig na gawin ito, hindi magagawang patunayan ang pagkaresidibista kung tinututulan ng nasasakdal. Datapwa't pinahihintulutan sa lumang tuntunin ang nasasakdal mismo, sa pamamagitan ng sariling pag-amin sa pagtatapat ng kasalanan at sa sariling salaysay bilang saksi sa hukuman, na magpatunay ng kanyang pagkaresidibista.[322] Nabago na rin ang alituntuning ito ng bagong tuntuning hindi maisasaalang-alang ang alin man "pang-uri o mapagpalalang pangyayari" kapag hindi ito nasasaad sa sumbong o paratang.[323]

Upang matagpuang nagkaroon ng pagkaresidibista, hindi lamang ito dapat isaad sa sumbong o paratang kundi dapat ding ilahad sa paglilitis ang mga pinatotohanang sipi ng kaukulang hatol ng pagkakasala o sentensya.[324]

### *J. Pag-uulit o Pagbabalik-gawi (Reiterasyon)*

Mapagpalalang pangyayari sa pagsasagawa ng panibagong krimen kung dati nang naparusahan ang salarin kaugnay ng isang pagkakasalang nilalapatan ng batas ng kapantay o mahigit pang kaparusahan o kaugnay sa dalawa o mahigit pang mga krimeng nilalapatan ng batas ng isang nakagagaang na parusa.[325]

---

320. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 89.

321. U.S. v. Sotelo, 28 Phil. 147 (1914); U.S. v. Francisco, 10 Phil. 185 (1908); People v. Lacao, Sr., 201 SCRA 317 (1991).

322. People v. Luna, 58 SCRA 198 (1974). Sa People v. Veloso, 92 SCRA 515 (1979), ipinasyang hindi maisasaalang-alang na residibismo sa layuning palalain ang krimen kung hindi ito nasasaad sa paratang, kahit pa tinangka ng tagausig na patunayan ito. Tinukoy dito ang People v. Tieng Pay, 42 Phil. 212 (1921), kung saan ipinasyang hindi maisasaalang-alang ang residibismo kung walang nasasaad na residibismo sa sumbong o paratang, at isang pagkakamali para sa hukumang tagalitis na pahintulutan ang paglalahad ng katibayan kahit tinututulan pa ng nasasakdal.

323. *Tignan supra* talâ 2, kaugnay ng bagong tuntuning ito.

324. People v. Hermosillo, 122 SCRA 905 (1983).

325. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (10).

Katulad ang batayan ng ganitong mapagpalalang pangyayari roon sa pagkaresidibista. Ipinakikita ng pag-uulit o pagbabalik-gawi (reiterasyon) ang namumukod na kasamaan sa pamamagitan ng pagkahilig ng salarin sa mga krimen. Sumusunod ang mga bumubuong sangkap nito: (1) na nililitis ang salarin kaugnay sa isang kasalanan; (2) na, nauna rito, dati na siyang nakapaglingkod sa hatol na parusa kaugnay ng ibang kasalanang nilalapatan ng batas ng kapantay o mahigit pang kaparusahan, o kaugnay ng dalawa o mahigit pang mga krimen na nilalapatan ng batas ng nakagagaang na kaparusahan kaysa sa bagong kasalanan; at (3) na nahatulang nagkasala siya kaugnay sa bagong kasalanan.

Nangangahulugan ang pariralang "*dati nang naparusahan*" na matatagpuan sa talataan 10 na nakapanilbihan na sa nakaraan ang salarin sa hatol na parusa kaugnay ng ibang kasalanan bago pa man siya nilitis sa panibagong kasalanan. Matatagpuang umiiral ang ikalawang sangkap ng pag-uulit: (1) kung kapantay ang parusang itinatadhana ng batas ukol sa naunang kasalanan sa inilalapat sa panibagong kasalanan; (2) kung higit na mabigat ang parusang itinatadhana ng batas ukol sa naunang kasalanan kaysa sa inilalapat sa panibagong kasalanan; o (3) kung nakapagsilbi ng di-kukulangin sa dalawang hatol na parusa ang salarin, kahit pa man higit na magaang ang parusang itinatadhana ng batas ukol sa nasabing mga krimen.

Kung nakapagsilbi na ang salarin sa parusang hatol kaugnay sa salang sapilitang pagtatanan,[326] na pinarurusahan ng reklusyon temporal, o pagkabilanggo nang mula sa labindalawang taon at isang araw hanggang sa dalawampung taon nguni't, kalaunan, pagkaraang makalaya sa bilangguan, nakagawa naman siya ng homisidyo[327] na pinarurusahan din ng reklusyon temporal, dapat isaalang-alang ng hukuman, sa pagtatakda ng parusang ihahatol sa salang homisidyo, ang mapagpalalang pangyayari ng pag-uulit. Gayon din, kung minsang nakapagsilbi ang salarin ng parusang hatol sa salang homisidyo, na nilalapatan ng batas ng pagkabilanggong nagmumula sa labindalawang taon at isang araw hanggang dalawampung taon at, sa kasalukuyan, mahahatulang nagkasala na naman siya ng panghuhuwad na pinarurusahan ng pagkabilanggong nagmumula sa anim na taon at isang araw hanggang labindalawang taon, masasabing mayroon pa ring pag-uulit o pag-uugaling kriminal, sa kahulugan ng Talataan 10, Artikulo 14, dahil higit na mabigat ang parusa sa homisidyo na napagsilbihan na niya kaysa sa inilalapat ng batas para sa panibagong kasalanan (panghuhuwad). Nguni't kung nangyari ang kabaligtaran nito, na nauna ang pagsisilbi sa parusang hatol sa panghuhuwad at saka sinundan ng pagsisilbi sa parusang ipapataw sa homisidyo, bilang panibagong krimen, walang masasabing pag-uulit dahil

326. *Id.* sa art. 342.

327. *Id.* sa art. 249.

higit na magaang ang parusa sa naunang kasalanan kaysa sa inilalapat ng batas sa panibagong kasalanan. Dapat na maging kapantay man lamang, kung hindi hihigit, ang kaparusahan sa naunang kasalanan sa inilalapat ng batas para sa panibagong kasalanan. Kaya naman, kung homisidyo noon ang kasalanan at homisidyo pa rin ngayon, malinaw na mayroong pagkaresidibista, sa halip na pag-uulit, dahil nasasaklawan ang nauna at ang ikalawang kasalanan ng iisang pamagat ng Kodigo.

Bagama't hinihingi ng batas na magkaroon ng pangwakas na kapasyahan sa pagkaresidibista, kahit na nakapagsilbi na ng parusang hatol ang salarin, mayroon pa ring pagkaresidibista sa pasubaling nasasaklawan ng iisang pamagat ng Kodigo ang nauna at ang panibagong kasalanan. Naiiba ang pangyayari ng pag-uulit sa pagkaresidibista sa mga sumusunod na mga katangian: (1) sa pag-uulit, kinakailangang nakapagsilbi ang salarin sa parusang hatol sa naunang kasalanan; samantalang sa pagkaresidibista, sapat na kung nagkaroon ng pangwakas na kapasyahan kaugnay sa naunang kasalanan; (2) sa pag-uulit, hindi dapat nasasaklawan ng iisang pamagat ng Kodigo ang nauna at ang sumunod na mga kasalanan; samantalang sa pagkaresidibista, hinihinging kapwa sinasaklawan ang mga ito ng iisang pamagat ng Kodigo; (3) hindi laging mapagpalalang pangyayari ang pag-uulit; samantalang laging isinasaalang-alang ang pagkaresidibista sa pagtatakda ng parusang ipapataw sa salarin.

Kung nakapagsilbi ng tatlumpung araw na pagkabilanggo ang salarin sa salang pang-uumit at, kalaunan, muli naman siyang nagsilbi ng dalawang buwang pagkabilanggo sa salang panlilinlang at, sa kasalukuyan, nililitis pa siya sa salang homisidyo na pinarurusahan ng reklusyon temporal, o pagkabilanggo nang mula labindalawang taon at isang araw hanggang dalawampung taon, mapapansing kaugnay sa dalawang naunang mga kasalanan, higit na magagaang na kaparusahan ang inilalapat ng batas. Sa pagkakataong ito, mayroong pag-uulit.

Tumutukoy ang Talataan 10 ng Artikulo 14 sa kaparusahang inilalapat ng batas sa kasalanan, na maaaring magkaroon ng ilang nahahati o bukud-bukod na mga taning na panahon. Samakatwid, kahit nakapagsilbi na ang salarin ng parusang prisyon mayor sa pinakamaigsing taning na panahon nito, at saka nahatulang nagkasala sa kasalukuyan ng panibagong kasalanang pinapatawan ng prisyon mayor sa pinakamahabang taning na panahon nito, mayroon pa ring pag-uulit, sa pasubaling prisyon mayor sa buong kahabaan nito ang parusang inilalapat sa nasabing dalawang kasalanan.

Hindi laging mapagpalala sa saguting kriminal ang pag-uulit. Kung, sa pagsasaalang-alang ng ganitong mapagpalalang pangyayari, magiging kamatayan ang parusa sa krimeng asesinato, at pawang laban sa ari-arian ang mga kasalanang pinaghatulan noong nakaraan sa salarin at hindi tuwirang laban sa mga tao, dapat gamitin ng hukuman ang mabuting pagpapasya nito

sa kapakinabangan ng salarin sa pamamagitan ng di-pagsasaalang-alang ng mapagpalalang pangyayaring ito.[328]

Naipasyang may pag-uulit kapag isinasaad ng paratang kaugnay sa krimeng asesinato na dati nang nahatulang nagkasala ang salarin, sa iba't ibang mga hukuman, ng malubhang paninirang-puri nang pasalita, di-gaanong malulubhang panunugat sa kawatan ng kapwa, at may-uring paglabag sa tahanan, at pagnanakaw.[329] Datapwa't nangangailangan ng matalas na pagsusuri ang pasyang ito sapagka't hinihingi ng batas na dati nang naparusahan ang salarin kaugnay sa isang paglabag na pinapatawan ng batas ng kapantay o higit na mabigat na kaparusahan o kaugnay sa dalawa o mahigit pang bilang ng mga paglabag na pinapatawan nito ng higit na magaang na kaparusahan. Samakatwid, hindi sapat na nahatulang nagkasala ang salarin. Bukod, hindi maituturing ang di-gaaanong malubhang panunugat sa katawan ng kapwa bilang sangkap ng pag-uulit dahil napapaloob ito sa di-naiibang pamagat ng Binagong Kodigo Penal na kinapapalooban ng asesinato. Hindi rin magiging wastong isaalang-alang ang malubhang paninirang-puri sa pamamagitan ng pananalita bilang sangkap ng pag-uulit dahil hindi kapantay o higit pa sa asesinato ang parusang ipinapataw kaugnay nito. Datapwa't kaugnay sa malubhang paninirang-puri sa pamamagitan ng pananalita at may-uring paglabag sa tahanan, maaaring magkaroon ng pag-uulit dahil dalawang krimen ito na pinapatawan ng mga parusang higit na magagaang kaya roon sa asesinato sa pasubaling naparusahan na ang salarin kaugnay ng mga ito.

May apat na mga kaurian ng muling pagsasagawa ng krimen na kinikilala sa Binagong Kodigo Penal: (1) ang pagkaresidibista;[330] (2) ang pag-uulit;[331] ang (3) multi-residibismo o nakaugaliang kasamaan ng asal;[332] at (4) ang mala-residibismo.[333] Mga panlahat na mapagpalalang pangyayari ang dalawang unang nabanggit, samantalang isang pambihirang mapagpalalang pangyayari ang ikatlo na nagdadala ng karagdagang parusa. Isang pasadyang mapagpalalang pangyayari naman ang ikaapat. Mayroong nakaugaliang kasamaan ng asal o multi-residibismo kung, sa loob ng taning na sampung taon mula sa petsa ng paglaya ng salarin o ng huling kahatulan sa kanya kaugnay sa mga krimeng malubha o di-gaanong malubhang pananakit sa katawan ng kapwa, pagnanakaw, pang-uumit, panlilinlang o panghuhuwad, muli siyang natagpuang nagkasala ng alin man sa mga nasabing krimen nang

328. *Id.*

329. People v. Molo, 88 SCRA 22 (1979).

330. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (9).

331. *Id.* sa art. 14, (10).

332. *Id.* sa art. 62, (5).

333. *Id.* sa art. 160.

ikatlong ulit o nang higit na madalas.[334] Sa nakaugaliang kasamaan ng asal, maaaring isang residibista ang salarin o isang taong dati nang naparusahan kaugnay sa dalawa o mahigit pang bilang ng mga kasalanan (pag-uulit). Magdurusa pa rin siya ng karagdagang kaparusahan dahil sa nakaugaliang kasamaan ng asal o multi-residibismo.

Dapat na parusahan ng pinakamahabang taning na panahon ng pagkabilanggong itinatakda ng batas ukol sa bagong krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal ang sino mang magsasagawa nito makaraang mahatulang nagkasala ng sa pamamagitan ng isang pangwakas na kapasyahan, bago nakapagsimulang pagsilbihan ang parusang hatol, o habang naninilbihan sa nasabing parusa.[335] Kung gayon, nagpapabigat ang mala-residibismo sa saguting kriminal ng salarin,[336] bilang pasadyang mapagpalalang pangyayari na nagpapaakyat ng kaparusahan sa pinakamahabang taning nito, nang hindi binabawi o pinawawalang-saysay ng karaniwang mapagpagaang na pangyayari, gaya ng kusang-loob na pagtatapat ng kasalanan[337] o kusang-loob na pagsuko.[338] Kaya naman, kapag may dumadalong pangyayari ng mala-residibismo, na hindi ga kayang bawiin o pawalang-saysay ng ano mang mapagpalalang pangyayari, wala nang katuturang talakayin pa ang pagdalo o kawalan ng mga mapagpagaang na pangyayari.[339] Datapwa't maaaaring maiwasan ang hatol na bitay kahit na mayroong mala-residibismo, na siyang humihingi ng gayong hatol na bitay, kung isasaalang-alang para sa kapakanan ng mga salarin ang kahabag-habag na kalagayan nila sa Pambansang Bilangguan ng Bilibid, na nagtutulak sa kanila sa kaimbihan at pag-aasal na mistulang makahayop, bilang pakikiramay ng hukuman sa kanila kinasadlakan.[340]

Kung, samantalang naninilbihan sa parusang hatol ang salarin, pinalo at nasaksak niya ang kapatas ng brigada ng mga bilanggo, dapat siyang parusahan ng pinakamahabang taning na panahon ng pagkabilanggo or parusang itinatakda ng batas ukol sa panibagong krimen, alinsunod sa Artikulo 160 ng Binagong Kodigo Penal.[341] May mala-residibismo kung

334. *Id.* sa art. 62, (huling talataan).

335. *Id.* sa art. 160.

336. People v. Jose, 124 SCRA 89 (1983).

337. People v. Perez, 102 SCRA 352 (1981).

338. People v. Labinia, 115 SCRA 223 (1982).

339. People v. Garcia, 106 SCRA 313 (1981).

340. People v. Melendres, 106 SCRA 575 (1981), ibinaba sa reklusyon perpetwa o habangpanahong pagkakulong ang parusang kamatayan na napala dapat nila alinsunod sa BINAGONG KODIGO PENAL, art. 160.

341. People v. Durante, 53 Phil. 363 (1929).

nagsisilbi ng kanyang mga sentensya ang salarin nang saksakin niya ang isang kasama sa bilangguan.[342] Hindi dumadalo sa pagsasagawa ng krimen ang mala-residibismo sa kawalan ng katibayang nagsisilbi ng isang pangwakas na hatol ng pagkakasala o sentensya ang salarin nang isagawa niya ang krimeng asesinato.[343]

Sapat ang pagsasaad ng mala-residibismo kung sinasabi sa paratang na isinagawa ng mga salarin ang krimen "samantalang nakakulong sila sa Pambansang Bilangguan ng Bilibid."[344]

*K. Kabayarang Halaga (Upa), Pabuya o Pangako*

May mapagpalalang pangyayari kung isinagawa ang krimen nang alang-alang sa isang kabayarang halaga, pabuya o pangako.[345] Batay ang mapagpalalang pangyayaring ito sa namumukod na kasamaan ng salarin, na ipinakikita ng mismong sanhing nagpapakilos sa kanya. Nagpapalagay ang mapagpalalang pangyayaring ito ng pagtatambalan ng dalawa o mahigit pang bilang ng mga salarin. Kaya naman, kapag dumadalo ang mapagpalalang pangyayaring ito, kinakailangang mayroong dalawa o higit pang bilang ng mga pasimuno, at isa sa kanila ang nagbibigay o nag-aalok ng halaga, pabuya o pangako samantalang tumatanggap naman nito ang iba, na kapwa itinuturing na mga pasimuno: kaugnay sa nauna, dahil tuwiran niyang hinihikayat ang huli sa pagsasagawa ng krimen; at kaugnay sa huli, dahil isinasagawa niya ito.[346] Kapag dumadalo ang mapagpalalang pangyayaring ito, nagbubunga ito ng pagpapalala ng saguting kriminal hindi lamang ng taong tumanggap ng halaga, pabuya o pangako, kundi maging ng taong nagbigay nito.[347] Kung kumuha ang pasimunong tagahikayat ng isang taong walang-pinag-aralan upang isagawa ang pagpatay sa kapatid at pamangkin niya, bigay ang pabuyang P60, at pinatay nga ang mga ito ng walang-pinag-aralang tao ayon sa kahilingan

342. People v. Macariola, 120 SCRA 92 (1983); People v. Onavia, 120 SCRA 232 (1983); People v. Toledo, 123 SCRA 545 (1983); People v. Labinia, 115 SCRA 223 (1982).

343. People v. Ochavido, 142 SCRA 193 (1986); People v. Corpuz, 102 SCRA 675 (1981).

344. People v. Labinia, 115 SCRA 223 (1982).

345. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (11).

346. 1 VIADA 262.

347. U.S. v. Parro, 36 Phil. 923 (1917); U.S. v. Maharaja, 38 Phil. 1 (1918). Ito ang tuntuning sinundan sa People v. Canete, 129 SCRA 451 (1984), na bumanggit sa People v. Talledo at Timbreza, 58 SCRA 530 (1974), bagama't mali ang pagkakabanggit na ito sapagka't iniwan na ng Kataas-taasang Hukuman ang panuntunan sa Talledo noong pagpasyahan nito ang People v. Alicastre, 40 SCRA 391 (1971).

ng pasimunong tagahikayat, bumubuo ang naturang mga pangyayari ng krimeng asesinato dala ng panghihikayat sa pamamagitan ng isang halaga.[348] Sa ganitong panuntunan, isinasaalang-alang ang halaga bilang pang-uring mapagpalalang pangyayari.

Bagama't nailapat ang mapagpalalang pangyayaring isinagawa ang krimen nang alang-alang sa upa o pabuya kaugnay sa salaring tagasulsol o tagahikayat nito,[349] may kapasyahan din na hindi nagsasaalang-alang ng ganitong mapagpalalang pangyayari laban sa pasimunong tagahikayat o tagasulsol sa dahilang hindi naman ang tagahikayat o tagasulsol ang nagsagawa ng krimen nang alang-alang sa halaga o pabuya.[350]

Dapat ipakita ng katibayan na isa sa mga salarin ang gumamit ng salapi o iba pang mahalagang kabayaran sa layuning mahikayat ang iba sa pagsasakatuparan ng kagagawang kriminal.[351] Kung walang naunang pangako, kundi kusang-loob na ibinigay ang halaga, pabuya o pangako bilang pagpapahayag ng pagkilala sa pakikiramay at pagtulong na ipinakita ng ibang salarin, hindi ito dapat isaalang-alang sa layuning palalain ang parusa.[352]

Kung pinalitaw ng katibayan na nagkaroon ng isang pag-aalok ng pabuya sa panig ng isang salarin, at pangako naman ng isa pang salarin, nguni't hindi maliwanag sa katibayan na nakibahagi ang ikatlong salarin sa pagsasagawa ng krimeng pagnanakaw nang dahil sa naturang pabuya o pangako sapagka't lumilitaw ding bago pa man nakipagkita ang ikatlong salarin sa kanila at sa iba pang mga opisyal ng bayan na siyang nagbigay ng pangako, nakapagpasya na ang ikatlong salarin na isagawa talaga ang pagnanakaw, hindi mapag-aalinlanganang nagbigay ang nasabing halaga o pabuya ng pampasigla o sigasig ng loob sa pagsasagawa ng pagnanakaw; datapwa't sa layuning maisaalang-alang ang ganitong mapagpalalang pangyayari laban sa isang salarin, dapat na maging pangunahing dahilan ang nasabing panghihikayat nang gayon sa pagsasagawa niya ng krimen.[353]

---

348. People v. Parro, *supra* talâ 347.

349. U.S. v. Gamao, 23 Phil. 81 (1912) (Kapag isinaad sa sumbong o paratang ang halaga, pabuya o pangako bilang isang pang-uring mapagpalalang pangyayari, dapat itong isaalang-alang laban sa lahat ng mga nasasakdal sa ilalim nito dahil, sa ganitong pagkakataon, isang bumubuong sangkap ng krimen mismo ang turing dito).

350. People v. Talledo at Timbreza, 85 Phil. 539 (1950) (sa ilalim ng lumang tuntuning sinunod sa Talledo at Timbreza, kapag itinuring lamang na isang panlahat na mapagpalalang pangyayari ang halaga hindi ito isinaad nang hayagan sa sumbong o paratang sa layuning uriin ang krimen bilang asesinato.).

351. U.S. v. Gamao, 23 Phil 81 (1912).

352. U.S. v. Flores, 28 Phil. 34 (1914).

353. People v. Paredes, 24 SCRA 635 ((1968).

*L. Mga Pakanang Kinasasangkutan ng Malakihang Pagsasayang o Pagwawasak*

May mapagpalalang pangyayari kung isinagawa ang krimen sa pamamagitan ng pagpapabaha, pagsusunog, paglalason, pagpapasabog, pagpapabalaho ng sasakyang-dagat o sadyang paninira nito, pagdidiskaril ng tren, o sa pamamagitan ng paggamit ng iba pang mga pakanang kinasasangkutan ng malakihang pagsasayang o pagwawasak.[354] Batay ang mapagpalalang pangyayaring ito sa mga kasangkapan at kaparaanang ginamit, na nagpapakita ng namumukod na kasamaan ng salarin. Kung gayon, dapat na ginamit na kasangkapan o kaparaanan sa pagsasagawa ng krimen ang pagpapabaha, pagsusunog, paglalason, pagpapasabog, pagpapabalaho ng sasakyang-dagat o sadyang paninira nito, pagdidiskaril ng tren, o sa pamamagitan ng paggamit ng iba pang mga pakanang kinasasangkutan ng malakihang pagsasayang o pagwawasak. Matangi kung ginamit nang gayon sa ikatatamo ng layuning kriminal ng salarin, hindi maisasaalang-alang sa pagpapabigat ng parusa o bilang pang-uri sa kalikasan ng krimen ang alin man sa mga pangyayaring nababanggit sa Talatan 12, Artikulo 14.[355]

Pinatay ng salarin ang kanyang maybahay sa pamamagitan ng panununog sa kahulugan ng talataang ito kung sinunog niya, halimbawa, ang kanilang bahay na kinaroroonan ng kanyang maybahay upang mapatay ang huli. Sa pamamagitan ng pagpapasabog ang pagpatay kung tinapunan niya ang kanyang maybahay ng granada; sa pamamagitan naman ng paglalason kung hinaluan niya nito ang pagkain ng kanyang maybahay. Sa alin man sa mga nasabing mga halimbawa, mayroong panlahat na mapagpalalang pangyayari lamang, dahil hindi maaaring maging pang-uri ng kalikasan ng krimen ang mga nasabing pangyayari. Parisidyo ang krimeng naganap, na nagkaroon ng gayong pag-uuri dahil sa kaugnayang pagkamag-asawa ng salarin at ng nasawi. Samakatwid, kung mayroon pang ibang mapagpalalang pangyayari na nagsisilbing pang-uri na sa kalikasan ng krimen, dapat na isaalang-alang lamang bilang panlahat na mapagpalalang pangyayari ang alin man sa mga mapagpalalang pangyayaring binabanggit sa Talataan 12, Artikulo 14.

Kapag wala talagang hangaring pumatay ng tao ang salarin sa gawang pagsusunog ng isang bahay, isang payak na arson o panununog lamang ang krimeng naganap kahit na may tao pang namatay. Kaya naman, kung panununog lamang ang krimeng layuning isagawa ng salarin nguni't may taong namatay bunga niyon, panununog lamang o arson ang krimeng nagawa. Ni hindi itinuturing na isang hiwalay na krimen ng homisidyo ang

354. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (12).

355. *Id.*

gawang nagbunga ng pagkamatay ng nasabing tao, sapagka't itinuturing na sinasaklawan ang pagkakapatay sa biktima ng krimeng panununog.[356]

Datapwa't sa ilalim ng Artikulo 320, Binagong Kodigo Penal,[357] kapag nagbunga ng pagkamatay nino man ang panununog na isinagawa sa alin man sa mga ari-arian at sa ilalim ng alin man sa mga pangyayaring binabanggit sa Artikulo 320, dapat ipataw ng hukuman ang parusang kamatayan. Dating naipasyang maaaring maging masalimuot na krimen ng panununog na may kasamang homisidyo ang kaganapang ito.[358] Datapwa't hindi na ngayon mailalapat ang ganitong panuntunan. Naipahayag na rin na walang masalimuot na krimeng panununog na may kasamang homisidyo. Kapag nagbunga ng pagkamatay ng tao ang pagsasagawa ng krimeng panununog, isang lantay na panununog o arson lamang ang krimen, datapwa't kamatayan ang parusa para rito. Sa kabilang dako, kung hangarin talaga ng salarin na patayin ang biktima, kaya sinunog niya ang bahay na kinaroroonan ng huli, at ang pagkamatay nga ng biktima ang kinahinatnan nito, asesinato ang krimeng naganap sa gayong paraan. Sa ganoong pagkakataon, hindi talaga nangangahulugang kamatayan ang magiging parusa sa salarin.[359]

Kapag ginamit na kasangkapan o paraan ng pagpatay ang alin man sa mga pangyayaring binabanggit sa Artikulo 14, Talataan 12, nagiging asesinato ang uri ng pagpatay.[360] Samakatwid, pang-uri sa krimeng asesinato ang mga mapagpalalang pangyayaring tinatalakay kapag siyang ginamit na pamatay.

Kung sinunog ng salarin ang isang kotse sa ilalim ng isang gusali, na humantong sa pagkakatupok sa apoy ng mismong gusali at isa sa mga nakatira sa gusali ang nasawi nang dahil sa sunog, hindi masasabing asesinato ang krimeng naganap. Upang maging asesinato, dapat na mayroon talagang hangaring pumatay at sadyang ginamit ang panununog bilang paraan sa pagtatamo ng nasabing layunin.[361] Kaya naman, kung upang patayin ang isang napiling tao ang layunin ng pagpapasabog, pagpapabaha, panununog o paglalason, asesinato ang krimen ginawa. Minsang masaad ang alin man sa mga pangyayaring ito sa sumbong o paratang bilang pang-uri sa kasalanan, hindi na dapat na isaalang-alang pa ang alin man sa mga ito bilang panlahat na mapagpalalang pangyayari sa layuning dagdagan ang parusa, dahil tatayo na ito bilang isang bumubuong sangkap ng krimen. Nguni't kung sinunog ang isang bahay pagkatapos patayin ang biktima, may dalawang hiwalay na

356. People v. Paterno, et al., 85 Phil. 722 (1950).

357. Ayon na rin sa pagkakasusog dito ng Batas Republika Blg. 7659.

358. U.S. v. Burns, 41 Phil. 418 (1921).

359. *Suriin ang* BINAGONG KODIGO PENAL, art. 248.

360. *Id.* sa art. 248, (3).

361. U.S. v. Burns, 41 Phil. 418 (1921).

krimen ng panununog (arson) at asesinato o homisidyo.[362] Hindi na rin magkakaroon ng mapagpalalang pangyayari ng pagsasagawa ng krimen "sa pamamagitan ng panununog."

Isang krimeng kinasasangkutan ng pagwawasak[363] ang isinasagawa kung isang granada ang itinapon sa isang bahay kung saan isang mag-anak na binubuo ng pito katao ang naninirahan, at bunga ng pagpapasabog, napinsala ang dingding ng bahay at nalagay sa panganib sa buhay ng mga nakatira roon. Gayon din, kung namatay isa sa mga nakatirang tao roon, nguni't wala namang hangaring pumatay ang salarin, isa pa rin krimeng kinasasangkutan ng pagwawasak ang naganap.[364] Nalagay sa alanganin ang panuntunang ito dahil sa pagpapawalang-bisa sa Artikulo 324 ng Binagong Kodigo Penal. Datapwa't kung mayroong hangaring pumatay at ginamit lamang ng salarin ang pagpapasabog upang maisakatuparan ang kanyang layuning kriminal, walang alinlangang asesinato ang krimen naganap kung ikinamatay ito ng biktima.

Sa ilalim ng Artikulo 330, na bumabaybay sa mga sangkap at nagpaparusa sa krimeng sinadyang pamiminsala sa mga kaparaanang-pahatiran, pagdidiskaril ng mga bagon ng tren, kinakailangang magbunga ng pagbabanggaan o sakuna ang kapinsalaan sa perokaril, o mga kawad pangtelepono o pantelegrama. Nguni't hindi ito sasansala sa iba pang saguting kriminal na ibinunga ng kagagawang kriminal. Kaya naman, kung sa pagdidiskaril ng bagon ng tren, kapinsalaan lamang sa ari-arian ang ibinunga, pamiminsala sa kaparaanang-pahatiran ang krimeng naganap, sa ilalim ng Artikulo 330. Kung mayroon pang pagkamatay ng tao na ibinunga ang nasabing kagagawan nguni't wala namang hangaring pumatay sa panig ng salarin, masasabing naganap ang isang masalimuot na krimen ng pamiminsala sa kaparaanang-pahatiran nang may kasamang homisidyo.[365] Kung nagbunga ng pagkamatay ng tao ang tinatalakay na kagagawan at mayroon talagang hangaring pumatay sa panig ng salarin, asesinato ang krimeng naganap, dahil ginamit na paraan ng pagpatay sa biktima ang pagdidiskaril ng bago o tren.[366] Kung naging pang-uring mapagpalala sa krimeng asesinato ang ganitong pangyayari, hindi na ito dapat na isaalang-alang pa bilang mapagpalalang pangyayari sa layuning dagdagan ang parusa sa salarin dahil, ayon sa Artikulo

---

362. People v. Bersabal, 487 Phil. 439 (Year); People v. Piring, 63 Phil. 546 (1936).

363. Dating art. 324 na napawalang-bisa na. Kung hindi arson ang isang kagagawang sanhi ng pagwawasak sa ari-arian ng iba, sasailalim ito sa alin man sa mga katadhanaan nauugnay sa sinadyang pamiminsala sa ari-arian ng iba.

364. Bagama't kamatayan na ang dapat na parusa, batay pa rin sa napawalang-bisang BINAGONG KODIGO PENAL, art. 324.

365. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 330 at art. 249, kaugnay ng mga art. 4 at 48.

366. *Id.* sa art. 248.

62, Talataan 1, kapag isinasama ng batas ang isang mapagpalalang pangyayari sa pagbabaybay ng mga bumubuong sangkap ng krimen, hindi na dapat isaalang-alang pa ang gayong pangyayari sa layuning pabigatin ang parusa sa naturang krimen. Maaaring maging bahagi ng mga bumubuong sangkap ng krimen ang bawat isa sa mga pangyayaring "panununog," "pagpapasabog," at "pagdidiskaril ng tren," gaya ng sa arson,[367] krimeng kinasasangkutan ng pagwawasak,[368] at kapinsalaan at paghahadlang sa kaparaanang-pahatiran.[369] Sa mga pagkakataong ito, hindi na nagsisilbing pampabigat ng parusa ang gayong mga pangyayari, dahil isinama na ang mga ito ng batas sa pagbabaybay ng mga bumubuong sangkap ng krimen.

Dapat pag-ibahin ang pinapaksa ng Talataan 12 sa mga pangyayaring nasasangkot sa ilalim ng Talataan 7. Sa ilalim ng Talataan 12, isinasagawa ang krimen sa pamamagitan ng alin man sa mga nasabing mga kagagawan o pakanang kinasasangkutan ng malaking pagsasayang o pagwawasak. Sa ilalim naman ng Talatan 7, isinasagawa ang krimen sa panahon o pagkakataon ng isang malakihang kapahamakan o kamalasan.

### M. *Maliwanag na May Nangunang-pagsasaisip, Paghahanda o Pagbabalak*

May mapagpalalang pangyayari kung naganap ang krimen nang may maliwanag na nangunang-pagsasaisip, paghahanda o pagbabalak.[370] May kinalaman ang batayan ng mapagpalalang pangyayaring ito sa kaparaanan ng pagsasakatuparan ng krimen, dahil nagpapahiwatig ang maliwanag na nangunang pagsasaisip o paghahanda ng sadyang pagbabalak ng kagagawan bago ito isinakatuparan. Itinatanggi ng pangyayaring pinagsasaksak ng salarin ang biktima sa biglaang udyok ang mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na pagbabalak, pagsasaisip o paghahanda.[371] Alinsunod din dito, hindi maisasaalang-alang ang maliwanag na pagsasaisip, paghahanda o pagbabalak kung hindi sinadya ang pagkikita ng mga salarin at ng biktima at isinagawa ang walang-kabuluhang pagpatay sa iglap ng sandali, lalo pa kung napatunayan ding nakatagpo lamang ng mga salarin ang biktima sa kauna-unahang pagkakataon noong nag-iinuman sila at walang sapat na lawig ng panahon ang namagitan mula nang maisip niyang ang pagpatay hanggang sa sandali ng pagsasakatuparan nito, upang makagawa ang salarin ng isang

---

367. *Id.* sa art. 320.

368. *Id.* sa dating art. 324, na napawalang-bisa na.

369. *Id.* sa art. 330

370. *Id.* sa art. 14, (13).

371. People v. Pajarillo, 94 SCRA 828 (1979); People v. Balictar, 91 SCRA 500 (1979); People v. Ramirez, 203 SCRA 25 (1991).

mahinahon at mapanuring pagmumuni-muni kaugnay sa kahihinatnan ng kanilang balak gawin.[372]

Upang maisaalang-alang ang maliwanag na pagbabalak, paghahanda o pagsasaisip, dapat ipakita ng katibayan hindi lamang kung kailan nabuo sa isipan ng salarin ang hangaring magsagawa ng krimen kundi pati na rin ang dahilang sanhi o pinag-usbungan nito, ang kaparaanang patiuna niyang pinili upang isakatuparan ang kanyang hangaring kriminal; sa madaling sabi, ang lahat ng mga kaganapan ang nangunang mga pangyayari na sama-samang nagpapakita na maalam na pinag-isipan, binalak at pinaghandaan ang krimen sa katuturang hinihingi ng batas, na hindi lamang kumilos ang salarin nang may nangunang balak o pakana kundi pagkatapos ng isang mahinahon at malalim na pagmumuni o pagdidili-dili at masigasig napagpupunyagi tungo sa pagsasakatuparan ng kanyang layuning kriminal.[373] Hindi sapat upang magpahiwatig ng maliwanag na pagsasaisip ang basta mga pagbabanta sa biktima bago isinagawa ang pagpatay kung hindi naman sinundan ang mga ito ng mga kagagawang nagbubunyag sa panig ng salarin ng matatag at masigasig na pagpupunyagi upang maisakatuparan ang naturang mga banta, layuning kanyang pinagmuni-munian nang malalim at mahinahon.[374] Hindi maisasaalang-alang ang maliwanag na pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda kung walang tuwirang katibayang nagpapakita na nagmuni-muni at nagdili-dili ang salarin kaugnay sa kanyang pasyang patayin ang biktima at may sapat na lawig ng panahong lumipas bago niya isinakatuparan ang kanyang balak.[375] Kung nagkataon lamang ang pagtatagpo ng salarin at ng biktima, walang maliwanag na nangunang pagsasaisip.[376] Walang natagpuang maliwanag na nangunang pagsasaisip kaugnay sa pananalakay na isinagawa kaagad makaraan ang isang pag-aaway tungkol sa pera.[377]

Masasabing binalak ng salarin na utasin ang biktima kung mula sa mga panlabas na mga pangyayaring ipinakita niya mula nang lumakad siya nang

372. People v. Diomonon, 44 SCRA 227 (1979); People v. Abejuela, 92 SCRA 503 (1979).

373. People v. Mil, 92 SCRA 89 (1979).

374. *Id.*; People v. Parangan, 231 SCRA 682 (1994). Sa People v. Tachado, 170 SCRA 611 (1989), natagpuang may maliwanag na nangunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda dahil nagkaroon ng makabuluhang panahong namagitan mula sa pagbabanta hanggang sa pagpatay, na sapat upang mabigyan ang salarin ng ganap na pagkakataon upang makapag-isip-isip at makapagdili-dili.

375. People v. Beralde, 91 SCRA 125 (1979); People v. Lanza, 94 SCRA 613 (1979), *na bumabanggit sa* People v. Cadag, 2 SCRA 388 (1979).

376. People v. Mozar, 130 SCRA 568 (1984); People v. Regulacion, 121 SCRA 40 (1983).

377. People v. Macariola, 120 SCRA 92 (1983).

kasama ang dalawa pang ibang salarin (kasama na ang taong siyang pumisil ng gatilyo ng baril na pamatay) patungo sa bahay ng biktima, kung saan nilasing niya ang kanyang mga kasamang salarin, gaya ng pagbubunyag niya ng kanyang balak na pagpatay sa biktima sa nasabing mga kasamang salarin nang matiyak niyang lasing na sila, ng kanyang pagtatapat na may hinanakit siya sa biktima bilang tugon sa sinabi ng isang kasamang salarin na wala itong sama-ng-loob laban sa biktima, ng kanyang agarang pagkilos upang magbigay ng bala nang magdahilan ang isang kasamang salarin ng kawalan nito, at ng kanyang laging pagtabi sa tagapisil-ng-gatilyo sa panganib ng mga sandaling isasagawa na ang krimen. Hindi maiiwasang humantong ang ganitong mga pangyayari sa pasyang maingat na binalak ng pasimunong tagahikayat sa salaring pumisil ng gatilyo ang para-paraang itinuring niyang sapat at mabisa upang maisakatuparan ang nilalayong kagagawan. Nagkaroon siya ng sapat na panahon upang makapag-isip-isip at hayaan ang kanyang budhing manaig sa pasya niyang pumatay. Talagang maliwanag na kumilos siya nang may lantarang paghahanda.[378]

Natagpuan ding dumalo ang mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na pagbabalak sa pagsasaalang-alang ng mga pangyayaring noong Biyernes ng hapon kung kailan naganap ang krimen, pagkaraan ng isang insidente sa kantina na ikinagalit ng salarin, sinabi niya sa isang kapwa-empleyado at sa isang tanod ng paaralan, na papatayin niya ang biktimang guro sa naturang paaralan. Muling naging maliwanag ang kalagayan ng isipan ng salarin nang pumunta siya sa sayawan ng paaralan kinagabihan ng Biyernes na iyon at nag-usisa mula sa isa pang guwardiya ng paraalan kung naroroon ang biktima. Noong sumunod na araw ng Sabado, nagkita ang salarin at ang isa pang guro sa paaralan kung kanino ipinagtapat niyang tiyak na napatay sana niya ang biktima kung kanyang lamang nakita ito noong nakaraang gabi. Pagdating ng Lunes ng umaga, dahil alam niya ang oras ng pagmimimindal ng biktima, nagdala ang salarin ng patalim, nagtungo sa kantina ng paaralan nang bandang 9:30 ng umagang iyon, at nang makita niya ang gurong biktima na nakatalikod sa kanya, walang-babalang pinagsasasaksak niya ito sa likod.[379]

Dahil inamin ng salarin na dala-dala niya ang isang kalibre .22 na rebolber noong hapon ng Disyembre 12, 1969; na nang makita niya ang biktima na nagmamaneho ng kanyang kotse sa lansangan ng P. Paredes, sinundan niya ito hanggang sa sulok ng mga lansangang P. Paredes at Lepanto, kung saan walong ulit niyang pinagbabaril ang biktima nang biglaan at walang ano mang babala, masasabing mahusay na ipinahahayag ng gayong pagtatapat ang kanyang balak na umusbong sa isang ganap-manupok na poot, na patayin ang taong itinuturing niyang pinag-ugatan ng lahat ng kanyang

378. People v. Ompad, et al., 26 SCRA 750 (1969).

379. People v. Renegado, 57 SCRA 275 (1974).

kasawian, kaya hindi pagkakamali ang pagsasaalang-alang ng maliwanag na paghahanda sa gayong pagkakataon.[380] May maisasaalang-alang din na maliwanag na paghahanda kung, sa gabing sinampal at pinaluhod ng nasawi ang salarin, niliwanag ng huli na ipaghihiganti niya ang ginawang panghihiya sa kanya at, dalawang araw makaraan nito, nakita ang salarin na gumalugad sa loob ng isang bus sa paghahanap sa nasawi kung saan, nang hindi niya ito matagpuan, sinabi niyang kung naroroon lamang ang nasawi, mayroon siyang inilalaan para sa kanya at. Kalaunan, nang matagpuan nga ng salarin ang nasawi na nakaupo sa isang dyip, pinagsasasaksak niya iyon.[381] Datapwa't hindi sapat upang magpatunay ng maliwanag na nangunang pangsasaisip ang basta pagtatapat ng salarin na matagal na niyang binalak patayin ang biktima dahil kinakailangan ang patunay ng hangaring kriminal sa pamamagitan ng mga lantarang kagagawang nagpapakita ng pagpupunyaging isagawa ang krimen.[382]

Maaaring isaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring maliwanag na paghahanda kaugnay sa isang nagpasimuno ng krimen sa pamamagitan ng panghihikayat. Kaya naman, kung tinangkang hikayatin ng isang salarin ang kanyang pamangkin, simula pa noong Marso, 1907, na patayin ang isang pari dahil noong Marso, 1909, dalawang buwan bago naganap ang asesinato, inalok niya ang kanyang pamangkin ng halagang P50 upang patayin ang pari; dahil ilang araw bago isinagawa ang asesinato, ibinunyag niyang isang anarkistang samahan ang naitatag nang may layunin patayin ang mga prayle sa Pilipinas; at dahil noong kinahapunan ng Mayo 15, pinanguluhan niya ang isang pagpupulong na idinaos sa kanyang sariling bahay, kung saan napagkasunduang dapat ngang patayin ang pari, at sadya niyang pinili doon ang kanyang pamangkin upang siyang magsagawa ng krimen, at tuwirang hinikayat niya itong gawin ang pagpatay, masasabing, kaugnay man lamang sa kanya, isinagawa ang krimen nang may lantarang paghahanda.[383] Hindi maaaring sakupin ng mapagpalalang pangyayaring ito ang isang taong nakarinig lamang, nguni't hindi nakibahagi, sa pagpapakana ng kanyang pangkat na patayin ang biktima.[384]

Buod ng paghahanda na dapat pinangunahan ang pagsasakatuparan ng kagagawang kriminal ng mahinahong pag-iisip at pagmumuni-muni sa pasyang isagawa ang hangaring kriminal sa loob ng panahong sapat upang

380. People v. Benito, 62 SCRA 351 (1975).

381. People v. Mojica, 70 SCRA 502 (1976).

382. People v. Lagarto, 196 SCRA 611 (1991).

383. U.S. v. Gamao, 23 Phil. 96 (1912).

384. People v. Regular, 108 SCRA 23 (1981).

makarating sa isang matiwasay na pagpapasya.[385] Kung gayon, dapat magkaroon ng katibayang nagpapakita na pinag-isipan at pinagmuni-munian ng salarin ang kanyang hangarin sa pagitan ng sandaling nabuo sa isip ang krimen at ng sandaling talagang naisakatuparan ito.[386] Dapat na maliwanag ang paghahanda, at hindi lamang hinihinala.[387] Kaya naman, dapat patunayan ng tagausig ang sumusunod na mga bumubuong sangkap ng maliwanag na paghahanda: (1) ang sandali kung kailan nagpasya ang salarin na isagawa ang krimen; (2) isang kagagawang magbubunyag o kakikitaan ng pahiwatig na nangunyapit sa kanyang pasya ang salarin; at (3) isang sapat na tagal o paglipas ng panahon sa pagitan ng pagpapasya at pagsasagawa, upang tulutan siyang makapagmuni-muni sa mga kahihinatnan ng kanyang kagagawan.[388] Hindi maisasaalang-alang ang maliwanag na nangunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda sa kawalan ng patunay kaugnay sa mga sangkap ng naturang

385. People v. Durante, 53 Phil. 363 (1929); People v. Parangan, 231 SCRA 682 (1994).

386. People v. Carillo, 77 Phil. 579 (1946).

387. People vs Yturriaga, 86 Phil. 534 (1950); People v. Nerit, 197 SCRA 334 (1991).

388. *Tignan* People v. Leano, C.A., 36 O.G. 1120; People v. Diva, et al., 23 SCRA 332 (1968). *Tignan din ang mga sumusunod,* People v. De La Cruz, 416 SCRA 24 (2003); People v. Escarlos, 410 SCRA 463 (2003); People v. Guiapar, 29 SCRA 539 (1984); People v. Jardiniano, 103 SCRA 530 (1981); People v. Lim, 71 SCRA 249 (1976); People v. Tiongson, et al., 47 SCRA 243 (1972); People v. Atanacio, 128 SCRA 22 (1984); People v. Villanueva, 128 SCRA 123 (1984); People v. Lorenzo, 132 SCRA 17 (1984); People v. Balatucan, 206 SCRA 81 (1992); People v. Antud, 215 SCRA 190 (1992); People v. Castor, 216 SCRA 410 (1992); People v. Lug-aw, 229 SCRA 308 (1994); People v. Ruelan, 231 SCRA 650 (1994); People v. Pandiano, 232 SCRA 619 (1994); People v. Bongadillo, 234 SCRA 233 (1994); People v. Muyano, 235 SCRA 184 (1994); People v. Estrellanes, Jr., 239 SCRA 235 (1994); People v. Cordero, 217 SCRA 1 (1993); People v. Boniao, 217 SCRA 653 (1993); People v. Besana, 220 SCRA 93 (1993); People v. Claveria, 221 SCRA 34 (1993); People v. Jotoy, 222 SCRA 801 (1993); People v. Salveron, 228 SCRA 92 (1993); People v. Clamor, 198 SCRA 642 (1991); People v. Nabayra, 203 SCRA 75 (1991); People v. Obenque, 147 SCRA 488 (1987); People v. Manalo, 148 SCRA 98 (1987); People v. Estillore, 141 SCRA 456 (1986); People v. Camilet, 142 SCRA 402 (1986); People v. Gravino, 122 SCRA 123 (1983); People v. Paculba, 124 SCRA 216 (1983); People v. Muit, 117 SCRA 696 (1982); People v. Camano, 115 SCRA 688 (1982); People v. Jardiniano, 103 SCRA 530 (1981); People v. Puno, 105 SCRA 151 (1981).

pangyayari.[389] Sa madaling sabi, dapat mailahad sa pamamagitan ng katibayan ang maliwanag na nangunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda.[390]

Kung nagsalaysay ang salarin, na nagtapat ng kasalanan sa hukuman, na namatay ang kanyang maybahay sandaang araw bago naganap ang krimen; na inutusan siya ng isang Datu Mupuck na maghuramentado at pumatay ng dalawang taong kanyang makakatagpo sa bayan; na pinangakuan siyang kapag nagtagumpay, bibigyan siya ni Mupuck ng isang magandang babae sa kanyang pagbabalik; na upang maisakatuparan ang hangarin niyang makapatay ng dalawang tao sa bayan ng Cotabato, dinala niya ang isang kris, na kanyang binalot sa dahon ng saging; na naglakbay siya patungo sa nasabing bayan nang isang araw at isang gabi mula sa kanyang tahanan; na pagdating sa bayan, sinalakay niya mula sa likuran ang isang Kastila, at kaagad matapos iyon, isa namang Intsik na nasa malapit ang kanyang nilusob; at, na hindi niya kailan man nakaaway ang alin man sa kanyang mga sinalakay, masasabing, batay sa nasabing salaysay, napatunayan ang mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na paghahanda.[391] Naipakita ng mga pangyayaring ito ang tiyak na petsa kung kailan tinanggap ng salarin ang mungkahing maghuramentado at pumatay siya ng dalawang taong una niyang makakatagpo sa pamilihan ng bayan ng Cotabato. Sa nasabing araw, masasabing nakapagpasya ang salarin na isagawa ang krimen. Naipakita ring naglakbay ang salarin upang sundin at isakatuparan ang mungkahi ni Datu Mupuck at nagdala pa siya ng sandatang magagamit niya. Malinaw sa mga kagagawang ito ang pagpapahiwatig ng kanyang pangungunyapit sa pasyang magsagawa ng krimen: (1) ang paglalakbay at (2) ang pagdadala ng sandata. Matapos naman ang paglalakbay nang isang araw at isang gabi, saka lamang napatay ng salarin ang mga biktima. Bumubuo ng sapat na paglipas ng panahon ang isang araw at isang gabi upang matanto ng salarin ang kahihinatnan ng kanyang binabalak gawin. Samakatwid, hindi maiiwasan ang kahalagahan ng pagpapatunay ng petsa at, kung maaari, ang mismong sandali kung kailan nagpasya ang salarin na magsagawa ng krimen, dahil tinutuos batay sa nasabing petsa at sandali ang paglipas ng panahon kaugnay sa layunin, ang pag-iral ng ikatlo sa mga bumubuong sangkap ng maliwanag na paghahanda.

389. People v. Hatague, 207 SCRA 779 (1992); People v. Repe, 175 SCRA 422 (1989); People v. Batas, 176 SCRA 46 (1989); People v. Pacada, Jr., 142 SCRA 427 (1986); People v. Del Valle, 103 SCRA 496 (1981).

390. People v. Danico, 208 SCRA 472 (1992). People v. Morales, 121 SCRA 426 (1983); People v. Lacson, 102 SCRA 457 (1981); People v. Gida, 102 SCRA 70 (1981); People v. Rizal, 103 SCRA 282 (1981) (hindi maikakatwirang nagkaroon nito nang dahil lamang sa pangyayaring tinambangan ang mga biktima).

391. U.S. v. Manalinde, 14 Phil. 77 (1909).

Dapat ibatay ang pagkaroon ng paghahanda sa mga panlabas na kagagawan at hindi ito dapat ipagpalagay sa pamamagitan lamang ng basta paglipas ng panahon.[392] Kaya naman, natagpuang bagama't may sinasabi sa pagtatapat ng salarin na, noong umaga ng Hunyo 29, ipinanukala niyang patayin ang biktima mula nang marinig niyang nakatakas at pinaghahanap ito, mayroon pa ring ganap na kawalan ng katibayan na magpapakitang nagkapag-isip-isip at nagkapagmuni-muni siya sa kanyang layunin sa pagitan ng sandaling nabuo niya ang pasyang gawin ang krimen at ng sandaling isinakatuparan nang talaga ito.[393] Hindi ito maisasaalang-alang kung walang katibayan ng pagbabalak o paghahanda sa layuning pumatay, o ng sandali kung kailan nabuo sa isipan ang pakana.[394] Dapat na maging maliwanag at lantad ang nangunang pagsasaisip na pumatay; dapat patunayan ito nang sapat sa pamamagitan ng katibayan ng mga panlabas na kagagawang nagpapakita ng hangaring pumatay. Hindi ito maibabatay sa paghihinala lamang.[395] Sa kawalan ng malinaw at positibong katibayan, kulang o kapos ang basta pagpapalagay at mga paghuhulo ng maliwanag na nangunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda, gaano man ang pagkamakatwiran o pagkamalamang nito.[396] Kung gayon, upang maisaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na nagunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda, dapat itong mapatunayan nang kasing linaw ng pagpapatunay sa krimen mismo[397] at hindi ito maaaring ibatay sa mga paghuhulo o

392. U.S. v. Ricafort, 1 Phil. 173 (1902). Dapat patunayan ang maliwalang na nagunang pagsasaisip sa naaangkop na paraan (People v. Lacson, 102 SCRA 457 [1981]); at dapat itong mailahad sa paraang malinaw (People v. Rizal, 103 SCRA 382 [1981]; People v. Roncal, 79 SCRA 509 [1977]; People v. Estrella, 221 SCRA 543 [1993]).

393. People v. Carillo, 77 Phil. 572 (1946).

394. People v. Wenceslao, 212 SCRA 560 (1992), hindi magagawang patunayan ang maliwanag na nagunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda kung walang tuwirang katibayan ng pagbabalak at paghahandang pumatay o kung kalian nabuo sa isipan ang balak na pumatay. Tignan din ang People v. Mallari, 212 SCRA 777 (1992), liban ang pangyayaring ito kung walang patunay ng pagbabalak; People v. Pelones, 230 SCRA 379 (1994); People v. Apolonia, 235 SCRA 124 (1994); People v. Samson, 176 SCRA 710 (1989).

395. People v. Nerit, 197 SCRA 334 (1991).

396. People v. Almendras, 372 SCRA 737 (2001); People v. Kinok, 368 SCRA 510 (2001); People v. Cabote, 369 SCRA 65 (2001); People v. Feliciano, 565 SCRA 613 (2001); People v. Acojedo, 369 SCRA 376 (2001); People v. Cantonjos, 370 SCRA 105 (2001); People v. Mosende, 371 SCRA 446 (2001); People v. Clarino, 362 SCRA 85 (2001); People v. Abriol, 361 SCRA 327 (2001); People v. Parba, 363 SCRA 488 (2001); People v. Iglesia, 365 SCRA 156 (2001); People v. Hermosa, 364 SCRA 648 (2001).

397. People v. Molato, 170 SCRA 640 (1989).

pagpapalagay lamang.[398] Hindi sapat na batayan nito ang basta pangyayaring magkaaway ang salarin at ang biktima.[399]

Makaraang makapagpasya ang mga salarin na magsagawa ng krimen, malinaw na ipinahihiwatig nila ang pangungunyapit sa kanilang napagpasyahan sa mga sumusunod na pagkakataon: (1) kung maingat na binalak ng mga salarin ang krimen; (2) kung naunang nakapaghanda ang mga salarin ng kaparaanang itinuring nilang sapat upang maisakatuparan ang krimen;[400] (3) kung inihanda na ang isang hukay sa liblib na pook sa bukid upang paglibingan ng bangkay ng taong nilalayong patayin ng mga salarin;[401] (4) kung paulit-ulit na nagsabi ang mga salarin na paparating na ang oras ng pakikipagtuos nila sa biktima at inarmahan nila ang kanilang sarili ng mga pamatay na sandata;[402] (5) kung sinimulan ng salarin na hasain ang kanyang gulok sa hapon pa lamang na sinundan ng gabi ng pagsasagawa ng krimen;[403] (6) kung, ayon sa kanyang sariling pagtatapat, tatlong ulit na tinangkang kitlin ng salarin ang buhay ng nasawi upang magawang pakasalan ang balong maybahay nito, na iniibig niya;[404] (7) kung paulit-ulit na ipinakana ng salarin ang pagsasagawa ng asesinato sa loob ng panahong umabot ng ilang linggo at sumubok ng mga paunang pagsisikap o pagtatangka, nang di-kukulangin sa dalawang pagkakataon, na isakatuparan ito;[405] (8) kung madalas magpulong ang apat na salarin upang talakayin, ilahad ang balak, at makapag-ipon ng iba't ibang kagamitang binubuo ng lubid, ayspik (panundot), lonapranela, plaslayt at pala, at maingat na pinili nila ang "tamang-tamang" pagdarausan ng malagim na kaganapang isinagawa nila.[406]

Maidaragdag na pamatayan sa pagpapatunay ng maliwanag na paghahanda na kailangang maging lantad, kapansin-pansin at malinaw ang hangaring kriminal na pinatutunayan ng mga panlabas na kagagawan ng salarin.[407] Bukod sa pamantayang ito, dapat ding maging malinaw ang layunin at pagpupunyagi, at napagpasyahan ito pagkaraang mapag-isipan nang mabuti sa panig ng mga taong bumuo ng balak at nagpasyang isagawa

398. People v. Buka, 205 SCRA 567 (1992).

399. People v. Caraig, 202 SCRA 357 (1991).

400. U.S. v. Cornejo, 28 Phil. 457 (1914).

401. U.S. v. Arreglado, 13 Phil. 660 (1909).

402. People v. Lopez, et al., 69 Phil. 298 (1940).

403. U.S. vs Liwakas, 17 Phil. 234 (1910).

404. People v. Ducusin, 53 Phil. 280 (1929).

405. People v. Jaravata, et al., G.R. No. L-22029, Agosto 15, 1967.

406. People v. Ong, 62 SCRA 174 (1975).

407. U.S. v. Banagale, 24 Phil. 69 (1928).

ito, at bunga ito ng pagdidili-dili, pag-iisip-isip at pagmumuni-muni bago ito isinagawa.[408]

Kung kinaugalian sa pook na pinangyarihan ng krimen ang pagdadala ng sandata, hindi nagpapahiwatig ang gayong pangyayari ng pag-iral ng sangkap na pangungunyapit ng salarin sa napagpasyahan, ang ikalawang bumubuong sangkap ng maliwanag na paghahanda. Kaya naman, kung taga-Laguna ang salarin at kinaugalian na ng mga tao roon ang pagdadala ng balisong, hindi masasabi nang may katiyakan na hangarin nga ng salarin na naglalakad nang may dala-dalang balisong na hanapin upang patayin ang nasawi.[409]

Hindi nagpapakita ng maliwanag na paghahanda ang basta pagbabalak, pagbabanta o pagtatangka nang hindi nagpapakita ng mga kagagawang malinaw na nagpapahiwatig ng pangungunyapit sa balak, banta o tangka. Kaya naman, ituturing lamang na isang nasumpungang pangungusap ang pagbabantang pumatay na hindi kinakatigan ng ibang katibayang magbubunyag ng totoong kriminal na kalagayan ng isipan ng salarin, na likas na umuusbong sa damdamin ng paghihinanakit at hindi mula sa isang pasyang may katangiang nasasangkot sa maliwanag na paghahanda.[410] Hindi rin sapat upang magpatunay ng maliwanag na paghahanda ang basta pangyayaring sinabi ng salarin sa kanyang pagtatapat ng kasalanan sa labas ng hukuman na, pakarinig pa lamang niya na nakatakas ang nasawi mula sa istakeyd ng hukbong sandahatan, pinaghandaan na niya ang ginawang pagpatay sa nasawi, dahil kinakailangan pang mapatunayan na pinag-isip-isipan ng salarin ang kanyang hangarin sa pagitan ng sandaling nabuo ito sa kanyang isipan at ng sandaling isinakatuparan nang talaga ang krimen. Hindi hihigit ang iminumungkahi ng salarin sa isang pagpapahayag ng kanyang pasyang magsagawa ng krimen, na lubusang naiiba naman sa paghahanda.[411] Kapag hindi naipakita ng katibayan na, sa gabing bago isinagawa ang krimen, nagkapagpasya nga ang salarin na patayin ang biktima at hindi rin napatunayang bunga ng pagmumuni-muni, pananantiya at pagpapasya sa panig niya ang isinagawang krimen, hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na nangunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda.[412]

Hindi umiiral ang maliwanag na paghahanda kahit man totoong dalawang araw bago pa man naganap ang pamamaril, nagbanta na ang salarin na babarilin ang nasawi at, sa gabing bago tuluyang naganap ang pagpatay,

408. People v. Zapatero, 58 SCRA 450 (1933).

409. People v. Diokno, 63 Phil. 601 (1936).

410. People v. Fuentesuela, 73 Phil. 553 (1942).

411. People v. Carillo, 77 Phil. 572 (1946).

412. People v. Ilaoa, 233 SCRA 231 (1994).

nagpahayag rin ng hangarin ang salarin na utasin ang nasawi, kung hindi naman naipakitang sa pagitan ng mga ito, nagbalak ang salarin o pinaghanap-hanap niya ang nasawi upang isakatuparan ang pagpatay at bagkus, sa katunayan, naganap ang pagpatay habang nag-aararo ng bukid ang salarin at di-inaasahang sumulpot doon ang nasawi. Maliwanag, sa halip, na hindi pinaghandaan ang ginawang pamamaril ng salarin. Ayon sa tuntunin, kasiya-siyang napatutunayan ang pang-uring mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na paghahanda kung maipakikitang sadyang nagbalak ang salarin na magsagawa ng krimen, at nagpumilit at tuluy-tuloy na sinunod ito, sa kabila ng pangyayaring nagkaroon na siya ng sapat na panahon upang tulutan ang kanyang budhing daigin ang kapasyahan ng kanyang kalooban, kung ninais lamang niya, pagkaraan ng pag-iisip-isip at pagmumuni-muni.[413] Kung gayon, hindi napatutunayan ang pangyayaring ito kapag walang katibayan kaugnay sa sandali kung kailan nagpasya ang salarin na patayin ang biktima.[414] Gayon din, hindi maisasaalang-alang ang maliwanag na nagunang pagsasaisip kung walang tuwirang katibayan ng ano mang balak o paghahandang patayin ang biktima.[415]

Sa kabila ng katotohanang halos labing-dalawang araw bago naganap ang pagpatay, tinangka nang saktan ng salarin ang biktima, kung nabigo ang katibayan ng tagausig na ipakita ang mga hakbang na isinagawa ng salarin pagkaraan ng pagtatangkang iyon upang kanyang mapatay ang biktima noong malagim na oras sa kaagahan ng Nobyembre 13, 1958, hindi pa rin masasabing napatunayan ang maliwanag na paghahanda.[416] Wala ring maisasaalang-alang na maliwanag na paghahanda kung nag-iisang katibayang pangkatig dito ang salaysay ng salarin na nagsasabing binalak niyang patayin ang biktima noong 1964 samantalang talagang naganap ang pananaksak na nakapatay sa biktima noong 1969 lamang.[417]

---

413. People v. Cordero, 217 SCRA 1 (1993).

414. *Tignan* People v. Bautista, 79 Phil. 652 (1947); People v. Sarmiento, 8 SCRA 263 (1963). Hindi ito maisasaalang-alang sa kawalan ng katibayan ng mahinahong pag-iisip at pagmumuni-muni sa panig ng salarin na patayin ang biktima sa loob ng panahong nagpapahintulot ng matiwasay na pagpapasya. *Tignan din* ang People v. Libardo, 127 SCRA 541 (1984) (hindi napapatunay ng maliwanag na nangunang pagsasaisip ang pangyayaring hindi maayos ang kaugnayang namagitan sa salarin at sa biktima) na gaya rin ng sinabi sa People v. Damo, 128 SCRA 665 (1984) (dapat nagkaroon ang salarin ng sapat na panahon upang makapagdili-dili sa kanyang masamang kagagawan).

415. People v. Manuel, 234 SCRA 532 (1994); People v. Narvaez, 121 SCRA 389 (1983), (walang katibayan ng pagbabalak o paghahandang pumatay).

416. People v. Managan, 59 SCRA 31 (1974).

417. People v. Alde, 64 SCRA 224 (1975).

Walang maisasaalang-alang na maliwanag na pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda kapag hindi magawang tuusin mula sa katibayan kung nagkaroon nga ba ng sapat na panahon ang salarin upang mapagmuni-munian ang pagiging masama ng krimen.[418] Dapat magkaroon ng batayan upang matuos kung nagkaroon nga ba ang salarin, mula sa pagkabuo ng plano hanggang sa katuparan nito, ng sapat na panahon upang maisaalang-alang nang mahinahon ang krimen at tanggapin ang mga kahihinatnan nito. Dapat mapatunayan ang maliwanag na pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda nang may kapatay na katiyakan sa pagpapatunay ng kagagawang kriminal mismo.[419] Kung binalak ng mga salarin ang pagpatay pagkaraang kumain ng tanghalian isang araw bago naganap ang insidente, maisasaalang-alang ang maliwanag na pagbabalak dahil nagkaroon na siya ng sapat na pagkakataon upang umurong sa pagsasagawa ng krimen datapwa't nagpatuloy pa rin siya at isinagawa ang krimeng pagpatay sa biktima.[420] Maipakikitang binalak ng salarin ang pagpatay nang may katagalang panahon bago naganap ang insidente mapapatunayang bumili siya ng ayspik mula sa isang tindahan sa Quiapo at dalawang galon ng sustansiyang pampalabnaw ng pintura.[421]

Kung ikinagalit ng salarin nang malaman niyang 100 bugkos lamang ng mais ang dinala sa kanya ng nasawi sa dakong 3:00 ng hapon at, pagsapit ng 7:00 kinagabihan ng araw ding iyon, nagtungo ang salarin sa bahay ng nasawi, armado ng gulok at sibat, at saka pinatay ang huli, masasabing sapat na ang apat na oras na namagitan sa pagputok ng galit ng salarin at sa kanyang pananalakay sa nasawi, upang makapagtimpi.[422] Kung sadyang binalak ng salarin at ng kanyang mga kasabwat na patayin ang tatlong biktima noong 4:00 ng hapon at sinimulan ang pagsasagawa ng pagpatay sa dakong 7:30 kinagabihan ng araw ding iyon, masasabing sapat din na panahon ang tatlo at kalahating oras na paglipas mula sa pagbabalak at pagsasagawa ng krimen upang mahinahong makapag-isip-isip ang mga salarin kaugnay sa kahihinatnan ng kanilang bilabalak na kagagawan.[423] Kung mula umaga ng Hulyo 5, nabuo na ng salarin ang hangaring salakayin ang nasawi at gumawa siya mula noon ng mga paghahanda para sa layuning ito, masasabing nagkaroon na siya ng isang buong araw upang gawin ang nasabing mga paghahanda at sa huling dako ng kinahapunan, o bandang 5:00, noong

418. People v. Resurrecion, G.R. No. 38780, 14 Disyembre 1979; People v. Cordero, 217 SCRA 1 (1993); People v. Carmina, 193 SCRA 429 (1991); People v. Macasabwang, 121 SCRA 713 (1983).

419. People v. Bautista, 92 SCRA 465 (1979).

420. People v. Gonzales, 92 SCRA 527 (1979).

421. People v. Tanchico, 93 SCRA 575 (1979).

422. People v. Lazada, 70 Phil. 525 (1940).

423. People v. Mostoles, et al., 85 Phil. 883 (1950).

pinaghahanap niya ang nasawi nang may tagu-tagong gulok sa ilalim ng kanyang damit, patungo sa isang pook na alam niyang katatagpuan sa biktima, at doon nga niya natagpuan ang nasawi at noon din pinatay, masasabing sapat na ang paglipas ng isang buong araw.[424]

Mayroong maliwanag na nangunang pagsasaisip kung nabuo ang sabwatang pumatay isang araw bago binaril ang biktima.[425] May dumalong maliwanag na nangunang pagsasaisip kung isinakatuparan sa hapon ang utos na ibinigay sa umaga ng pinuno ng tropa ng salarin na pumatay ng sino mang kasapi ng kalabang tropa sa loob ng bilangguan.[426] Sapat nga rin ang mahigit sa kalahating araw na paglipas upang magkaroon ng ganap na pagkakataon para magkapag-isip-isip at makapagmuni-muni ang salarin at tulutan ang kanyang budhi na daigin ang kapasyahan ng kanyang kalooban (*vencer las determinaciones de la voluntad*) kung ginusto lamang niyang makinig sa mga babala nito.[427] Sapat pa rin ang paglipas ng tatlong oras mula sa pagbuo ng pakana ng pagpatay hanggang sa sandali ng mismong pagpaslang, upang masabing pinangunahan ng maliwanag na paghahanda ang pagsasagawa ng krimen.[428] Kung nabuo ang balak na patayin ang biktima nang ika-1 ng hapon at isinagawa ito ng ika-8 ng gabi, masasabing may maliwanag na nangunang pagsasaisip, paghahanda o pagbabalak.[429]

Kung binaril ng salarin, na kawal kostable, ang nakatataas niyang pinuno may labinlimang minuto matapos siyang bulyawan nito sa bandang 7:00 ng umaga, masasabing hindi sapat ang labinlimang minuto upang magkaroon ng maliwanag na paghahanda dahil napakaigsi ng panahong lumipas upang tulutan ang budhi ng salarin na gapihin ang pasya ng kanyang kalooban kung ginusto lamang niyang pakinggan ang babala nito.[430] Hindi rin sapat ang panahong lumipas kung nagkaroon lamang ng kalahating oras ang salarin upang lubusang makapag-isip-isip at makapagmuni-muni mula nang lisanin niya ang bahay, magpunta sa kanyang kampo, magsuot ng unipormeng patig, kumuha ng isang ripleng garand at bumalik sa nasabing bahay, kasunod ang

424. People v. Dosal, 92 Phil. 881 (1953).

425. People v. Magnayon, 122 SCRA 23 (1983).

426. People v. Onavia, 120 SCRA 232 (1983).

427. People v. Diaz, 55 SCRA 178 (1974).

428. People v. Causi, G.R. No. L-16498, June 29, 1963.

429. People v. Ribandajo, 142 SCRA 637 (1986).

430. *Tignan ang* U.S. v. Blanco, 18 Phil. 206 (1911); *tignan din ang* People v. Duena, 227 SCRA 788 (1993), kung saan labinlimang minuto lamang ang nagdaan mula nang masuntok ng biktima ang salarin hanggang sa patayin ng salarin ang biktima; People v. Barba, 203 SCRA 436 (1991).

ilang manghaharana sa di-kalayuan, at magpaputok nang dalawang ulit.[431] Wala ring maliwanag na paghahanda kung isinagagawa ang pananalakay sa kaigtingan o kainitan ng galit[432] dahil kailangang magkaroon ang salarin ng isang pagkakataong mahinahon at matiwasay upang makapag-isip at makapagdili-dili sa kahulugan at mga kahihinatnan ng ano mang binabalak niya, isang namamagitang paglipas ng panahong sapat ang kahabaan upang madaig ng kanyang budhi at nakabubuting pagpapasya ang kanyang masamang hangarin at pakana.[433] Kaya naman, hindi maaaring kumatig sa sinasabing maliwanag na paghahanda ang basta pangyayaring hinintay ng salarin ang kanyang biktima bago tuluyang ginawa ang pagsalakay dito, sa kawalan ng katibayang nakapaghintay na siya nang makabuluhang tagal ng panahon bago pa man isinagawa ang pananalakay.[434] Kapos o kulang ang dalawang oras, bago isinagawa ang pagpatay, upang masabing nagkaroon ng sapat na panahon na makapag-isip-isip.[435].Datapwa't kung lumalabas sa katibayan na nanghiram ng gulok ang salarin sa layuning magsagawa ng krimen sa unahang bahagi ng umaga at naghintay siya nang may katagalan bago sinalakay ang kanyang biktima, masasabing napatunayan nang sapat ang maliwanag na paghahanda.[436]

Kapag tuwirang napatunayan ang pagsasabwatan, nang may patunay ng dumadalong pagdidili-dili at pamimili ng kaparaanan, sandali at kasangkapan sa pagsasakatuparan nito, maisasaalang-alang ang pag-iral ng maliwanag na paghahanda.[437] Kaya naman, kadalasang ipinapalagay na nagkaroon ng maliwanag na paghahanda sa gayong pagkakataon. Nguni't may kataliwasan din ang panuntunang ito dahil kapag ipinahihiwatig lamang ang pagsasabwatan, sa halip na hayag o tahasan, hindi maisasaalang-alang ang maliwanag na paghahanda sa kawalan ng patunay kung paano at kailan binuo ang balak na pagpatay sa biktima o gaano ang panahong lumipas bago ito

431. People v. Pantoja, 25 SCRA 468 (1968). Ayon sa People v. Pletado, 210 SCRA 634 (1992), walang maliwanag na nangunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda kapag isinagawa ang nakamamatay na pananalakay tatlumpung minuto lamang pagkaraang magkaroon ng pagtatalo.

432. People v. Anin, 64 SCRA 729 (1975).

433. People v. Mendoza, et al., 91 Phil. 64 (1952).

434. U.S. v. Buncad, 25 Phil. 539 (1913).

435. People v. Crisostomo, 108 SCRA 288 (1981).

436. U.S. v. Mercoleta, 17 Phil. 317 (1910).

437. U.S. v. Cornejo, 28 Phil. 457 (1914); People v. Timbang, et al., 74 Phil. 295 (1943); People v. Balisteros, 237 SCRA 499 (1994), maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito kapag napatunayan kung paano at kalian nagkasundu-sundo at nagsabwatan ang mga salarin na patayin ang mga biktima, na sinundan ng sapat na namamagitang panahon kung kalian nagawa sana nilang pagmuni-munian ang mga kahihinatnan ng kanilang hangaring criminal.

tuluyang naisakatuparan ng salarin.[438] Samakatwid, hindi laging patunay ng pagkakaroon ng maliwanag nangunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanada, ang ang patunay na nagkaroon ng pagsasabwatan[439]. Hindi rin kailangang nagkaroon ng maliwanag na nangunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda upang umiral ang isang pagsasabwatan.[440]

Maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng halaga (upa), pabuya o pangako nang hiwalay at di-nakasalalay sa, at sa kabila ng pangyayaring naisaalang-alang na, ang mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na paghahanda, sapagka't walang umiiral na pagsasalungatan sa pagitan ng mga pangyayaring ito. Kung tiyak na nagpapahiwatig, bilang kadalasang panuntunan, ang upa o pabuya ng nangunang paghahanda, kasing tiyak ding maaaring matagpuan ang maliwanag na pagbabalak nang walang upa o pabuya.[441] Hindi likas ang maliwanag na nangunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda sa mapagpalalang pangyayari ng halaga (upa), pabuya o pangako.[442] Samakatwid, maaaring sabayang umiral ang maliwanag na paghahanda at ang upa, pabuya o pangako. Datapwa't may mga pagkakataon kung kailan sinasakop ng paghahanda ang pabuya o pangako.[443] Nguni't mailalapat lamang ang gayong panuntunan sa isang tagahikayat (taong nagpasimuno sa pamamagitan ng panghihikayat).[444] Hindi kailangang mangahulugan ang basta pangyayaring ibang tao ang nagsakatuparan ng kagagawan, alang-alang sa pangako ng pabuya, na nagkaroon siya ng sapat na panahon upang magkapag-isip-isip sa mga kahihinatnan ng kanyang kagagawan.

Kadalasang hindi mapagpalalang pangyayari ang paghahanda kung iba ang naging biktima sa talagang nilalayon ng salarin.[445] Sa pagkakataon ng pagpaltos ng tama o pagmimintis ng hataw, maaaring maging iba ang biktima sa kabila ng maliwanag na paghahanda kaugnay ng pagsasagawa ng krimen laban sa isang pihong taong pinatatamaan o hinahataw. Sa gayong pagkakataon, hindi maisasaalang-alang ang maliwanag na paghahanda,[446]

438. People v. Custodia, 97 Phil. 698 (1955); People v. Upao Moro, G.R. No. L-6771, 28 Mayo 1957.

439. People v. Arcamo, 105 SCRA 707 (1981).

440. People v. Munoz, 107 SCRA 313 (1981).

441. U.S. v. Robor, 7 Phil. 726 (1907).

442. People v. Hipolito, 106 SCRA 610 (1981).

443. People v. Napenas, G.R. No. L-46314, 24 Disyembre 1938.

444. U.S. v. Manalinde, 14 Phil. 77 (1909).

445. People v. Dueno, 90 SCRA 23 (1979), *na bumabanggit sa* People v. Mabug-at, 51 Phil. 967 (1926).

446. People v. Mabug-at, 51 Phil. 967 (1926); People v. Guillen, 85 Phil. 307 (1950).

dahil maliwanag din na hindi pinaghandaan, kadalasan, ang naging kinahinatnan ng gayong kagagawan. Samakatwid, kung maliwanag na pinaghandaan din ang naiibang kinahinatnan ng kagagawan, maaaring maisaalang-alang ang maliwanag na paghahanda. Kaya naman, maisasaalang-alang ang maliwanag na paghahanda kahit pa naiiba sa nilalayong biktima ang talagang napatay, kung naipakitang nakapagpasya ang mga magkakasabwat sa pagsasagawa ng krimen na patayin hindi lamang ang nilalayong biktima kundi pati na rin ang sino mang taong sasaklolo o tutulong sa kanya na manlaban nang marahas.[447] Kung gayon, totoong kapag naiiba sa taong nilalayon ang taong napatay, hindi maaaring isaalang-alang ang pang-uring mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na paghahanda;[448] datapwa't maisasaalang-alang pa rin ang maliwanag na paghahanda kahit na isang taong naiiba sa nilalayong biktima ang napatay, kung maipakikitang nakapagpasya ang mga magkakasabwat sa pagsasagawa ng krimen na patayin hindi lamang ang nilalayong biktima kundi pati na rin and sino mang tutulong sa kanya na manlaban nang marahas.[449] Gayon din, hindi rin kinakailangan na nagbalak pumatay ang salarin ng isang tiyakan o napipihong tao upang magkaroon ng maliwanag na paghahanda. Kaya naman, maisasaalang-alang ang maliwanag na paghahanda laban sa salarin: (1) kung ang pagpatay sa unang dalawang taong makikita niya sa pook na layong pagsagawaan ng krimen ang malinaw na hangaring kriminal na nais maisakatuparan ng salarin;[450] (2) kung nagpasya ang salarin, pagkaraan ng maingat at mapag-isip na pagmumuni-muni, na patayin sa unang pagkakataong maisasagawa ang sino mang taong makakatagpo niyang mula sa bayan ng Macabebe, dahil sa nangyaring pagkaratay ng kanyang anak na lalaki sa salot na kolera, na kanyang isinisisi sa mga naninirahan sa Macabebe, bagay na nagpapahiwatig na sadyang naghanap ang salarin ng isang taong nagmula sa bayan ng Macabebe, maging sino man ang taong iyon, kaya walang alinlangang masasabi na pinakilos ang salarin ng udyok ng kanyang di-matwid na palagay laban sa sino mang taong nagmula sa Macabebe at, sa pagsunod sa kanyang kapasyahang kriminal na mataimtim na binuo sa isipan at pumiling magsakatuparan ng paghihiganti, nagsagawa siya ng krimen nang may na paghahanda;[451] at (3) kung isinagawa ang isang pangkalahatang paglusob sa pangkat ng kabahayan, na pinaghandaan at binalak bago tuluyang inilunsad, masasabing dinaluhan ng

447. People v. Timbol, et al. , G.R. Nos. L-47471-47473, 4 Agosto 1944.

448. People v. Guillen, 85 Phil. 307 (1950).

449. People v. Timbol, et al., G.R. Nos. L-47471-47473, 4 Agosto 1944; People v. Ubina, 97 Phil. 515 (1955).

450. U.S. v. Manalinde, 14 Phil. 77 (1909).

451. U.S. v. Zalsos at Ragmac, 40 Phil. 103 (1919).

mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na paghahanda ang pagpatay sa sino mang daratnan doon.[452]

Samakatwid, kung nagpasya ang salarin na patayin ang isang tiyakan o napipihong tao at pinaghandaan niya ang pagpatay sa huli, nguni't nang kanyang isakatuparan ang balak, ibang tao ang napatay niya sa halip, hindi masasabi nang wasto na pinaghandaan niya ang pagpatay sa taong talagang naging biktima.[453] Nguni't kung pinaghandaan ng salarin ang pagpatay sa sino mang tao, tulad ng salarin na nakapagpasyang patayin ang unang dalawang taong makakatagpo niya sa pamilihang-bayan, nararapat lamang na isaalang-alang laban sa gayong salarin ang mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na paghahanda, dahil sakop ng pinag-isipan sa kanyang paghahanda ang sino mang mapatay niya. Gayon din, kung nabibilang ang biktima sa isang kaurian o pangkat na tinudla o pakay ng salarin, bagama't hindi muna niya napiho o tiniyak ang biktima, maisasaalang-alang pa rin ang mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na paghahanda. Kung kabilang ang biktimang tagalako ng paninda mula sa bayan ng Macabebe sa kaurian o pangkat na pinili o tinudla ng nasakdal ("*mga taong mula sa Macabebe*," kung kanino niya isinisi ang paglaganap ng salot na kolera sa kanyang nayon), sakop ang biktima ng pinag-isipan niyang krimen dahil, sa kanyang paghahanda, kasama ang sino mang taong nagmula sa bayan ng Macabebe. Samakatwid, maaaring umiral pa rin ang maliwanag na nangunang pagsasaisip kahima't sa sandaling nagpasya ang salarin na magsagawa ng krimen, hindi pa niya natuos ang isang tiyakang biktiman.[454]

Hindi maisasalang-alang ang pang-uring mapagpalalang pangyayaring maliwanag na paghahanda sa layuning maging asesinato ang krimen, sa halip na homisidyo, kung hindi naman nagkaroon ng isang pagbabantang may tuwiran at tiyakang katangian, laban sa isang di-tiyakan at di-pihadong taong paggagawan nito, gaya ng nasabi ng salarin na nawalan ng bangkang pangisda kung kaya, sa matinding galit, nakapagbantang siya o ang magnanakaw ng kanyang bangkang pangisda ang magiging multo kapag nagkatagpo sila, bagama't napatay niya, nang matagpuan, ang napihong magnanakaw.[455] Kung walang katibayang nagpapakita na napagpasyahan ng salarin ang

452. U.S. v. Rodriguez, 19 Phil. 150 (1911); U.S. v. Binayoh, 35 Phil. 23 (1916); U.S. v. Butag, 38 Phil. 746 (1918).

453. People v. Boniao, 217 SCRA 653 (1993).

454. People v. Balatucan, 206 SCRA 81 (1992).

455. U.S. v. Caranto, 4 Phil. 250 (1902). Sa People v. Centeno, 130 SCRA 178 (1984), kung saan natagpuang dumalo ang mapagpalalang pangyayaring ito, isinaalang-alang ang nagunang pagbabanta na ginawa ng salarin at inulit pa sa ibang pagkakataon, at ilang araw nga pagkaraan nito, ganap na sandatahang nagtungo ang salarin sa bahay ng biktima upang patayin ito.

pagpatay, bago ito isinagawa, ni may katibayang nagmula ang gawang pamamaril sa biktima sa pagmumuni-muni, pagtatantiya o pagpapasya, lalo pa't hindi niya kilala ang nasawi bago napiho ang pagkasino nito at naganap ang pagyayari, walang maisasaalang-alang na maliwanag na paghahanda.[456]

Hindi itinuturing na mapagpalalang pangyayari ang maliwanag na pagbabalak kapag likas na sangkap ito ng krimen. Kaya naman, itinuturing na likas sa pagnanakaw ang maliwanag na paghahanda,[457] lalung-lalo na kung isinagawa ng iba't ibang tao, dahil kailangan nilang magkasundu-sundo, mag-isip-isip at magmuni-muni nang sama-sama sa paraan ng pagsasakatuparan ng krimen at dapat silang kumilos nang sabayan at nagtutulungan upang magtagumpay.[458] Datapwa't kung mayroong maliwanag na paghahanda hindi lamang upang magnakaw ng ari-arian kundi kasama sa pinaghandaan ang pagpatay sa biktima, maisasaalang-alang ang maliwanag na paghahanda bilang mapagpalalang pangyayari.[459] Samakatwid, sa krimeng pagnanakaw na may kasamang homisidyo, maisasaalang-alang ang maliwanag na paghahanda bilang mapagpalalang pangyayari kung hindi lamang pinaghandaan ng mga nanloob ang pagnakaw ng mga ari-ariang personal sa bahay ng isang Hukom Bautista kundi pati na rin ang pagpatay sa hukom.[460] Kung inamin ng mga salarin ang nakasaad sa paratang na may hangarin din silang pumatay nang magsagawa ng panloloob sa bahay ng isang Carlota Ocenada, kung kaya nagdala sila ng mga patalim na panugat sa kanilang biktima, maisasaalaang-alang din ang mapagpalalang pangyayari ng maliwanag na paghahanda kaugnay sa ginawang pagpatay sa isang Pablo Ocenada.[461] Sa kabilang dako, kung wala namang katibayan na naunang binalak at pinagkasunduan ng mga magkakasabwat ang pagpatay sa kanilang mga biktima, hindi mapagpalalang pangyayari ang maliwanag na pagbabalak sa krimeng pagnanakaw na may

---

456. People v. Samonte, Jr., 64 SCRA 319 (1975).

457. Higit na malawak ang abot ng panuntunang ito gaya ng sinasabi sa People v. Daos, 60 Phil. 143 (1934), kung saan likas ang mapagpalalang pangyayaring ito sa mga krimen laban sa ari-arian.

458. People v. Pajotal, 368 SCRA 674 (2001); People v. Morial, 363 SCRA 96 (2001).

459. *Tignan ang* People v. Corrachea, 91 SCRA 422 (1979), na nagpasyang upang maging mapagpalala ang maliwanag na pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda sa krimeng pagnanakaw na may kasamang pagpatay, dapat na may nangunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda kaugnay hindi lamang sa pagnanakaw kundi pati na rin sa pagpatay.

460. People v. Valeriano, et al., 90 Phil. 35 (1951). *Gayon din sa* People v. Pagal, et al., 79 SCRA 570 (1977); People v. Marcial, et al., 28 SCRA 747 (1959); People v. Manasala, 211 SCRA 66 (1992).

461. People v. Nabural, 28 SCRA 747 (1969).

kasamang homisidyo.[462] Kung nataon o bungang insidente lamang ang pagpatay ng tao sa pagsasagawa ng pagnanakaw, dahil walang naunang maliwanag na pagbabalak na patayin ito, hindi dapat isaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito sa layuning dagdagan ang parusa. Kapag nasumpungang pangyayari lamang ang pagkakapatay ng salarin sa biktima, wala rin ang ganitong mapagpalalang pangyayari.[463]

Umiiral nang hiwalay o bukod sa isa't isa ang katrayduran at ang maliwanag na nangunang pagsasaisip, pagbabalak o paghahanda.[464]

*N. Katusuhan, Panlilinlang o Pagbabalatkayo*

May mapagpalalang pangyayari kung gumamit ng katusuhan, panlilinlang, o pagbabalatkayo ang salarin sa pagsasagawa ng krimen.[465] Kaya naman, bibigat ang parusa kung isinagawa ang krimen nang may katusuhan, panlilinlang o pagbabalatkayo. Batay, kung gayon, ang mapagpalalang pangyayaring ito sa kaparaanang ginamit sa pagsasagawa ng krimen, na nagpapakita ng namumukod na kasamaan ng salarin. Katangian ng pangyayaring ito ang kaparaanang nagmula sa katalinuhan ng isipan, sa halip na katawanin lamang, na ginagamit ng salarin upang maisakatuparan ang kanyang pakana. Layong saklawin ng talataang ito, halimbawa, ang kalagayan ng isang mang-uumit na nagkunwaring kasintahan siya ng katulong sa isang bahay upang makapasok doon at mapagnakawan ang may-ari nito (*astucia* o katusuhan); o ang kalagayan kung saan ginaya ng salarin ang sulat-kamay ng isang taong kaibigan ng biktima, sa pamamagitan ng isang liham na sinulat sa huwad na sulat-kamay, na nag-anyayang magtagpo sila sa napiling pook, upang magkaroon ang salarin, na nag-aabang sa itinalagang pook, ng pagkakataon upang mapatay ang nasawi (*fraude* o panlilinlang); o ng kalagayan kung saan gumamit ng pagbabalatkayo (o *disfraz*) ang salarin upang hindi siya makilala.[466] May katusuhan at pagbabalatkayo kung nagsuot ng gayak ng hukbong sandatahan ang mga salaring nagsagawa ng pananambang.[467]

Kinasasangkutan ang katusuhan ng pangkaisipang pandaraya o kaswitikan sa panig ng salarin.[468] Dapat na kinasangkapan ng salarin ang katusuhan sa

462. People v. Pulido, et al., 85 Phil. 709 (1950).

463. People v. Ochavido, 142 SCRA 193 (1986).

464. People v. Samson, 176 SCRA 710 (1989).

465. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (14).

466. People v. Rodriguez, 19 Phil. 155 (1911).

467. People v. Rizal, 103 SCRA 282 (1981).

468. *Tignan ang* People v. Lor, et al., 132 SCRA 41 (1984), *na bumanggit sa* People v. Gobetania, 116 SCRA 297 (1982); People v. Gor, 50 Phil. 539 (1927).

layuning mapadali ang pagsasagawa ng krimen[469] pagpasyang patayin siya sa pook na walang-naninirahan upang maging mahirap mabunyag ang krimen, na maglakbay kasama nila papunta sa isang malayong bundok, sa pagkukunwaring doon nila matatagpuan ang isang punong mulawin na dinadaluyan ng katas na may pambihirang birtud, at habang-daan nga, sa isang liblib na lugar na walang-naninirahan, pinatay siya ng mga salarin, masasabing isinagawa ang krimen nang mayroong mapagpalalang pangyayari ng katusuhan, na dapat isaalang-alang sa layuning dagdagan ang parusa sa mga salarin.[470]

May katusuhan kung nagkunwari ang mga salarin bilang mga pasaherong-tunay sa taksing minamaneho ng nasawi, bagama't gawa-gawa lamang nila ito upang huwag maghinala ang nasawi sa kanilang balak, bago tuluyang pinatay ito.[471] Katusuhan din ang ginawang pagpapanggap ng salarin sa isang katayuang maykapangyarihan, sa pagkukunwaring alagad siya ng batas ng CID samantalang hindi naman talaga, upang makapasok at makaisa ang nasaktang panig na walang kasama noon sa bahay, at maisakatuparan niya ang mga kagagawang malalaswa laban sa kanya.[472] Katusuhan ang pagpapanggap ng mga salarin bilang mga sundalong Kostable sa layuning makapasok sa kinaroroonan ng biktima.[473] May katusuhan sa gawang pagpunas ng salarin sa dumi ng pantalon ng napinsalang panig, na ang salarin mismo ang nangdumi, at habang huli ng ginagawang ito ang buong pansin ng nasaktang panig, isang kasabwat ng ng naturang salarin ang dumukot sa pitaka ng napinsalang panig mula sa likuran.[474] Isinaalang-alang bilang katusuhan ang pakunwang pagpapabarya ng mga salarin sa napinsalang panig ng isang P10-papel at, nang ilabas ng huli ang kanyang pitaka, bigla na

469. People v. Revotoc, 106 SCRA 22 (1981).

470. U.S. v. Gampana, 36 Phil. 817 (1917); People v. Alcaraz, et al., 103 Phil. 533 (1958).

471. *Tignan* People v. Daos, et al., 60 Phil. 143 (1934); *tignan ang* People v. Cristobal, Jr., 91 SCRA 71 (1979). *Nguni't tignan ang* People v. Barrios, 92 SCRA 189 (1979), na naglilinaw na kapag walang katibayang hangarin ng mga salarin na maging mga pasahero nang kanilang patigilin ang taksing minamaneho ng drayber na kanilang ninakawan at pinatay, hindi maisasaalang-alang ang katusuhan. *Tignan din* ang People v. Lee, 204 SCRA 900 (1991), nagkunwaring mga pasaherong *bona fide* ng dyip ang mga salarin; People v. Manalang, 142 SCRA 673 (1986), kinilalang may katusuhan dahil nagkunwaring nakisakay sa biktima ang mga salarin upang madala sa ilang na lugar ang biktima, kung saan siya pinatay; People v. Vallente, 144 SCRA 495 (1986), nagkunwari ang mga salarin bilang mga pasahero ng dyipni ng napiling biktma.

472. People v. Timbol, C.A. 47 O.G. 1869.

473. People v. Saguing, 30 SCRA 835 (1969).

474. People v. Bagtas, C.A., 47 O.G. 1251 .

lamang inagaw iyon ng mga salarin mula sa kanyang kamay.[475] Kung gumamit ang salarin ng kending tsokolate na di-paghihinalaang naglalaman ng nakasasanay na droga, sa layuning pahinain ang katawan at isip ng nasaktang panig upang di-makalaban at di-makatutol sa kanyang isinagawang panggagahasa, may katusuhan ang pagsasagawa ng krimen.[476]

May katusuhan kung hinikayat ng salarin ang biktima na sumama sa kanya sa Lungsod ng Quezon sa pagdadahilang kukuha siya ng perang pambayad sa utang niya sa biktima at, sa pagkukunwari ng pagkakaibigan at pagsasamantala ng kanyang pagtitiwala, nagawa niyang dalhin ang biktima sa isang di-pinamamahayanang pook kung saan isinagawa niya ang krimen.[477] May katusuhan kung ginamit ng salarin ang manugang ng biktima upang magawang tawagin ito sa kalagitnaan ng gabi.[478] Datapwa't hindi sapat upang maging katusuhan ang pagkukunwaring may sakit upang magawa ng salarin na kunin ang pahintulot ng may-ari ng isang trak na dalhin ito upang magamit sa pagsasagawa ng krimen.[479]

Kapag may katangian ng isang bumubuong sangkap ng krimen ang katusuhan, hindi ito maisasaalang-alang nang hiwalay sa layuning palalain ang krimen.[480] Kaya naman, kung hindi talaga hinangad ng salarin na pasukin ang kasunduan ng pagbili-at-pagbenta ng isang dyip, at isang pagkukunwari lamang sa kanya ang kasulatan ng bilihan, dahil hindi siya nagbayad, humahalili ang panlilinlang sa sangkap ng paglabag sa tahanan kaugnay sa pagkuha ng nasabing dyip, sa krimen ng may pang-uring pang-uumit na isinagawa niya.[481]

Isinasagawa ang panlilinlang sa pamamagitan ng mga mapaglalang na pananalita at mga pagpapakanang ginagamit upang mahikayat ang biktima na kumilos sa paraang magpapahintulot na maisagawa ng salarin ang kanyang hangarin. Kung hinikayat ng mga salarin ang kanilang mga biktima na isuko ang kanilang mga sandata sa pangakong walang ano mang kapahamakan na gagawin sa kanila,[482] at nang ipaubaya nga nila ang kanilang mga sandata, saka naman sila sinalakay at pinagpapapatay, masasabing nagkaroon ng panlilinlang. Gayon din, kung nahikayat ng mga salarin ang biktima, sa pagkukunwa nilang bibili ng isang boteng alak, sa layuning mapababa siya sa

---

475. People v. Mallari, 60 Phil. 401 (1934).

476. People v. Guy, C.A., 64 O.G. 13557.

477. People v. Tanchico, 93 SCRA 575 (1979).

478. People v. Yap, 125 SCRA 203 (1983).

479. People v. Zea, et al., 130 SCRA 77 (1984).

480. *Tignan ang* BINAGONG KODIGO PENAL, art. 62, (1 at 2).

481. People v. Tiongson, C.A., 59 O.G. 4524.

482. U.S. v. Ahelinde, 1 Phil. 568 (1902).

unang palapag ng kanyang tahanan kung saan nakalagay ang alak, at saka pumasok doon nang buksan ang pinto, at noon naman sinimulan ang pananalakay na nagtapos sa pagkamatay ng biktima, malinaw na nagkaroon ng panlilinlang.[483]

Kung sa layuning mapasok ang bahay ng biktima, isa sa salarin ang sumigaw mula sa labas ng bahay na gusto niyang bumili ng sigarilyo, gawang humikayat sa may-ari ng bahay na buksan sa kanila ang pinto sa kusina, samantalang isa naman sa mga salarin ang nagkunwang makikiinom ng tubig, kung kaya nakapasok na silang tuluyan sa bahay at, habang nasa loob nito, naisagawa nila ang krimeng pagnanakaw na may kasamang panggagahasa, matatagpuang dumalo sa pagsasagawa ng krimen ang mapagpalalang pangyayari ng katusuhan.[484] Kung nagawa ng mga salarin na makapasok sa bahay kung saan isinagawa ang krimen sa pagkukunwaring bibili sila ng sigarilyo, may katusuhan.[485] Mayroong katusuhan o panlilinlang kung sa pamamagitan ng pandaraya nagawa ng salarin na makapasok sa bahay ng biktima, sa pagkukunwaring may mapayapang hangarin sila (pagbili ng manok) sa pagnanais na makapasok sa bahay ng biktima, napaalis nila ang kanyang paghihinala at nagawa nilang makapasok sa bahay ng biktima nang may pahintulot ng huli sa pamamagitan ng pandaraya o panlilinlang. Kung nagtungo ang salarin, na amain ng nasaktang panig na batang babae, sa bahay nito nang sinasamantala ang pagkakataong wala roon ang ina ng batang babae, saka tinangay at dinala sa malayo ang batang babae, kung saan siya ginahasa, masasabing nagsagawa ng panggagahasa ang salarin nang gumagamit ng panlilinlang.[486]

May pagbabalatkayo kapag gumagamit ng ano mang kasangkapan ang salarin upang maitago ang kanyang pagkasino. Mapagpalala ang pagbabalatkayo sa krimeng pagnanakaw.[487] Mayroong pagbabalatkayo kung

483. U.S. v. Bundal, 3 Phil. 89 (1903).

484. People v. Napili, et al., 85 Phil. 521 (1950), *na bumanggit sa* U.S. v. Gampana, 36 Phil. 817 (1917), *at* People v. Daos, 60 Phil. 143 (1934). Datapwa't dahil kahawig ang mga pangyayari ng usaping nabanggit sa nasangkot sa usapin ng U.S. v. Bundal, *supra* talâ 483, dapat na panlilinlang ang isinaalang-alang na mapagpalalang pangyayari. Gahibla ang pagkakaiba ng katusuhan sa panlilinlang, gaya ng ipinakikita ng nasabing pagkakaiba ng pananaw. Kapag may tuwirang panghihikayat sa pamamagitan ng mapaglalang na pananalita o pagpapakana, mayroong panlilinlang; kung hindi naman, bumubuo ng katusuhan ang ano mang kagagawan ng salarin na naglalayong huwag mapukaw ang paghihinala ng biktima.

485. People v. Regato, et al., 127 SCRA 287 (1984), *na batay sa* People v. Napili, 85 Phil. 521 (1950).

486. People v. De leon, 50 Phil. 539 (1927).

487. People v. Veloso, 112 SCRA 173 (1982).

pinaitim ng salarin ang mukha niya upang hindi siya makilala noong sandaling isinagawa niya ang krimen.[488] Kung tinakpan ng salarin ng panyo ang kanyang mukha bago isinagawa ang krimen,[489] may pagbabalatkayo rin. May pagbabalatkayo din kung gumamit, nang labag sa batas, ang mga salarin ng uniporme ng mga kawal kostable.[490] Isang pagbabalatkayo ang paggamit ng di-tunay na pangalan sa isang mapanirang panulat sa pahayagan.[491] Datapwa't kung, sa kabila ng pangyayaring gumamit ng panyo ang mga salarin upang takpan ang kanilang mga mukha, nakilala pa rin sila, hindi itinuturing na mapagpalalang pangyayari ang pagbabalatkayo.[492] Walang pagbabalatkayo kung nakilala nang sapat ng asawa at ng ina ng biktima ang ilan sa mga salaring nakibahagi sa pagnanakaw na hindi nagsuot ng balabal sa kanilang mga mukha.[493]

Sa pagbabalatkayo, layunin ng salarin ang paggamit ng ano mang kasangkapan upang itago ang kanyang pagkasino. Kaya naman, kung bagama't nagbalabal ng tela sa kanilang mga ulo ang mga salarin, hindi naman lumilitaw na ginawa nila ito upang magbalatkayo, kundi bilang pagsunod lamang sa kinagawian sa bansang kinalakihan nila, walang mapagpalalang pangyayari ng pagbabalatkayo.[494] Gayon man, kahit nagbalatkayo ang salarin sa pamamagitan ng paggamit ng damit ng kanyang kabiyak at isang sumbrerong ibinigay sa kanyang ng isang kasamahan bago siya tumulak sa lugar kung saan niya napatay ang nasawi, hindi maisasaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng pagbabalatkayo kung ginawa niya ito sa takot na salakayin ng masasamang-loob habang nasa daan, hindi upang itago ang kanyang pagkasino.[495]

### *O. Pagsasamantala sa Nangingibabaw na Lakas o Paggamit ng Kaparaanang Nagpapahina sa Pagtatanggo*

May mapagpalalang pangyayari kung, sa pagsasagawa ng krimen, sinamantala ng salarin ang nangingibabaw na lakas, o gumamit ng mga kaparaanan upang pahinain ang pagtatanggol.[496] Dalawang mapagpalalang mga pangyayari ang itinatadhana sa Talataan 15, Artikulo 14: (1) pagsasamantala sa nangingibabaw

488. People v. Cofrada, 4 Phil. 154 (1905).

489. People v. Piring, 63 Phil. 548 (1936).

490. People v. Gonzalez, 56 Phil. 253 (1913).

491. People v. Cedemus, C.A., G.R. No. 43808, 20 Agosto 1936.

492. People v. Sonsona, G.R. No. L-8966, 25 Mayo 1956.

493. People v. Ijurcadas, 122 SCRA 515 (1983).

494. U.S. v. Rodriguez, 19 Phil. 159 (1911).

495. U.S. v. Guy-sayco, 13 Phil. 292 (1909).

496. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (15).

na lakas; at (2) paggamit ng kaparaanang nagpapahina sa pagtatanggol. Batay ang mga mapagpalalang pangyayaring ito sa kaparaanang ginamit sa pagsasagawa ng krimen, na nagpapakita ng namumukod na kasamaan ng salarin. Mailalapat lamang ang ganitong mga mapagpalalang pangyayari sa mga krimen laban sa tao, at magkaminsan, laban sa tao at ari-arian, gaya ng pagnanakaw na may kasamang pananakit o panunugat sa katawan ng kapwa o homisidyo. Kung nilango muna ng droga ang biktima upang maisagawa ang panggagahasa sa kanya, hindi ang paggamit ng kaparaanan upang pahinain ang panlalaban ng biktima ang siyang maisasaalang-alang na mapagpalalang pangyayari, kundi ang katusuhan.[497]

Sa paggamit ng salitang "*sinamantala*" sa katadhanaang ito, ipinaaabot ang kahulugang kinasasangkutan ang pagsasamantala ng nangingibabaw na lakas ng paggamit ng sadyang malabis na lakas na nakahihigit o hindi katumbas lamang ng kakayahan sa pagtatanggol ng taong sinalakay.[498] Samakatwid, dapat may kahigtan ng lakas,[499] at dapat na nagmalabis ang salarin sa gayong kahigtan.

Sinamantala ang nagingibabaw o nakahihigit na lakas kung isang malakas na tao ang nagmaltrato sa isang bata, o isang matanda o huklubang tao, o isang pinahina ng sakit, o sa pagkakataong ginapi ng paggamit ng droga o pampalasing ang lakas ng katawan ng taong minaltrato dahil, sa alin man sa mga pagkakataong ito, mayroong mapapansing kaibhan ng lakas pangkatawan ang nasaktang panig at ang salarin.[500] May pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung walang sandata at lasing ang biktima noong isagawa ng dalawang salarin ang krimen at higit na maliit siya kung ihahambing sa salaring pumatay sa kanya, na nanalakay sa kanya matapos maitulak ng kasamahan nito sa pader ang biktima at, hindi pa nasiyahan dito, sa kabila ng pagpupumilit ng biktima na makatakas, bumaril sa kanya sa gayong anyo, na sinundan naman ng dalawang ulit na pagpapaputok mula sa salaring nagdulot sa kanya ng nakamamatay na sugat. Dahil mga pulis na pawang ganap na sandatahan ang mga nanalakay sa kanya at walang kakayahang magtanggol ang nasawing nasa ilalim ng kapangyarihan ng alak noon salakayin siya, masasabing mayroon ngang maliwanag na kalagayan ng pagmamalabis sa kahigtan ng kakayahan, at sinamantala ng dalawang salarin ang mga pangyayaring ito upang maisakatuparan ang krimen.[501] Kung hindi armado

497. People v. Guy, *supra* talâ 476.

498. ALBERT, *supra* note 107, at 130.

499. Sinabi sa People v. Ilaoa, 233 SCRA 231 (1994), na hindi maisasaalang-alang ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung wala man lamang katibayan na may katawaning kahigtan ang salarin sa biktima.

500. U.S. v. Davila, et al., 3 Phil. 625 (1904).

501. People v. Navarra, et al., 25 SCRA 491 (1968).

ang biktima, sa sandali ng pananalakay sa kanya, masasabing wala siyang kalaban-laban sa tatlong nananalakay sa kanya na pawang armado ng matatalas o matutulis na mga sandata at mapaniniwalaang nagsamantala ang mga nanalakay sa kanya sa kahigtan ng kanilang lakas.[502] Sa katunayan, sapat na kung tatlumpu't limang taong gulang ang salarin at armado, samantalang walang-sandata ang kanyang biktima, upang masabing may pagmamalabis sa kahigtan ng lakas sa ginawang pagpaslang sa kanya.[503]

Sapagka't kinakailangan sa mapagpalalang pangyayaring ito ang paggamit ng malabis na lakas, nang humihigit sa katumbas ng kaparaanang magagamit ng taong sinalakay upang ipagtanggol ang kanyang sarili,[504] kinakailangang upang maisaalang-alang ito na nagkaroon ng sinadyang paghahangad sa panig ng salarin na samantalahin ang kahigtan ng kanyang lakas.[505] Maaaring magkaroon ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas hindi lamang kapag nagtatamasa ang mga salarin ng kahigtan sa bilang, o kung may mahahalatang di-pagtutumbasan ng lakas na namamagitan sa salarin at sa biktima, kundi pati na rin kung gumamit ang salarin ng isang sandatang labis ang lakas ng bisa sa pananggol na maaaring gamitin ng biktima.[506] Dapat magakaroon ng kapansin-pansing di-pagtutumbasan ng lakas sa pagitan ng biktima at ng nanalakay na salarin, na nagpapakita ng kahigtan ng lakas na halatang nagbibigay ng kalamangan sa panig ng salarin na piniling gamitin o sinamantala niya sa pagsasagawa ng krimen.[507]

Mayroong pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kapag sinalakay, nang may sandata ng isang lalaki ang isang babae. Kung isang walang kalaban-labang babae ang pinagtulungang salakayin ng tatlong armadong kalalakihan sa gitna ng gabi, may pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.[508] Kung gayon, bumubuo ng mapagpalalang pangyayari ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas ang pananalakay na isinagawa ng isang lalaking salarin, nang may gamit na pamatay na sandata, laban sa isang babaeng di-armado at walang kakayahang

502. People v. Caoile, 61 SCRA 73 (1974).

503. People v. Clemente, 58 SCRA 742 (1974).

504. People v. Moka, 196 SCRA 378 (1991).

505. People v. Almendras, 372 SCRA 737 (2001); *tignan ang* People v. Tajon, 128 SCRA 656 (1984); People v. Bello, 10 SCRA 278 (1964); People v. Revillame, 230 SCRA 650 (1994).

506. People v. Padilla, 233 SCRA 46 (1994).

507. People v. Bongadillo, 234 SCRA 233 (1994).

508. *Tignan ang* People v. Patinga, 111 SCRA 52 (1982); *tignan din ang* People v. Garachico, 113 SCRA 131 (1982), kung saan dalawang matitipunong lalaki ang pumatay sa babaeng 52 taong gulang sa sarili nitong pamamahay.

magtanggol sa sarili.[509] Kung isang malaking tao ang salarin, na may tangkad na 5'7" at maskulado, tatlumpu't tatlong gulang, at may dalang armas, samantalang 5'5" lamang ang tangkad ng biktimang babae, na 27 pitong taong gulang at nagpupumilit makatakas mula sa salarin, may pagmamalabis sa kahigtan ng lakas sa walang-kabuluhang pagbaril nang malapitan sa kanya.[510] May umiiral na pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kapag sinalakay ng salarin ang isang walang-sandata at walang kalaban-labang matandang babaeng may mahigit sa pitumpung taong gulang na.[511] May pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung hinataw ng salaring Amerikanong Negro na may tangkad na 6' ang biktimang Pilipinang may tangkad na 4'11" lamang, gamit ang isang porselanang pigurin, at saka pasubsob na itunulak ang mukha ng biktima sa matres upang mamatay sa di-paghinga.[512] Isinasaalang-alang ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kapag may namamagitang markadong di-pagtutumbasan ng katawaning lakas o kakayahan sa mga salarin at sa biktima.[513] Datapwa't hindi nagpapatunay ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas ang basta pangyayaring isang babae lamang ang biktima.[514]

Hindi nagsasamantala ng nakahihigit na lakas ang isang salaring nanalakay sa biktima nang may pagsisilakbo ng damdamin at pagdidilim ng isip. Hindi rin mailalapat ang mapagpalalang pangyayaring ito kung di-inaasahang nagkaroon ng pag-aaway at idinulot ang nakamamatay na hataw habang naglalaban ang nanalakay at biktima nang isa-sa-isa.[515] Sa ganitong mga pagkakataon maaaring nagkaroon o mayroong nangingibabaw na lakas ang mga salarin; nguni't hindi naman masasabing sinamantala nila ito.

Kung hindi armado ang biktima, sa sandali ng pananalakay sa kanya, masasabing wala siyang kalaban-laban sa tatlong nananalakay sa kanya na pawang armado ng matatalas o matutulis na mga sandata at mapaniniwalaang nagsamantala ang mga nanalakay sa kanya sa kahigtan ng kanilang lakas.[516] Kung kapwa sandatahan ng bolo ang dalawang salaring nanalakay sa nag-iisang biktima na di-sandatahan, mayroong pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.[517] Maliwanag sa kapansin-pansing kahigtang lumalabas sa

509. U.S. v. Consuelo, 13 Phil. 612 (1909); People v. Quisada, 62 Phil. 446 (1935); People v. Brana, 30 SCRA 307 (1969).

510. People v. PO3 Roxas, 410 SCRA 451 (2003).

511. People v. Puno, 105 SCRA 151 (1981).

512. People v. Butler, 120 SCRA 281 (1983).

513. People v. Gatcho, 103 SCRA 207 (1981); People v. Capillas, 108 SCRA 173 (1981).

514. People v. Whinsenhunt, 368 SCRA 586 (2001).

515. U.S. v. Bedines, 4 Phil. 594 (1905).

516. People v. Caoile, 61 SCRA 73 (1974).

517. People v. Rosario, 134 SCRA 496 (1985).

paghahambing ng lakas ng biktimang 74 taong gulang na babaeng walang-sandata at ng salaring baguntao na may panaksak ang pagmamalabis ng huli sa nangingibabaw na lakas.[518]

May pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung pinagtulungan ng siyam katao ang biktima walang-sandata at nagdulot sa kanya ng di-kukulangin sa anim na sugat.[519] Kung pinaligiran ang biktimang walang armas, walang-laban at walang kahina-hinala, ng apat na salarin, na dalawa ang may dalang mga sandatang matatalas, may pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.[520] May pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung tatlong taong pawang armado ng gulok ang sama-samang pumatay sa nag-iisa at di-sandatahang biktima.[521] Kung tatlong tao, kahima't isa lamang sa kanila ang may dala .38 kalibreng baril, ang nagkaisang nanalakay sa biktima at sa nag-iisang kasama nito, may pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.[522] Kapag nagtulung-tulong ang dalawang salarin, na kapwa may dalang patalim, sa paraang nagtatamo nila ang kalamangan mula sa kanilang pinagsamang kahigtan at saka salit-salitang pinagsasasaksak ang biktimang walang-sandata, may pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.[523] May pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung may 19 kataong may dala-dalang bato, kasama na ang tatlo sa kanila na pawing may patalim, ang sama-samang nanalakay sa biktima.[524] Sa lahat ng pagkakataon kung kailan nagtulung-tulong ang mga salarin upang masiguro ang kalamangan ng kanilang pinagsamang lakas sa pagsasakatuparan ng krimen nang may kaligtasan, masasabing may pagmamalabis sa nangingibabaw na lakas.[525] Datapwa't hindi maaaring matagpuang nagtutulung-tulong nga ang mga salarin upang matiyak ang kalamangan ng kanilang nakahihigit na lakas batay

518. People v. Calpito, 416 SCRA 491 (2003).

519. People v. Gallego, 406 SCRA 6 (2003).

520. *Tignan ang* People v. Madlangbayan, 94 SCRA 679 (1979); People v. Soriano, 122 SCRA 740 (1983) (apat ang tulung-tulong na nanalakay sa dalawang biktima); People v. Medrana, 110 SCRA 130 (1981) (apat ang nagtulung-tulong sa nag-iisang walang-sandatang biktima). *Nguni't tignan ang* People v. Manalo, 229 SCRA 479 (1994), hindi sapat na batayan upang masabing may pagmamalabis sa kahigtan ng lakas ang basta pangyayaring apat ang bilang ng mga nanalakay sa biktima.

521. People v. Amaro, 235 SCRA 8 (1994); People v. Besana, 220 SCRA 93 (1993); People v. Estrada (tatlong armadong salarin ang nanalakay sa nag-iisang biktima).

522. People v. Magnayon, 122 SCRA 23 (1983).

523. People v. Diomonon, 94 SCRA 227 (1979); People v. Alitao, 194 SCRA 378 (1991).

524. People v. Santos, 121 SCRA 832 (1983).

525. People v. Baluyot, 170 SCRA 569 (1989).

lamang sa pangyayaring nakapagdulot ang mga salarin ng mga nakamamatay sa sugat sa biktima sa pamamagitan ng kani-kanilang mga gulok.[526]

Kung isinagawa ang pananalakay sa biktima nang salit-salitan o turnu-turno, walang masasabing pagmamalabis sa kahigtan ng lakas. Kaya naman, hindi dapat isaalang-alang ang paggamit sa nakahihigit na lakas kahit na sumalakay sa biktima ang lahat ng mga salarin kung salit-salitan namang isinagawa ang gayong pananalakay sa biktima, nang isahang pagsusunud-sunod.[527] Walang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung bagama't dalawa ang salarin, isa lamang sa kanila ang may sandata, at ang kasama naman nito ang siyang nakapatay sa biktima sa pamamagitan ng pananaksak.[528] Kung dala ng mga salarin ang mga sandatang kahoy na pamalo at tubong tingga at, sa tulong ng mga labing-isa pang mga kasamahang nakipagsabayan sa kanila sa pananalakay sa biktima at sa pagdudulot sa kanya ng mga nakamamatay na sugat, na nagkait sa kanya ng kakayahang magtanggol sa sarili at humadlang sa kanyang pagtatangkang tumakas, maisasaalang-alang ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.[529] May pagmamalabis din sa kahigtan ng lakas kung sinalakay nang biglaan at di-inaasahan ang biktima ng tatlong salaring pawang sandatahan, samantalang isa pang salarin ang nagsilbing bantay upang matiyak ang walang-gusot na pagsasakatuparan ng krimen.[530] Dapat isaalang-alang hindi ang pangyayaring nagkaroon ng tatlo, apat o mahigit pang bilang ng mga nanalakay laban sa nag-iisang biktima, kundi kung sinamantala nga ba ng mga salaring nanalakay ang kanilang pinagsamang lakas upang maisakatuparan ang krimen.[531] Kung walang sandata ang mga salarin sa simula at noon lamang sumapit ang sandaling isasagawa na nila ang krimen, habang hinihintay ang biktima na magdaan sa kawayanan, na naisip nilang kumuha ng mga magagamit na kasangkapan, mga pamalong kawayan na noon at doon lamang nila pinutol mula sa kawayanan, masasabing hindi naglayon ang mga salarin na samantalahin ang kahigtan ng kanilang lakas.[532]

Likas sa parisidyong isinagawa ng lalaking kabiyak laban sa kanyang maybahay ang pagiging babae ng biktima. Kaya naman, hindi dapat ilapat ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kaugnay sa maybahay na pinatay ng kanyang kabiyak, sa dahilang likas na sangkap ng gayong parisidyo ang kasarian ng biktima.[533] Hindi rin maisasaalang-alang ang pagmamalabis sa

526. People v. Casey, 103 SCRA 21 (1981).

527. People v. Narciso, et al., 23 SCRA 844 (1968).

528. People v. Casey, 103 SCRA 21 (1981).

529. People v. Drew, 371 SCRA 279 (2001).

530. People v. Mosquerra, 362 SCRA 441 (2001).

531. People v. Francisco, 234 SCRA 333 (1994).

532. People v. Cabangcala, 362 SCRA 361 (2001).

533. Sentensiya ng Tribunal Supremo ng Espanya, 28 Abril 1873.

kahigtan ng lakas nang dahil lamang sa pangyayaring higit na malakas ang lalaki kaysa asawang babae.[534]

Kailangan ang katibayang nagpapakita ng paghahambingan o pagtutumbasan ng lakas ng salarin at ng nasaktang panig.[535] Kaya naman, hindi bumubuo ng mapagpalalang pangyayaring ito ang basta pangyayaring sinalakay ang biktima ng dalawang salarin kung hindi ipinakita ng paghahambing o pagtutumbasan ng lakas ng katawan ng salarin at ng biktima ang kahigtan ng lakas ng mga salarin. Dapat magkaroon ng katibayan na may nangingibabaw na katawaning lakas ang mga salarin at sadyang nagmalabis sila sa gayong kahigtan.[536] Hindi sapat ang basta pangyayari ng nakahihigit na bilang upang mapasailalim ang pagkakataong ito sa tadhana ng Talataan 15, Artikulo 14.[537] Walang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung hindi magkaisang nagsikilos ang dalawang salarin sa paraang nagsasamantala sa kanilang kahigtang pangkatawan, at nagpapahiwatig ang pangyayaring hindi sila nagsabwatan upang patayin ang biktima na hindi nila sinamantala ang kanilang nakahihigit na lakas. Hindi laging nangangahulugan ang kahigtan sa

534. People v. Peralta, 237 SCRA 218 (1994).

535. *Tignan ang* People v. Buela, 227 SCRA 534 (1993), kung saan sinabing isang relatibong salik ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas at nababatay ito sa mga pangyayaring maibubukod sa nakararaming bilang mga mga nanalakay at maisasaalang-alang lamang ng wasto ang gayong salik pagkatapos ng isang masusing pananaliksik.

536. People v. Bastos, 51 Phil. 385 (1928); People v. Diokno, et al., 63 Phil. 601 (1936).

537. *Tignan ang* U.S. v. Davila, et al, *supra* talâ 500; *tignan din ang* People v. Balictar, 91 SCRA 500 (1979), na bumabanggit sa People v. Elizaga, 86 Phil. 364 (1950), sa pagsasabing hindi lagging nangangahulugan ng kahigtan ng lakas ang kahigtan ng bilang. Bukod sa kahigtan ng bilang, kinakailangang patunayan na nagtulung-tulong ang mga nanalakay sa paraang timitiyak ng kalamangan nila na nagmula sa nakahihigit na dami. Kung, sa simula ngpagsasagupa, may tangang itak ang biktima, at nakapulot naman siya ng isang pirasong kahoy na pamalo pagkatapos maagaw sa kanya ang itak, at dalawa lamang sa mga nanalakay ang may mga dalang gulok, samantalang wala naming sandata ang iba, hindi gaanong malaki ang di-pagtutumbasan sa bilang ng mga nagsagupang pangkat upang matagpuang nagkaroon ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas. Ayon din sa People v. Cristobal, Jr., 91 SCRA 71 (1979), walang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung hindi nagtulung-tulong ang mga salarin sa paraang tumitiyak ng kanilang kalamangan mula sa pinagsamang lakas. Ganito rin ang naging pasya sa People v. Manalo, 229 SCRA 479 (1994); People v. Salvador, 224 SCRA 819 (1993); People v. Deuna, 227 SCRA 788 (1993) (hindi sapat na katibayan ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kahit na napatunayang walo ang bilang ng mga nanalakay sa biktima).

bilang na nagkaroon nga ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.[538] Datapwa't maaaring magpakita ang bilang ng mga nanalakay, kung sandatahan, ng pagmamalabis sa nangingibabaw na lakas. Kung gayon, maisasaalang-alang ang nakahihigit na bilang sa panig ng mga nanalakay sa pagtutuos ng pangyayari ng pangingibabaw ng lakas kung sandatahan ang mga salarin.[539] May pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung sinalakay ang biktima ng salarin, at ng dalawa pa niyang mga kasamahan, nang pawang sandatahan, sama-sama at nang sinasamantala ang kanilang nakalalamang na bilang at nakahihigit na lakas, upang maigupo ang kanilang walang-sandatang biktima.[540] Samakatwid, upang maisaalang-alang nang wasto ang mapagpalalang pangyayari ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas, dapat patunayan ng tagausig na gumamit ang salarin ng lakas na sumasaibayo nang malabis sa maaaring gamitin sa pagtatanggol ng taong sinalakay.[541]

Maliwanag na kumilos ang mga salarin nang may pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung, samantalang tatlo sa kanila ang may inihahagibas na gulok, walang kasanda-sandata naman ang biktima at nagpupumilit nang makatakbo. Kaya naman, asesinato ang wastong turing krimeng nagawa, na may pang-uring pangyayari ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.[542] Datapwa't kung tatlong salaring armado ng mga gulok ang nanalakay sa nag-iisang biktimang may dalang rebolber, hindi pa rin masasabing nagkaroon ng pagmamalabis sa nakahihigit na lakas, dahil halos magkakatumbas lamang ang kanilang lakas, sapagka't kasingbisa ang baril ng, kung hindi man hihigit pa kung ihahambing sa, tatlong gulok.[543]

Pinalala ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas ang isang sabayang pananalakay na ginawa ng dalawang taong pawang may baril laban sa nag-iisang walang-labang biktima. Kaya naman, kapag dalawang tao ang

---

538. People v. Ibanez, 56 SCRA 210 (1974); People v. Empacis, 222 SCRA 59 (1993); People v. Flores, 112 SCRA 10 (1982) Datapwa't pansining sa People v. Salvador, 224 SCRA 819 (1993) (bagama't hindi natagpuang dumalo ang katrayduran sa pagsasagawa ng krimen dahil sa kawalan ng katibayan kung paano sinimulan ang pananalakay, natagpuan naming may pagmamalabis ng kahigtan ng lakas dahil sa pangyayaring apat ang bilang ng mga salaring nanalakay sa biktima).

539. U.S. v. Tandoc, 40 Phil. 954 (1920); People v. Caroz, et al., 68 Phil. 521 (1939).

540. *Tignan* People v. Veloso, 92 SCRA 515 (1979); datapwa't sinasakop din nito ang mapagpalalang pangyayari ng pagsasagawa ng krimen, sa panig ng salarin, nang may tulong mula sa mga sandatahang tao. *Tignan din* ang People v. Waggay, 218 SCRA 742 (1993).

541. People v. Ruelan, 231 SCRA 650 (1994).

542. People v. Verso, et al., 21 SCRA 1403 (1967).

543. People v. Antonio at Desargo, 73 Phil. 421 (1941).

nakibahagi sa pagsasagawa ng krimen, na pawang armado ng gulok o ng baril, at nagsagawa sila ng sabayang pananalakay sa taong walang pananggol sa sarili, dapat isaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.[544] Datapwa't sa ganitong mga pagkakataong, kumikilos ang dalawang nabanggit na salarin bilang mga pasimuno. Iba ang tuntunin kung, halimbawa, isa sa salarin ang kumilos bilang pasimuno samantalang kumilos lamang ang iba bilang mga kaagapay o katulong. Walang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung isa sa mga salarin ang nagpasimuno at kumilos lamang bilang mga kaaagapay o katulong ang iba. Kaya naman, kung isa sa tatlong salarin ang nagsagawa ng krimen bilang pasimuno at mga kaagapay o katulong lamang ang naturang dalawa pang iba, hindi maisasalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas, dahil hindi ito naangkop sa ganitong pagkakataon. Kapag isasaalang-alang ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas bilang mapagpalalang pangyayari mula sa basta pangyayaring mahigit sa isang tao ang nakibahagi sa pagsasagawa ng krimen, dapat maipakitang sama-sama at nagkaisang nagsikilos ang mga salarin sa paraang naglalayong pahinain ang pagtatanggol. Sa gayong pagkakataon, magkakaroon sila ng saguting kriminal bilang mga kapwa pasimuno.[545]

Maliwanag ang pagkakaroon ng mapagpalalang pangyayari ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung kapansin-pansin ang di-pagkakapantay ng nagkasagupang lakas ng biktima at ng apat na mga sandatahang nanalakay sa kanya at sa paraan kung paano idinulot ng mga salarin ang panunugat sa biktima sa pamamagitan ng saksak, na nagpapakitang nagkaisa silang nagsikilos sa paraang nagsasamantala sa kanilang kahigtang pangkatawan.[546] Dapat isaalang-alang ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung humarap ang apat na salarin (na hindi naipakitang bumubuo ng kuwadrilya) sa biktima sa tahanan nito noong bagong gising pa lamang ito at walang kasanda-sandata, pangyayaring nagpapahiwatig na nagkaroon nga ng pagpapakita ng lakas upang mapangimbabawan siya at upang hadlangan ang ano mang panlalaban na kanyang tatangkain, kaya hindi na nga nakagawa ng katiting mang panlalaban ang biktima. Samakatwid, masasabing sinamantala ng mga salarin ang kanilang pinag-isang lakas upang maisakatuparan ang krimen.[547]

544.U.S. v. Banazola, 24 Phil. 287 (1913); U.S. v. Cabril, 51 Phil. 670 (1928); U.S. v. Lasada, 21 Phil. 287 (1912).

545.People v. Cortez, 55 Phil. 143 (1930); Lumiguis v. People 19 SCRA 842 (1967).

546.People v. Javellano, 56 Phil. 156 (1974).

547.People v. Saliling, 69 SCRA 427 (1976).

Kapag may sinasabing katrayduran, maaaring sakupin na nito ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.[548] Tulad ng gabi, likas at sinasakop ang kahigtan ng lakas ng katrayduran.[549] Bagama't may mapagpalalang pangyayari ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas kung isasaalang-alang na nagsamantala ang tatlong nanalakay sa kanilang pinag-isang lakas upang magapi ang biktima, sinasakop ang ganitong pangyayari ng katrayduran, na nagbibigay-uri sa krimen bilang asesinato.[550] Hindi nararapat na isaalang-alang ang panlahat na mapagpalalang pangyayari ng pagsasamantala sa kahigtan ng lakas kung di-maiiwasang masakop ito ng katrayduran, at hindi maituturing na hiwalay o bukod dito.[551] Kaya naman, kung nagkaroon ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas at isinagawa ang krimen sa tulong ng mga sandatahang tao, kasabay ng pagkakaroon din ng katrayduran, masasabing sinasakop na ng katrayduran ang dalawang unang nabanggit na mga pangyayari ang hindi na maisasaalang-alang pa ang mga ito bilang bukod o hiwalay na mga mapagpalalang pangyayari.[552]

Maaaring magpalala ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas sa krimeng pamimilit[553] at sapilitang pagtanan.[554] Sa ganitong mga pagkakataon, mapagpalala sa mga krimen ng pamimilit at sapilitang pagtanan ang nasabing pangyayari, kapag malaki ang kalabisan ng lakas kaysa kinakailangan upang maisagawa ang krimen. Bagama't nagpapalagay ang pagsasagawa ng pamimilit o sapilitang pagtanan ng nakahihigit na lakas sa panig ng salarin, kapag malaki ang kalabisan ng lakas na ginamit kaysa sa kainakailangtan sa pagsasakatuparan ng krimen, gaya ng labis na kahigtan ng mga salarin sa biktima, paisa-isa man

---

548. People v. Rosario, 134 SCRA 496 (1985); *tignan ang* People v. De Guzman, 416 SCRA 341 (2003); People v. Layson, 30 SCRA 92 (1969); People v. Manzanares, 177 SCRA 427 (1989); People v. Centeno, 172 SCRA 607 (1989); People v. Garachico, 113 SCRA 131 (1982); People v. Chavez, 117 SCRA 221 (1982); People v. Morales, 113 SCRA 683 (1982); People v. Araja, 105 SCRA 133 (1981).

549. People v. Mode, 81 Phil. 58 (1948); People v. Redona, 87 Phil. 743 (1950); People v. Bechayda, 212 SCRA 560 (1992); People v. Parangan, 231 SCRA 682 (1994).

550. *Tignan ang* People v. Velez, 58 SCRA 21 (1974). *Datapwa't tignan ang* People v. Banez, 214 SCRA 109 (1992), kung saan itinuring na sakop ang katrayduran ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.

551. People v. Undong, 61 SCRA 386 (1974).

552. People v. Pascua, 130963, 370 SCRA 509 (2001).

553. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 286.

554. *Id.* sa art. 342; People v. Fernando, et al., 43 O.G. 1712.

o sama-sama,[555] dapat isaalang-alang ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas sa layuning dagdagan ang parusa.

Mapagpalala din ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas sa labag sa batas na pagpipiit,[556] gaya ng pangyayaring anim katao ang kumuha at bumuhat sa biktima mula sa kanyang bahay.[557] Naituring ding mapagpalalang pangyayari ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas, sa krimeng pagnanakaw na may kasamang panggagahasa, na isinagawa ng limang sandatahang tao;[558] at sa maramihang panggagahasa na isinagawa ng apat katao.[559]

Hindi wastong iurong ng tagausig ang sinasabing pagmamalabis sa kahigtan ng lakas sa batayang isinagawa ang salang pagnanakaw na may kasamang pagpatay sa pamamagitan ng isang pangkat, dahil sinasakop nang di-maiiwasan ng sangkap ng kuwadrilya (sa pamamagitan ng pangkat) ang pangyayari ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas. Sa katotohanan, gawa ng maling payo ang gayong pag-uurong, dahil magkahiwalay at magkaibang mga konsepto sa batas ang mga pangyayari ng pangkat at pagmamalabis sa kahigtan ng lakas. Kinikilala ang sangkap na pangkat kapag isinagawa ang krimen ng mahigit sa tatlong sandatahang salarin nang walang pagsasaalang-alang sa paghahambingan o pagtutumbasan ng lakas ng mga salarin o ng mga biktima. Kaya naman, sumusunod ang mga di-maiiwasang sangkap ng kuwadrilya: (1) di-kukulangin sa apat na salarin; at (2) pawang sandatahan ang apat na salarin. Sa kabilang dako, ang pagsasamantala ng mga salarin sa kanilang pinagsamang lakas upang mapangimbabawan ang maihahambing na higit na mahinang lakas ng biktima o mga biktima, ang siyang batayan ng kahigtan ng lakas. Samakatwid, sa huling nabanggit na mapagpalalang salik, isinasaalang-alang hindi ang bilang ng mga nanalakay o ang pangyayaring sandatahan sila, kundi ang paghahambing o pagtutumbasan ng katawaning lakas nila laban doon sa taglay ng nasaktang panig.[560]

Maisasalarawan ang pangyayari ng paggamit ng kaparaanan upang mapahina ang pagtatanggol sa pamamagitan ng halimbawa ng isang biktimang nakikipaglaban sa salarin, na bigla na lamang sinakluban ng salarin

555. *Ihambing sa* People v. Dayug, 49 Phil. 427 (1926); People v. Pineda, 56 Phil. 688 (1932).

556. Mga art. 267 at 268.

557. U.S. v. Santiago, 4 Phil. 168 (1905).

558. People v. Macaya, et al., 85 Phil. 540 (1950).

559. *Tignan ang* U.S. v. Camiloy, et al., 36 Phil. 757 (1917). Kaugnay nito at sa People v. Macaya, et al., *supra* talâ 558, *tignan din* mula sa mga bagong katadhanaan ng Batas Republika Blg. 8353 kung paano pinalala ng mga pangyayaring tinalakay ang saguting kriminal sa mga panggagahasang may ganitong mga pang-uri.

560. People v. Apduhan, Jr., 24 SCRA 800 (1968).

ng balabal sa ulo at saka sinugatan o pinatay, habang nasa gayong kalagayan.[561] Maliwanag na gumagamit ng kaparaanan upang mapahina ang pagtatanggol ng kanyang kalaban ang salaring nagsaboy ng buhangin o dumi sa mata ng biktima sa kaigtingan ng kanilang paglalaban.[562] Maaaring umiral ang mapagpalalang pangyayari ng paggamit ng kaparaanan upang mapahina ang pagtatanggol ng kalaban kapag nilasing muna ng salarin ang biktima, na balak patayin ng salarin, at pinahina nang malaki sa gayong paraan ang kakayahan ng huli na makapanlaban.[563] Datapwa't kung sapat ang katindihan ng pagkalasing upang ganap na mawalan ng kakayahang magtanggol ang biktima, katrayduran ang angkop na mapagpalalang pangyayari. Dahil sa gayong kalasingan ng nasawi, kaya naging imposible na para sa kanya ang makapanlaban nang sandaling salakayin siya, maituturing na gawang katrayduran ang paglasing sa kanya.[564]

*P. Katrayduran*

May mapagpalalang pangyayari kapag isinagawa ang kagagawan nang may katrayduran (*alevosia*). Mayroong katrayduran kapag nagsagawa ang salarin ng alin man sa mga krimen laban sa tao, nang gumagamit ng mga kasangkapan, kaparaanan, at kaanyuan sa pagsasagawa nito na tuwiran at sadyang tumitiyak ng pagsasakatuparan ng krimen nang walang panganib sa kanyang sarili na magmumula sa pagtatanggol na maaaring gawin ng nasaktang panig.[565] May kaugnayan ang batayan ng mapagpalalang pangyayaring ito sa kasangkapan at kaparaanang ginamit sa pagsasagawa ng krimen, na nagpapakita ng namumukod na kasamaan ng salarin. Mailalapat lamang sa mga krimen laban

561. U.S. v. Davela, et al., 3 Phil. 625 (1904).

562. People v. Siaotong, et al., G.R. No. L-9242, 29 March 1957.

563. People v. Ducusin, 53 Phil. 280 (1929).

564. People v. Ducusin, *supra* talâ 404.

565. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (16); People v. Devaras, 205 SCRA 676 (1992); People v. Balatucan, 206 SCRA 81 (1992); People v. Uy, 206 SCRA 270 (1992); People v. Tinampay, 207 SCRA 425 (1992); People v. Literado, 209 SCRA 319 (1992); People v. Pajarit, 214 SCRA 678 (1992); People v. Pasiliao, 215 SCRA 163 (1992); People v. Cabactulan, 216 SCRA 178 (1992); People v. Castor, 216 SCRA 410 (1992); People v. Parangan (1994), 231 SCRA 682; People v. Pajares, 232 SCRA 63 (1994); People v. Silong, 232 SCRA 487 (1994); People v. Francisco, 234 SCRA 333 (1994); People v. Cruza, 237 SCRA 410 (1994); People v. Cordero, 217 SCRA 1 (1993); People v. Suitos, 220 SCRA 419 (1993); People v. Dural, 223 SCRA 201 (1993); People v. Cuyo, 196 SCRA 447 (1991); People v. Tiozon, 198 SCRA 368 (1991); People v. Lacao, Sr., 201 SCRA 317 (1991); People v. Gimongala, 170 SCRA 640 (1989); People v. Samson, 176 SCRA 710 (1989); People v. Manzanares, 177 SCRA 427 (1989); People v. Rojas, 147 SCRA 169 (1981).

sa tao, ayon na rin sa parilalang "krimen laban sa tao," na isinasaad sa ibinigay na kahulugan ng krayduran. Hindi kailangang tiyakin ng mga kasangkapan, kaparaanan, at kaanyuan ng pagsasagawa na talagang matatamo ang katuparan ng krimen; sapat na kung layunin ng gayong kasangkapan, kaparaanan, o kaanyuan na maisagawa ang krimen, gaya ng ipinahihiwatig sa pagkakagamit ng pariralang "*tumitiyak ng pagsasagawa nito.*" Samakatwid, nasa "*pagsasagawa nito nang walang panganib sa sarili*" ang diin ng pagpapakahulugan sa konsepto ng katrayduran. Dapat na sadyang ring pinili ang paraan ng pananalakay. Batay ito sa pariralang "*nang gumagamit ng mga kasangkapan, kaparaanan, o kaanyuan sa pagsasagawa nito na tuwiran at sadyang tumitiyak*" na mababasa rin sa kahulugan ng katrayduran.

Binubuo ang katrayduran ng mga sumusunod na sangkap: (1) na sa sandali ng pananalakay, wala sa kalagayan ang biktima upang ipagtanggol ang kanyang sarili; at (2) na sadyang pinili ng salarin ang natatanging mga kasangkapan, kaparaanan, o kaanyuan ng pananalakay na ginamit niya.[566] Kung gayon, matatagpuan ang pagdalo ng katrayduran sa pagtatambal ng dalawang kalagayan: (1) paggamit ng mga kasangkapan, kaparaanan, at kaanyuan ng pagsasagawa na tumitiyak sa kaligtasan ng salarin mula sa pagtatanggol o pagganting maaaring magmula sa nasaktang panig, na nangangahulugang hindi binibigyan ang huli ng pagkakataong makapagtanggol o makaganti;[567] at (2) sadyang pinili ang gayong kasangkapan, kaparaanan o kaanyuan ng pagsasagawa.[568]

Nasa buod ng katrayduran ang isang matulin at di-inaasahang pagsalakay sa isang biktimang walang sandata at di-naghihinala.[569] Maaaring magkaroon

566. People v. Pidoy, 405 SCRA 339 (2003); People v. Almedilla, 409 SCRA 428 (2003); People v. Ruelan, 231 SCRA 650 (1994).

567. People v. Camaddo, 217 SCRA 162 (1993).

568. *Tignan ang* People v. Samonte, Jr., 64 SCRA 319 (1975); People v. Perreras, 362 SCRA 202 (2001); People v. Dijan, 383 SCRA 15 (2002). *Tignan din ang* People v. Banayo, 129 SCRA 725 (1984); People v. Macariola, 120 SCRA 92 (1983); People v. Rhoda, 122 SCRA 909 (1983); People v. Ramo, et al., 132 SCRA 174 (1984); People v. Dela Cruz, 207 SCRA 632 (1992); People v. Talaver, 230 SCRA 281 (1994); People v. Verchez, 233 SCRA 174 (1994); People v. Mendoza, 236 SCRA 666 (1994); People v. Estrellanes, Jr., 239 SCRA 235 (1994); People v. Suitos, 220 SCRA 419 (1993); People v. Crisostomo, 222 SCRA 93 (1993); People v. Genial, 228 SCRA 283 (1993); People v. Punzalan, 153 SCRA 1 (1987); People v. Ganut, 118 SCRA 35 (1982).

569. *Tignan ang* People v. De Guzman, 366 SCRA 342 (2001). *Tignan din ang* People v. Pidoy, 405 SCRA 339 (2003); People v. Almedilla, 409 SCRA 428 (2003); People v. Alcantara, 206 SCRA 662 (1992); People v. Gonzales, 210 SCRA 319 (1992); People v. Alacar, 211 SCRA 580 (1992); People v. Molina, 213 SCRA 329 (1992); People v. Jacolo, 216 SCRA 631 (1992); People v. Ponayo, 235

ng katrayduran kaugnay ng isang harapang pananalakay at maisasaalang-alang pa rin ito kahit na nagkaroon ng paunang babala sa biktima kaugnay ng panganib sa kanyang katauhan, kung isinagawa ang pananalakay sa paraang naging imposible para sa biktima na ipagtanggol ang kanyang sarili o gumanti.[570] Kung gayon, maisasaalang-alang ang katrayduran kung binaril ang biktima sa ulo, mula sa likuran, habang tinatamasa nito ang kaginhawaan ng kanyang tahanan at nanonood ng palabas ng basketbol sa telebisyon,[571] kung binaril ang biktima sa ulo, mula sa likuran, habang nagpapahinga sa kanyang pamamahay, kumakain ng pisbol, kalung-kalong ang kanyang bunsong anak na babae at kausap ang ilang mga panauhin,[572] kung sinaksak ang biktima nang walang babala habang nakaupo at nasa anyong gagawa ng paghakbang ng kanyang pitsa sa larong "dama;"[573] kung paulit-ulit na pinagsasasaksak ang biktimang nakaupo sa bangko at nakikipagkantahan sa kanyang mga kaibigan, ng salaring bigla na lamang lumitaw doon at nanalakay sa kanya sa pamamagitan ng isang patalim;[574] kung pabigla at di-inaasahang pinagsasasaksak o pinagbabaril ang biktima habang umiihi at nakatalikod sa mga salaring nanalakay;[575] kung ganap na hindi nakapaghanda ang biktima sa pananalakay sa kanya sa pamamagitan ng baril, kahima't sinasabing nabigyan siya ng babala isang buwan bago isinagawa ang pamamaril;[576] kung natutulog ang biktima nang salakayin at paslangin siya;[577] kung biglang inilagay ng salarin ang sarili sa likuran ng biktimang di-naghinala sa kanyang balak, saka itinutok ang kanyang baril at, nang walang babala, idinulot ang mga nakamamatay na mga patama ng baril;[578] kung biglang bumunot ng baril ang salarin, habang naglalakad sila ng biktima nang

SCRA 226 (1994); People v. Suitos, 220 SCRA 419 (1993); People v. Kempis, 221 SCRA 628 (1993); People v. Peralta, 193 SCRA 9 (1991) (idinaan sa bintana ang pamamaril na di-inasahan); People v. Rey, 172 SCRA 149 (1989); People v. Batas, 176 SCRA 46 (1989); People v. Intermediate Appellate Court, 147 SCRA 219 (1987); People v. Ursal, 121 SCRA 410 (1983).

570. People v. Mirador, 365 SCRA 405 (2001); People v. Ojerio, 364 SCRA 680 (2001); People v. Cruz, 213 SCRA 611 (1992).

571. People v. Perreras, 362 SCRA 202 (2001).

572. People v. Herrera, 371 SCRA 480 (2001).

573. People v. Gadia, 365 SCRA 557 (2001).

574. People v. Caboquin, 368 SRCA 654 (2001).

575. People v. Acosta, 371 SCRA 181 (2001); People v. Mosende, 371 SCRA 446 (2001).

576. People v. Reynes, 372 SCRA 140 (2001).

577. People v. Kinok, 368 SCRA 510 (2001); People v. Clarino, 362 SCRA 85 (2001).

578. People v. Padilla, 362 SCRA 46 (2001).

magkasama at nakikipag-usap sa isa't isa, at saka nagpaputok nang makaapat na ulit;[579] kung, pagkaraang tawagin ang pansin ng biktimang nagbibisekleta, na tumigil upang tugunan ang tumawag sa kanya at, habang nakatangan pa ito sa kanyang bisekleta sa layunin alamin kung sino ang tumawag sa kanya, kaagad na sinaksak ng salarin ang biktima sa likod at sa gilid ng kanyang katawan, nang walang babala at walang paninikis o paghahamong nagmula sa biktima;[580] kung bigla na lamang binunot ng salarin ang kanyang karit na nakatago sa ilalim ng kanyang damit at tinaga sa pamamagitan nito ang biktima, kahit pa nauna nang nabigyan ng babala ang biktima kaugnay sa panganib sa kanyang katauhan sampung araw bago siya napatay dahil nanatiling patraydor ang ginawang pananalakay sa kanya, na isinakatuparan sa paraang naging imposible para sa kanya na maipagtanggol ang sarili o makaganti;[581] kung namula sa likuran ang pananalakay sa walang-sandatang biktima, sa pamamagitan ng pananaksak, na isinagawa ng salarin sa paraan pabigla, di-hinihingi, di-inaasahan at lubos na sinadya, habang tangan-tangan ang biktima ng tatlo pang tao, na naglayong tumiyak o magbigay sa salarin ng kaligtasan;[582] kung, bagama't idinulot ang mga sugat na pananaksak sa biktima nang harapan, maliwanag na nailahad ng katibayan na nagmula ang salarin sa likuran ng biktima, samantalang isinasaayos ng biktima ang lubid para sa kabayo ng kanya apo at nakaharap sa kabayo;[583] kung tangan-tangan sa kamay ang biktima nang pagsasaksakin ito.[584]

Kung ginahasa ng salarin ang biktima, gamit ang sandatang karbin upang maisakatuparan ang kanyang layunin, hindi maikakatwiran ng tagausig na gumamit ang salarin ng kaparaanang tumitiyak sa pagsasagawa ng panggagahasa nang walang panganib sa kanyang sarili na magmumula sa pagtatanggol na maaaring gawin ng biktima. Hindi masasabing may katrayduran sa ganitong pagkakataon hindi dahil sa isinasaalang-alang lamang ang katrayduran sa mga krimen laban sa tao,[585] sapagka't isa nang krimen laban sa tao ang turing ngayon sa panggagahasa, kundi dahil tumatayong sangkap na bumubuo sa krimeng panggagahasa ang pananakot, maging dulot ng paggamit ng gayon o ibang nakamamatay na sandata o kahit man walang gamit na sandata, upang mailugso ang puri ng biktima. Kinikilala na rin ng batas mismo ang isang higit na mabigat na uri ng panggagahasa kapag

579. People v. Domingo, 362 SCRA 338 (2001).

580. People v. Bituon, 365 SCRA 238 (2001).

581. People v. Cabote, 369 SCRA 65 (2001).

582. People v. Concorcio, 367 SCRA 586 (2001).

583. People v. Damitan, 371 SCRA 629 (2001).

584. People v. Del Valle, 372 SCRA 297 (2001).

585. People v. Ramos, C.A., 47 O.G. 1913. Dating krimen laban sa kalinisang-puri ang panggagahasa, subali't binago na ito ng Batas Republika Blg. 8353.

isinagawa ito nang may gamit na nakamamatay na sandata.[586] Gayon pa man, maisasaalang-alang lamang ang katrayduran sa mga krimeng laban sa mga tao.[587] Hindi ito kinilalang mapagpalalang pangyayari sa krimen ng pagnanakaw na may kasamang pagpatay,[588] na isa pa ring krimen laban sa ari-arian bagama't nalahukan ng pagpatay. Datapwa't may mga kapasyahan ding nagsaalang-alang ng katrayduran, bilang panlahat na mapagpalalang pangyayari, kaugnay sa krimen ng pagnanakaw na may kasamang pagpatay[589] kapag isinagawa ang kasamang pagpatay nang may katrayduran.

Hindi nakasalalay ang katangiang pagkatraydor ng kaparaanang ginamit sa pananalakay sa kinahinatnan o naibunga nito kundi sa kaparaanan mismo, kaugnay sa layunin ng taong nanalakay na gamitin ito. Kung naiiba rito ang tuntunin, hindi maaaring magkaroon ng tinangka o nabigong asesinato na nagtatamo ng gayong pang-uri sa pamamagitan ng katrayduran. Sa dahilang ito, hindi hinihingi ng batas na tiyakin ng patraydor na kaparaanan ang

---

586. *Tignan ang*, BINAGONG KODIGO PENAL, art. 266-B, (2), ayon sa pagkakatadhana ng §2, Batas Republika Blg. 8353.

587. People v. Morial, 587 SCRA 96 (2001).

588. *Tignan ang* People v. Feliciano, 367 SCRA 53 (2001). Hindi ito kinilala sa isang usapin kung saan iba sa nilayong biktima ang taong napaslang, People v. Herrera, 371 SCRA 480 (2001); *Nguni't tignan ang* People v. Mabug-at, 51 Phil. 967 (1926); People v. Guillen, 85 Phil. 307 (1950).

589. People v. Repato, 91 SCRA 488 (1979). Bilang panlahat na mapagpalalang pangyayari, hindi nito binabago ang kaurian ng kasamang pagpatay bilang homisidyo upang maging asesinato. Sa usaping ito, isinaalang-alang ang katrayduran sa kasamang pagpatay dahil iginapos muna ang biktima bago siya pinatay, kaparaanang naglayon nang tuwiran at sadya na tiyakin ang pagsasakatuparan ng pagpatay nang walang panganib sa mga salarin dahil, sa ayos na nakagapos at nadisarmahan, hindi na magawa ng biktima na ipagtanggol ang kanyang sarili sa ano mang paraan laban sa mga salarin. Sa People v. Estante, 92 SCRA 722 (1979) kinilala din ng pasya ng nakararaming Mahistrado ang pagdalo ng katrayduran kaugnay sa krimeng pagnanakaw na may kasamang homisidyo, dahil sinenyasan ng salarin ang isang pampasaherong bus upang huminto, tinutukan ng baril ang drayber nito, kinuha ang mga pera at iba pang mahahalagang ari-arian ng mga pasahero, sapilitang inagaw ang baril ng isang pasahero at, sa pamamagitan nito, pinaputukan ang huli, na ikinamatay nito. Datapwa't tinutulan ni Mahistrado Abad Santos ang pasya ng nakararami, at sinabayan siya ni Mahistrado Aquino, sa dahilang hindi katrayduran ang basta pagpapaputok ng baril sa isang tao. Kinakailangan pa ang katibayang magpapakitang buong kamalayang pinili ang gayong anyo ng pananalakay, gaya ng ipinaliliwanag sa People v. Tumaob, 83 Phil. 742 (1949); People v. Saez, 1 SCRA 937 (1961); People v. Abalos, 84 Phil. 771 (1949). People v. Damo, 128 SCRA 615 (1984), (isinaalang-alang din bilang panlahat na mapagpalalang pangyayari ang katrayduran kaugnay sa krimeng pagnanakaw na may kasamang pagpatay); People v. Asibar, 117 SCRA 856 (1982).

pagsasakatuparan ng krimen, nang walang panganib sa sariling panig ng taong nanalakay mula sa pagtatanggol na maaaring gawin ng biktima, sapagka't sapat nang maging gayon ang layunin nito.[590]

Kaya naman, kapag sinalakay ang nasaktang panig nang di-inaasahan at nakamamatay ang sugat na naidulot sa kanya kung hindi lamang nahadlangan ang sandatang ginamit sa panunugat, tulad ng tadyang, na pumigil sa pagtagos nito sa baga at bata, mayroon pa ring *alevosia* at dapat ituring na nagkasala ang salarin ng nabigong asesinato.[591] Gayon din, kapag sinalakay ng salarin ang isang tao mula sa likuran, nguni't nabigo siyang patayin ang huli dahil hindi sapat ang sugat na naidulot upang makapatay, may katangian din ng katrayduran ang pananalakay kahit pa hindi natupad ang layunin ng salarin. Sa ganitong mga pagkakataon, naisagawa ang isang nabigo at isang tinangkang asesinato, na pawang may katangian ng katrayduran. Isinasaalang-alang ang katrayduran, kahit na hindi naging ganap ang krimen.

Hindi sapat ang basta kabiglaan ng pananalakay upang magkaroon ng katrayduran,[592] kahit na layunin talaga ng salarin ang pagpatay, kung ginawa naman nang biglaan ang pasyang manalakay at nagkataon lamang ang walang-labang kalagayan ng biktima. Hindi basta mahuhulo ang pang-uring pangyayari ng katrayduran dahil kinakailangang mapatunayan ang pag-iral ng ganitong pang-uri o panlahat na mapagpalalang pangyayari nang kasing lubusan ng pagpapatunay sa krimen mismo,[593] sa layuning magpalala sa saguting kriminal o kaparusahang maipapataw sa salarin.[594] Samakatwid, dapat mapatunayan ang katrayduran nang kasing linaw ng pagpapatunay sa krimen mismo.[595] Kapag walang nalalamang bagay-bagay tungkol sa paraan ng pagsasagawa ng pananalakay o kung paano nagsimula at sumulong ang kagagawang nagbunga ng kamatayan ng nasawi, hindi maaaring maipakita sa pamamagitan lamang ng mga haka-haka na isinagawa ng salarin ang pagpatay

590. People v. Parana, 64 Phil. 331 (1937).

591. People v. Reyes, 47 Phil. 635 (1925).

592. People v. Decena, 235 SCRA 67 (1994); People v. De Guia, 177 SCRA 112 (1989); People v. Manalo, 148 SCRA 98 (1987); People v. Atienza, 148 SCRA 147 (1987); People v. Onavia, 120 SCRA 232 (1983); People v. Chavez, 121 SCRA 806 (1983).

593. People v. Simon, 209 SCRA 148 (1992); People v. Sarense, 214 SCRA 780 (1992); People v. Peran, 215 SCRA 152 (1992).

594. *Tignan ang* People v. Ardisa, 55 SCRA 245 (1974). *Tignan din ang* People v. Agcaoili, 206 SCRA 606 (1992) (hindi maipagpapalagay ang katrayduran kundi dapat itong mapatunayan sa kasing tibay na paraan ng pagpapatunay sa kagagawang binibigyang-uri nito…).

595. People v. Ablao, 229 SCRA 274 (1994); People v. Nabayra, 203 SCRA 75 (1991).

nang may katrayduran.[596] Maaaring huling naidulot o nagawa nang di-sinasadya sa kaigtingan ng paglalaban ang isang sugat sa likod.[597] Kaya naman, hindi nangangahulugan ng katrayduran ang pangyayaring nagtamo ng mga sugat sa kanyang likod ang biktima, dahil maaari ngang huling naidulot ang mga sugat na ito sa biktima upang tapusin siya, o naidulot lamang ang mga ito nang di-sinasadya, o naidulot ang mga ito sa isang harapang pagsasagupaan[598]. Hindi maisasaalang-alang ang pangyayaring ito kung nagawa lamang patunayan ng tagausig ang mga pangyayaring naganap pagkaraang mangyari na ang pananalakay, nguni't hindi ang paraan kung paano nagsimula ang pananalakay o kung paano isinakatuparan ang kagagawang humantong sa kamatayan ng biktima.[599] Gayon din, kadalasang hindi maisasaalang-alang ang katrayduran kapag walang walang nakasaksi sa pananalakay[600] dahil kinakailangang magkaroon ng kapani-paniwalang katibayan na nagpapakitang tinantiya ang paraan ng pananalakay upang matiyak ang pagsasagawa ng krimen nang walang panganib sa salarin na maaaaring magmula sa ano mang pagtatanggol na gagawin ng biktima.[601] Hindi maisasaalang-alang ang katrayduran kung hindi nakita ng saksi sa kaganapan kung paano nagsimula ang pananalakay.[602] Sa kawalan ng katibayan kaugnay sa paraan ng pananalakay, hindi maisasaalang-alang ang katrayduran.[603] Hindi nga ito maaaring basta ipagpalagay kundi kailangang patunayan sa positibong paraan.[604]

Kung hindi napatunayan ang paraan ng pagsalakay, dapat ibigay sa salarin ang pakinabang ng pag-aalinlangan at kailangang uturing na isang homisidyo

---

596. People v. Devaras, 205 SCRA 676 (1992); People v. Castor, 216 SCRA 410 (1992); People v. Lug-aw, 229 SCRA 308 (1994); People v. Nerit, 197 SCRA 334 (1991).

597. U.S. v. Perdon, 4 Phil. 141 (1905); U.S. v. Panagilion, 34 Phil. 786 (1916).

598. People v. Bantiling, 369 SCRA 47 (2001).

599. People v. Calpito, 416 SCRA 491 (2003); People v. Dela Cruz, 412 SCRA 503 (2003).

600. People v. Lanza, 94 SCRA 613 (1979).

601. *Id.*

602. People v. Cordero, 217 SCRA 1 (1993); People v. Tiozon, 198 SCRA 368 (1991); People v. Lubreo, 200 SCRA 11 (1991).

603. People v. Quilaton, 205 SCRA 279 (1992); People v. Agcaoili, 206 SCRA 606 (1992); People v. Apa-ap, Jr., 235 SCRA 226 (1994); People v. Timple, 237 SCRA 52 (1994); People v. Ganohon, 196 SCRA 431 (1991).

604. People v. Quilaton, 205 SCRA 279 (1992); People v. Cedenio, 233 SCRA 356 (1994); People v. Salveron, 228 SCRA 83 (1994); People v. Tiozon, 198 SCRA 368 (1991); People v. Repe, 175 SCRA 728 (1989); People v. Atienza, 148 SCRA 147 (1987); People v. Regular, 108 SCRA 23 (1981).

lamang ang krimen ng pagpatay.[605] Dapat na ibatay ang hatol na nagkaroon ng katrayduran sa bagay na higit sa pagpapalagay lamang o payak na haka-haka. Dapat itong patunayan ng tagausig sa pamamagitan ng katibayang sumasaibayo sa makatwirang pag-aalinlangan.[606] Kung gayon, dapat magkaroon ng pagsasalarawan kung paano sinimulan ang pananalakay at ang paraan ng pagsasakatuparan ng krimen, na magpapakitang ginamit ito ng mga salarin nang buong kamalayan o nang sinasadya.[607] Itinatatwa ang katrayduran ng kakapusan o kakulangan ng katibayan kaugnay sa kaparaanan kung paano sinimulan ang pananalakay o kung paano sumiklab o naganap ang kagagawang humantong sa pagkakapatay sa biktima.[608] Hindi maisasaalang-alang ang katrayduran kapag walang katibayang nagpapakita ng kinaroroonan ng mga sugat na tinamo ng biktima bilang malamang na pahiwatig o palatandaan ng mga katangian ng isinagawang pananalakay,[609] lalo na kung nagmumungkahi ng harapang pananalakay ang pangyayaring isa sa mga salarin ang nagtapat na siya ang nagdulot ng tatlong mga saksak sa sikmura ng biktima.[610]

Datapwa't may mga kataliwasan ang panuntunang hindi basta maipagpapalagay lamang ang pagkakaroon ng katrayduran. Kapag nakatali kapwa ang mga siko ng biktima,[611] batbat ng sugat ang kanyang katawan at pinugot ang kanyang ulo, maisasaalang-alang ang katrayduran kahit na walang saksing nakakita sa nangyaring pagpatay.[612] May katrayduran kung iginapos muna nang parang baboy ang mga biktima at saka walang-awang

605. *Tignan* ang People v. Samonte, Jr., *supra* talâ 456. *Tignan ang* People v. Gutierrez, 209 SCRA 206 (1992), kung saan itinangging nagkaroon ng katrayduran dahil hindi napatunayan nang sapat ang paraan ng pananaksak na sinasabi ng tagausig.

606. People v. Mendoza, 369 SCRA 268 (2001).

607. People v. Sia, 370 SCRA 123 (2001); People v. Cantojos,370 SCRA 105 (2001); People v. Espera, 175 SCRA 728 (1989).

608. *Tignan ang* People v. Mosquerra, 362 SCRA 441 (2001); People v. Doctolero, 363 SCRA 404 (2001); People v. Reapor, 366 SCRA 604 (2001); People v. Hermosa, 364 SCRA 648 (2001); People v. Ancheta, 372 SCRA 753 (2001); People v. Parba, 364 SCRA 408 (2001). *Tignan din ang* People v. Lanza, 94 SCRA 613 (1979), kung saan ipinahayag na kadalasang hindi maisasaalang-alang ang katrayduran kapag walang nakasaksi sa isinagawang pananalakay. Binabanggit na batayan nito ang People v. De Leon, 2 SCRA 388 (1961).

609. People v. Pajarillo, 94 SCRA 828 (1979).

610. People v. Alquizar, 92 SCRA 698 (1979).

611. *Tignan ang* People v. Donato, 207 SCRA 125 (1992), kung saan nakagapos din ang kamay ng biktima.

612. U.S. v. Santos, 1 Phil. 222 (1902).

pinagpapatay.[613] Asesinato, na binigyang-uri ang katrayduran, ang pagpatay sa isang bata,[614] kahit na hindi naipakita ang paraan ng mismong pananalakay sa kanya.[615] May katrayduran kung sinaksak ng salarin ang biktima habang natutulog.[616]

Dahil hinihingi ng batas na sadyang pinili ang kaparaanan, kasangkapan, o kaanyuan ng pananalakay na patraydor, nangangahulugan ito na: (1) gumawa dapat ng paghahanda ang salarin upang patayin ang nasawi sa paraang titiyak sa pagsasakatuparan ng krimen o sa layuning gawing imposible o mahirap sa taong sinalakay na ipagtanggol ang sarili o gumanti;[617] (2) pinag-isipan dapat ng salarin ang paraan ng pananalakay, at hindi dapat na sumulpot lamang ito o nasumpungan mula sa di-inaasahang takbo ng mga pangyayari.[618] Hindi masasabing pinag-isipan ang paraan ng pananalakay kung naging biglaan ang pagpapasyang barilin ang nasawi dahil sa akmang pagtakas ng huli, at lubusang nagkataon lamang o di-sinasadya ang kaukulang kalagayan ng biktima at ng salarin.[619] May katrayduran kung, gapos ang mga kamay at may busal sa bibig, dalawang ulit na pinagsasaksak ng ayspik ang biktima.[620] Kung, dahil walang sandata ang biktima at ganap na walang kalaban-laban, nagtangka siyang tumakas sa pamamagitan ng pagtalon bintana at, sa gayong kalagayan, binaril siya ng salarin, na ikinahulog ng biktima sa batalan, nang may tatlong malulubhang tama ng balang pumasok sa kanyang likod at kanyang ikinamatay, maliwanag ang

613. People v. Dalanon, 237 SCRA 607 (1994); People v. Jardiniano, 103 SCRA 530 (1981).

614. People v. Ganohon, 196 SCRA 43 (1991); sa People v. Manalang, 123 SCRA 583 (1983), isang sanggol ang isa sa mga biktima.

615. People v. Laggui, C.A., 34 O.G. 1708; People v. Abuyen, 213 SCRA 569 (1992), kung saan mga batang menor-de-edad ang biktima; People v. Cabarrubias, 223 SCRA 363 (1993), walang ano mang panganib sa panig ng salarin dahil sa kahinaan ng mga biktima, dala ng kamuraan ng kanilang gulang; People v. Magtuloy, 224 SCRA 153 (1993).

616. People v. Puda, 133 SCRA 1 (1984); People v. Caringal, 176 SCRA 404 (1989), hindi makalaban ang taong tulog; People v. Andres, 155 SCRA 290 (1987); People v. Garufil, 152 SCRA 468 (1987); People v. Parcon, 110 SCRA 425 (1981). Datapwa't sa People v. Berbal, 176 SCRA 202 (1989), pagmamalabis sa kahigtan ng lakas ang isinaalang-alang kaugnay sa pagpatay sa isang 58 taong gulang na biktima samantalang natutulog ito.

617. People v. Tumaob, 83 Phil. 742 (1949); People v. Saez, 1 SCRA 937 (1961).

618. People v. Dauz, C.A., 40 O.G., Sup. 11, 107.

619. People v. Abalos, 84 Phil. 771 (1949).

620. People v. Ong, 108 SCRA 267 (1981).

katrayduran (*alevosia*) sa paraaan ng pananalakay dahil tiniyak nitong maisasagawa ang pagpatay nang walang panganib sa namaril sa biktima.[621]

Kung, matapos makita ng biktima ang salarin na pinagtatataga ang kanyang kapatid na babae, patakbong lumabas siya sa bahay at nagsusumigaw sa paghingi ng saklolo, kung kailan naman hinabol siya ng salarin at, nang maabutan, pinagtataga siya sa ulo, masasabing may katrayduran,[622] bagama't naging mabilis at biglaan ang mga pangyayari kaya't mahirap masabing napag-isipan niya ang paraan ng pananalakay. Datapwa't kapag walang katibayan na, bago dumating ang sandali ng pagpatay, nagpasya ang salarin na isagawa ang krimen, o walang patunay na resulta ang pagkakapatay sa biktima ng paghahanda, pananantiya o pagmumuni-muni, hindi maisasaalang-alang ang katrayduran.[623] Kung biglaan ang pasyang pumatay, walang katrayduran na maisasaalang-alang kahit na walang-laban ang kagalayan ng biktima, dahil hindi naman sadyang pinili ng salarin na magkagayon ang kanyang kalagayan kundi purong pagkakataon lamang iyon.[624] Itinatanggi ang pagkakaroon ng katrayduran ng mismong kabiglaan ng pagpasyang barilin ng salarin ang nasawi, dahil sa nakapatulin ng mga pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari, walang panahong naiiwan sa salarin upang makapagdili-dili kaugnay ng paraan ng isasagawang pagsalakay -- walang panahon upang maghanda ng paraang mapapatay niya ang biktima nang may lubusang katiyakan na magiging imposible o mahirap para sa biktima na makapagtanggol o makaganti.[625] Kaya naman, hindi nagpapakita ng katrayduran ang basta pangyayaring naging biglaan at di-inaasahan ang pananalakay, maliban na lamang kung mayroong katibayan na sadyang pinili ng salarin ang gayong anyo ng pananalakay. Dapat magkaroon ng katibayan na nagpapakitang pinag-isipan ng salarin ang kasangkapan, kaparaanan, at kaanyuan ng pagpatay sa biktima.[626] Ang sinasadya, biglaan at di-inaasahang pananalakay sa biktima mula sa likuran, nang walang ano mang babala at nang hindi nagbibigay sa kanya ng pagkakataon upang maipagtanggol ang sarili o itaboy ang panimulang pananalakay, ang kakanyahan at di-mapagkakamalang pagpapakita ng katrayduran. Nguni't hindi sapat ang basta kabiglaan ng pananalakay upang bumuo ng katrayduran. Dapat na sadyang pinili ng salarin kung anong paraan o anyo ng paglusob ang isasagawa.[627]

621. People v. Ramolete, et al., 56 SCRA 66 (1974).

622. People v. Cruz, 109 Phil. 288 (1960).

623. U.S. v. Balagtas, 19 Phil. 164 (1911).

624. People v. Cadag, et al., 2 SCRA 388 (1961); People v. Narvaez, 121 SCRA 389 (1983), kumilos nang iglapan ang salarin.

625. People v. Macaso, 64 SCRA 659 (1975).

626. People v. Tumaob, *supra* talâ 589.

627. People v. Macalisang, 22 SCRA 699 (1968).

Napatutunayan ang mapagpalalang pangyayari ng katrayduran kung ipinakikita ng katibayan na lumapit ang isang salarin sa biktima mula sa likuran,[628] habang ipinipilipit ang kanyang bisig sa mahigpit na pagkakasakal sa leeg ng biktima, samantalang hinahawakan naman ng kanyang dalawang kasamang-salarin ang dalawang kamay ng biktima, at sa gayong walang kalaban-labang kalagayan ng nasawi, na hindi na nagawa pang ipagtanggol ang sarili, dalawa sa mga salarin ang sumaksak sa biktima sa pamamagitan ng gunting, na nakapagdulot sa biktima ng hindi kukulangin sa apat na sugat ng pananaksak, na sapat ang alin man dito upang makapatay.[629]

May dumalong katrayduran sa gawang pagpatay kung nagkubli ang mga nanalakay sa likuran ng isang bunton ng troso, sa balabal ng dilim, at nilapitan mula sa likuran ang biktima, at saka binaril habang bumabaling sa kinaroroonan ng mga salarin.[630] Kung nakatago nang mabuti ang salarin sa likuran ng isang puno nang barilin niya ang biktimang walang sandata, walang kamalay-malay kaugnay sa balak gawin sa kanya at walang paraan ng pagtatanggol sa sarili, masasabing sinadya ng salarin na gumamit ng mga kasangkapan, kaparaanan o kaanyuan ng pananalakay na titiyak sa pagsasagawa ng krimen, nang walang panganib sa kanyang sarili.[631] Datapwa't kung nagtago ang salarin sa likuran ng isang puno at saka binaril niya ang biktima habang tumatakbo ang huli at, sa gayong kalagayan, walang paraan upang ipagtanggol ang sarili, hindi pa rin maisasaalang-alang ang katrayduran kung hindi naman sadyang sinamantala ng salarin ang pangyayari upang patayin ang biktima nang walang panganib sa kanyang sarili, kundi ginawa lamang niya ang pagbaril nang nakatago dahil natakot siya, sa paniniwalang armado ng baril ang nasawi.[632] May katrayduran kung

628. *Tignan ang* People v. Danico, 208 SCRA 472 (1992), kung saan sinaksak ang biktimang walang kalaban-laban mula sa likuran; People v. Villalobos, 209 SCRA 304 (1992), binaril ang biktima mula sa likuran; People v. Antud, 215 SCRA 190 (1992), sinaksak ang biktima mula sa likuran; People v. Apolonia, 235 SCRA 124 (1994), binaril o sinaksak mula sa likuran ang biktima; People v. Muyano, 235 SCRA 184 (1994), binaril ang biktima mula sa likuran; People v. Daniel, 236 SCRA 499 (1994), sinaksak ang biktima sa likod; People v. Boniao, 217 SCRA 653 (1993), nagmula sa likuran ang pananakay, habang nakatalikod sa salarin ang biktima, at naging bigla at di-inaasahan at walang-babala ang ginawang pananalakay; People v. Calaveria, 221 SCRA 34 (1993), binaril mula sa likuran ang biktima, habang papasakay sa kanyang motorsiklo; People v. Arguelles, 222 SCRA 166 (1993), dahil sa pananalakay na nagmula sa likuran, nagtamo ng tama ng baril sa likod ang biktima; People v. Bragaes, 203 SCRA 555 (1991), nagmula sa likuran ang pananaksak.

629. People v. Lunar, 45 Phil. 119 (1972).

630. People v. Javarata, et al., 20 SCRA 1015 (1967).

631. People v. Guevarra, 23 SCRA 58 (1968).

632. People v. Dadis, 18 SCRA 699 (1966).

ipinuwesto ng dalawang salarin, na nagsamantala sa balabal ng gabi, ang kanilang sarili sa isang lugar kung saan magagawa nilang barilin ang biktima nang ligtas sa ano mang panganib sa kanilang sarili o nang di-nabibilad ang kanilang sarili sa ano mang pagganti dahil hindi inaasahan ng biktima na tatambangan siya sa naturang lugar at sandali, at hindi rin bunga ng udyok ng sandali ang ginawang pagbaril.[633] Kung tinambangan sa daan at biglaang sinalakay ang biktima, may katrayduran.[634]

Sa pamamagitan ng pagpapaulan ng bala sa bahay, na isinagawa sa gitna ng kadiliman ng gabi, gumamit ang mga salarin ng mga kasangkapan, kaparaaanan at kaanyuan sa pagsasagawa ng krimen na tuwirang naglayong tiyakin ang pagsasakatuparan ng kanilang pakanang kriminal nang walang panganib sa kanilang sarili na magmumula sa pagtatanggol na maaaring gawin ng mga nakatira sa bahay.[635]

Kung biglang pinatigil ng mga salarin ang biktima habang nasa daan patungo sa bahay ng kanyang pinsan at natagpuang gumamit ng ganitong paraan ng pagsalakay ang mga salarin upang matiyak ang pagsasakatuparan ng krimen nang walang ano mang panganib sa kanilang sarili, bukod sa walang kasanda-sandata noon ang biktima at wala nang panahon upang maipagtanggol pa niya ang kanyang sarili dahil sa kabiglaan ng pananalakay at sa kanyang kalasingan, masasabing nagkaroon ng katrayduran sa panig ng mga salarin.[636]

Kapag di-sinasadya o nagkataon lamang ang pagtatagpo ng salarin at ng biktima, at ginawa ang pananalakay sa tulak ng biglaang udyok, walang masasabing katrayduran.[637] Kung bigla na lamang tumakbo ang nasawi nang makita ang salarin, kaya't pasipol na pumito sa kanya ang salarin nguni't hindi naman pinansin ng nasawi ang gayong pagtawag, bagay na ikinagalit ng salarin na agarang bumaba sa kanyang bisekleta at, mula sa layong limampung metro, nagpaputok sa nasawi, na nagtamo ng nakamamatay na tama, hindi masasabing may katrayduran dahil nagkataon lamang ang pagtatagpo ng dalawa at pinaputukan ng salarin ang nasawi sa biglaang tulak ng udyok, nang hindi pinansin ng nasawi ang kanyang pagtawag. Dahil nga nagkataon lamang ang pagtatagpo ng salarin at ng nasawi, at ginawa ang pananalakay sa tulak ng biglaang udyok, walang maisasaalang-alang na katrayduran kahit pa biglaan at di-inaasahan ang naganap na pananalakay at isinagawa ito habang tumatakbong palayo ang biktima nang nakatalikod sa salarin. Nakasalalay ang

633. People v. Odencio, 88 SCRA 1 (1979).

634. People v. Bravante, 150 SCRA 569 (1987).

635. People v. Elizaga, 23 SCRA 58 (1968).

636. People v. Pajenado, 69 SCRA 172 (1976).

637. People v. Bado, 128 SCRA 38 (1984); People v. Bernal, 128 SCRA 606 (1984).

panuntunang ito sa katwirang hindi masasabing nakagawa ng paghahanda ang salarin kaugnay ng ginawang pananalakay kung nagkataon o nataon lamang ang pagtatagpo nila ng biktima; hindi rin masasabing pinag-isipan ng salarin ang mga kasangkapan, kaparaanan, at kaanyuan ng pananalakay kung nangyari ito sa tulak ng biglaang udyok.[638] Kung isang labu-labu o magulong sagupaan ang agarang konteksto ng pagpatay, mahirap matagpuan ang mga sangkap ng katrayduran.[639]

Masasabing nilayon ng salarin na mag-alis ng o makaiwas sa ano mang panganib sa sarili, sa pagpili ng kasangkapan, kaparaanan at kaanyuan ng ginawang pananalakay kung isinagawa ang pagpatay sa biktima habang nakatalikod ito, samantalang naliliyo sa kalasingan at walang sandata;[640] kung pinatay ang biktima habang natutulog;[641] kung binaril ang walang kahina-hinalang biktima, na tinamaan sa kanyang tiyan, samantalang bumabaling upang harapin ang taong nanalakay sa kanya;[642] kung isinagawa ang panunugat sa biktima habang hinahawakan siya mula sa likuran ng iba;[643] kung binaril ang biktima nang kagigising pa lamang at lubusang di-handa sa nangyaring pananalakay;[644] kung biglaang sinalakay ang biktima nang may gamit na sandata;[645] kung pinababa ang biktima mula sa kanyang bahay at saka pinaulanan ng bala sa gayong anyo, na naging sanhi ng kanyang pagkamatay;[646] kung binaril ang biktima mula sa malayo nang hindi nito inaasahang may sasalakay sa kanya;[647] kung binaril ang biktima habang

---

638. People v. Calinawan, 83 Phil. 648 (1949).

639. People v. Bautista, 148 SCRA 155 (1987). Datapwa't may katrayduran sa isang organisadong paglusob sa karibal na pangkat, na isinagawa nang biglaan at di-inaasahan (People v. Verges, 105 SCRA 744 (1981)).

640. People v. Yadaon, 82 Phil. 160 (1948).

641. People v. Dequina, 60 Phil. 279 (1934); People v. Miranda, et al., 90 Phil. 91 (1951).

642. People v. Noble, 77 Phil. 93 (1946).

643. U.S. v. Valdez at Gamit, 40 Phil. 876 (1920).

644. People v. Avila, 92 Phil. 805 (1953); People v. Atencio, et al., 130 Phil. 61 (1968).

645. People v. Rendora, G.R. No. L-14356, 30 Setyembre 1959; datapwa't dapat ding alalahanin ang panuntunan ng People v. Calinawan, 83 Phil. 648 (1949) kaugnay sa ganitong pangkakataon.

646. People v. Mukung, et al., G.R. No. L-2138, 22 Marso 1953.

647. People v. Tamani, 55 SCRA 153 (1947). Sa People v. Zapatero, 58 SCRA 450 (1974), inilagay ng nasakdal ang sarili sa isang dakong magubat na malapit sa daan at nagpaputok sa biktima sa layong walong metro mula sa biktima, na inuring paggamit ng paraan ng pagsasagawa ng krimen na tumiyak sa

nangunguha ng tuba sa itaas ng punong niyog, na walang sandata, walang kalaban-laban at di-nag-aakalang may sasalakay sa kanya sa gayong anyo at kinalalagyan;[648] kung binaril ang biktima habang umiihi isang gabi sa balkon ng kanyang bahay, nang hindi niya akalaing apat na metro lamang ang layo sa kanya ng kanyang kalaban, nakaumang ang karbin sa kanya;[649] kung pinagsasasaksak ang biktima matapos talian at busalan ang bibig.[650] Sa mga nabanggit na mga pagkakataon, sinalakay ng mga salarin ang kani-kanilang mga biktima nang wala sa kalagayan ang mga huli upang makapagtanggol sa sarili. Mula sa mga pangyayari ng nasabing mga pagkakataon, mapaniniwalaang sadyang pinili ng mga salarin ang mga kasangkapan, kaparaaanan at kaanyuan ng ginawang pananalakay upang matiyak ang pagsasagawa ng krimen nang walang panganib sa kanilang sarili.

Wasto ang pagsasaalang-alang ng katrayduran kung wala sa kalagayan ang biktima upang ipagtanggol ang sarili.[651] Kung pinadapa ang mga biktima, at itinali ang kanilang mga kamay sa likod bago sila tuluyang pinatay, masasabing may katrayduran.[652] Kung natutulog ang biktima nang patayin siya, may katrayduran.[653] May katrayduran ang pagpatay sa isang bata musmos dahil kawalan ng ano mang panganib sa panig ng salarin ang resulta ng kahinaan ng biktima dala ng kamuraan ng kanyang gulang.[654] Datapwa't hindi nangangahulugan ng katrayduran ang basta pangyayaring walang sandata ang biktima noong sandaling sinalakay siya ng mga salarin nang may gamit na mga itak.[655]

Kung pinatay ang biktima habang nakataas ang kamay, mayroong katrayduran.[656] Kaya naman, kung tinutukan ng salarin ng riple ang biktima

---

pagsasakatuparan nito nang walang panganib sa salarin na maaaring magmula sa gagawing pagtatanggol ng biktima.

648. People v. Sangalang, 58 SCRA 737 (1974).

649. People v. Manangan, 59 SCRA 31 (1974). Itinuring na isang pananambang ang nangyari.

650. People v. Ong, 62 SCRA 174 (1975).

651. People v. Espinosa, 180 SCRA 393 (1989).

652. People v. Saquing, 30 SCRA 835 (1969); People v. Jardiniano, 103 SCRA 530 (1981) (iginapos muna ang biktima bago pinatay).

653. People v. Molo, 88 SCRA 22 (1979). Datapwa't pansinin ang People v. Del Valle, 103 SCRA 496, kung saan tinanggihang nagkaroon ng katrayduran dahil maaaring gising pa ang biktima nang saksakin siya.

654. U.S. v. Oro, 19 Phil. 554.

655. People v. Mantes, G.R. No. 138914, 14 Nobyembre 2001.

656. People v. Mil, 92 SCRA 89 (1979). Sa People v. Dulos, 237 SCRA 141 (1994), hindi lamang nakataas ang mga kamay ng biktima nang patayin ng salarin, nakaluhod pa siya at nagmamakaawa.

mula sa layong anim na metro at sinabing, "*Pardong, tumayo ka, babarilin ka namin*" at itinaas ng biktima ang mga kamay niya, habang nagsusumamo sa malakas na tinig, "*Huwag mo akong patayin, tignan mo muna kung ano ang kasalanan ko,*" datapwa't pinaputukan pa rin ng salarin sa gayon ayos ang biktima, na sumugat sa kanya nang mortal at ikinamatay niya, masasabing isinagawa ang pagpatay nang may katrayduran.[657] Kung nakataas ang mga kamay ng biktima upang ipakitang hindi siya lalaban o dahil sa takot o upang tangkaing sanggahin ang dumarating na bala, at nasa walang kalaban-labang kalagayan, kung gayon, nang barilin siya ng salarin, masasabing bumubuo ng katrayduran ang gayong mga pangyayari.[658] Nagbubunyag ng katrayduran ang mga pangyayaring nakapaligid sa pagkakapatay sa biktima kung nakataas ang kanyang kamay at nagmamakaawa siya sa isang salarin, nang tagain siya sa leeg ng gulok ng isa pang salarin. Itinuring na bahagi ang papel na ginampanan ng isang salarin sa pagpapahina ng pagtatanggol, sa pamamagitan ng pagbalda sa nasawi, at maisasaalang-alang ito bilang bahagi ng mga kaparaanan sa pagsasakatuparan ng krimen na sadyang ginamit ng mga salarin upang matiyak ang pagpaslang sa biktima nang walang panganib sa kanilang sari-sarili.[659]

May katrayduran kapag pinatay ang isang babae habang nagmamakaawa. Kung nagsusumamo ang isang biktimang ina para sa kaligtasan ng kanyang mga anak sa harapan ng salarin nang "*Maawa kayo. Huwag po,*" datapwa't pinatay pa rin siya sa gayong anyo, masasabing isinagawa ang pagpatay nang may katrayduran.[660] Gayon din, may katrayduran kung pinahina muna ang isang babae hanggang sa mawalan ng kalaban-laban bago siya binaril.[661] May matatagpuang katrayduran kung sinalakay ng mga lalaking nasa kasibulan ng mgat tatlumpung taong gulang, may matitipunong katawan at pawing sandatahan ang isang babaeng 68 taong gulang.[662]

Mayroong katrayduran kung sinadyang sorpresahin o binigla ang biktima o hindi niya inakala o inasahan ang ginawang pananalakay sa kanya.[663] May katrayduran ang pananalakay kung sadyang gumawa ang mga magkapatid na salarin ng biglaan o di-inakala o di-inaasahang pananakalay sa biktima, nang halos tambangan na ng mga salarin ang biktima sa pamamagitan ng paghihintay sa isang pampang, isang mataas na kinalalagyang nagpahirap para

657. People v. Barba, G.R. No. L-7136, 30 Setyembre 1955.

658. People v. Castro, G.R. Nos. L-20555 at L-21449, 30 Hunyo 1967.

659. People v. Richohermoso, 56 SCRA 431 (1974).

660. People v. Dagundong, 108 Phil 682 (1960).

661. People v. Clementer, 58 Phil. 742 (1933).

662. People v. Crisostomo, 222 SCRA 93 (1993).

663. Sa People v. Tirol, 102 SCRA 558 (1981) isang buong mag-anak ang nasorpresa.

sa biktima na tumakas o magmaniobra sa pagtatanggol sa sarili nang barilin siya nang patagilid samantalang papaakyat siya sa burol o pampang na may dala-dalang pagkain.[664] May katrayduran din kapag tinambangan sa daan ang biktimang walang sandata, na hindi nakagawa ng ano mang pagtatangol sa sarili.[665]

Walang katrayduran kung ginawa ng salarin ang pananalakay habang nagtatanggol na sa sarili ang nasawi. Kaya naman, kung biglaang sinalakay ang nasawi, nguni't nakaurong siya upang makaiwas sa pananaga at tinamaan lamang habang nasa gitna ng pagtatanggol sa sarili laban sa pananalakay ng salarin, walang katrayduran.[666] Walang katrayduran kung nagbuno sa isa't isa ang salarin at ang biktima.[667] Wala ring katrayduran kung may naunang paninikis o paghahamon dahil itinatanggi ng naunang paninikis o paghahamon sa salarin, na nagmula sa nasawi ang pagkakaroon ng katrayduran.[668] Kung alam na ng biktima na napukaw niya ang galit ng salarin sa pamamagitan ng pagbubuhat ng kamay hindi lamang sa kanya kundi pati na rin sa kanyang maybahay, at nagkaroon na siya ng sapat na paunang babala na may darating na pagganti, hindi masasabing nagkaroon ng katrayduran.[669] Datapwa't kahit naunang sinipa ng biktima ang salarin, maaari pa ring magkaroon ng katrayduran kung isinakatuparan ang pagganti ng salarin nang patraydor, tulad nang pagsaksak sa biktima nang makailang ulit habang nakalugmok na sa lupa matapos tangkain nitong tumakbo.[670]

Kung sinaksak ng salarin ang nasawi sa sandali ng kaguluhang likha ng paglalabasan o pagpupulasan, dahil sa pag-ulan, mula sa bulwagang sayawan ng mga taong naroroon upang magsihanap ng masisilungan, at sinamantala naman ng salarin ang kaakibat na kaguluhang nilikha ng pag-ulan sa mga tao roon, upang hindi matuklasan ng mga taong nasa bulwagang sayawan ang kanyang kagagawan at pagkasino, at upang mapadali ang kanyang pagtakas mula roon, masasabing may katrayduran.[671] Samakatwid, maaaring kilalaning may nangyaring katrayduran kung sinamantala ng salarin ang kaguluhan sa pagsasagawa ng krimen, upang hindi mabunyag ang kanyang kagagawan at

664. People v. Diaz, 55 SCRA 178 (1974).

665. People v. Valdez, 58 SCRA 21 (1974).

666. People v. Diva, et al., 23 SCRA 332 (1968); People v. Rodil, 109 SCRA 308 (1981), bagama't biglang bumunot ng patalim ang salarin, nagawa munang ilagan ng biktima ang pananaksak.

667. People v. Butler, 120 SCRA 281 (1983).

668. People v. Narvaez, 121 SCRA 389 (1983).

669. People v. Manlapaz, 55 SCRA 598 (1974).

670. People v. Macariola, 120 SCRA 92 (1983).

671. People v. Tilos, 22 SCRA 657 (1968).

pagkasino, at upang mapadali ang kanyang pagtakas, bagama't mahahalatang batay ang panuntunang ito sa pangangatwirang hindi ganap na naaayon sa ikalawang bumubuong sangkap ng katrayduran, at lubusang walang kinalaman sa pagpapakahulugan ng ganitong mapagpalalang pangyayari.

Kung binigyan ng salarin ang nasawi ng pagkakataon upang makapaghanda, walang katrayduran.[672] Kaya naman, kung hinamon ng salarin ang nasawi sa duwelong barilan bago naganap ang pamamaril, walang masasabing katrayduran, kahit na biglaan ang ginawa ng salarin na pamamaril at hindi talaga nakapaghanda ang nasawi, sapagka't nakapagbigay na ang paghahamon sa nasawi ng pagkakataon upang makapaghanda.[673] Gayon din, walang katrayduran kung pinangunahan ng isang babala ang pananalakay.[674] Kapag tapatan, harapan, at paunang nag-usisa ang salarin ng "Ano ang sinabi mo?" bago niya sinimulan ang pananalakay, walang katrayduran dahil isa nang babala ang nasabing pag-uusisa sa nasaktang panig kaugnay sa palabang asal ng salarin.[675] Wala ring katrayduran kung hindi isinagawa ang paglusob sa nasawi sa paraang biglaan at di-akalain, o di-inaasahan dahil nabigyan na ang nasawi ng mga salarin ng masamang babala ng kanilang pagdating at nabunyag ang kanilang pag-akyat sa kanyang bahay sa pamamagitan ng dalawang ulit na pagpapaputok habang nasa lupa pa lamang sila.[676] Wala ring masasabing katrayduran kung pinangunahan ng isang mainit na pagtatalo ang ginawang pananalakay.[677] Kaya naman, kung pagkaraan ng maigsing palitan ng matitinding pananalita, binunot ng salarin ang kanyang baril at saka binaril nang tatlong ulit na sunud-sunod ang nasawi, samantalang ganap na walang kalaban-laban ang huli, dahil wala siyang ano mang sandata sa kamay noon, hindi maisasaalang-alang nang naaayon sa batas ang sinasabing katrayduran dahil pinangunahan ng isang mainit na pagtatalong namagitan sa dalawa ang

672. *Tignan ang* People v. Diomonon, 94 SCRA 227 (1979), kung saan harapan at pinangunahan ng babala ang ginawang pananalakay, kung kaya pinuna nagkaroon na ang biktima ng pagkakataon upang maitaboy ito, sa pamamagitan ng pag-iwas, pagtakas o pagsasagawa ng ano mang pagtatanggol na kaya niya maisagawa.

673. People v. Visagar, 93 Phil. 326 (1953).

674. People v. Estrellanes, Jr., 239 SCRA 235 (1994); People v. Bernardo, 222 SCRA 502 (1994); People v. Regulacion, 121 SCRA 40 (1983), lalo pa kung may sandata din ang nasawi.

675. People v. Lunam, 76 Phil. 101 (1946).

676. *Tignan ang* People v. Mansano, 58 SCRA 250 (1974); *tignan din ang* People v. Casiguran, 94 SCRA 244 (1979), na nagpapatibay sa panuntunang walang katrayduran kapag harapan, at hindi biglaan at di-inaaasahan ang pananalakay.

677. People v. Gasper, 225 SCRA 189 (1993); People v. Macalino, 177 SCRA 185 (1989); People v. Rillorta, 180 SCRA 102 (1989); People v. Ruiz, 110 SCRA 115 (1991).

pamamaril, at masasabing nalagay sa pagbabantay ang nasawi.[678] Walang katrayduran kung batid na ng biktima ang palabang asal tungo sa kanya ng mga salarin bago pa man nanalakay ang mga ito.[679]

Datapwa't hindi maipangangatwirang dahil pinagbantaan ng salarin ang nasawi isang araw bago naganap ang pamamaril sa kanya, wala nang katrayduran dahil hindi siya nabigla sa ano mang paraan.[680] Hindi lamang ang sangkap ng kabiglaan ang ipinahihiwatig ng katrayduran, kundi umiiral din ito kapag gumagamit ang salarin ng mga kasangkapan, kaparaanan o kaanyuan ng pananalakay na tuwiran at sadyang tumitiyak sa pagsasakatuparan ng krimen, nang walang panganib sa kanyang sarili mula sa pagtatanggol na maaaring gawin ng nasaktang panig.[681] Kung noong harapin ng salarin ang kanyang biktima, na walang kamalay-malay kung paano isasakatuparan ang banta laban sa kanya, at nagpaputok nang limang ulit nang walang babala, walang ano pa mang magagawa ang huli sa pagtatanggol sa kanyang sarili, kaya masasabing may katrayduran pa rin nang gawin ang pananalakay.[682] Kung sinundan ng salarin ang mga nanghaharana habang naglalakad sila, nang walang pahiwatig na babarilin niya ang mga ito, at saka pabiglang nagpaputok mula sa likuran, sa dalawang matutuling pagkakasunud-sunod, sa layong limang metro mula sa kanila, maliwanag na mayroong katrayduran.[683]

Maaari pa ring magkaroon ng katrayduran kahit harapan ang ginawang pananalakay.[684] Hindi hinihingi na magmula, sa lahat ng pagkakataon, sa likuran ang pananalakay upang makaroon ng katrayduran. Kaya naman, dapat isaalang-alang ang katrayduran kahit na nakaharap ng nasawi ang taong nanalakay sa kanya nang bitawan ang nakamamatay na hataw, kung lumilitaw na hindi naman pinangunahan ng isang pagtatalo ang pananalakay at hindi

678. People v. Gonzales, 76 Phil. 473 (1946).

679. People v. Rivera, 221 SCRA 647 (1993).

680. People v. Pidoy, 405 SCRA 339 (2003); People v. Almedilla, 409 SCRA 428 (2003).

681. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (16).

682. People v. Casalme, 17 SCRA 717 (1966).

683. People v. Pantoja, 25 SCRA 468 (1968).

684. *Tignan ang* People v. Pidoy, 405 SCRA 339 (2003); People v. Almedilla, 409 SCRA 428 (2003). *Tignan din ang* People v. Urminita, 94 SCRA 666 (1979), kung saan natagpuang may katrayduran dahil, kahima't harapan ang pananalakay, isinagawa ito nang biglaan at di-inaasahan; People v. Abapo, 239 SCRA 469 (1994|); People v. Javar, 225 SCRA 103 (1993); People v. Solares, 173 SCRA 203 (1989); People v. Paras, 147 SCRA 594 (1987); People v. Guardo, 156 SCRA 290 (1987).

nakapaghanda ang nasaktang panig sa kanyang pagtatanggol sa sarili.[685] Kung kaagad bago nangyari ang pananaksak, pinasinagan ng plaslayt ng salarin ang mukha ng biktima upang silawin ito, na pansamantala namang bumulag sa huli, at bagama't harapan ang pananalakay, isinagawa ito nang biglaan at sa paraang tuwirang tumitiyak sa pagsasakatuparan nito nang ligtas sa ano mang panganib na magmumula sa pagtatanggol ng biktima sa sarili, mayroong katrayuran.[686]

Kung biglaan at di-inaasahan ang naging pananalakay kung kaya nawalan ng kakayahan ang biktima na itaboy, iwasan o takasan ito, masasabing pinili ng salarin ang isang kaparaanang titiyak sa pagsasakatuparan ng kanyang layunin nang walang panganib sa kanyang sarili na magmumula sa ano mang pagtatanggol na maaaring gawin ng nasaktang panig.[687] Bagama't totoong magkaharap ang biktima at ang salarin nang magsimula ang pananalakay, at sa tiyan, ayon sa lahat ng mga katibayan, tumama ang unang putok, kung totoo rin namang kababaling lamang niya noon upang tignan kung sino ang nagsasalita sa kanya nang magsimulang magpaputok ang salarin, masasabing may katrayduran pa rin. Nguni't walang matatagpuang katrayduran kung ginawa ang pananalakay sa harapang paglalaban, gaya ng ipinakikita ng kinaroroonan ng mga sugat sa harapang bahagi ng katawan ng biktima at ng kawalan ng sugat sa likod, at hindi nagsagawa ang mga salarin ng sadyaan, di-akalain o di-inaasahang pananalakay sa biktima, ni sadyang pumili ng patraydor na paraan ng paglusob.[688]

Kapag biglaan at di-inaasahan ang pananalakay, mayroong katrayduran kung sadyang pinili ng salarin ang gayong kaparaanan o kaanyuan ng pananalakay, tulad ng pagkukunwari ng pakikipagkaibigan. Nguni't kung kumilos ang salarin sa udyok na bunga ng pagsisilakbo ng damdamin o pagdidilim ng isip, walang katrayduran, dahil sa gayong pagkakataon hindi masasabing sadyang pinili ng salarin ang kaparaanan o kaanyuan ng pananalakay. Hindi laging patraydor ang basta biglaang pananalakay sa kawalan ng katibayang buong kamalayang pinili at ginamit ang paraan ng pagsalakay. Kung may makatwirang pag-aalinlangan na pasadya at buong kamalayang pinili ng salarin ang paraang ginamit sa pagpatay sa biktima nang walang panganib sa kanyang sarili, hindi maisasaalang-alang ang

685. *Tignan ang* U.S. v. Cornejo, 28 Phil. 457 (1914); *tignan din ang* People v. Pidoy, 405 SCRA 339 (2003); People v. Almedilla, 409 SCRA 428 (2003).

686. People v. Pongol, C.A., 66 O.G. 5617.

687. *Tignan ang* People v. Angeles, 92 SCRA 432 (1979). *Ngunit tignan* din, Perez v. Court of Appeals, 13 SCRA 444 (1965) (kung saan walang masasabing katrayduran kapag naganap ang pasyang manalakay sa iglap ng sandali o sa udyok ng pagkakataon).

688. People v. Ybanez, Jr., 56 SCRA 210 (1974)

katrayduran.[689] Lalo pang maikakatwiran ang gayon kung batid ng ng biktima ang panganib sa kanyang sarili nang kanyang makita ang salarin na may dala-dalang baril at nakarinig siya ng alingawngaw ng dalawang putok ng baril, na nag-udyok sa kanya na tumakbo at magkubli sa likod ng isang dingding, sapagka't hindi maaaring magkaroon ng katrayduran kung nabigyan na ng paunang babala ang biktima kaugnay sa panganib sa kanyang buhay at nagawa pa niyang tumakas, bagama't di-nagtagumpay.[690] Bagama't pabigla ang pananalakay, kung ipinakikita ng katibayan na hindi ganap na nahuling walang kakayahang magtanggol ang biktima kundi nakipaglaban pa nang ilang minuto sa salarin bago siya nagapi, naigupo at saka napatay, walang matatagpuang katrayduran.[691]

Hindi naman laging katrayduran ang pananakalay mula sa likuran[692]. Kaya hindi sapat upang bumuo ng katrayduran ang basta pangyayaring isinagawa ang pananalakay nang nakatalikod sa salarin ang biktima. Dapat na lumitaw na sadyang pinili ang gayong paraan ng pananalakay at dapat ding isaaalang-alang ang usapin ng panganib sa salarin.[693] Samakatwid, hindi talaga nagpapatunay ng katrayduran ang pangyayaring idinulot ang mga sugat ng biktima mula sa likuran habang tumatakbo siyang palayo kung hindi lumilitaw na sadyang pinili ng salarin na gumamit ng gayong paraan ng paglusob upang makaiwas sa ano mang panganib sa kanyang sarili na maaaring magmula sa ano mang pagtatanggol na magagawa ng nasaktang panig.[694]

Kung naging sadya, biglaan, di-akalain, o di-inaasahan, at mula rin sa likuran ang ginawang pagsalakay, at sa likod naman matatagpuan ang karamihan sa mga sugat, na pawang nakamamatay, na tinamo ng biktima, masasabing nagpahiwatig ang lahat ng mga ito ng pangyayaring gumamit ang salarin ng mga kasangkapan at kaparaanang tuwiran at sadyang tumitiyak ng pagsasakatuparan ng krimen nang walang panganib sa mga salarin na

---

689. People v. De Guzman, 372 SCRA 95 (2001).

690. People v. Ancheta, 372 SCRA 753 (2001).

691. People v. Iglesia, 365 SCRA 156 (2001); People v. Pajotal, 368 SCRA 674 (2001).

692. People v. Pajarit, 214 SCRA 678 (1992) (sa puwit tinamaan ang biktima, na nagpapahiwatig na mula sa likuran ang pananalakay, datapwa't hindi nangangahulugan ito na nagkaroon nga ng katrayduran); People v. Sunga, 238 SCRA 274 (1994); People v. Adriano, 226 SCRA 131 (1993); People v. Balderama, 226 SCRA 537 (1993) (kahit na nagmula sa likuran ang pananalakay, pinangunahan ito ng isang mainit na pagtatalo).

693. People v. Baldos, C.A., 34 O.G. 1937.

694. People v. Besana, Jr., 64 SCRA 84 (1975).

magmumula sa pagtatanggol na maaaring gawin ng nasaktang panig.[695] Samakatwid, may katrayduran sa biglaang pananalakay mula sa likuran na nagkait sa biktima ng pagkakataong makapagtanggol o makapaghanda.[696]

Hindi kailangan, sa lahat ng pagkakataon, na umiral na sa simula pa lamang ng pananalakay ang katrayduran. Nababatay ang wastong sagot sa usapin kung kailan dapat magsimula sa pag-iral ang katrayduran, sa mga katangian ng mga pangyayaring nasasangkot sa bawat pagkakataon. Dapat na maipakitang umiiral na ang mga patraydor na kagagawan at nauna sa pagsisimula ng pananalakay na naging dahilan ng inirereklamong kapinsalaan.[697] Kahit na hindi pa umiral ang katrayduran sa simula ng pananalakay na nagtapos sa pagkamatay ng nasawi, kung nagkaroon ng isang paghinto sa pagkatuluy-tuloy ng pananalakay at idinulot ang nakamamatay na sugat sa nasawi nang wala siyang kalaban-laban, dapat pa ring isaalang-alang ang pangyayari ng katrayduran.[698] Hindi rin kailangang umiral sa simula ng pananalakay ang katrayduran kung unang sinunggaban ang biktima, itinali at saka lamang pinatay.[699]

Kung napatumba ng salarin ang biktima at patuloy na binira ito habang nakabulagta sa lupa, saka ibinalibag ng salarin ang nasawi sa tubig nang pakulob, samantalang buhay pa siya at nasa kalagayang walang kalaban-laban, masasabing bumubuo ng iisang pananalakay ang ginawang pagpapatumba sa biktima, ang patuloy na pagbira sa kanya habang nakabulagta na sa lupa, at ang pagbalibag sa kanya sa tubig. Hindi maaaring paghiwa-hiwalayin sa dalawa o mahigit pang mga bahagi at uriing hiwa-hiwalay, iba't iba, at bukud-bukod na mga pananalakay ang isang nagpapatuloy na pananalakay na kagaya nito upang masingitan ng katrayduran.[700] Sa ganitong pagkakataon, kung walang katrayduran sa pagsimula ng pananalakay, wala talagang maisasaalang-alang na katrayduran sa kalagitnan o namagitan, hanggang sa katapusan.[701] Gayon din, kahit na binaril ang nasawi habang nakahandusay sa

695. People v. Palencia, 71 SCRA 679 (1976).

696. People v. Beralde, 91 SCRA 125 (1979). Sa People v. Abejuela, 92 SCRA 503 (1979), biglaan din at di-inaasahan ang pananalakay sa di-armadong biktima, na binaril mula sa likuran habang tangan ang isang bisig niyang nangungunyapit naman sa isang poste ang isa niyang kamay, kaya may natagpuang katrayduran.

697. U.S. v. Balagtas, 19 Phil. 164 (1911). *Tignan ang* People v. Casanowa, 92 SCRA 427 (1979), kung saan hindi isinaalang-alang ang katrayduran dahil walang katibayang iniharap kung paano nagsimula ang pananaksak.

698. U.S. v. Baluyot, 40 Phil. 385 (1919).

699. People v. Canete, 44 Phil. 478 (1923).

700. U.S. v. Balagtas, 19 Phil. 164 (1911).

701. *Tignan ang* People v. Peje, 99 Phil. 1052 (1956). *Nguni't tignan ang* People v. Bautista, 92 SCRA 465 (1979), kung saan natagpuang may katrayduran dahil

lupa, kung lumalabas sa katibayan na isang nagpapatuloy na pananalakay ang pagpapaputok na nakasugat sa nasawi, nang walang makabuluhang namamagitang panahon sa pagbibigay ng mga hataw na nagpabulagta sa kanya sa lupa at sa pagpapaputok ng baril, hindi masasabing dinaluhan ang krimen ng katrayduran.[702] Kung nataon lamang ang panunugat sa biktima habang nakahandusay sa lupa pagkatapos ng naunang habulan, na hindi naglayong tumiyak ng kaligtasan ng mga nanalakay, walang katrayduran.[703]

Kung sinalakay ng salarin ang nasawi, dala-dala ang isang patalim at nakapagdulot, sa gitna ng paglalabang sumunod, ng isang malubhang sugat sa kanyang hita at, nang matamo ang nasabing sugat, sumibad na upang tumakbo ang nasawi, at kaagad na hinabol ng salarin, datapwa't hindi pa man nakalalayo, natumba sa lupa nang padapa ang nasawi; at bago niya nabawi ang kanyang panimbang at ipagpatuloy ang paglaban, patakbong nakalapit sa kanya ang salarin at nakapagdulot sa kanya ng isang nakamamatay na saksak sa likod, payak na homisidyo at hindi asesinato ang krimeng nagawa dahil walang katangian ng alevosia sa simula ang pananalakay at nagpatuloy ang paglusob hanggang sa maganap ang kagagawang nakamatay sa biktima.[704] Hindi masasabing sadyang pinili ng salarin ang paraan ng pagsalakay (pagsaksak sa nasawi sa likod habang nasa walang kalaban-labang kalagayan ito), dahil nagsimula ang pananalakay nang harapan at noon lamang tumalikod at tumakbo ang nasawi nagbago ang kanilang kaugnay na mga katayuan. Tuluy-tuloy ang pananalakay, kaya hindi masasabing nagkaroon ang salarin ng panahon upang paghandaan, o kahit pag-isipan man lamang, ang paraan ng ginawang pananalakay.

Kung pumasok ang salarin sa tanggapan ng gubernador ng Bataan noong nakaupo ang huli sa silya sa likuran ng kanyang mesa, lumapit sa mesa at umusal ng kaunting salita nang umabot sa dakong tuwiran nang kaharap niya ng gubernador at, nang matuklasang walang sandata ang gubernador, bumunot ng kanyang sandata at saka nagpaputok, at pumasok ang balang pinakawalan sa harapang bahagi ng kanang buto sa balikat ng gubernador at nagdulot ng isang sugat na hindi naman makabuluhan, kaya tumayo kaaagad

---

biglaan at di-inaaasahan ang pananalakay at idinulot sa biktima ang nakamamatay na sugat habang habang ng isa sa mga salarin ang biktima pagkaraang bumulagta nito sa lupa.

702. *Tignan ang* People v. Peje, 99 Phil. 1052 (1956). *Nguni't tignan ang* People v. Bautista, 92 SCRA 465 (1979), kung saan natagpuang may katrayduran dahil biglaan at di-inaaasahan ang pananalakay at idinulot sa biktima ang nakamamatay na sugat habang habang ng isa sa mga salarin ang biktima pagkaraang bumulagta nito sa lupa.

703. People v. Clemente, 128 Phil. 268 (1967).

704. People v. Canete, 44 Phil. 478 (1923).

ang gubernador, tumakas patungo sa kanyang gawing kaliwa sa pamamagitan ng puwang sa gitna ng kaliwang sulok ng kanyang mesa at ng kalapit na dingding, patungo sa isang pasilyo, samantalang bahagya namang bumaling sa gawing kanan niya ang salarin at sumulong nang kaunti sa gawing dinaanan ng gubernador na tumatakbo, muli na namang nagpawala ng punglo sa gubernador, na tumama sa kanang bahagi ng buto sa balikat nito at naglagos sa kanyang katawan nang isa o dalawang pulgada mula sa sugat na nalikha ng unang tama, habang patuloy sa pagtakbo ang gubernador sa pasilyo at pumasok sa isang munting silid sa duluhan ng pasilyo kung saan, habang nasa loob nito, sinarhan niya ang pinto at iniharang ang sarili upang mahadlangan ang pagpasok doon ng humahabol sa kanya, na bagama't di-nagtagumpay sa pagpupumilit na mabuksan iyon, samantalang nagsumigaw sa paghingi ng saklolo ang gubernador, sandaling huminto sa labas ng munting silid at muling nagpawala ng punglo sa kanyang baril, matapos tantiyahin ang kinaroronan ng ulo ng gubernador mula sa gawing pinagmumulan ng kanyang sigaw, nang nakatudla roon, na lumusot sa tabla ng pinto at sumapol sa gubernador sa unahang bahagi ng ulo nang malapit sa itaas na bahagi ng noo at nagdulot ng sugat na ikinamatay nito, dapat ituring na nagpapatuloy ang kabuuang pananalakay galing sa simula hanggang sa sandali lamang na pinawalan ang ikalawang putok nang tumatakbo na ang biktima sa isang ligtas na lugar. Kahit ipagpalagay nang hindi dumalo ang alevosia sa pagsimula ng pananalakay, di-maiiwasang matagpuan ito sa paraan kung paano naging ganap ang krimen. Sa munting silid na sarado ang pinto, imposible para sa gubernador na makita kung ano ang ginagawa ng taong nananalakay sa kanya o gumawa ng ano mang pagtatanggol laban sa putok na pinakawalan nang nakatudla sag awing uluhan niya at tumagos sa tabla ng pinto. Katulad ng pangyayari ng animo tinalian o piniringan sa mata ang nasawi, at patraydor na sinalakay mula sa likuran sa daaanang nilambungan ng kadiliman ng gabi. Nang pawalan ang ikalawang putok, tumatakbo na ang nasawi at ganap na walang kalaban-laban; nguni't dahil tuluy-tuloy ang kabuuang pananalakay galing sa simula hanggang sa sandaling iyon at hindi sinimulan ang naturang pananalakay nang may katrayduran, hindi masasabing idinulot ang ikalawang sugat nang may katrayduran. Bukod, hindi nakamamatay ang ikalawang sugat, tulad ng nauna. Ang ikatlong sugat sa ulo ang naging sanhi ng pagkamatay ng biktima. Naging ganap ang krimeng asesinato nang idulot ang ikatlong sugat. Nguni't bago naidulot ang ikatlong sugat, nakahinto na ang salarin nang ilang sandali. Mahuhulo ang bagay na ito mula sa mga pangyayaring di-nagtagumpay ang salarin sa pagtatangkang buksan ang pinto ng munting silid; at sa gayong pagkabigo, tinantiya niya ang kinaroroonan ng ulo ng gubernador bago niya pinaputok ang kanyang baril. Maliwanag na may namagitang panahon sa pagsasagawa ng lahat ng mga ito. Dahil sa pagkaudlot ito, hindi na tuluy-tuloy ang pananalakay hanggang sa sandaling idinulot nang patraydor ang nakamamatay na tama. Sa panahon ng pagkahinto niya, nakapag-isip ang salarin at nakagawa pa nga ng paghahanda kaugnay sa paraan o anyo ng pagsalakay na tumitiyak sa

pagsasakatuparan ng krimen nang walang panganib sa kayang sarili.[705] Samakatwid, kapag tuluy-tuloy ang pananalakay, dapat dumalo ang katrayduran sa simula pa lamang ng pananalakay.[706] Sa kabilang dako, kung hindi tuluy-tuloy ang pananalakay, sapat na kung dumalo ang katrayduran sa sandaling idinulot ang nakamamatay na tama.[707]

Hindi kinakailangan ang hangaring pumatay sa asesinatong naganap nang may katrayduran. Kaya naman, natagpuang nagkasala ng asesinato ang salaring nanuntok lamang sa nasawi mula sa likuran, datapwa't tumama sa batok ng nasawi ang suntok, na ikinabulagta nito nang patihaya, na ikinatama ng kanyang ulo sa palitada ng aspalto na naging sanhi naman ng kanyang pagkamatay dahil sa pagkabasag ng bungo. Wala namang pagsasalungatan, maging moral o legal man, sa mapagpalalang pangyayari ng katrayduran at sa mapagpagaang na pangyayari ng kawalan ng hangaring makalikha ng gayon kalubhang kapinsalaan.[708] Datapwa't bilang kataliwasan sa panuntunang ito, kailangan ang hangaring pumatay sa asesinatong isinagawa sa pamamagitan ng panununog.[709]

Sa katrayduran, hindi makabuluhan kung naiiba sa mismong taong nilalayong patayin ng salarin ang mismong naging biktima.[710] Kung isinagawa ng salarin ang kagagawan nang may hangaring pumatay at may katrayduran, hindi nagpapabago sa kalikasan ng krimen ni nagbabawas sa kanyang pananagutang kriminal, ang pangyayaring purong pagkakataon lamang na, dahil sa pamamaril, isang taong naiiba sa nilalayon niya ang siyang napatay, sapagka't dapat lamang niyang panagutan ang mga kinahinatnan ng

705. *Tignan ang* U.S. v. Baluyot, 40 Phil. 385 (1919). *Tignan din ang* People v. Quiban, 131 SCRA 459 (1984), kung saan isinaalang-alang ang katrayduran kahit liban ito sa pagsimula ng pananalakay dahil binalikan ng salarin ang walang kalaban-labang biktima pagkaraan ng unang bugso ng pananalakay. Binanngit na batayan ng pasyang ito ang People v. Baluyot, 40 Phil. 385 (1919).

706. People v. Canete, *supra* talâ 347. Sa People v. Vegayan, 91 SCRA 572 (1979) isinaalang-alang ang katrayduran kaugnay sa biktimang nakatakbo pa pagkatapos masaksak sa sikmura, kung kaya hinabol siya ng dalawang salarin, na muling nagdulot ang isa sa kanya ng saksak sa sikmura at sa likod and, habang hawak ng kanyang kasama ang mga kamay ng biktima sa likuran nito, nagdulot pa ng karagdagang saksak. Wala na sa kalagayan ang biktima na ipagtanggol ang kanyang sarili at sinamantala ng mga salarin ang pagiging sugatan ng biktima; sa pagpilipit ng mga salarin sa mga kamay ng biktima sa kanyang likuran, lubusang nawalan ng laban ang biktima at naisakatuparan nila ang krimen nang walang panganib sa kanilang sarili.

707. U.S. v. Baluyot, *supra* talâ 214.

708. People v. Cagoco, 58 Phil. 524 (1933).

709. U.S. v. Burns, 41 Phil. 418 (1921).

710. *Datapwa't tignan ang* People v. Herrera, 371 SCRA 480 (2001).

kanyang mga kagagawan.[711] Kapag dumadalo ang katrayduran sa pagsasagawa ng krimen, dapat itong isaalang-alang kahit na naiiba ang biktima ng patraydor na pananalakay sa taong nilalayong patayin ng salarin.[712] Batayan ng panuntunang ito ang katwirang kapag may katrayduran, imposible maging sa nilalayong biktima o maging sa tunay na na biktima na ipagtanggol ang kanyang sarili laban sa pananalakay ng salarin.[713]

Kapag hindi napatunayan na ang pasimunong tagahikayat ang nag-utos o humihok sa salaring pumatay sa nasawi na pumili ng kasangkapan o kaparaanang siyang talagang ginamit ng huli sa pagsasakatuparan ng krimen, dahil iniwan ng nauna sa huli ang mga bagay-bagay kaugnay sa kung paano ito isasakatuparan, hindi maisasaalang-alang ang katrayduran laban sa gayong pasimunong tagahikayat. Magpapalala lamang ito sa saguting kriminal ng taong siyang talagang nagsagawa ng pagpatay.[714] Batay ang panuntunang ito sa Artikulo 62.[715]

May mga pagkakatulad at pagkakaiba ang katrayduran, ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas, at ang paggamit ng kaparaanan upang pahinain ang kakayahang magtanggol ng biktima. Sa pagkakatulad, maaaring padaliin ng alin man sa nasabing mga mapagpalalang pangyayari ang pagsasakatuparan ng krimen. Datapwa't sa katrayduran, gumagamit ang salarin ng mga kasangkapan, kaparaanan o kaanyuan ng pagsasagawa ng krimen upang maging imposible o mahirap para sa nasaktang panig na magbigay ng ano mang uring paglaban.[716] Sa pagmamalabis sa kahigtan ng lakas, hindi gumagamit ang salarin ng mga kasangkapan, kaparaanan o kaanyuan ng pananalakay; sinasamantala lamang niya ang pangingibabaw o kahigtan ng kanyang lakas sa pagsasagawa ng krimen. Sa paggamit naman ng kaparaanan upang pahinain ang kakayahan ng pagtatanggol, gumagamit din ang salarin, gaya ng sa katrayduran, ng mga kaparaanan nguni't nagpapahina lamang, sa makabuluhang antas, ang kaparaanang ginamit sa kakayahang manlaban ng nasaktang panig at hindi ito ganap na inaalis o ipinagkakait sa kanya.

Kapag may pagsasabwatan, isinasaalang-alang ang katrayduran laban sa lahat ng mga salarin.[717] Dapat isaalang-alang ang katrayduran laban sa lahat

711. People v. Guevarra, 23 SCRA 58 (1968).

712. *Tignan ang* People v. Mabug-at, 51 Phil. 967 (1926); People v. Guillen, 85 Phil. 307 (!950). *Tignan din ang* People v. Del Castillo, 129 SCRA 89 (1984).

713. People v. Andaya, C.A., 40 O.G., Supp. 12, 141.

714. U.S. v. Gamao, 23 Phil. 96 (1912).

715. BINAGONG KODIGO PENAL.

716. People v. Ducusin, 53 Phil. 280 (1929); People v. Tumaob, 83 Phil. 738 (1949).

717. *Tignan ang* People vs Borja, 91 SCRA 340 (1979). Isinaalang-alang ang katrayduran dahil walang-sandalata at nag-iisa ang biktima, samantalang may

ng mga taong nakibahagi o nakipagtulungan sa pagsasagawa ng krimen, maliban lamang kung walang pagsasabwatang namagitan sa kanilang lahat. Kaya naman, kung walang namagitang pagsasabwatan, kahit na dalawang salarin ang natulung-tulong sa pananalakay na nasawi, yaon lamang nagdulot ng sugat sa nasawi nang patraydor, habang nakikihamok siya sa ibang salarin, ang magdurusa sa bunga ng pagdalo ng gayong katrayduran.[718] Dapat sumailalim sa tadhana ng Artikulo 62, Talaan 4,[719] ang panuntunang ito. Kaya naman, dapat isaalang-alang ang katrayduran laban lamang sa mga "*taong nagkaroon ng kinalaman*" sa paggamit ng katrayduran "*sa sandali ng pagsasakatuparan ng kagagawan o ng pakikipagtulungan niya doon.*" Datapwa't maisasaalang-alang ang katrayduran maging sa mga kasabwat na hindi tuwirang nakibahagi sa patraydor na pananaksak sa biktima[720] dahil nga nagkaroon ng pagsasabwatan.

Hindi maisasaalang-alang ang katrayduran kahit bilang isang panlahat na mapagpalalang pangyayari laban sa isang salarin kung liban o wala siya roon sa kinaganapan nang talagang isagawa ang krimen nang patraydor, at ipinaubaya lamang niya ang mga piniling kasangkapan, kaparaanan, o kaanyuan ng pagsasagawa nito sa pagpapasya ng iba.[721] Datapwa't kung mayroong pagsasabwatang namagitan sa mga salarin, matibay na tuntuning mananagot ang bawat kasabwat sa mga kagagawan ng ibang kasabwat na isinagawa nila sa ikasusulong ng sabwatan. Dapat na isaalang-alang ang katrayduran bilang isang panlahat na mapagpalalang pangyayari laban sa nagpakanang-utak ng krimen kahit na wala siya roon sa kinaganapan nito bagama't maliwanag na kagagawan ng tagabaril ang pabiglang pagpapaputok ng kanyang baril, matapos pangunahan ng huwad na pagpapakita ng pagkamagalang sa mga biktima, at tumiyak sa gayong paraan ng pagsasakatuparan ng krimen nang walang panganib mula sa pagtatanggol o pagganting maaaring gawin ng biktima.[722] Gaya ng nabanggit na, dapat sumailalaim ang panuntunan sa ganitong usapin sa katadhanaan ng naturang Artikulo 62, Talataan 4.

---

mga baril ang limang salarin na sabayang nanalakay sa kanya matapos nila siyang palibutan, at pinagkaitan sa gayong paraan ng ano mang paraan ng pagtatanggol sa sarili.

718. People v. Carandang, et al., 54 Phil. 503 (1950).

719. BINAGONG KODIGO PENAL.

720. People v. Ong, 62 SCRA 174 (1975).

721. People v. De Otero, 51 Phil. 201 (1927). Hindi tama ang pagkakatukoy sa nasabing usapin. May kinalaman ang nasabing usapin sa isang nasakdal na nahatulang nagkasala bilang pasimuno sa pamamagitan ng panghihikayat per se sa ilalim ng BINAGONG KODIGO PENAL, art. 17, (2), nang walang patunay ng pakikipagsabwatan sa ibang nasakdal.

722. People v. Pareja, 30 SCRA 715-716 (1969).

Kung hindi tuwiran ang pamamagitan ng ibang tao, ni sadyang tumiyak sa pagsasagawa ng krimen nang walang panganib sa salarin, walang katrayduran. Kaya naman, kahit na tumulong ang maybahay at kapatid na babae ng salarin sa paghawak sa damit ng nasawi nang idulot ng salarin ang panunugat sa pamamagitan ng taga, na naging dahilan ng pagkamatay ng nasawi, walang matatagpuang katrayduran, dahil hindi naman masasabing napagkaitan ang katawan at mga kamay ng nasawi ng kalayaan sa pagkilos at, kung gayon, mayroon pa ring panganib sa salarin na magmumula sa pagtatanggol na maaaring gawin ng nasawi.[723] Nguni't kung, sa apat na taong manloloob sa isang bahay, isa ang nakipagbuno sa tanod samantalang dalawa naman ang nagpaputok at nakapanugat nang nakamamatay sa dalawang biktimang naglalaban, at bagama't sa simula ng pananalakay may dala-dala pang karbin ang tanod at malayang nakapagtatanggol sa kanyang sarili, napatunayang sa sandali ng pagdulot ng sugat sa kanya, wala na siyang kalaban-laban dahil pinipigilan ang kanyang kalayaang kumilos ng isa sa mga salarin na nakikipagbuno sa kanya noong sandaling paputukan siya ng ibang mga salarin, masasabing may katrayduran pa rin dahil, sa ilalim ng gayong mga pangyayari, wala nang panganib para sa mga nagpaputok na magmumula sa ano mang pagtatanggol na maaaring gawin ng nasawi.[724]

Sa krimen ng kataksilan sa bayan na isinagawa sa pamamagitan ng mga pagpatay, sinasakop na ng krimen bilang bumubuong sangkap nito ang katrayduran, ang paggamit ng nangingibabaw na lakas at ang maliwanag na pagpapakana o paghahanda. Likas na bahagi ng kasalanang pagtataksil sa bayan ang gayong mga mapaglalang pangyayari.[725] Likas din sa asesinato sa pamamagitan ng paglalason ang katrayduran.[726]

Sakop ng katrayduran ang pagmamalabis sa kahigtan ng lakas[727] at ang paggamit ng kaparaanang nagpapahina sa kakayahang magtanggol, gaya ng pagsaboy ng buhangin sa mukha ng biktima.[728] Kapag isinasaalang-alang ang katrayduran bilang isang pang-uring mapagpalalang pangyayari sa asesinato, hindi wastong ituring pa, bilang karagdagan sa gayong pangyayari, ang panlahat na mapagpalalang pangyayari ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas,

---

723. People v. Julipa, 69 Phil. 751 (1940).

724. People v. Mobe, et al., 81 Phil. 58 (1948).

725. People v. Racaza, 82 Phil. 623 (1949).

726. People v. Caliso, 58 Phil. 283 (1933).

727. People v. Amondina, 220 SCRA 6 (1993); People v. Magtuloy, 224 SCRA 153 (1993); People v. Lacao, Sr., 201 SCRA 317 (1991); People v. Manzanares, 177 SCRA 427 (1989); People v. Centeno, 172 SCRA 607 (1989); People v. Alfaro, 119 SCRA 204 (1982); People v. Rizal, 103 SCRA 282 (1981).

728. People v. Siaotong, et al., G.R. No. L-9242, 29 Marso 1957.

dahil di-maiiwasang masakop ang huli sa nauna.[729] Kaya naman, sa isang pagpatay na dinaluhan ng mga pangyayari ng katrayduran, pagmamalabis sa kahigtan ng lakas, tirahan at pangkat (kuwadrilya), sumasakop sa pagmamalabis sa kahigtan ng lakas at sa kuwadrilya[730] ang pang-uring pangyayaring nasasaad sa paratang na katrayduran.[731] Sinasakop din ng pang-uring pangyayari ng katrayduran ang mga mapagpalalang pangyayari ng tulong ng mga sandatahang tao,[732] at ang gabi, bukod sa pagmamalabis sa kahigtan ng lakas.[733] Samakatwid, hindi na kailangan pang tuusin kung nagkaroon ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas, kung naisaalang-alang na ang katrayduran, dahil sasakupin din iyon ng katrayduran.[734] Datapwa't kahit sakop na ng katrayduran ang gabi, pagmamalabis sa kahigtan ng lakas, pamamagitan ng pangkat at tulong ng mga sandatahang tao, mayroong mga pagkakataon kung kailan maisasaalang-alang ang mga ito nang bukod at hiwalay sa katrayduran.[735]

Likas ang gabi sa katrayduran kung bahagi ito ng mga sangkap na bumubuo ng namumukod-tanging patraydor na kasangkapan at kaparaanang pinili ng salarin upang matiyak ang pagsasakatuparan ng krimen.[736] Kung dahil sa gabi, nagawa ng salarin na lapitan ang nasawi nang hindi nito nalalaman at nahuhulaan ang kanyang hangarin. Kaya naman, hindi isang hiwalay na mapagpalalang pangyayari ang gabi, kung naisaalang-alang na ang katrayduran.[737] Sakop ang gabi ng katrayduran kapag hindi makikitang bukod at hiwalay na pangyayari ang gabi.[738] Kaya naman, kung binuo ang katrayduran ng pangyayaring iginapos muna ang mga kamay ng biktima bago

729. U.S. v. Estopia, 28 Phil. 97 (1914); U.S. v. Oro, 19 Phil. 548 (1911); U.S. v. Viug, 17 Phil. 1 (1910).

730. *Tignan* ang People v. Sangalang, 58 SCRA 737 (1974) (kung saan pinasya ring sinasakop ng katrayduran ang pangyayari ng pamamagitan ng pangkat).

731. People v. Mori, 55 SCRA 382 (1974).

732. People v. Amondina, 220 SCRA 6 (1993).

733. People v. Sespene, et al., 102 Phil. 199 (1957)

734. People v. Abletes, 58 Phil. 241 (1933).

735. People v. Sudoy, 60 SCRA 174 (1974).

736. People v. Pardo, 79 Phil. 568 (1947); People v. Corpuz, 104 Phil. 837 (1958); People v. Claveria, 221 SCRA 34 (1993); People v. Villa, 221 SCRA 661 (1993); People v. Maestro, 222 SCRA 538 (1993); People v. Parcon, 110 SCRA 425 (1981).

737. *Tignan ang* People v. Balagtas, 68 Phil. 675 (1939). *Tignan din ang* People v. Cadag, 208 SCRA 781 (1992).

738. People v. Ferrera, 151 SCRA 113 (1987).

sila binugbog,[739] hindi ituturing na sakop ng katrayduran ang pangyayari ng pagtaon krimen sa gabi, kundi makikita nang malinaw na bukod dito, sapagka't nakasalalay ang katrayduran sa hiwalay na batayang pangyayari. Kung gayon, mayroong natatanging pagkakataon dito kung kailan hindi mailalapat ang tuntuning sakop ng katrayduran ang pagtaon ng krimen sa gabi.[740]

Kasama na at sinasakop ng pang-uring pangyayari ng katrayduran ang katusuhan, kung ginamit ito upang matiyak ang pagsasagawa ng krimen nang walang panganib sa mga salarin.[741] Nguni't dapat isaaalang-alang nang hiwalay ang mga mapagpalalang pangyayari ng katusuhan at ng katrayduran kung, sa isang dako, bumubuo ng katusuhan ang pagkukunwari ng salarin bilang isang pasaherong bona fide sa isang taksi upang huwag mapukaw ang paghihinala ng drayber at, sa kabilang dako, isinagawa niya mula sa likuran ang pagsalakay sa pamamagitan ng panaksak, na tumagos sa pangharapang upuan at umabot sa drayber nang hindi nito akalain, na malinaw namang bumubuo ng katrayduran.[742]

Maaaring maituring na nasasakop ng katrayduran ang kawalang-pakundangan sa gulang at kasarian.[743] Hindi dapat isaalang-alang nang hiwalay sa mapagpalalang pangyayari ng katrayduran, kung naisaalang-alang na ito, ang mga mapagpalalang pangyayari ng kawalang-pakundangan sa gulang at kasarian, at ng pagsasamantala sa nangingibabaw na lakas.[744]

Hindi matutulang sakop ng katrayduran ang pagkakaroon ng pangkat (kuwadrilya) kapag sadya pinanili ang pangsasagawa ng krimen sa pamamagitan ng isang pangkat upang matiyak ang pagsasakatuparan ng pakana ng mga salarin nang walang panganib sa kanila, hindi lamang dahil sa bilang nila kundi dala na rin ng kanilang pinagsamang lakas, mula sa ano pang pagtatanggol na maaaring gawin ng napinsalang panig.[745]

Hindi maisasaalang-alang bilang hiwalay na mapagpalalang pangyayari ang mga pangyayari ng gabi, ng di-pinamamahayanang pook, ang pagmamalupit at ang tulong ng mga sandatahang tao kung di-maiiwasang

---

739. *Tignan ang* People v. Repato, 91 SCRA 488 (1979), kung saan iginapos muna ang biktima ng pagnanakaw na may kasamang pagpatay bago siya tuluyang pinatay.

740. People v. Ong, 62 SCRA 174 (1975).

741. People v. Malig, et al., 83 Phil. 804 (1949).

742. People v. Daos, 60 Phil. 154 (1934).

743. People v. Limaco, 88 Phil. 36 (1951); People v. Magsant, 65 Phil. 548 (1938); People v. Gervacio, 24 SCRA 960 (1968).

744. People v. Gervacio, *supra* talâ 111.

745. People v. Rojas, 147 SCRA 169 (1987).

masakop ang una (gabi) sa katrayduran; yaong di-pinamamamahayang pook, kung hindi napatunayang walang kabahayang malapit sa tahanan ng nasawi; yaong pagmamalupit, kung hindi naman sinamantala ng salarin ang panununog, na siyang pangyayaring sinasabing bumubuo dito, bilang kaparaanan upang sadyang madagdagan ang kalubhaan ng krimen, at kung naganap ito pagkatapos nang mapatay ang mga biktima; at yaong tulong ng mga sandatahang tao, kung kasama ng salarin ang mga taong nakipagtulungan sa kanya sa pagsasagawa ng krimen, at kumilos sila sa ilalim ng iisang balak at tungo sa iisang layunin.[746] Hindi sinasakop ang mapagpalalang pangyayari ng pamamahay o tahanan ng pang-uring pangyayari ng katrayduran.[747] Datapwa't dapat na ituring ang kalagayang walang kalaban-laban ng mga babae at mga batang pinababaril ng mga salarin hanggang sa mamatay bilang kasama sa pang-uring pangyayari ng pagmamalabis sa kahigtan ng lakas, hindi bilang isang hiwalay na pangyayari ng katrayduran.[748]

Hindi maaaring umiral ang katryduran kasama ng pagsisilakbo ng damdamin o pagdidilim ng isip, dahil samantalang sa mapagpagaang na pangyayari ng pagsisilakbo ng damdamin o ng pagdidilim ng isip, nawawalan ng pangangatwiran at pagtitimpi sa sarili ang salarin, sa mapagpalalang pangyayari ng katrayduran, may pananadya sa pagpili sa paraan ng pagsalakay. Hindi magagawa ng isang nawalan ng pangangatwiran at pagtitimpi sa sarili ang sadyang gumamit ng tiyakang kasangkapan, kaparaanan o kaanyuan ng paglusob sa pagsasagawa ng krimen.[749] Maaaring magpatunay ang mismong kabangisan ng isinagawang pananalakay na bunsod ito hindi ng mahinahong pananantiya at pagbabalak kundi ng matinding simbuyo ng damdamin.[750] Hindi nangangahulungan na patraydor ang isang pagpatay na isinagawa sa udyok ng sandali o nang kara-karaka. Kung nagpatuloy lamang ang salarin sa pananananaksak sa biktima nang malugmok ito sa lupa at gumagapang na sa kanyang likod, nang patihaya, hindi pa rin masasabing may katrayduran kung hindi naman naipakitang buong kamalayang pinili, pinaghandaan o binalak ng salarin na samantalahin ang biglaan at walang kalaban-labang kalagayan ng biktima.[751]

746. People v. Piring, 63 Phil. 546 (1936).

747. People v. Ruzol, et al., 100 Phil. 537 (1956); People v. Jimenez, 99 Phil. 288 (1956).

748. People v. Lawas, et al., Nos. L-7618-20, 30 Hunyo 1955.

749. People v. Wong, C.A., 70 O.G. 4844.

750. People v. De Guia, 177 SCRA 112 (1989).

751. People v. Mazo, 367 SCRA 462 (2001).

*Q. Pag-alipusta*

May mapagpalalang pangyayari kung gumamit ang salarin ng kaparaanan o lumikha ng mga pangyayaring nagdagdag ng pag-alipusta sa mga likas na bunga ng kagagawan.[752] May kaugnayan ang batayan ng mapagpalalang pangyayaring ito sa kaparaanang ginamit sa pagsasagawa ng krimen, na nagpapakita ng namumukod na kasamaan ng salarin.

May pag-alipusta kapag isinagawa ang panggagahasa mula sa likuran, sa istilo ng mga aso.[753] May pag-alipusta kung ginahasa ng mga magnanakaw ang biktima sa harapan mismo ng kanyang asawa.[754] May katangian ng pag-alipusta ang gawang paghubo ng panloob ng biktimang babae, matapos siyang pagsasaksakin, sa layuning malantad ang kanyang mga sangkap-pagkababae.[755] Walang pag-alipusta kung isinakatuparan ang gawang pagtapon ng bangkay ng biktima sa ilog pagkatapos siyang patayin, sa layuning maikubli ang krimen.[756] Wala ring matatagpuang pag-alipusta sa biktima kung patay na siya nang putulin ang kanyang mga kamay at paa[757] o hiwain ang ilang bahagi ng kanyang katawan.[758]

*R. Labag sa Batas na Pagpasok*

May pamapagpalalang pangyayari kung isinagawa ang krimen matapos ang isang labag sa batas na pagpasok.[759] May kaugnayan ang batayan ng

752. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (17).

753. People v. Saylan, 130 SCRA 159 (1984). Ipinangatwiran ng salarin na walang nangyaring pag-alipusta kung dahil lamang sa paraan ng pagsasagawa ng panggagahasa mula sa likuran sapagka't ipinakikita sa pag-aaral ng maraming eksperto sa bagay na ito na hindi naman pambihira ang ganitong anyo ng pakikipag-unayang seksuwal at madalas pa nga itong ginagamit ng mga magkapares sa gawang pagtatalik. Sinabi lamang ng Kataas-taasang Hukuman na maaari ngang magkagayon kung namamagitan ang gawang seksuwal sa mga sumasang-ayong taong may sapat na gulang nguni't hindi sa ibang pagkakataon.

754. People v. Soriano, 122 SCRA 740 (1983).

755. People v. Manalang, 123 SCRA 583 (1983).

756. People v. Calijan, 226 SCRA 792 (1993). Datapwa't mayroong paglapastangan o pag-alipusta sa bangkay ng biktima sa kasong ito.

757. People v. Carmina, 193 SCRA 429 (1990) (itinuring na paglapastangan o pag-alipusta sa bangkay ang pagputol sa mga kamay at paa ng biktima pagkatapos itong patayin, na isinaalang-alang upang mabigyan ng uring asesinato ang krimen).

758. People v. Ferrera, 151 SCRA 113 (1987) (may paglapastangan o pag-alipusta sa bangkay, bagama't hindi ito kinilala dahil sa pagkabigong isaad ang pang-uring pangyayaring ito sa paratang).

759. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (18).

mapagpalalang pangyayaring ito sa kasangkapan at kaparaanang ginamit sa pagsasagawa ng krimen, na nagpapakita ng namumukod na kasamaan ng salarin. Mapagpalala ang ganitong pangyayari dahil nagpapakita ang salaring kumikilos nang walang paggalang sa dingding na itinatag ng tao upang pangalagaan ang kanilang mga ari-arian, ng namumukod na kasamaan, sa anyo ng higit na kapangahasan, at kung gayon, dapat siyang parusahan ng batas nang higit na matindi.[760]

Mayroong labag sa batas na pagpasok kapag isinagawa ang pagpasok sa daanang hindi naman nakalaan para sa gayong layunin. Dapat ginamit ang labag sa batas na pagpasok bilang paraan ng pagpasok at hindi para sa pagtakas.[761] Bumubuo ng labag sa batas na pagpasok ang pagpasok sa bahay ng iba sa pamamagitan ng bintana, na hindi ang wastong daanan sa pagpasok sa isang tahanan.[762] Nguni't walang labag sa batas na pagpasok, sa kahulugan ng mapagpalalang pangyayaring ito, kung sinira ang pinto at saka pumasok sa pook na kinaganapan ng krimen sa pamamagitan ng nasirang pinto. Saklaw ng Talataan 19, Artikulo 14, Binagong Kodio Penal, na mapagpalala rin sa saguting kriminal, ang gayong pangyayari. Datapwa't sakop ng labag sa batas na pagpasok ang mapagpalalang pangyayari ng paninira ng dingding.[763]

Dapat isaalang-alang ang ganitong mapagpalalang pangyayari sa panggagahasang isinagawa sa loob ng pamamahay, matapos ang pagpasok na nagdaan sa bintana. Dapat din itong isaalang-alang sa asesinato kung saan pinasok ng salarin ang silid ng biktima sa pamamagitan ng bintana. Sa pagnanakaw nang may karahasan laban o pananakot ng mga tao, maisasaalang-alang din ito dahil hindi naman likas ang labag sa batas na pagpasok sa gayong uri ng pagnanakaw. Hindi inilalaan ang bintana bilang pasukan sa isang gusali. Datapwa't isa sa mga paraan ng pagsasagawa ng pagnanakaw na may karahasan sa mga bagay-bagay[764] ang labag sa batas na pagpasok. Likas na bumubuong sangkap ng krimen ang ganitong pagyayari sa gayong uri ng pagnanakaw.

Kung pang-uumit lamang ang krimeng ipinaparatang, at angkop na napatunayan ng tagausig sa kalagitnaan ng paglilitis ang labag sa batas na pagpasok, ituturing itong isang panlahat na mapagpalalang pangyayari na magpapabigat ng parusa sa pang-uumit sa pinakamahabang taning na panahon nito.[765] Hindi wasto, kung gayon, na hatulang nagkasala ang salarin

---

760.

761. People v. Sunga, 43 Phil. 205 (1922).

762. People v. Baello, 224 SCRA 218 (1993).

763. People v. Bondoy, 222 SCRA 216 (1993).

764. BINAGONG KODIGO PENAL, mga art. 299-A at 302.

765. People v. Sunga, 43 Phil. 205 (1922).

ng pagnanakaw na may karahasan sa mga bagay-bagay kung hindi isinaad sa paratang ang labag sa batas na pagpasok.

Kapag nakapasok ang salarin sa pamamahay ng nasawi sa pamamagitan ng pag-akyat sa bintana at saka pumatay ng mga taong nasa loob ng nasabing pamamahay nang makapasok nga doon, mayroong dalawang mapagpalalang pangyayaring maisasaalang-alang na dumalo sa pagsasagawa ng mga naturang krimen – ang pamamahay at ang labag sa batas na pagpasok.[766]

Isinasagawa ang krimeng paglabag sa tahanan kapag pumasok ang isang pribadong tao sa pamamahay ng iba nang laban sa kalooban ng huli. Maaari itong isagawa sa pamamagitan ng dahas.[767] Kung pumasok ang salarin sa pamamahay ng ibang tao nang nagdaraan sa isang lagusang hindi nakalaan sa gayong layunin, tulad ng bintana, isang bumubuong sangkap ng pangyayari ng karahasan ang labag sa batas na pagpasok, na ginamit upang maisagawa ang krimeng paglabag sa pamamahay.[768]

### *S. Pagsira sa Dingding, Bubong, Sahig, Pinto o Bintana Bilang Paraan sa Pagsasagawa ng Krimen*

May mapagpalalang pangyayari kung, bilang paraan sa pagsasagawa ng krimen, may dingding, bubong, sahig, pinto o bintanang sinira[769]. May kaugnayan ang batayan ng mapagpalalang pangyayaring ito sa mga kasangkapan at kaparaanang ginamit sa pagsasagawa ng krimen, na nagpapakita ng namumukod na kasaman ng salarin. Kung sinira ng salarin ang isang bintana upang maabot niya ang isang pitakang naglalaman ng pera na nakalapag sa mesang malapit sa bintana, na kanyang kinuha habang nasa labas ng gusali ang kanyang katawan, masasabing dumalo ang ganitong mapagpalalang pangyayari sa nasabing pang-uumit. Pansining dahil sa pariralang "*bilang paraan sa pagsasagawa ng isang krimen*," hindi kinakailangang makapasok o tangkain pa ng salarin na makapasok sa gusali. Ang paninira sa isang bahagi ng gusali, bilang paraan sa pagsasagawa ng krimen, ang nagpapalala sa saguting criminal ng salarin.

Maituturing na saklaw ng Talataan 19, Artikulo 14, Binagong Kodigo Penal ang pagputol sa lubid ng lonang tolda kung saan may mga sundalong natutulog. Kung pinutol ng salarin ang mga lubid na nakakabit sa likuran ng isang tolda ng mga sundalo sa larangan ng digmaan at pumatay ng dalawang

---

766. People v. Barruga, 61 Phil. 318 (1935).

767. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 280.

768. U.S. v. Barberan, 17 Phil. 509 (1910).

769. Binagong Kodigo Penal, art. 14, (19).

sundalong nasa loob niyon, maaaring tawagin ang gayong kagagawan bilang "mapagpalalang pangyayari ng sapilitang pagpasok." [770]

Nguni't maaaring gawin ang gayong paninira bilang paraan ng pagsasagawa ng krimen sa bahay o gusali, o bilang paraan ng pagtakas. Kung nanira ng dingding ang isang mamamatay-taong salarin, sa layuning mapasok ang bahay ng kanyang biktima, mapagpalala ang gayong pangyayari. Datapwa't mapagpalala lamang ang ganitong pangyayari sa mga pagkakataon kung saan gumawa ang salarin ng alin man sa mga uri ng paninirang nababanggit sa Talataan 19, Artikulo 14, upang makapasok sa bahay. Kaya naman, upang maituring na mapagpalalang pangyayari ang paninira ng pinto, dapat isagawa ito bilang paraan ng pagsasakatuparan ng krimen.[771] Kung ginawa ang paninira upang makalabas sa nasabing lugar, hindi ito mapagpalala.

Isa sa mga paraan ng pagpasok sa loob ng gusali upang magsagawa ng pagnanakaw nang gumagamit ng lakas sa mga bagay-bagay sa ilalim ng Artikulo 299, Talataan (a) at Artikulo 302 ng Kodigo, ang paninira sa bahagi ng isang gusali. Isang likas na bumubuong sangkap ang gayong pangyayari sa ganitong uri ng pagnanakaw. Kaugnay sa gayong krimen, hindi mapagpalalang pangyayari ang paninira sa bahagi ng isang gusali.

May mga pagkakataon kung kailan hindi labag sa batas ang paninira ng bahagi ng gusali (maging bintana man o pinto). May karapatan ang isang opisyal na nagsasagawa ng pagdakip, maging sa bisa ng isang kautusang-batayan ng pagdakip o kapag pinahihintulutang magsagawa ng pagdakip kaugnay ng isang kasalanan nang walang kautusang-batayan ng pagdakip,[772] na manira upang makapasok sa alin mang gusali o pook na nababakuran kung saan naroroon ang taong darakpin o makatwirang pinaniniwalaang naroron, kapag tinanggihan siyang papasukin doon, matapos niyang maipahayag ang kanyang kapahintulutan at layunin.[773] Maaaring manira upang makalabas sa gusali o pook na nababakuran ang isang opisyal na nakapasok doon,[774] kung kinakailangan sa layuning palayain ang kanyang sarili.[775] May karapatan din ang isang opisyal na manira ng bintana o pinto upang magsagawa ng paghalughog. Kaya naman, kung ayaw papasukin ang nasabing opisyal sa pook na ipinag-uutos halughugin pagkaraang makapagbigay ng pabatid kaugnay sa kanyang layunin at kapahintulutan, maaaring sirain niya ang ano

770. U.S. v. Matanug, 11 Phil. 192 (1908).

771. People v. Capillas, 108 SCRA 173 (1981).

772. MGA BINAGONG TUNTUNIN SA KAPARAANANG PANGKRIMEN, Tuntunin 113, §11.

773. *Id.* nasa Tuntunin 113, §5.

774. Alinsunod sa mga tadhana ng Tuntunin 113, §5.

775. *Id.* nasa Tuntunin 113, §3.

mang panloob o panlabas na pinto o bintana ng isang bahay o ang alin mang bahagi nito o ang ano mang bagay sa loob niyon, upang maisakatuparan ang kautusang-batayan sa paghalughog o sa layuning palayain ang kanyang sarili o ang sino mang taong tumutulong sa kanya nang naaayon sa batas na napipiit doon nang labag sa batas.[776]

*T. Sa Tulong ng Menor-de-edad o Sa Pamamagitan ng Sasakyang-De-Motor*

May mapagpalalang pangyayari kung isinagawa ang krimen sa tulong ng mga tauhang kulang sa labinlimang taong gulang, sa pamamagitan ng sasakyang-de-motor, sasakyang-panghimpapawid, o iba pang mga kasangkapan may katulad na bisa.[777] May kaugnayan ang batayan ng mapagpalalang pangyayaring ito sa mga kasangkapan at kaparaanang ginamit sa pagsasagawa ng krimen, na nagpapakita ng namumukod na kasamaan ng salarin. Dalawang uring mapagpalalang pangyayari ang pinagpapangkat sa Talataan 20, Arikulo 14.[778] Layuning sawatain ng nauna, hangga't maaari, ang madalas na kagawian ng mga bantad na kriminal na katulungin o kasangkapanin ang mga menor-de-edad sa pagsasagawa ng krimen, bilang pagsasamantala sa kanilang kawalang-sagutin; at layunin naman ng pangalawa na tugunan ang mga kahanga-hangang kagamitang katatagpuan ng mga makabagong kriminal ng mga kasangkapan sa pagsasagawa ng krimen at sa pagtakas minsang naisagawa ito.[779]

Kung inutusan ng salarin ang isang batang labing-apat na taong gulang, na akyatin ang dingding ng bahay ng biktima, pasukin ito sa pamamagitan ng pagdaan sa bintana nito at minsang makapasok, kunin ang mga damit at iba pang mga ari-ariang personal sa naturang bahay, at ginawa naman ang lahat ng mga ito ng nasabing bata, kaya nailaglag sa lupa ang lahat ng ninakaw kung saan naman pinulot ang mga ito ng salarin, masasabing dapat isaalang-alang laban sa salarin ang mapagpalalang pangyayari ng pagkatulong sa isang taong kulang sa labinlimang taong gulang bilang mapagpalalang pangyayari.

Maaari pa ring isaalang-alang ang mapagpalalang pangyayaring ito kung ginamit lamang ang sasakyang-de-motor hindi bilang kasangkapan sa pagsasagawa ng krimen kundi bilang kasangkapan sa pagtakas o pagkukubli ng salarin, "dahil nagbigay ang naturan ng matuling paraan ng pagtakas o pagkukubli ng salarin."[780] Kung gumamit ang salarin ng sasakyang-de-motor sa pagpunta sa kinaganapan ng krimen, sa pagdadala ng mga bunga nito at sa

776. *Id.* nasa Tuntunin 126, §6.

777. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (20).

778. BINAGONG KODIGO PENAL.

779. ALBERT, *supra* note 107.

780. Guevara.

pagpapadali ng kanyang pagtakas, maituturing itong mapagpalalang pangyayari.[781] Pansining maraming naging gamit sa pagkakataong ito ang sasakyang-de-motor; nguni't kung ginamit lamang ito sa pagpapadali ng pagtakas ng salarin, hindi ito dapat isaalang-alang bilang isang mapagpalalang pangyayari.[782] Kung ginamit ng mga salarin ang isang dyip upang habulin ang biktimang nakamotorsiklo lamang, kaya nagawa nilang maisakatuparan ang krimen, masasabing pinadali nito ang pagsasagawa ng krimen.[783] Datapwa't kung ginamit ang sasakyang-de-motor bilang kasangkapan sa mismong pagsasakatuparan ng krimeng pagpatay (pagpatay sa pamamagitan ng pananagasa), nagiging pang-uring pangyayari ito sa krimen asesinato.[784]

Kung tootong isang dyip ang ginamit sa pagdadala ng kinuhang na Vicks Vaporub, hindi masasabing isinagawa ang panlilinlang (estafa) sa pamamagitan ng nasabing sasakyang-de-motor.[785] Sa ilalim ng Artikulo 14, Talataan 20,[786] umiiral lamang ang ganitong mapagpalalang pangyayari kung isinagawa ang krimen sa pamamagitan mismo ng sasakyang-de-motor. Kaya naman, upang maging mapagpalala, dapat na sadyang ginamit ang sasakyang-de-motor upang mapadali ang pagsasagawa ng krimen o hindi sana naisagawa ang krimen kung wala ang sasakyang-de-motor.[787] Hindi mapagpalala kung nagkataon lamang ang paggamit ng sasakyang-de-motor at hindi sadyang tinamo o kinasangkapan.[788] Samakatwid, kung nagkataon lamang sa pagpatay ang pagkakagamit ng sasakyang-de-motor, hindi ito mapagpalalang pangyayari.[789] Datapwa't hindi gayon kung ginamit ang sasakyang-de-motor upang sundan o buntutan ang kotse ng biktima at padaliin ang pagsasagawa ng krimen (pagtangay sa biktima, pagdadala sa kanya sa ilang na lugar, pagpatay at paglilibing sa kanya roon) at sa kanilang agarang paglalaho mula sa kinaganapan ng krimen.[790]

---

781. People v. Espejo, 36 SCRA 400 (1970).

782. People v. Venoso, 112 SCRA 173 (1982).

783. People v. Dascil, 118 SCRA 677 (1982).

784. People v. Soriano, 134 SCRA 542 (1985).

785. People v. Bagtas, et al., CA-G.R. No. 10823-R, 12 Setyembre 1955.

786. BINAGONG KODIGO PENAL.

787. People v. Mil, 92 SCRA 89 (1979), na bumabanggit sa People v. Tiongson, 47 SCRA 243 (1972). Nagiging ganap ang pang-uumit sa pamamagitan lamang ng pagkuha sa ari-ariang personal ng iba (nang may hangaring makinabang), nang hindi kinakailangang dalhin pa ang bagay na inumit sa malayo. Kaya naman, hindi dapat isaalang-alang kaugnay ng pang-uumit ang paggamit ng sasakyang-de-motor bilang mapagpalalang pangyayari.

788. People v. Garcia, 105 SCRA 325 (1981).

789. People v. Munoz, 107 SCRA 313 (1981).

790. People v. Ong, 108 SCRA 267 (1981).

Kung gumamit ng kotse ang mga salarin at, sa isang bahagi ng paglalakbay, umupa ng dyip sa pagpunta at pagbalik mula sa pook na kinaganapan ng krimen (pang-uumit), magiging malabis na pag-uunat sa kahulugan ng batas kung sasabihing isinagawa ang krimen sa pamamagitan ng sasakyang-de-motor.[791] Nguni't naituring nang mapagpalala ang sasakyang-de-motor sa isa ring krimeng pang-uumit dahil ginamit ito sa pagdadala ng mga nakaw na riles at bakal at ng mga pangkamadang kahoy mula sa perokaril na kinaganapan ng krimen hanggang sa pook kung saan ipinagbili ang mga ito.[792]

Kung, sa tulong ng isa pang salarin at taglay ang mahahalay na mga pakana, sapilitang kinuha at tinangay ng pasimunong salarin ang isang babae sa pamamagitan ng isang kotse patungo sa ibang bayan, masasabing isinagawa ang krimeng sapilitang pagtatanan[793] nang may ganitong mapagpalalang pangyayari. Naituring na ring mapagpalalang pangyayari ang paggamit ng sasakyang-de-motor, sa isa namang krimen ng pang-uumit, dahil ginamit ito sa pagdadala ng mga nakaw na riles at bakal at ng mga pangkamadang kahoy mula sa perokaril na kinaganapan ng krimen hanggang sa pook kung saan ipinagbili ang mga ito[794] at, gayon din, sa krimeng pagnanakaw na may kasamang homisidyo, kung saan ginamit lamang ang sasakyang-de-motor sa paghahatid ng mga salarin sa kinaganapan ng krimen.[795] Kahit na kusang-loob na sumakay ang mga biktima sa isang dyipni, kung nangyari ito dahil pinainan lamang sila at dinala sa pook na pinagpatayan sa kanila, maituturing na mapagpalala ang paggamit ng sasakyang-de-motor.[796] Kung ginamit ang isang dyip upang kunin at akitin ang nasawi mula sa kanyang bahay para sumama sa mga nasakdal sa gabing isinagawa ang krimen, na mapaghuhulong ginamit nila sa pagdadala sa biktima sa pook na kinatagpuan ng kanyang bangkay, hindi magkakaroon ng pag-aalinlangan na ginamit ang sasakyang-de-motor upang mapadali ang pagsasagawa ng krimen.[797] Maisasaalang-alang din ang ganitong mapagpalalang pangyayari kung sinaksak at dinulutan ng salarin ng nakamamatay na sugat ang kanyang kasintahan habang sakay sila ng taksing inupahan at ginamit niya.[798] Kung ang kotseng Biscayne ng pasimunong salarin ang ginamit sa pagsusubaybay at pagsunod sa kotseng Mustang ng biktima mula sa Wigwam Nigthclub hanggang sa sandaling

791. People v. Real, 10 C.A. Rep. 668.

792. People v. Arabia , C.A., 53 O.G. 6569.

793. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 342.

794. People v. Arabia , C.A., 53 O.G. 6569.

795. People v. Valeriano, et al., 90 Phil. 31, 35 (1951).

796. People v. De la Cruz, et al., 100 Phil. 625 (1956).

797. People v. Atitiw, et al., 14 C.A. Rep. 457.

798. People v. Marasigan, 70 Phil. 583 (1940).

nilampasan at hinarangan ito, at ang kotseng nabanggit din ang ginamit sa pagdadala ng biktima patungo sa kinaganapan ng pagpatay, at taglay niyon sa lagyanan ng bagahe ang piko at palang ginamit sa paghuhukay ng libingan; at iyon din ang mabilis na kasangkapang ginamit sa pagtakas at paglaho ng mga salarin mula sa kinaganapan ng krimen, matatagpuang mapagpalalang pangyayari ang paggamit ng sasakyang-de-motor.[799]

Samakatwid, mapagpalalang pangyayari ang paggamit ng sasakyang-de-motor kapag naipakitang sadyang ginamit ito upang mapadali ang pagsasagawa ng krimen or upang matiyak ang pagtatagumpay nito o kapag naipakitang hindi sana maisasagawa ang krimeng ipinaparatang kung wala ito.[800] Maisasaalang-alang ang p;aggamit ng sasakyang-de-motor bilang mapagpalalang pangyayari kung ginamit ng mga salarin ang sasakyan mismo ng biktima para sa naunang balak nilang magsagawa ng pagkaitan ng kalayaan ang biktima upang maipatubos (pangingidnap na may layong ransom o pantubos), matapos magkunwaring nakikisakay lamang sa kanya, datapwa't pinatay nila ang biktima habang nagmamaneho ng sasakyan, at saka ginamit din nila ang sasakyan upang maisagawa ang kanilang pagtakas.[801]

Kapwa maisasaalang-alang ang pagtaon ng krimen sa gabi at ang paggamit ng sasakyang-de-motor bilang mapagpalalang pangyayari kung pinadali ng nasabing mga pangyayari ang pagsasagawa ng krimen, dahil sadyang tinamo ng salarin ang balabal ng gabi at gumamit ng isang sasakyang-de-motor upang matiyak ang pagtatagumpay ng kanilang masamang gawain.[802] Matatagpuang dumalo ang mapagpalalang pangyayari ng paggamit ng sasakyang-de-motor kung pinatay ang biktima sa loob ng isang trak at naging imposible para sa kanya ang pagtakas mula sa kinaroroonang upuan sa gawing likuran ng tumatakbong sasakyan.[803]

Dapat unawain ang pariralang "iba pang katulad na kasangkapan" na tumutukoy sa motorisadong mga sasakyan o iba pang mabisang kagamitan sa paglalakbay na kahawig ng kotse o eroplano. Kaya naman, kung sumakay lamang sa isang biseklata ang salarin, upang pumunta sa pook na kinaganapan ng krimen at upang lumisan mula roon nang matapos ngang gawin ang krimen, walang mapagpalalang pangyayari. Nguni't isang mapagpalalang pangyayari kung isang motorsiklo ang kanyang ginamit.[804]

---

799. People vs Ong, 62 SCRA 174 (1975).

800. People v. Zea, et al., 130 SCRA 77 (1984).

801. People v. Masilang, 142 SCRA 673 (1986).

802. People v. Jaranilla, 55 SCRA 563 (1974).

803. People v. Dumalahay, 380 SCRA 37 (2002).

804. REYES, *supra* note 179.

### *U. Pagmamalupit at Iba Pang Kalabisan sa Pagsasagawa ng Krimen*

Mayroong mapagpalalang pangyayari kung sadyang pinalubha ang kamaliang nagawa sa pagsasagawa ng krimen sa pamamagitan ng paglikha ng iba pang kamaliang hindi kinakailangan sa pagsasakatuparan nito.[805] May kaugnayan ang batayan ng mapagpalalang pangyayaring ito sa kaparaanang ginamit sa pagsasagawa ng krimen, na nagpapakita sa namumukod na kasamaan ng salarin.[806] Binubuo ang pagmamalupit ng mga sumusunod na sangkap: (1) na sadyang pinalubha ang kapinsalaang nagawa sa pamamagitan ng paglikha ng iba pang kamalian;[807] at (2) na hindi kinailangan ang iba pang kamalian sa pagsasakatuparan ng layunin ng salarin. Nangangahulugan ang pariralang "*sadyang pinalubha ang kamaliang nagawa sa pamamagitan ng paglikha ng ibang kamalian*" na, sa sandali ng pagsasagawa ng krimen, sadyang hangarin ng salarin na patagalin ang paghihirap ng biktima. Kaya naman, hindi dumalo ang pagmamalupit kung dalawang ulit na binato ng salarin ang biktima, hindi upang dagdagan ang kanyang paghihirap, kundi upang patayin siya,[808] o kung nagpapakita ang mga kagagawan ng salarin ng desididong layuning pumatay at hindi patagalin ang paghihirap ng biktima.[809] Sa kabilang dako, kung iginapos ng dalawang salarin ang biktima sa haligi ng bahay nito, at saka hinataw ng kanilang baril upang pilitin siyang ibunyag ang lugar na pinagtataguan ng kanyang pera, masasabing "*ibang kamalian*" ang ginawang paghataw ng baril sa biktima, nguni't hindi ito mapagpalalang pangyayari dahil kinailangan ito sa pagsasagawa ng krimeng pagnanakaw, lalung-lalo na upang makuha ang pera ng biktima. Kaya naman, walang masasabing pagmamalupit.[810]

Kinasasangkutan ng pagpapahirap na moral ang pag-aalipusta,[811] samantalang may kinalaman ang pagmamalupit[812] sa paghihirap ng katawan. Ito ang kaibhan ng paksa ng Artikulo 14, Talataan 17, na tumatalakay sa pag-alipusta, sa paksa ng Artikulo 14, Talataan 21, na tungkol sa pagmamalupit. Mapagpalalang pangyayari sa krimeng kataksilan sa bayan, sa anyo ng pag-aalipusta at pagmamalupit, ang panggagahasa, pagnanakaw at iba pang anyo ng pagmamalupit. Kinukundena ang mga panggagahasa, walang-

805. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 14, (1).

806. REYES, *supra* note 179.

807. *Tignan ang* People v. Tonog, Jr., 205 SCRA 772 (1992) na naglapat ng pagsubok na ito.

808. U.S. v. Gasal, 3 Phil. 354 (1904).

809. U.S. v. Corteso, 32 Phil. 104 (1992).

810. REYES, *supra* note 179.

811. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 17, (14).

812. *Id.*

pakundangang pagnanakaw para sa pansariling kapakinabangan, at iba pang kaanyuan ng pagmamalupit, at itinuturing ang pagsasagawa sa mga ito bilang mga mapaglalang pangyayari ng pag-aalipusta at sadyang pagpapalubha, sa pamamagitan ng di-kinakailangang mga kamalian, sa pangunahing layuning kriminal, sa ilalim ng mga Talataan 17 at 21 ng Artikulo 14.[813]

Mayroong pagmamalupit kapag, sa pagsasakatuparan ng kagagawang kriminal, ikinasisiya at ikinatutuwa ng salarin ang pagpapahirap nang padahan-dahan at paunti-unti sa kanyang biktima, na nagbubunga sa huli ng di-kinakailangang sakit ng katawan.[814] Kung gayon, may kinalaman ang pagmamalupit sa pagpapahirap ng katawan ng biktima na sadyang hinangad ng salarin.[815] Hinihingi ng pagmamalupit ang sadyang pagpapatagal ng pasakit o paghihirap ng katawan ng biktima. Upang maisaalang-alang ang pagmamalupit o pagkamapaghiganti, dapat ipakita ng katibayan na pinahirapan ng sadistikong salarin, para sa kanyang kasiyahan at katuwaan, ang biktima sa pamamagitan ng paunti-unti at dahan-dahang pagdudulot sa kanya ng di-kinakailangang pasakit ng isipan at katawan.[816] Batay sa pamantayang ito, hindi maisasaalang-alang ang pagmamalupit laban sa mga salarin kung lumalabas sa katibayan na hinangad lamang ng pangkat ng mga salarin na patayin ang biktima, ilibing siya, at saka tumakas agad mula sa pook na kinaganapan ng nakakikilabot na krimen.[817] Hindi pagmamalupit ang basta pagdudulot ng sunud-sunod na mga panunugat sa biktima, upang patayin siya, nang walang makabuluhang panahong namagitan sa pagdudulot ng isang sugat at sa pagdudulot ng iba.[818] Hindi mapagpalala ang pagmamalupit sa kawalan ng katibayang magpapakita na, para sa kanyang sariling kasiyahan, nagdulot ang salarin sa biktima ng di-kinakailangang pagpapahirap na pangkatawan at pangkaisipan, sa paraang paunti-unti at masakit.[819] Hindi rin masasabing di-maiiwasang ipinahihiwatig ng mga

813.BINAGONG KODIGO PENAL, People v. Rcaza, 82 Phil. 623 (1949).

814.People v. Dayug, et al., 49 Phil. 423 (1926); People v. Gatcho, 103 SCRA 207 (1981).

815.People v. Gatcho, 103 SCRA 207 (1981).

816.People v. Luna , 58 SCRA 198 (1974).

817.People v. Ong, 62 SCRA 174 (1975).

818.*Tignan ang* People v. Fernandez, 154 SCRA 30 (1987). *Datpwa't tignan ang* People v. Alegarbes, Jr., 154 SCRA 125 (1987) kung saan kinatigan ng Kataas-taasang Hukuman ang natagpuan ng hukumang tagalitis, batay sa salaysay ng mga nakasaksi, na sinadya, hinangad, malupit at patraydor ang isinagawang pagpatay sa biktima.

819.*Tignan ang* People v. Valera, 90 SCRA 400 (1979), *na bumabanggit sa* People v. Luna, 58 SCRA 198 (1974); *tignan din ang* People v. Ramillano, et al., 133 SCRA 202 (1984).

natagpuang sugat sa katawan ng biktima, na labis sa ganap na kinakailangan upang pumatay sa kanila, na idinulot ang naturang mga sugat nang may hangaring patindihin o palalain ang paghihirap ng mga biktima sa paraang sinadya at di-makatao.[820] Hindi rin pamantayan ang basta bilang ng mga sugat na tinamo ng biktima[821] o ang basta pangyayaring pinagpuputul-putol ang kanyang mga kamay at paa[822] upang maisaalang-alang ang mapagpalalang pangyayari ng pagmamalupit. Hindi masasabing nagkaroon ng pagmamalupit kung walang katibayang inilibing nang buhay ang biktima sa layuning pahirapan siya.[823] Maaaring bunga lamang ng kabangisan ng pananalakay ang mga sugat na naidulot sa biktima at hindi ng pagmamalupit.[824]

Dapat mapatunayan ang pagmamalupit upang maging mapagpalala.[825] Hindi maipapalagay, mapaghuhulu-hulo o maidadaan sa hulaan ang pag-iral ng pagmamalupit batay lamang sa pangyayaring nagkaputul-putol ang katawan ng nasawi, sa kawalan ng patunay na isinagawa ito sa kanya samantalang nabubuhay pa siya. [826] Nguni't kinakitaan ng malabis na pagmamalupit ang salarin sa salang homisidyo batay sa kanyang sadya at di-makataong pagputol sa kaliwang bisig at pagpugot sa leeg ng nasawi.[827] Maisasaalang-alang din ang mapagpalalang pangyayari ng pagmamalupit kaugnay sa paratang na asesinato, batay sa pagsunog sa bibig at iba pang bahagi ng katawan ng isang sanggol na labing-isang buwang gulang. Kung hangarin lamang ng salarin na patayin ang sanggol, naisakatuparan sana niya ang layuning ito nang hindi pinagdurusa nang gayon katindi at katagal ang biktima.[828] Maisasaalang-alang ang pagmamalupit kung dinukot ang mata ng

820. People v. Almendras, 372 SCRA 737 (2001).

821. People v. Tonog, Jr., 205 SCRA 772 (1992); People v. Ilaoa, 233 SCRA 231 (1994); People v. Vasquez, 113 SCRA 772 (1982).

822. People v. Ilaoa, 233 SCRA 231 (1994)

823. People v. Ong, 108 SCRA 267 (1982).

824. People v. Chavez, 117 SCRA 221 (1981).

825. People v. Gatcho, 103 SCRA 207 (1981).

826. *Tignan ang* People v. Jimenez, 54 O.G. 1361; *tignan din ang* People v. Artieda, 90 SCRA 144 (1979). Sapagka't hindi maipagpapalagay lamang ang pagmamalupit, dapat na maipakitang idinulot ang iba pang mga sugat natamo ng biktima sa katawan upang patagalin ang kanyang paghihirap bago ibinigay ang nakamamatay na sugat.

827. People v. Ardisa, 55 SCRA 245 (1974).

828. *Tignan ang* U.S. v. Oro, 19 Phil. 548 (1911); *tignan din ang* People v. Lora, 113 SCRA 366 (1982), kung saan natagpuang may pagmamalupit dahil binusalan ang bibig ng 3-taong gulang na biktima sa pamamagitan ng medias, isinubsod siya nang patiwarik sa isang kahon, saka pinatungan ang kahon ng mga sako at iba pang mga kahon, kung kaya dahan-dahan nitong pinawian ng hininga ang biktima.

biktima at binusalan ng putik ang kanyang bunganga. Kung, pagkaraang talian nang parang baboy ang biktima, dinukot ng salarin ang kaliwang mata ng biktima mula sa luklukan nito sa pamamagitan ng dulong matulis ng kanyang tungkod at saka binusalan ng putik ang kanyang bunganga, masasabing nagkaroon ng pagmamalupit.[829]

Maaaring magkaroon ng pagmamalupit sa magkakarugtong na mga kagagawang lumikha ng di-kinakailangang pagpapahirap sa biktima, kahit na naganap ang mga ito sa matuling pagkakasunud-sunod. Kaya naman, nagkaroon ng di-kinakailangang pagmamalupit kung pinagbabaril ng mga salarin ang isang babae at ang kanyang dalawang mga anak na pawang babae rin, at isa sa mga salarin ang sumunggab sa isang sa naturang mga anak na babae, at bumuhat sa kanya mula lupa, samantalang hinahataw siya ng iba pang mga salarin sa pamamagitan ng kulata ng kanilang mga riple, at saka siya inilapag at pinagbabayo sa lupa, na ikinamatay ng naturang biktima dahil sa panlabas at panloob na pagdurugo sa kanyang bungo,[830] bagama't maitatanong, sa gayong pagkakataon, kung nagkaroon nga ng sadyang hangarin sa panig ng mga salarin na patagalin ang paghihirap ng biktima samantalang maliwanag na walang makabuluhang panahong namamagitan sa dugtung-dugtong na mga kagagawan ng mga salarin, at hindi naman sapat upang maging batayan ng pagsasaalang-alang ng mapagpalalang pangyayaring ito ang basta pagdudulot ng sunud-sunod na panunugat sa isang tao upang mapatay siya, kung wala namang makabuluhang panahong namamagitan sa pagdudulot ng isang sugat at sa pagdudulot ng kasunod, na magpapakitang nga ninais ng salarin na patagalin ang paghihirap ng kanyang biktima,[831] at hindi rin sapat ang basta bilang ng mga sugat upang magpakita ng pagmamalupit, dahil kailangan pang ipakita na sinadya, sa di-makataong paraan, ng salarin na dagdagan ang paghihirap sa mga biktima[832] at, samakatwid, hindi pamantayan ang bilang ng mga sugat sa pagsasaalang-alang ng pagmamalupit bilang mapagpalalang pangyayari, kung kaya hindi isinasaalang-alang ang pagmamalupit batay lamang sa pangyayaring labingtatlong sugat ang tinamo ng biktima.[833] Hindi ang dami ng mga sugat ang pamatayan sa pagsasaalang-alang ng pagmamalupit (*ensanamiento*), kundi ito ang wastong pagsubok: sadya nga bang pinalubha ng salarin, sa sadistikong paraan, ang kamaliang nagawa sa pamamagitan ng paglikha ng iba pang kamaliang di-kinakailangan sa pagsasagawa nito o dinagdagan ba niya,

829. People v. Marquina, 84 Phil. 39 (1949).

830. People v. Beleno, 92 Phil. 868 (1953).

831. People v. Dayug, et al., *supra* talâ 129.

832. People v. Aguinaldo, 55 Phil. 610 (1931).

833. People v. Manzano, 58 SCRA 250 (1974), *na tumukoy sa* People v. Jumauan,98 Phil. 1 (1955).

sa di-makataong paraan, ang paghihirap sa biktima, o nilapastangan o hinamak ang kanyang pagkatao o bangkay.[834]

Walang pagmamalupit kung isinagawa ang iba pang mga kamalian pagkaraang mamatay ng nasawi. Kaya naman, kung patay na ang nasawi, hindi pagmamalupit ang pagputol sa kanyang mga paa at kamay.[835] Kung, halimbawa, noong sunugin ang bahay, patay na ang mga nakatira roon dahil sa malulubhang panunugat na tinamo nila, wala ring pagmamalupit.[836] Hindi rin maisasaalang-alang ang pangyayari ng pagmamalupit kung walang pagpapakitang idinulot ng mga salarin, para sa kanilang kasiyahan, ang ibang mga sugat na natagpuan sa bangkay ng mga biktima nang di-kinailangan samantalang nabubuhay pa sila sa layuning mapatagal ang kanilang paghihirap. [837] Samakatwid, maisasaalang-alang ang pagmamalupit kung maraming sugat ang idinulot sa biktima nang hindi kinakailangan, sa layuning patagalin lamang ang kanyang paghihirap.[838] Walang pagmamalupit kung sinipa ng salarin ang nasawing biktima o inilagay niya ang kanyang kanang paa sa katawan ng nasawi upang tiyakin lamang kung buhay pa ito at hindi upang madagdagan sa paraang sinadya at di-makatao ang paghihirap ng biktima.[839]

---

834. People v. Lacao, 60 SCRA 89 (1974).

835. People v. Bersabal, 48 Phil. 439 (1925).

836. People v. Piring, 63 Phil. 549 (1936); People v. Clamania, et al., 85 Phil. 350 (1950).

837. People v. Curiano, et al., 9 SCRA 332 (1963).

838. People v. Curaraton, 224 SCRA 372 (1993).

839. People v. Mil, 92 SCRA 89 (1979). Itinuring ni Mahistrado Aquino, sa kanyang tumututol na palagay, na isang paglapastangan o karagdagang kamalian ang naturang kagagawan sa bangkay ng biktima at sinasaklawan ng isinasaad sa paratang na sadyang dinagdagan ng salarin ang kasalanang ginawa sa pamamagitan ng iba pang kamaliang di-kinakailangan sa pagsasakatuparan niyon. Sinabi ng palagay ng nakararaming Mahistrado na walang pang-uring pangyayaring paglapastangan o paghamak sa bangkay ng biktima. Datapwa't mapupunang hindi naman talaga nasasakop ang panglapastangan o paghamak sa bangkay ng biktima sa nasasaad sa paratang na mapagpalalang pangyayaring sadyang dinagdagan ng salarin ang kamaliang nagawa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba pang kamalian. Tinutukoy bilang hiwalay na pang-uring pangyayari sa BINAGONG KODIGO PENAL, art. 248, (6), ang paglapastangan o paghamak sa bangkay ng biktima sa pagmamalupit. Sa pag-iisa-isa naman ng mga mapagpalalang pangyayari sa ilalim ng art. 14, tanging ang pagmamalupit lamang ang nababanggit. Sa pagmamalupit, buhay pa ang biktima at naglalayon ang mga kagagawan ng salarin na dagdagan ang paghihirap ng biktima. Sa paglapastangan o paghamak sa bangkay ng biktima, hindi matututulang patay na ang biktima. Isa pa si Mahistrado Teehankee sa mga tumutol sa palagay ng nakararami, sa paniniwalang paglapastangan sa bangkay ang pagsipa sa katawan

Kapag dinaluan ng panggagahasa ang pagsasagawa ng krimeng pagnanakaw na may kasamang homisidyo, dapat na ituring na mapagpalala ang panggagahasa sa krimeng pagnanakaw na may kasamang homisidyo.[840]

Kapag isinagawa ang pagpatay nang may pagmamalupit, sa pamamagitan ng pagdagdag sa paghihirap ng biktima nang sinasadya at sa paraang di-makatao, o sa pamamagitan ng paglapastangan sa kanyang pagkatao o sa kanyang bangkay, nagtatamo ng kauriang asesinato ang pagpatay sa biktima.[841] May paglapastangan o pag-alipusta sa bangkay ng biktima kung nagsagawa ng pakikipag-ugnayang karnal ang salarin sa biktimang babae pagkatapos patayin ito.[842] Paglapastangan sa mga bangkay ng biktima ang paglalagay ng mga pabigat sa kanilang mga patay na katawan upang mapalubog ang mga ito sa tubig at ang paggapos sa kanilang mga bukung-bukong at mga galanggalangan.[843]

Hindi mapagpalalang pangyayari, kundi malamang na pagmumulan ng saguting kriminal, ang pagkukubli ng krimen.[844]

## IV. MGA MAPAGPIPILIANG PANGYAYARI

Tinutukoy bilang mga mapagpipiliang pangyayari yaong dapat isaalang-alang bilang mapagpalala o mapagpagaang na pangyayari ayon sa kalikasan at mga bunga ng krimen at iba pang mga kalagayang dumalado sa pagsasagawa nito.[845] Batay ang mga mapagpipiliang pangyayari sa kalikasan at mga bunga ng krimen at iba pang mga kalagayang dumadalo sa pagsasagawa nito[846].

---

ng biktima. Ayon sa puna ni Gregorio, kung tanging layunin ng ginawang pagsipa sa katawan ng biktima ang tiyakin kung buhay pa ito, hindi na kinakailangan pang tapakan pa ng kanang paa ng salarin ang gitnang bahagi ng likuran ng biktima.

840. People v. Basca, 55 O.G. 797.

841. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 248; People v. Binondo, 214 SCRA 764 (1992).

842. People v. Butler, 120 SCRA 281 (1983). Ipinalagay ng isang tumutol sa pasya ng nakararaming Mahistrado na hindi dapat isaalang-alang ang pang-uring pangyayari ng paglapastangan o pag-alipusta sa bangkay ng biktima dahil isinagawa ng salarin ang pakikipag-ugnayang seksuwal mula sa likuran samantalang nabubuhay pa ang biktima.

843. People v. Maguddatu, 124 SCRA 594 (1983).

844. People v. Lamberte, 142 SCRA 685 (1986).

845. REYES, *supra* note 179.

846. *Id.*

Sakop ng tinatalakay na tuntunin[847] ang mga mapagpipiliang pangyayaring maaaring tumalab sa saguting kriminal sa paraang mapagpalala.

*A. Konsepto ng Mapagpipiliang Pangyayari*

Mga mapagpipiliang pangyayari yaong dapat isaalang-alang bilang mapagpalala o mapagpagaaang ayon sa kalikasan at mga bunga ng krimen at iba pang mga kalagayang dumalo sa pagsasagawa nito. Ang pagkakamang-anak, pagkalasing, at ang antas ng pagkakaturo at pinag-aralan ng salarin, ang mga ito. Dapat isaaalang-alang ang mapagpipiliang pangyayari ng pagkakamag-anak kapag ang asawa, ninuno, inapo, lehitimo, likas o ampong kapatid (maging babae man o lalaki), o kamag-anak sa kasal sa di-naiibang antas ng pagkakamag-anakan, ang siyang nasaktang panig. Dapat namang isaalang-alang ang pagkalasing ng salarin bilang isang mapagpagaang na pangyayari kung nagsagawa ang salarin ng isang krimen samantalang nasa kalagayan ng kalasingan, kung hindi nakaugalian ang naturan o kasunod ng balak na isagawa ang nasabing krimen; nguni't kung nakaugalian o sinadya ang pagkalasing, dapat itong isaalang-alang bilang mapagpalalang pangyayari[848].

Sa madaling sabi, sumusunod ang mga mapagpipiliang pangyayari ng iniisa-isa sa ilalim ng Artikulo 15, Binagong Kodigo Penal: (1) pagkakamag-anak (*parentesco*); (2) pagkalasing (*embriaguez*); at (3) antas ng pagkakaturo at pinag-aralan.

*B. Ang Mga Mapagpipiliang Pangyayari*

1. Kaugnayan o Pagkakamag-anak

Maisasaalang-alang ang mapagpipiliang pangyayari ng pagkakamag-anak kapag may kaugnayan ang salarin sa nasaktang panig bilang: (1) asawa; (2) ninuno;(3) inapo; (4) kapatid sa batas, kapatid na likas, o kapatid na ampon, maging babae man o lalaki; o (5) kamag-anak sa kasal sa di-naiibang antas ng pagkakamag-anakan. Kasama, sa pamamagitan ng pagkakahawig, ang kaugnayan ng pagiging tiyuhin[849] o tiyahin[850], at anak sa unang asawa[851],

---

847. MGA BINAGONG TUNTUNIN SA KAPARAANANG PANGKRIMEN, Tuntunin 110, §8 at §9 (nagkabisa Dis. 1, 2000).

848. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 15.

849. Amain o amang panguman sa ibang pook; tinatawag din na "tiyo," sa pangkaraniwan o palasak na usapan.

850. Inang panguman o ale, sa ilang pook; tinatawag din na "tiya," sa pangkaraniwan o palasak na usapan.

maging babae man o lalaki, sa pagpapakahulugan ng Artikulo 15 sa katagang "pagkakamaganak," dahil katulad ito sa pagiging ninuno o inapo.[852] Tungkulin ng tiyahin o tiyuhin na pagkalooban ng pagmamahal, pagkalinga at pangangalaga ng isang magulang ang anak sa unang kasal ng kanyang asawa. Kaya naman, bunga ng krimeng asesinato na isinagawa ng isang tiyahin laban sa anak sa unang kasal ng kanyang asawa, naging mapagpalalang pangyayari ang pagkakamag-anak. Maaari ring maisama ang kaugnayang ng pagiging tagaampong magulang at inampong anak sa kahulugan ng pagkakamag-anak, dahil katulad ito ng pagiging ninuno at inapo.[853] Nguni't hindi na sakop ng pagkakamag-anak na iniisa-isa sa Artikulo 15, Binagong Kodigo Penal, ang kaugnayang namamagitan sa tiyo o tiya[854] at sa pamangkin.[855]

Mapagpalala ang pagkakamag-anak[856] sa mga krimen laban sa mga tao kung isang kamag-anak sa nakatataas na antas kaysa sa salarin ang nasaktang

851. Tinatawag din na pamangkin (bukod sa anak ng kapatid) o anak sa panguman, sa ilang pook. Batay sa kasarian, maaari maging babaeng anak sa panguman o lalaking anak sa panguman ang pangtukoy.

852. People v. Bersabal, 48 Phil. 439 (1925); People v. Portento, C.A., 38 O.G. 467.

853. REYES, *supra* note 179.

854. Madalas ding tawaging "tiyuhin" o "tiyahin." Nguni't ang kaugnayang namamagitan sa "kapatid ng magulang," sa isang dako, at "anak ng kapatid," sa kabilang dako, ang iniisip sa pagkakataong ito. *Tignan ang* People v. Lamberte, 142 SCRA 158 (1986), na hindi kumilalang sakop pa ng kaugnayan o kamag-anak sa katuturan ng art. 15 ang sinasabing kaugnayan ng isang tiyo at ng isang pamangkin niyang babae.

855. U.S. v. Incierto, 15 Phil. 358 (1910); People v. Balondo, 30 SCRA 155 (1969).

856. Tahimik ang batas kung kailan mapagpagaang at kailan mapagpalala ang pagkakamag-anak. Nguni't bilang tuntunin, mapagpagaang ang pagkakamag-anak sa mga krimen laban sa ari-arian, kung ikakatwiran ang pagkakahawig ng gayong pagkakataon sa itinatadhana sa BINAGONG KODIGO PENAL, art. 332. Kaya naman, mapagpagaang ang pagkakamag-anak sa mga krimen ng pagnanakaw (BINAGONG KODIGO PENAL, art. 294-302 pangangamkam (BINAGONG KODIGO PENAL, art. 312), madayang pagtatago o pagpapalaho ng punūnan (BINAGONG KODIGO PENAL, art. 314; mapanlinlang na kawalan ng ibabayad, o mapaglalang na pagkabangkarote, na nangahulugan ng sinadya at pakunwaring pagkahapay o pagpapabagsak sa negosyo), at panununog (arson na dati-rating sumailalim ng BINAGONG KODIGO PENAL, art. 321-322; 325-326; *Tignan ngayon ang* BINAGONG KODIGO PENAL, art. 321, ayon sa pagkakasusog ng Batas Republika Blg. 7659, at ang Atas Pampanguluhan Blg. 1631). Sa ilalim ng BINAGONG KODIGO PENAL, art. 332, walang saguting kriminal, kundi sibil lamang, na nagbubunga sa pagsasagawa ng krimen ng pang-uumit, panlilinlang o sinadyang pamiminsala ng ari-arian, na isinagawa laban sa, o gantihang ginawa ng, mag-asawa, magnuno, at magkaapo, o magkakamag-anak sa kasal sa di-naiibang hanay; mga magkakapatid, at magbayaw at maghipag, kung magkasama

panig, o kung nasa di-naiibang antas ang salarin at ang nasaktang panig, gaya ng pagpatay sa isang kapatid,[857] isang bayaw,[858] kapatid sa ina o ama,[859] o ampong kapatid.[860] Datapwa't kaugnay sa pagpatay sa isang bayaw o hipag, hindi dapat ituring na mapagpalala sa krimen ang pagkakamag-anak sa kasal kung walang katibayang magpapakita na nasa nakatataas na antas ng pagkakamaganak ang nasaktang panig kaysa sa salarin.[861]

Kapag nasasangkot ang alin man sa mga anyo ng malulubhang pananakit sa katawan ng kapwa,[862] na isang krimen laban sa mga tao, kahit na isa pang inapo ng salarin ang nasaktang panig, isang mapagpalalang pangyayari ang pagkakamag-anak. [863] Kung ginawa ng salarin ang salang malubhang pananakit sa katawan ng kapwa laban sa kanyang sariling anak, maging lehitimo man o ilehitimo, o laban sa alin man sa kanyang ibang mga lehitimong inapo, mapagpalalang pangyayari ang pagkakamag-anak. Nguni't hindi dapat idulot ng isang magulang ang malubhang pananakit ng katawan sa pamamagitan ng malabis na pagkakastigo.[864] Nagtatadhana ang Artikulo 263 ng Binagong Kodigo Penal ng higit na mataas na parusa "kung isinagawa ang kasalanan (alin man sa mga anyo ng malulubhang pananakit ng katawan) laban sa sino man sa mga taong iniisa-isa sa Artikulo 246." Binabaybay ng Artikulo 246 ang mga bumubuong sangkap ng parisidyo at pinarurusahan ito. Sumusunod ang mga taong tinutukoy sa ilalim nito: (1) ama; (2) ina; (3) anak, maging lehitimo man o ilehitimo; (4) alin man sa kanyang mga ninuno o inapo; at (5) asawa. Kapag isang di-gaanong malubhang pananakit sa katawan ng kapwa[865] o bahagyang pananakit sa katawan ng kapwa[866] lamang ang

---

sa tirahan. Dahil sa BINAGONG KODIGO PENAL, art. 332, kapag (1) pang-uumit, (2) panlilinlang o estafa, o (3) sinadyang pamiminsala ng ari-arian ang krimeng nagawa, mapagligtas sa saguting kriminal ang pagkakamag-anak. Walang saguting kriminal ang nasakdal at walang pagkakataon upang magsaalang-alang ng mapagpalala o mapagpagaang na pangyayari.

857. People v. Alisub, 69 Phil. 99 (1940); People v. Quinlob, 119 SCRA 130 (1982), mapagpalala ang kaugnayan sa patayang namagitan sa magkakapatid.

858. People v. Mercado, et al., 100 Phil. 811 (1957).

859. People v. Nargatan, 48 Phil. 470 (1925) ("kinakapatid").

860. People v. Macabangon, 63 Phil. 1061 (1936).

861. People v. Causi, G.R. No. L-16498, Hunyo 19, 1963, kung saan inamin ng salarin na bayaw niya ang nasawi. Datapwa't ito nga lamang ang katibayan na may kinalaman sa usapin ng pagkakamag-anak.

862. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 263.

863. REYES, *supra* note 179.

864. *Id.*("Karaniwang pamamarusa ng magulang sa anak.").

865. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 265.

866. *Id.* sa art. 266

krimen, isang mapagpalalang pangyayari ang pagkakamag-anak kung isang kamag-anak ang nasaktang panig na may higit na mataas na antas kaysa sa salarin.[867]

Kapag nagbunga ng kamatayan ng biktima ang pagsasagawa ng krimen laban sa mga tao, at isang kamag-anak ang biktima na may higit na mababang antas kaysa sa salarin, isang mapagpalalang pangyayari ang pagkakamag-anak. Mailalapat ang tuntuning ito kapag homisidyo[868] o asesinato[869] ang krimeng nagawa. Samakatwid, kapag homisidyo o asesinato ang krimeng nagawa, isang mapagpalalang pangyayari ang pagkakamag-anak, kahit na isang kamag-anak ang biktima na may nakababang antas kaysa sa salarin. Kaya naman, dinaluhan ng pangyayari ng pagkakamag-anak ang pagpatay na isinagawa ng isang tiyahin sa babaeng anak sa unang kasal ng kanyang asawa, na itinuring na mapagpalala.[870] Hindi unuring parisidyo ang krimen, dahil hindi sa dugo ang pagkakamag-anak, ni sa tuwirang hanay; nguni't isinaalang-alang na mapagpalalang pangyayari ang pagkakamag-anak sa kabila ng katotohanang isang kamag-anak ang biktima ng krimen na nasa higit na mababang antas kaysa sa salarin.

Kapag nagmula ang pang-uri sa krimen sa pagkakamag-anak na namamagitan sa salarin at sa nasaktang panig, hindi ito isinasaalang-alang na mapagpalala o mapagpagaang, dahil hindi na maibubukod at kikilalaning likas ang gayong pangyayari sa kasalanan. Samakatwid, hindi mapagpalala o mapagpagaang ang pagkakamag-anak kung isa sa bumubuong sangkap ng krimen ang pagkakamag-anak. Halimbawa nito ang parisidyo, pakikiapid, at pangangalunya.

Sa mga krimen laban sa kalinisang puri,[871] tulad ng mga gawang ng kahalayan, [872] mapagpalalang pangyayari ang pagkakamag-anak, maging kamag-anak man ang nasaktang panig na may nakatataas o nakababang antas kaysa sa salarin. Kaya naman, isinaalang-alang na mapagpalalang pangyayari ang magkakamag-anak nang gahasain ng isang amain ang babaeng anak sa

867. Isang mapagpagaang na pangyayari ang pagkakamag-anak, kung isang kamag-anak ang nasaktang panig na may higit na nakabababang antas kaysa sa salarin.

868. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 249.

869. *Id.* sa art. 248.

870. People v. Portento, *supra* talâ 852.

871. Dating sakop ng kauriang ito ang krimeng panggagahasa, sa ilalim ng napawalang-bisang BINAGONG KODIGO PENAL, art. 335.

872. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 336

unang kasal ng kanyang asawa[873] at, gayon din, nang gahasain ng isang ama ang sarili niyang anak na babae.[874]

Mapagpalala ang pagkakamag-anak sa mga krimen laban sa kalinisang puri, kahit na isang kamag-anak ang nasaktang panig na may higit na mababang antas kaysa sa salarin, dahil sa kalikasan at bunga ng gayong krimen. Hindi nakabibigla sa pang-unawa natin sa kabutihang-asal kapag narinig natin ang isang ama na nakagawa, halimbawa, ng krimeng bahagyang pananakit sa katawan ng kapwa laban sa kanyang anak na babae; nguni't lubusang nakabibigla kapag narinig nating isang ama ang gumawa ng mga kagagawang mahahalay sa katauhan ng kanyang sariling anak na babae.[875]

Bagama't isang mapagpalalang pangyayari ang pagkakamag-anak ng magbayaw kapag nakagawa ang isa ng krimen laban sa iba, mapagpagaang ang gayong pagkakamag-anak kung napatay ng salarin ang kanyang bayaw dahil sa kaasalang kinahiligan ng huli sa pakikiapid sa maybahay ng salarin.[876] Gayon din, kung dumaranas ng isang sumpong ng pagkabaliw ang nasawi at sa pagnanais ng salarin, na kanyang bayaw, na mapigilan sa pagwawala ang nasawi, hinataw niya ito ng pamalo, na lumabis sa hangganan ng kanyang pagtitimpi sa kaigtingan ng pagpupumiglas ng nasawi, mapagpagaang ang pagkakamag-anak dahil sanhi ng pagmamaltrato ang hangaring matulungan ang isang kamag-anak.[877] Makikita ang katwiran sa pagkakaiba ng tuntunin sa "ibang kalagayang dumadalo" sa pagsasagawa ng krimen: ang kaasalan ng nasawi sa pakikiapid sa maybahay ng sa unang halimbawa; at ang pagnanais ng salarin na makatulong sa kamag-anak, sa ikalawang halimbawa. Isang mapagpagaang na pangyayari rin ang pagkakamag-anak sa krimeng paglabag sa pamamahay ng iba. Kaya naman, sa isang usapin kung saan nagtangka ang isang manugang, sa paniniwalang naroon sa bahay ng biyenan niya ang kanyang asawa, na sapilitang makapasok doon, isinaalang-alang ang pagkakamag-anak bilang mapagpagaang na pangyayari.[878]

---

873. Peole v. De leon, 50 Phil. 539 (1927). Isang pasadyang pang-uring pangyayari na ngayon ang gayong kaugnayan o pagkakamag-anak, sa ilalim ng BINAGONG KODIGO PENAL, art. 266-B, (6), [1], ayon sa itinadhana ng §2, Batas Republika Blg. 8353 kapag kulang sa labing-walong taong gulang ang biktima.

874. People v. Porras, 58 Phil. 578 (1933). Isang pasadyang pang-uring pangyayari na ngayon ang gayong kaugnayan o pagkakamag-anak, sa ilalim ng BINAGONG KODIGO PENAL, art. 266-B, (6),(1), ayon sa itinadhana ng §2, Batas Republika Blg. 8353 kapag kulang sa labing-walong taong gulang ang biktima.

875. REYES, *supra* note 179.

876. U.S. v. Ancheta, 1 Phil. 30 (1901).

877. U.S. v. Velarde, 36 Phil. 991 (1917).

878. U.S. v. Ostrea, et al., 2 Phil. 93 (1903).

2. Pagkalasing

Mapagpalalang pangyayari ang pagkalasing (1) kapag kinaugalian;[879] o (2) sinadya ng salarin na maglasing kasunod ng balak ng magsagawa ng krimen.[880] Masasabing sinadya ang pagkalasing kung uminom ng alak ang salarin nang nalalaman nang lubusan ang ibubunga nito, upang makatagpo sa alak ng lakas ng loob na magsagawa ng krimen o upang lunurin ang mataos na pagsisisi[881] o ano mang panunumbat ng budhi. Ginagamit ng huling talata ng Artikulo 15 ang pariralang "*kung nagsagawa ang salarin ng isang krimen samantalang nasa kalagayan ng kalasingan,*" na nangangahulugang dapat na tablan ang sangkap pangkaisipan ng salarin ng pagkalasing.[882]

Kung sumaksi lamang ang salarin na kumuha siya ng isang bote ng alak at paunti-unting nilagok ito hanggang sa malasing siya bago naganap ang isinagawang asesinato, kahima't sumaksi naman ang pulis na dumakip sa kanya na nangangamoy ng alak ang salarin at sumuka noong mga sandaling iyon, hindi pa rin kasiya-siya ang katibayang inilahad upang magsilbing batayan ng pagpapagaang ng parusa.[883] Hindi rin ganap na napatunayan ang pagkalasing kung naipakita lamang na may dalang isang galon ng tuba ang salarin noong sandaling isinagawa niya ang krimen, kahit sinabi pa ng salarin na nasa kalagayan siya ng pagkalasing, bagama't hindi niya kinasanayang maglasing, noong isinagawa niya ang kasalanang ipinaratang. Tumatayong walang katig na katibayan ang naturang salaysay na naglalayon sa sarili niyang kapakinabangan. Malinaw na wala itong kabuluhang magpatunay ng ano mang makapagpapagaang ng saguting criminal.[884]

Dapat munang mapatunayan ang kalagayang pagkalasing ng salarin upang maisaaalang-alang ito bilang mapagpapagaang na pangyayari.[885] Minsang napatunayan ang pagkalasing sa pamamagitan ng kasiya-siyang katibayan,[886] ipinalalagay itong di-kinaugalian at di-sinadya sa kawalan ng sumasalungat na patunay.[887] Kaya naman, kung natagpuang nasa ilalim ng bisa ng alak ang

879. People v. Mabilangan, 111 SCRA 398 (1982).

880. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 15, (3). Mapagpagaang na pangyayari ang pagkalasing (1) kung hindi kinaugalian; at (2) hindi kasunod ng balak na magsagawa ng krimen. *Tignan* ang People v. Buenaflor, 211 SCRA 492 (1992).

881. REYES, *supra* note 179.

882. *Id.*

883. People v. Noble , 77 Phil. 93 (1946).

884. People v. Pardo, 79 Phil. 568 (1947).

885. People v. Apduhan, Jr., 24 SCRA 798 (1968).

886. People v. Noble, 77 Phil. 93 (1946).

887. U.S. v. Fitgerald, 2 Phil. 419 (1903).

salarin noong hapong agarang nauna sa pagsasagawa ng krimen at walang katibayang nagpapakitang nakaugalian niya ang paglalasing, isinaalang-alang sa kapakinabangan ng salarin bilang mapagpagaang na pangyayari ang pagkalasing.[888]

Hindi tinutukoy ng Kodigo ang antas ng kalasingang kailangan upang maituring itong mapagpagaang; nguni't malinaw na upang magbunga ng gayon, dapat itong makabawas sa kakayahan ng salaring kumikilos na maunawaan ang pagkadi-makatarungan ng kanyang mga kagagawan, at sa kanyang kaloobang kumilos nang nauukol.[889] Kung gayon, dapat na sapat ang dami ng nainom upang magpalabo sa pangangatwiran ng salarin at magkait sa kanya ng pagtitimpi sa sarili.[890] Kaya naman, kung hindi sapat ang dami ng alak na nainom ng salarin upang tumalab sa kanyang sangkap pangkaisipan, wala siya sa kalagayan ng kalasingan. Kung naging sapat ang pagkamaalalahanin ng salarin upang hindi mapabayaan ang pagbibigay sa isang pasyente ng ineksiyon, maipangangatwirang wala ang kalasingan niya sa antas na tumatalab sa kanyang kakayahang mag-isip upang maunawaan nang lubos ang kahihinatnan ng kanyang kagagawan.[891] Gayon din, bagama't nakainom ng kaunting alak ang salarin noong araw na naganap ang krimen, kung namalayan niya ang lahat ng mga nangyari noong araw na iyon at nagawa pa niya magbigay ng detalyadong pagsasalaysay tungkol dito, kaya't hindi itinuring na mapagpagaang ang kanyang pagkalasing.[892] Bagama't maaaring bago isagawa ang kagagawang paglulustay ng salapi ng bayan, malayang nag-inuman ng nakalalasing na alak ang mga taong nakibahagi sa pagsasagawa ng nasabing krimen, kung sapat naman ang kaliwanagan ng kanilang mga pag-iisip upang malamang nagsasakatuparan sila ng isang kagagawang labag sa batas, hindi maisasalang-alang ang mapagpagaang na pangyayari ng pagkalasing.[893]

Hindi bumubuo ng kinaugaliang pagkalasing ang basta pangyayaring may pitong buwan nang nag-uuminom ng nakalalasing na alak ang salarin, kung kailan minsan o dalawang ulit bawat buwan siyang nalalasing. Tinutukoy na lasenggo o may pag-uugaling maglasing ang isang taong ipinaubaya na ang sarili sa malabis na paggamit ng nakalalasing na inumin. Dapat maging tunay

888. *Tignan ang* People v. Gongora, 8 SCRA 472 (1963); *tignan din sa* People v. De Gracia, 18 SCRA 197 (1966). Pansining sa mga usaping ito, walang katibayang sinadya ang pagkalasing o naganap iyon pagkatapos mabuo ang balak na magsagawa ng krimen.

889. ALBERT, *supra* note 107.

890. People v. Cabrera, 106 Phil. 256 (1959).

891. People v. Noble , *supra* talâ 642.

892. People v. Buenaflor , C.A., 53 O.G. 8879.

893. U.S v. Dowdell, 11 Phil. 4.

at ipinagtibay ang pag-uugali, datapwa't hindi kinakailangang tuluy-tuloy ito o nagaganap nang araw-araw.[894] Nguni't masasabing may ugaling maglasing ang salarin kung isang saksi ang tumestigo na nakita siyang lasing nang may labindalawang ulit o mahigit pa.[895]

Mapagpalala rin ang pagkalasing kung nangyari ito nang kasunod ng balak na magsagawa ng isang krimen. Halimbawang nagpasya ang salarin na patayin ang biktima, nagbalak ang salarin na isagawa ang gayong krimen sa pamamagitan ng paghahanda ng mga kaparaanan upang maisakatuparan ito at, nang handa na siyang patayin ang biktima, lumagok muna ang salarin ng isang basong alak at nang malasing na, pinaghanap na niya ang biktima at saka pinatay nang matagpuan, mapapansing uminom ang salarin ng alak, sa pagkakataong ito, upang lasingin ang sarili pagkatapos niyang balakin ang pagsasagawa ng krimen. Kung gayon, sinadya ang pagkalasing[896] at dapat itong ituring na mapagpalala.

Kahit na hindi kinaugalian ang paglalasing, isa itong mapagpalalang pangyayari kung naganap ang pagkalasing kasunod ng balak na magsagawa ng krimen.[897] Dinadaluhan ang pagsasagawa ng krimen ng mapagpagaang na pangyayari ng pagkalasing kung hindi ito kinaugalian. Datapwa't kung lumalabas na uminom ng alak ang salarin, na siyang nagpakana sa pagpatay sa biktima, upang palakasin ang loob niya sa pagsasakatuparan ng kanyang masamang balak, hindi maituturing na isang mapagpagaang na pangyayari ang kanyang pagkalasing.[898] Subali't kung hindi isinilang ng pagbabalak at pagdidili-dili ang krimen, mapagpagaang ang pagkalasing kapag hindi sinadya o kinaugalian. Kaya naman, kung hindi binalak ang naganap na panghoholdap, kundi isang nakamamatay na gawaing karakarakang idinikta ng isang biglaang udyok lamang, hindi mapagpalala ang pagkalasing ng salarin.[899]

Bilang isang mapagpalalang pangyayari, dahil sinadya ang pagkalasing, ipinangangatwirang gumamit nito ang salarin upang dagdagan ang kanyang lakas-ng-loob o kapangahasang magsagawa ng krimen.[900] Mapagpalala rin ang pagkalasing kapag nakaugalian, dahil binabawasan ng madalas at tuluy-

894. People v. Amenamen, C.A., 37 O.G. 2324.

895. U.S. v. McMann, 4 Phil. 561 (1905).

896. REYES, *supra* note 179.

897. BINAGONG KODIGO PENAL, art. 15, (3).

898. People v. Hernandez, 91 Phil. 334 (1952).

899. People v. Abalos, 57 SCRA 330 (1974).

900. Sa kabilang dako, bilang isang mapagpagaang na pangyayari, matatagpuan ang katwiran nito sa katotohanang kapag nasa ilalim ng bisa ng alak ang isang tao, napipinsala ang paggamit niya ng kapangyarihan sa kalooban.

tuloy na paggamit ng nakalalasing na alak ang kakayahan ng isang tao na labanan ang masasamang pag-iisip at pinarurupok ang kanyang kapangyarihan sa kalooban, na sanhi ng kanyang pagiging isang malamang na tagahasik ng kasamaan, kung kaya may karapatan ang lipunan, para sa sariling pangangalaga laban sa mga gawain ng gayong uring tao, na magpataw nang higit na matinding kaparusahan.[901]

Tungkulin ng tagausig na patunayan na kinaugalian o sinadya ang pagkalasing ng salarin.[902] Sa kawalan ng sumasalungat na patunay, ipalalagay na hindi kinaugalian kundi nataon lamang at di-sinadya ang pagkalasing, at dapat na isaalang-alang bilang mapagpagaang na pangyayari ang pagkalasing ng salarin noong sandaling isinagawa ang krimen.[903]

3. Antas ng Turo at Pinagaralan

Mapagpalala ang mataas na antas ng katuruan o pinag-aralan kung ginamit ng salarin ang kanyang natutuhan sa pagsasagawa ng krimen.[904] Halimbawa ng pagpapalalang pangyayaring dala ng mataas na antas ng pinag-aralan ang kalagayan ng isang abogadong sinamantala ang kanyang pinag-aralan at natutuhan upang magsagawa ng panlilinlang (estafa).[905] Isinaalang-alang na mapagpalala ang mataas na antas ng pinag-aralan kaugnay sa isang mag-aaral ng medisina na nahatulang nagkasala ng paninirang-puri sa pamamagitan ng

---

901. People v. Amenamen, *supra* talâ 894.

902. People v. Dungka, 64 Phil. 423 (1937).

903. U.S. v. Fitgerald, 2 Phil. 419 (1903); People v. Dacanay, et al., G.R. No. L-11568, Mar. 30, 1959, *na tumukoy sa* People v. Dungka 64 Phil. 421 (1937). Nagpapahiwatig ang di-kinaugaliang pagkalasing ng pagkakagulo ng pangangatwiran ng salarin. Hindi naman nakapagdudulot ng ano man sa kanya ang sariling kakulangan ng pinag-aralan, samantalang katulad din ng mga nabanggit ang ibinubunga ng pagdidilim ng isip sa kanyang kakayahang mangatwiran. Kaya naman, hindi maisasaalang-alang ang dalawang huling naturang mga pangyayari nang bukod sa di-kinaugaliang pagkalasing. Samakatwid, isang pagkakamali kung isasaalang nang hiwa-hiwalay ang mga ito bilang bukod-bukod na mga mapagpagaang na pangyayari upang maipataw ang isang parusang may kababaan ng isang antas kaysa itinatakda ng batas para sa krimeng naganap. Dapat ituring ang lahat ng mga ito bilang iisang mapagpagaang na pangyayari lamang at baguhin ang parusa sa pamamagitan ng pagpapaakyat nito at pagpataw ng naaangkop na parusa sa pinakamaigsing taning na panahon nito.

904. Kadalasang mapagpagaang ang mababang antas ng katuruan at pinag-aral o kakulagan nito.

905. REYES, *supra* note 179.

kagagawan.[906] Kung gayon, mapagpalalang pangyayari ang mataas na antas ng pinag-aralan kung ginamit o sinamantala ito ng salarin sa pagsasagawa ng krimen. Kaya naman, kaugnay sa isang manggagamot na gumamit ng kanyang nalalaman upang maghanda ng isang uri ng lasong pamatay sa kanyang biktima upang makaiiwas sa pagkakabunyag, maisasaalang-alang ang ganitong pangyayari dahil maituturing na sinamantala niya ang kanyang mataas na antas ng pinag-aralan at nalalaman. Nguni't hindi maisasaalang-alang ang mataas na antas ng pinag-aralan ng salarin, na isang abogado, bilang mapagpalalang pangyayari sa krimen ng pananakit sa katawan ng kapwa,[907] dahil hindi masasabing sinamantala niya ang kanyang mataas na pinag-aralan sa pagsasagawa ng gayong krimen.

## V. PANGHIMAKAS

Bahagi ng matinong pagsusumikap na matamo ng lipunan ang katarungan, kaugnay sa mga krimeng naisagawa at pinag-uusig, ang pagpupunyagi ng mga hukuman, ng mga tagausig at ng mga panig na nagtutunggalian, na matiyak ang kaukulang hugis o anyo ng saguting kriminal na mapapala ng salarin sa bawa't pagkakataon, na hinuhubog naman ng mga pangyayari o mga kalagayang maaaaring magpagaan, magpalala o magbigay rito ng panibagong kaurian o higit na mataas na antas ng angkop na kaparusahan. Dahilan ng paglilitis ang pagsasaalang-alang sa ganitong mga usapin at layunin nito ang makatarungang kalutasan. Datapwa't hindi maiiwasan sa pagpapasya ng samu't saring mga usaping bunsod ng gayong paglilitis ang pagtatalaban ng mga tuntunin ng katadhaan, kaparaanan, at katibayan, na pawang mga salik na hindi maibubukod sa isa't isa kundi sabayang tinutuos at nagtatalaban, upang magkatambal na matamo ang makabuluhang paglalapat ng katadhanaan, ang kawastuhan ng kaparaanan at ang katanggap-tanggap na katangian ng katibayan.

906. People v. Roque, at al., C.A., 40 O.G. 1710.

907. People v. Sulit, C.A. G.R. No. 21102-R, Sept. 29, 1959.